

Liahona

Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

Mga Pagbabago sa Organisasyon na Ibinalita para **Palakasin ang mga Kabataan**

Binigyang-tangi ni Pangulong Nelson ang mga Pagpapala ng Templo, Pagmamahal sa Kapwa

8 Bagong Templo Ibinalita



**Ang Iyong Alaala
(Ang Mesiyas), ni
Elspeth Young**

“Patungkol sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson:

“... Tulad sa lahat ng bagay, si Jesucristo ang ating dakilang huwaran, “na [S]iya dahil sa kagalakang inilagay sa harapan niya ay nagtiis ng krus” [Sa Mga Hebreo 12:2]. Isipin ninyo iyan! Para mapagtiisan Niya ang pinakamatininding karanasang tiniis sa lupa, nagtuon ang ating Tagapagligtas sa kagalakan! . . .

“Gayundin, ang kagalakang ‘inilagay sa harapan natin’ ay ang kagalakan ng pagtulong sa Tagapagligtas sa Kanyang gawain ng pagtubos.”

Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang Kagalakan ng mga Banal,” 17.



Mga Nilalaman Nobyembre 2019

Tomo 22 • Bilang 11

Sesyon sa Sabado ng Umaga

- 6 **Ang Mensahe, ang Kahulugan, at ang Maraming Tao**
Elder Jeffrey R. Holland
- 9 **Tunay na mga Disipulo ng Tagapagligtas**
Elder Terence M. Vinson
- 12 **Manampalataya, Huwag Mawalan ng Pananampalataya**
Stephen W. Owen
- 15 **Ang Kagalakan ng mga Banal**
Elder D. Todd Christofferson
- 19 **Espirituwal na Kakayahan**
Michelle Craig
- 22 **Hindi Natitinag na Katapatan kay Jesucristo**
Elder Dale G. Renlund
- 26 **Magtiwala sa Panginoon**
Pangulong Dallin H. Oaks

Sesyon sa Sabado ng Hapon

- 30 **Pagsang-ayon sa mga General Authority, Area Seventy, at General Officer ng Simbahan**
Pangulong Henry B. Eyring
- 31 **Maging Alisto at Patuloy na Manalangin**
Elder David A. Bednar
- 35 **Natagpuan sa Pamamagitan ng Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon**
Elder Rubén V. Alliaud
- 38 **Mga Saksi, mga Korum ng Aaronic Priesthood, at Klase ng Young Women**
Pangulong Russell M. Nelson
- 40 **Mga Pagbabago para Palakasin ang mga Kabataan**
Elder Quentin L. Cook
- 44 **Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—ang Panlaban na Estratehiya at Maagap na Plano ng Panginoon**
Mark L. Pace
- 47 **Patuloy at Matatag na Tiwala**
Elder L. Todd Budge
- 50 **Pagkatapos ng Pagsubok sa Ating Pananampalataya**
Elder Jorge M. Alvarado
- 53 **Pagtupad sa Ating mga Pangako at Tipan**
Elder Ronald A. Rasband

Sesyon ng Kababaihan

- 57 **Sa Dilim at Liwanag, Aking Panginoon, Manatili!**
Reyna I. Aburto

- 60 **Paggalang sa Kanyang Pangalan**
Lisa L. Harkness
- 67 **Mga Pinakamamahal na Anak na Babae**
Bonnie H. Cordon
- 70 **Kababaihan ng Tipan Bilang Katuwang ng Diyos**
Pangulong Henry B. Eyring
- 73 **Dalawang Dakilang Utos**
Pangulong Dallin H. Oaks
- 76 **Mga Espirituwal na Kayamanan**
Pangulong Russell M. Nelson

Sesyon sa Linggo ng Umaga

- 80 **Makabilang sa Tipan**
Elder Gerrit W. Gong
- 83 **Pagkakaroon ng Kagalakan sa Pagbabahagi ng Ebanghelyo**
Cristina B. Franco
- 86 **Ang Inyong Dakilang Pakikipagsapalaran**
Elder Dieter F. Uchtdorf
- 90 **Ang Haplos ng Tagapagligtas**
Elder Walter F. González
- 93 **Huwag Mo Akong Linlangin**
Elder Gary E. Stevenson
- 96 **Ang Ikalawang Dakilang Kautusan**
Pangulong Russell M. Nelson

Sesyon sa Linggo ng Hapon

- 100 **Kababaihan at ang Plano ng Kaligayahan**
Pangulong Henry B. Eyring
- 104 **Pag-alam, Pagmamahal, at Pag-unlad**
Elder Hans T. Boom
- 106 **Pagsupil ng Ating Espiritu sa Ating Katawan**
Pangulong M. Russell Ballard
- 110 **Kapangyarihang Madaig ang Kaaway**
Elder Peter M. Johnson
- 113 **Pasanin ang Ating Krus**
Elder Ulisses Soares
- 116 **Bunga**
Elder Neil L. Andersen
- 120 **Pangwakas na Mensahe**
Pangulong Russell M. Nelson
- 64 **Mga General Authority at General Officer ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw**
- 123 **Mga Balita sa Simbahan**
- 127 **Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Matuto mula sa mga Mensahe ng Pangkalahatang Kumperensya**



Ang Ika-189 na Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya

Sabado ng Umaga, Oktubre 5, 2019, Pangkalahatang Sesyon

Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring
Pambungad na panalangin:
Elder Larry Y. Wilson
Pangwakas na panalangin:
Elder Steven R. Bangerter
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Andrew Unsworth, organista: “Umaga Na,” *Mga Himno*, blg. 1; “From All That Dwell below the Skies,” *Hymns*, blg. 90, isinaayos ni Wilberg; “Habang Aking Binabasa,” *Mga Himno*, blg. 176, isinaayos ni Murphy; “Saligang Kaytibay,” *Mga Himno*, blg. 47; “Pananalig,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 50, isinaayos ni Elliott; “Tayo’y Magalak,” *Mga Himno*, blg. 3, isinaayos ni Wilberg.

Sabado ng Hapon, Oktubre 5, 2019, Pangkalahatang Sesyon

Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks
Pambungad na panalangin:
Elder Matthew L. Carpenter
Pangwakas na panalangin:
Elder Craig C. Christensen
Musika ng pinagsamang koro mula sa mga stake sa Provo, Utah; Jim Kasen, tagakumpas; Joseph Peeples, organista: “Tanglaw Ko ang Diyos,” *Mga Himno*, blg. 49, isinaayos ni Kasen; “O Kaylugod ng Gawain,” *Mga Himno*, blg. 89, isinaayos ni Kasen; “Manunubos ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 5; “Thy Spirit, Lord, Has Stirred Our Souls,” *Hymns*, blg. 157, isinaayos ni Kasen.

Sabado ng Gabi, Oktubre 5, 2019, Pangkalahatang Sesyon ng Kababaihan

Nangangasiwa: Joy D. Jones
Pambungad na panalangin: Salote Tukuafu
Pangwakas na panalangin: Carol Costley
Musika ng pinagsamang koro ng mga batang babae ng Primary at mga kabataang babae mula sa mga stake sa West Jordan, Utah; Kasey Bradbury, tagakumpas; Linda Margetts, organista: “Praise to the Lord, the Almighty,” *Hymns*, blg. 72, isinaayos ni Webb; “Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta,” *Mga Himno*, blg. 15; “Templo’y Ibig Makita,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 99, isinaayos ni Mohlman; “Isinugo, Kanyang Anak,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 20, isinaayos ni DeFord.

Linggo ng Umaga, Oktubre 6, 2019, Pangkalahatang Sesyon

Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring
Pambungad na panalangin:
Elder O. Vincent Haleck
Pangwakas na panalangin: Becky Craven
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square; Mack Wilberg, tagakumpas; Brian Mathias at Richard Elliott, mga organista: “Dakila’t Sadyang Kahanga-hanga,” *Mga Himno*, blg. 168; “Sa Tuktok ng Bundok,” *Mga Himno*, blg. 4, isinaayos ni Wilberg; “Panalangin ng Isang Bata,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 6, isinaayos ni Perry; “Turuang Lumakad sa Liwanag,” *Mga Himno*, blg. 192; “Tapat sa Pananampalata,” *Mga Himno*, blg. 156, isinaayos ni Lyon; “Love Divine, All Loves Excelling,” Wesley at Prichard, isinaayos ni Wilberg.

Linggo ng Hapon, Oktubre 6, 2019, Pangkalahatang Sesyon

Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks
Pambungad na panalangin: Elder Jack N. Gerard
Pangwakas na panalangin: Douglas D. Holmes
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Richard Elliott, organista: “O mga Anak ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 30, isinaayos ni Murphy; “Ako ay Namangha,” *Mga Himno*, blg. 115, isinaayos ni Murphy; “Magpatuloy Tayo,”

Mga Himno, blg. 148; “Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan,” *Mga Himno*, blg. 80, isinaayos ni Staheli.

Mapapanood, Mapapakinggan, at Mababasa ang mga Mensahe sa Kumperensya

Para ma-access online ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa mara-ming wika, bisitahin ang conference.Church of Jesus Christ.org at pumili ng wika. Makikita rin ang mga mensahe sa Gospel Library mobile app. Karaniwan sa loob ng anim na linggo matapos ang pangkalahatang kumperensya, makukuha ang mga video at audio recording sa wikang Ingles sa mga distribution center. Ang impormasyon tungkol sa pangkalahatang kumperensya sa mga format na maa-access ng mga miyembrong may kapansanan ay nasa disability.Church of Jesus Christ.org.

Sa Pabalat

Harap: Larawang kuha ni Janae Bingham
Likod: Larawang kuha ni Welden Andersen

Mga Retratong Kinunan sa Kumperensya

Ang mga larawan sa Salt Lake City ay kuha nina Welden Anderson, Cody Bell, Janae Bingham, Randy Collier, Weston Colton, Bruno Lima, Brian Nicholson, Leslie Nilsson, Matthew Reier, Christina Smith, at Dave Ward.



NOBYEMBRE 2019 TOMO 22 BLG. 11
LIAHONA 18611 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ang Unang Panguluhan: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

Patnugot: Randy D. Funk

Mga Tagapayo: Becky Craven, Sharon Eubank, Cristina B. Franco, Walter F. González, Larry S. Kacher, Adrián Ochoa, Michael T. Ringwood, Vern P. Stanfill

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton

Direktor ng Mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Tagapamahala ng Business: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson

Katuwang ng Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Katuwang sa Paglalathala: Camila Castrillón

Pagsulat at Pag-edit: David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Garrett H. Garff, Jon Ryan Jensen, Aaron Johnston, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Lori Fuller Sosa, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Desinyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, Joshua Dennis, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala ng Produksyon: Jane Ann Peters

Produksyon: Ira Glen Adair, Julie Burdett, José Chavez, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Marrison M. Smith

Bago Ilimbag: Joshua Dennis

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis

Direktor sa Distribusyon: Nelson Gonzalez

Mailing address: *Liahona*, Fl. 23, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0023, USA.

Ang *Liahona* (isang kataga sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, English, Estonian, Fijian, Finnish, French, German, Greek, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Italian, Japanese, Kiribati, Korean, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2019 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Impormasyon sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kopyahin ng mga indibiduwal ang materyal mula sa *Liahona* para sa kanilang pansarili, at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga katungkulan sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ChurchofJesusChrist.org.

For Readers in the United States and Canada:

November 2019 Vol. 22 No. 11. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year; Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address must be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (American Express, Discover, MasterCard, Visa) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Post Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.



Indeks ng mga Tagapagsalita

Aburto, Reyna I., 57
Alliaud, Rubén V., 35
Alvarado, Jorge M., 50
Andersen, Neil L., 116
Ballard, M. Russell, 106
Bednar, David A., 31
Boom, Hans T., 104
Budge, L. Todd, 47
Christofferson, D. Todd, 15
Cook, Quentin L., 40
Cordon, Bonnie H., 67
Craig, Michelle, 19
Eyring, Henry B., 30, 70, 100
Franco, Cristina B., 83
Gong, Gerrit W., 80
González, Walter F., 90
Harkness, Lisa L., 60
Holland, Jeffrey R., 6
Johnson, Peter M., 110
Nelson, Russell M., 38, 76, 96, 120
Oaks, Dallin H., 26, 73
Owen, Stephen W., 12
Pace, Mark L., 44
Rasband, Ronald A., 53
Renlund, Dale G., 22
Soares, Ulisses, 113
Stevenson, Gary E., 93
Uchtdorf, Dieter F., 86
Vinson, Terence M., 9

Indeks ng mga Paksa

Aaronic Priesthood, 38, 40
Aklat ni Mormon, 35, 80, 83, 110
Basbas, pagpapala, 76, 90, 120
Batas, mga, 73
Bishop, mga, 38, 40
Buhay bago tayo isinilang, 86, 106
Daigdig ng mga espiritu, 26, 106
Espiritu Santo, 19, 35
Espirituwalidad, 12, 19, 44
Fellowshipping, 12, 67
Gawaing misyonero, 83, 86
Halimbawa, 50
Handog-ayuno, mga, 96
Integridad, 53
Jesucristo, 6, 9, 15, 22, 26, 35, 44, 47, 53, 57, 60, 80, 83, 86, 90, 93, 100, 110, 113, 116
Joseph Smith, 6, 93, 100, 104, 113, 120
Kaalaman, 104
Kababaihan, 70, 73, 76
Kabanalan, 100, 120
Kabataan, mga, 12, 38, 40, 53, 120
Kadakilaan, 73
Kagalakan, 9, 15, 47, 83, 96, 116
Kahirapan, 96
Kaligayahan, 100
Kaligtasan, 31
Kapangyarihan, 35, 76, 110
Kapatawaran, 113
Karamdaman sa pag-iisip, 57
Kasal, pag-aasawa, 73, 80
Katawang mortal, 31, 106
Kautusan, mga, 15, 73, 93
Kawalang pag-asa, 110
Matibay na pangako, 9, 22
Ministering, paglilingkod, 70, 96, 104
Ordenansa, mga, 38, 80, 116
Organisasyon ng Simbahan, 40, 67

Pag-aaral ng banal na kasulatan, 44, 110
Pag-asa, 47, 90
Pagbabalik-loob, 15, 22, 35
Pagbabayad-sala, 9, 47, 60, 106, 116
Paghahanda, 31, 70
Paghihirap, 15, 47, 50, 57, 90, 100, 104, 113, 116
Pagkadisipulo, 9, 15, 19, 22, 60, 86, 96, 104, 113
Pagkahiwatig, 76, 93
Pagkontrol sa sarili, 106, 113
Paglilingkod, 15, 19, 60, 70, 86, 96
Pagmamahal, 73, 86, 104, 106, 110, 116
Pagpapagaling, 57, 90
Pagsisisi, 73, 100, 104, 106, 113
Pagsunod, 15, 73, 93
Pagtitiwala, 19, 26, 47
Pamilya, mag-anak, 83, 106
Pamumuno, 38, 40, 67
Panalangin, 19, 31, 104, 110
Pananalig, pananampalataya, 6, 12, 19, 22, 47, 50, 67, 76, 116
Panunumbalik, 120
Plano ng kaligtasan, 83, 100, 106, 116
Priesthood, 76, 80
Proteksyon, 31, 44
Sakramento, 110
Satanas, 31, 44, 93, 110
Tahanan, 12, 44
Teknolohiya, 12, 19, 40, 110
Templo, mga, 26, 76, 120
Tipan, mga, 22, 53, 60, 76, 80, 83, 116
Tukso, 31, 93
Tulong-pantao, 96
Unang Pangitain, 6, 104, 120
Young Men, 38, 40
Young Women, 38, 40, 67



Mga Tampok na Kaganapan sa Ika-189 na Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya

Ang mga lider ng Simbahan na nagsalita sa pangkalahatang kumperensya ay paulit-ulit na nag-anyaya sa atin—na maging mas masaya, maging mas banal, maging mas higit na katulad ng Tagapagligtas, at tulungan ang iba na magawa rin ito.

Bukod pa rito, pinadali nila ang mga pagbabagong iyon upang mas madaaling magawa ng bawat isa sa atin.

“Nais ng Panginoon na makibahagi ang lahat ng Kanyang mga anak sa mga walang-hanggang pagpapala na maku-kuha sa Kanyang templo,” itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson. “. . . Ang pagiging karapat-dapat ng indibiduwal na makapasok sa bahay ng Panginoon ay nangangailangan ng maraming espirituwal na paghahanda ng indibiduwal. At sa tulong ng Diyos, walang imposible.”

Pagtatamo ng Kaligayahan at Kabanalan

Hinikayat ni Pangulong Nelson ang bawat isa sa atin na maging marapat sa mga pagpapala ng templo (tingnan sa pahina 120).

Ipinaliwanag ni Pangulong Henry B. Eyring ang kaugnayan ng pagkakaroon ng higit na kabanalan at pagkakaroon ng higit na kaligayahan (tingnan sa pahina 100).

Itinuro sa atin ni Elder D. Todd Christofferson kung paano matatamo “ang kagalakan ng mga banal” (tingnan sa pahina 15).

Isang Paanyaya na Magmahal at Magbahagi

Itinuro ni Pangulong Nelson ang kahalagahan ng pagmamahal sa ating kapwa at idinetalye ang

pagkakawanggawa ng Simbahan sa iba’t ibang dako ng mundo (tingnan sa pahina 96).

Ipinaliwanag ni Elder Dieter F. Uchtdorf ang kapangyarihan ng pag-anyaya sa iba na “halina at tingnan” (tingnan sa pahina 86).

Inilarawan ni Sister Cristina B. Franco ang kagalakan ng pagbabahagi ng ebanghelyo (tingnan sa pahina 83).

Pagpapalakas sa mga Kabataan

Inilahad ng propeta ang mga pagbabago sa youth organization na hihikayat sa kabataan sa mga quorum at class presidency na umunlad at mamuno (tingnan sa pahina 38).

Inilahad ni Elder Quentin L. Cook kung ano ang gagawin ng pamunuan ng Aaronic Priesthood (tingnan sa pahina 40).

Ibinahagi ni Sister Bonnie H. Cordon ang mga pagbabago sa Young Women organization (tingnan sa pahina 67).

Pagtatayo ng mga Templo; Pagpapatatag sa Atin

Ibinalita ni Pangulong Nelson ang walong bagong templo sa sesyon ng kababaihan (tingnan sa pahina 76).

Sa sesyon noong Linggo ng hapon, itinuro niya ang tungkol sa pagiging karapat-dapat na pumasok sa templo at inilahad ang binagong mga tanong para sa temple recommend (tingnan sa pahina 120). ■





NI ELDER JEFFREY R. HOLLAND
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Mensahe, ang Kahulugan, at ang Maraming Tao

Sa kabila ng patuloy na malakas na ingay at gambala sa ating buhay, nawa'y sikapin nating makita si Cristo sa sentro ng ating buhay, ng ating pananampalataya, at ng ating paglilingkod.

Mga kapatid, ito si Sammy Ho Ching, pitong buwan ang edad, na nanonood ng pangkalahatang kumperensya sa telebisyon sa bahay nila noong Abril.

Nang malapit nang sang-ayunan si Pangulong Russell M. Nelson at ang iba pang mga General Authority, abala si Sammy sa paghawak sa kanyang bote. Kaya ginawa niya ang susunod na pinakamabuting gawin.

Binigyan ni Sammy ng panibagong kahulugan ang konsepto ng pagboto gamit ang inyong mga paa.

Maligayang pagdating sa ikalawang taunang kumperensyang ito ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Para makapag-simula ng talakayan tungkol sa kahulugan ng mga pagtitipong ito nang dalawang beses sa isang taon, isipin ninyo ang tagpong ito mula sa salaysay ni Lucas sa Bagong Tipan:¹

“At nangyari, na nang nalalapit na [si Jesus] sa Jerico, isang bulag

ay nakaupo sa tabi ng daan na nagpapalimos:

“... Pagkarinig na nagdaraan ang maraming tao, ay itinanong niya kung ano ang ibig sabihin noon.

“... Sinabi nila sa kaniya, na nagdaraan si Jesus na taga Nazaret.



Sinang-ayunan ni Sammy Ho Ching si Pangulong Russell M. Nelson sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2019.

“At siya’y nagsisigaw, na sinasabi, Jesus, ikaw na anak ni David, mahabag ka sa akin.”

Nagulat sa kanyang katapangan, sinubukan ng mga tao na patahimikin ang lalaki, ngunit “siya’y lalong nagsisigaw,” sabi roon. Dahil sa kanyang pagpupumilit, dinala siya kay Jesus, na nakarinig sa kanyang pagmamakaawang puno ng pananampalataya na ipanumbalik ang kanyang paningin at pinagaling siya.²

Naaantig ako sa malinaw na maikling kuwentong ito tuwing babasahin ko ito. Nadarama natin ang pagdurusa ng lalaking iyon. Halos maririnig natin siyang sumisigaw para mapansin ng Tagapagligtas. Napapangiti tayo sa pagtanggap niyang tumahimik—tunay ngang determinado siyang *lakasan* pa ang sigaw kahit sinasabihan siya ng lahat na *tumahimik*. Ito ay likas na magandang kuwento ng napaka-determinadong pananampalataya. Ngunit tulad sa buong banal na kasulatan, habang lalo nating binabasa ito, mas marami tayong natutuklasan.

Ang ideyang nakaapekto nang husto sa akin kamakailan lang ay ang magandang pananaw ng lalaking ito sa pagkakaroon ng espirituwal na sensitibong mga tao sa kanyang paligid. Ang buong kahalagahan ng kuwentong ito ay batay sa ilang di-kilalang kababaihan at kalalakihan na, nang tanungin ng kanilang kasamahan ng, “Ano ang ibig sabihin ng kaguluhang ito?” ay nagkaroon ng pananaw, kung mamarapatin ninyo, na tukuyin si Cristo bilang dahilan ng hiyawan; Siya ang Kahulugan Mismo. May aral sa maikling pag-uusap na ito para sa ating lahat. Tungkol sa pananampalataya at determinasyon, nakakatulong na ito ang inyong tanong sa mga taong talagang mayroon nito! “Mangyayari bagang umakay ang bulag sa bulag?” minsá’y itinanong ni Jesus. “[Kung magkagayon,] di baga sila mangabubulid kapuwa sa hukay?”³

Ang layunin ng pagdalo sa mga kumperensyang ito ay para pag-ibayuhin ang ating pananampalataya at determinasyon, at sa pakikibahagi sa amin ngayon, matatanto ninyo na ito rin ang layunin ng lahat. Tumingin sa paligid ninyo. Sa bakurang ito nakikita ninyo ang iba’t ibang laki ng pamilya mula sa lahat

ng lugar. Nagyayakapan ang dating magkakaibigan sa masayang pagkikitung muli, naghahandang kumanta ang isang kahanga-hangang koro, at nagsisigawan ang mga nagpoprotesta mula sa paborito nilang soapbox. Hinahanap ng mga missionary noong araw ang mga dati nilang kompanyon, at ang mga bagong returned missionary naman ay naghahanap ng *bagong* kompanyon (alam na ninyo ang ibig kong sabihin!). At mga retrato? Sobrang dami! Dahil bawat kamay ay may hawak na cell phone, ang layunin nating “bawat miyembro ay isang missionary” ay naging “bawat miyembro ay isang photographer.” Sa gitna ng lahat ng masayang kaguluhang ito, makatwirang itanong ng isang tao na, “Ano ang ibig sabihin ng lahat ng ito?”

Tulad sa ating kuwento sa Bagong Tipan, kilalanan ng mga biniyayaan ng paningin na, sa kabila ng lahat ng iba pang maialok sa atin ng tradisyong ito ng kumperensya, kakatiting o walang kahulugan ito maliban kung kay Jesus nakatuon ang lahat ng ito. Para maunawaan ang hangad natin, ang pangako Niyang pagpapagaling, ang kahalagahan na kahit paano’y alam nating narito, hindi tayo dapat pagambala sa kaguluhan—masaya man ito—at magtuon tayo ng pansin sa Kanya. Ang panalangin ng bawat tagapagsalita, ang pag-asa ng lahat ng kumakanta, ang pagpipitagan ng bawat bisita—lahat ay nakatuon sa pag-anyaya sa Espiritu Niya na nagmamay-ari ng Simbahang ito—ang buhay na Cristo, ang Kordero ng Diyos, ang Prinsipe ng Kapayapaan.

Ngunit hindi kailangang nasa conference center tayo para matagpuan Siya. Kapag binasa ng isang bata ang Aklat ni Mormon sa unang pagkakataon at lubhang nasiyahan sa tapang ni Abinadi o sa paglalakbay ng 2,000 kabataang mandirigma, maidaragdag natin na kay Jesus palagi nakatuon ang kahanga-hangang salaysay na ito, na nakatayong parang isang malaking estatuwa sa halos lahat ng pahina nito at nagkokonekta sa lahat ng iba pang mga tao rito na nagpatibay ng pananampalataya.

Gayundin, kapag pinag-aaralan ng isang kaibigan ang ating relihiyon,



maaari siyang malula nang kaunti sa ilan sa mga natatanging elemento at di-pamilyar na bokabularyo ng ating relihiyon—mga bawal na pagkain, suplay sa pag-asa sa sarili, pioneer trek, digitized family tree, na may napakaraming stake center kung saan walang-dudang inasahan ng ilan na mapagsilbihan ng masarap na char-broiled sirloin, medium rare. Kaya, habang maraming nakikita at naririnig ang bago nating mga kaibigan na bago sa kanila, kailangan nating ipaunawa sa kanila ang kahulugan at layunin ng lahat ng ito, sa mahalagang tuon ng walang-hanggang ebanghelyo—ang pagmamahal ng mga Magulang sa Langit, ang nagbabayad-salang sakripisyo ng isang banal na Anak, ang nakakaaliw na patnubay ng Espiritu Santo, ang pagpapanumbalik ng lahat ng katotohanang ito sa mga huling araw at napakarami pang iba.

Kapag nagpunta ang isang tao sa banal na templo sa unang pagkakataon,

maaaring medyo mabigla siya sa karanasang iyon. Tungkulin nating tiyakin na hindi makagambala kailanman ang sagradong mga simbolo at inihayag na mga ritwal, ang pananamit sa seremonya at biswal na mga pagtatanghal, kundi sa halip ay magtuon sa Tagapagligtas, na naroon tayo upang sambahin. Ang templo ay bahay Niya, at Siya dapat ang manguna sa ating puso’t isipan—ang dakilang doktrina ni Cristo na lagapan sa ating buong pagkatao na tulad sa mga ordenansa sa templo—mula sa sandaling mabasa natin ang nakasulat sa pintuan sa harapan hanggang sa pinakahuling sandaling gugugulin natin sa gusaling iyon. Sa gitna ng lahat ng paghanga natin, dapat nating tingnan, higit sa lahat, ang kahulugan ni Jesus sa templo.

Isipin ang napakaraming agresibong inisyatibo at mga bagong pahayag sa Simbahan nitong mga nakaraang buwan. Habang naglilingkod tayo sa isa’t isa, o pinagbubuti natin ang karanasan sa araw ng Sabbath, o tinatanggap ang bagong programa para sa mga bata at kabataan, hindi natin malalaman ang tunay na dahilan ng mga pagbabagong inihayag kung titingnan natin ang mga ito bilang mga elementong magkakaiba at di-magkakaugnay sa halip na bilang magkakaugnay na pagsisikap upang tulungan tayong maging mas matatag sa ibabaw ng Bato na ating Kaligtasan.⁴ Tiyak na tiyak na ito ang layon ni Pangulong Russell M. Nelson kaya niya ipinapagamit sa atin ang inihayag na pangalan ng Simbahan.⁵ Kung si Jesus—ang Kanyang pangalan, Kanyang doktrina, Kanyang halimbawa, Kanyang kabanalan—ay maaaring maging sentro ng ating pag-samba, pagtitibayin natin ang dakilang katotohanang minsa’y itinuro ni Alma: “Maraming bagay ang darating; [ngunit] masdan, may isang bagay na higit na mahalaga kaysa sa lahat ng ito—... ang Manunubos [na buhay at pumaparoon] sa kanyang mga tao.”⁶

Isang panghuling ideya: Ang ika-19-na-siglong kapaligiran ni Joseph Smith sa may hangganan ay puno ng napaka-masisigasig na Kristiyanong saksi na naglalabanan.⁷ Ngunit sa ingay



karanasan ni Joseph Smith, na nangyari mga 1,800 taon matapos matanggap ng kaibigan nating bulag ang kanyang paningin sa sinaunang Landas ng Jerico. Pinatotohanan ko kasama ng dalawang ito at ng marami pang iba sa paglipas ng panahon na tiyak na ang pinaka-kapana-panabik na makita at marinig sa buhay ay hindi lamang ang pagdaan¹⁰ ni Jesus kundi ang pagparito Niya *sa* atin, pagtigil sa *tabi* natin, at pagtahan Niya *sa* atin.¹¹

Mga kapatid, sa patuloy na malakas na ingay at gambala sa ating buhay, nawa’y sikapin nating makita si Cristo sa sentro ng ating buhay, ng ating pananampalataya, at ng ating paglingkod. Nariyan ang tunay na kahulugan. At kung sa ibang mga araw ay limitado ang ating paningin o nanghina ang ating pagtitiwala o sinusubukan at pinipino ang ating pananalig—na siguradong mangyayari—nawa’y mas malakas pa nating isigaw, “Jesus, ikaw na anak ni David, mahabag ka sa akin.”¹² Ipinapangako ko nang may kataimtiman ng isang apostol at determinasyon ng isang propeta na pakikilingan ka Niya at sasabihin, sa malao’t madali, “Tanggapin mo ang iyong paningin: pinagaling ka ng pananampalataya mo.”¹³ Maligayang pagdating sa pangkalahatang kumperensya. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

na nilikha nila, ang nakakatawa, pina-labo pa ng masasayang revivalist na ito ang mismong Tagapagligtas na taimtim na hinanap ng batang si Joseph. Naki-kibaka sa tinawag niyang “kadiliman at kaguluhan,”⁸ nagpunta siya sa kakahuyan kung saan nakita at narinig niya ang mas maluwalhating pagsaksi ng Tagapagligtas sa kahalagahan ng ebanghelyo kaysa anumang nabanggit natin dito ngayong umaga. May kaloob na hindi sukat-akalain at di-inaasahang paningin, nakita ni Joseph sa pangitain ang kanyang Ama sa Langit, ang dakilang Diyos ng sansinukob, at si Jesucristo, ang Kanyang perpektong Bugtong na Anak. Pagkatapos ay nagpakita ng halimbawa ang Ama na pinupuri natin ngayong umaga: Itinuro Niya si Jesus, sinasabing: “Ito ang Aking Pinakamamahal

na Anak. Pakinggan Siya!”⁹ Wala nang mas dakila pang pagpapakita ng banal na pagkatao ni Jesus, ng Kanyang sukdulang kahalagahan sa plano ng kaligtasan, at ng Kanyang katayuan sa paningin ng Diyos na maaaring humigit kailanman sa maikling walong-salitang pahayag na iyan.

Kaguluhan at kalituhan? Mga tao at pagtatalo? Marami niyan sa ating mundo. Totoong pinagtatalunan pa rin ng mga nagdududa at matatapat ang pangitaing ito at halos lahat ng nabanggit ko ngayon. Kung sakaling maaaring nagsisikap *kayong* makakita nang mas malinaw at maghanap ng kahulugan sa gitna ng maraming opinyon, hinihikayat ko kayong hanapin ang mga sagot sa Jesus ding iyon at pinatotohanan ko bilang apostol ang

MGA TALA

1. Maaaring ito ay kapareho o hindi kapareho ng pangyayaring nakatala sa Mateo 20:30–34, kung saan may dalawang bulag na tumutugon, o ng nakatala sa Marcos 10:46–52, kung saan ang bulag na lalaki ay kinikilalang si Bartimeo, ang anak ni Timeo.
2. Tingnan sa Lucas 18:35–43; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Lucas 6:39.
4. Tingnan sa 2 Nephi 9:45.
5. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Ang Tamang Pangalan ng Simbahan,” *Liahona*, Nob. 2018, 87–89.
6. Alma 7:7.
7. Ang rehiyon sa upstate New York malapit sa Palmyra ay madalas tukuying “ang natupok na distrito” dahil sa kasigawasan sa relihiyon na palaging laganap noon sa maliliit na komunidad na iyon.
8. Joseph Smith—Kasaysayan 1:13.
9. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
10. Tingnan sa Lucas 18:37.
11. Tingnan sa Juan 14:23.
12. Marcos 10:47.
13. Lucas 18:42.



NI ELDER TERENCE M. VINSON
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Tunay na mga Disipulo ng Tagapagligtas

Madarama natin ang walang-hanggang kagalakan kapag itinatag natin ang ating buhay sa Tagapagligtas at sa istruktura ng Kanyang ebanghelyo.

Medyo nakatago sa aklat ni Hagai sa Lumang Tipan ang paglalarawan sa isang grupo ng mga tao na maaari sanang magamit ang payo ni Elder Holland. Nagkamali sila dahil hindi nila ginawang sentro ng kanilang buhay at paglilingkod si Cristo. Gumuhit si Hagai ng ilang nakagaganyak na paglalarawan nang pangaralan niya ang mga tao sa pananatili sa kanilang komportableng bahay sa halip na itayo ang templo ng Panginoon:

“Panahon бага sa inyo na tumahan sa inyong mga nakikisamihang bahay, samantalang ang bahay na ito ay namalaging wasak?”

“Ngayon nga’y ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Gunitain ninyo ang inyong mga lakad.”

“Kayo’y nangaghasik ng marami, at nagsisiani ng kaunti; kayo’y nagsisikain, nguni’t hindi kayo nagkaroon ng kahustuhan; kayo’y nagsisiinom, nguni’t hindi kayo nangapapatirang-uhaw; kayo’y nangananamit, nguni’t walang mainit; at yaong kumikita ng mga pinagarawan ay kumikita ng mga

pinagarawan upang ilagay sa supot na may mga butas.

“Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Gunitain ninyo ang inyong mga lakad.”¹



Hindi ba napakaganda ng mga paglalarawang iyon ng kawalang-saysay ng pag-una sa mga bagay na walang halaga sa kawalang-hanggan kaysa sa mga bagay ng Diyos?

Sa isang sacrament meeting na dinaluhan ko kamakailan, binanggit ng isang returned missionary ang sina-bi ng isang ama na lubos na ibinuod ang ideyang ito sa kanyang mga anak, “Ang kailangan natin dito ay bawasan ang Wi-Fi at dagdagan ang Nephi!”

Nang manirahan ako sa West Africa nang limang taon, nakita ko ang maraming halimbawa ng mga tao na likas na inuuna ang ebanghelyo at hindi nahihiya. Ang isang halimbawa niyon ay ang pangalan ng isang negosyong pagkumpuni ng gulong at pagbabalanse ng manibela sa Ghana. Pinangalanan ito ng may-ari ng “Thy Will Alignment [Pag-ayon sa Iyong Kalooban].”

Madarama natin ang walang-hanggang kagalakan² kapag itinatag natin ang ating buhay sa Tagapagligtas at sa istruktura ng Kanyang ebanghelyo. Gayunman, napakadaling maging pinakamahalaga ang mga makamundong bagay sa paggawa ng mga desisyon sa buhay, kung saan ang ebanghelyo ay isang opsiyon o pag-sisimba lamang nang dalawang oras tuwing Linggo. Kapag nangyari ito, para na rin nating inilagay ang suweldo natin sa “supot na may butas.”

Sinasabi sa atin ni Hagai na maging tapat sa pangako—na, sabi nga namin sa Australia, maging “fair dinkum” tungkol sa pamumuhay ng ebanghelyo. Ang mga tao ay fair dinkum kapag sila ay katulad ng sinasabi nila.

May kaunti akong natutuhan tungkol sa pagiging fair dinkum at pagiging tapat sa pangako sa paglalaro ng rugby. Natutuhan ko na kapag ginawa ko ang lahat sa paglalaro, kapag ibinigay ko ang lahat, pinakamatindi ang kasiyahan ko.

Ang paboritong taon ko sa rugby ay noong makatapos ako ng high school. Ang team kung saan ako kasali ay kapwa matalino at tapat. Kami ang kampeon sa taong iyon. Gayunman, isang araw kalaban namin ang isang mas mahinang team, at pagkatapos ng laro may mga kadeyt kaming lahat sa

malaki at taunang sayawan sa kolehiyo. Akala ko dahil magiging madali ang laro, dapat kong piliting hindi masak-tan para lubos akong masiyahan sa sayawan. Sa larong iyon, hindi namin ginawa ang lagi naming ginagawa sa matitinding kalaban, at natalo kami. Ang mas malala pa, tinapos ko ang laban na magang-maga ang labi ko na hindi nagpaguwapo sa akin para sa magandang kadeyt ko. Marahil may kinailangan akong matutuhan.

May nangyaring lubhang kakaibang karanasan sa isang sumunod na laro kung saan ginawa ko talaga ang lahat. Minsan binangga ko talaga nang husto ang isang contact; agad akong naka-ramdam ng kaunting sakit sa mukha ko. Dahil naturuan ako ng aking ama na hindi ko dapat ipaalam sa kalaban kung nasaktan ako, patuloy akong naglaro. Nang gabing iyon, habang sinisikap kong kumain, natuklasan ko na hindi ako makakagat. Kinabukasan, nagpunta ako sa ospital, kung saan nakumpirma sa X-ray na basag ang panga ko. Tinalian ng alambre ang bibig ko nang sumunod na anim na linggo.

May natutuhan akong mga aral sa talinghagang ito ng magang labi at basag na panga. Sa kabila ng mga ala-ala ko ng hindi nabigyang-kasiyahan pang-anabik sa solidong pagkain sa loob ng anim na linggo na puro likido ang puwede kong kainin, wala akong pinag-sisihan sa basag na panga ko dahil bunga iyon ng pagbibigay ko ng lahat ng makakaya ko. Pero mayroon akong pinagsisihan tungkol sa magang labi dahil simbolo iyon na hindi ko ibinigay ang lahat.



Si Terence M. Vinson, pang-apat na nakatayo mula sa kaliwa, bilang miyembro ng kanyang post-high school rugby team

Ang pagbibigay natin ng lahat ng mayroon tayo ay hindi nangangahulugan na patuloy tayong bibiyayaan o lagi tayong magtatagumpay. Pero nangangahulugan nga ito na magagalak tayo. Ang kagalakan ay hindi panandaliang kasiyahan o kahit pansa-mantalang kaligayahan. Ang kagalakan ay pagtitiis at nakasalig sa ating mga pagsisikap na maging katanggap-tanggap sa Panginoon.³

Ang isang halimbawa ng gayong pagtanggap ay ang kuwento tungkol kay Oliver Granger. Tulad ng sabi ni Pangulong Boyd K. Packer: “Nang itaboy ang mga Banal sa Kirtland, . . . naiwan si Oliver para ipagbili ang kanilang ari-arian kahit sa maliit na halaga. Maliit ang tsansang magtatagumpay siya. At totoo ngang hindi siya nagtagumpay!”⁴ Naatasan siya ng Unang Panguluhan na gawin ang isang gawaing mahirap, kung hindi man imposible. Pero pinuri siya ng Panginoon sa kanyang tila bigong mga pagsisikap sa mga salitang ito:

“Naaalaala ko ang aking tagapaglingkod na si Oliver Granger; masdan, katotohanang sinasabi ko sa kanya na ang kanyang pangalan ay mapapasama sa banal na pag-aalaala sa bawat salit salinlahi, magpakailanman at walang katapusan, wika ng Panginoon.

“Samakatwid, masigasig siyang makipaglaban sa pagtubos ng Unang Panguluhan ng aking Simbahan, wika ng Panginoon; at kapag siya ay bumagsak siya ay babangong muli, sapagkat ang kanyang hain ay mas banal sa akin kaysa sa kanyang yaman, wika ng Panginoon.”⁵

Maaaring totoo iyon sa ating lahat—hindi ang ating mga tagumpay kundi ang ating sakripisyo at mga pagsisikap ang mahalaga sa Panginoon.

Ang isa pang halimbawa ng isang tunay na disipulo ni Jesucristo ay ang malapit naming kaibigan sa Côte d’Ivoire sa West Africa. Ang kahanga-hanga at matapat na miyembrong ito ay dumanas ng teribleng emosyonal, at ilang pisikal, na pang-aabuso ng kanyang asawa sa matagal na panahon, at kalaunan ay nagdiborsyo sila. Hindi siya nag-alinlangan kailanman sa kanyang pananampalataya at kabutihan, pero dahil sa kalupitan ng asawa niya sa kanya, labis siyang nasaktan sa mahabang panahon. Sa sarili niyang mga salita, inilarawan niya ang nangyari:

“Kahit sinabi ko na pinatawad ko siya, natulog ako palagi na nasasaktan; ginugol ko ang aking mga araw na nadarama ang sakit na iyon. Parang napaso ang damdamin ko. Maraming beses akong nagdasal sa Panginoon na alisin iyon sa akin, pero napakasakit niyon kaya talagang naniwala ako na habambuhay kong madarama iyon. Mas masakit iyon kaysa nang mamatay ang nanay ko noong bata pa ako; mas masakit kaysa nang mamatay ang tatay ko pati na ang anak ko. Parang lumawak ito at tinakpan ang puso ko, na nagbigay sa akin ng impresyon na mamamatay na ako anumang oras.

“Sa ibang mga pagkakataon itina-nong ko sa sarili kung ano kaya ang gagawin ng Tagapagligtas sa sitwasyon ko, at mas gugustuhin kong sabihing, ‘Sobra na po ito, Panginoon.’

“Pagkatapos isang umaga kinapa ko ang sakit na dulot ng lahat ng ito sa puso ko at nilaliman ko pa, at kinapa ko iyon sa aking kaluluwa. Hindi ko iyon nadama. Agad kong ginunita sa aking isipan ang lahat ng dahilan ko para masaktan, pero hindi ko nadama ang sakit. Maghapon kong hinintay na malaman kung madarama ko ang sakit sa puso ko; hindi ko iyon nadama. Pagkatapos ay lumuhod ako at nagpa-salamat sa Diyos na naging epektibo ang nagbabayad-salang sakripisyo ng Panginoon para sa akin.”⁶



Ang miyembrong ito ay masaya na ngayong ibinuklod sa isang mabait at matapat na lalaki na nagmamahal sa kanya.

Kaya ano dapat ang ating pag-uugali kung tunay tayong mga disipulo ni Cristo? At ano ang halaga ng ebanghelyo sa atin kapag talagang “[gugunitain] natin ang [ating] mga lakad,” tulad ng iminungkahi ni Hagai?

Gustung-gusto ko ang halimbawa ng tamang pag-uugaling ipinakita ng ama ni Haring Lamoni. Maaalala ninyo ang nauna niyang galit nang malaman niya na ang kanyang anak ay sinamahan ni Ammon, isang Nephi—isa pang lahing kinamuhian ng mga Lamanita. Hinugot niya ang kanyang espada para labanan si Ammon at dagli niyang nakita na nakatutok sa kanyang lalamunan ang espada ni Ammon. “Ngayon, ang hari, natatakot na mawala ang kanyang buhay, ay nagsabi: Kung hindi mo ako papatayin ay ipagkakaloob ko sa iyo

ang ano mang hihingin mo, maging ang kalahati ng kaharian.”⁷

Pansinin ang kanyang alok—kalahati ng kanyang kaharian kapalit ng kanyang buhay.

Pero kalaunan, nang maunawaan ang ebanghelyo, nagbigay siya ng isa pang alok. “At sinabi ng hari: Ano ang nararapat kong gawin upang magkaroon ako nitong buhay na walang hanggan na sinabi mo? Oo, ano ang nararapat kong gawin upang isilang sa Diyos, nang ang masamang espiritung ito ay mabunot mula sa aking dibdib, at matanggap ang kanyang Espiritu, upang ako ay mapuspos ng galak, upang hindi ako maitakwil sa huling araw? Masdan, sinabi niya, tatalikuran ko ang lahat ng aking pag-aari, oo, tatalikuran ko ang aking kaharian, upang matanggap ko ang labis na kagalakang ito.”⁸

Sa panahong ito, handa siyang isuko ang *lahat* ng kanyang kaharian, dahil mas mahalaga ang ebanghelyo kaysa

lahat ng mayroon siya! Fair dinkum siya tungkol sa ebanghelyo.

Kaya, ang tanong para sa bawat isa sa atin ay, fair dinkum din ba tayo tungkol sa ebanghelyo? Dahil ang pag-aalangan ay hindi pagiging fair dinkum! At hindi kilala ang Diyos sa pagpuri sa mga sala sa init, sala sa lamig.⁹

Walang kayamanan, ni anumang libangan, ni anumang katayuan, ni anumang social media, ni anumang mga video game, ni anumang sport, ni anumang kaugnayan sa isang tanyag na tao, ni anumang bagay sa lupa na mas mahalaga kaysa sa buhay na walang hanggan. Kaya ang payo ng Panginoon sa lahat ng tao ay “gunitain ninyo ang inyong mga lakad.”

Ang damdamin ko ay higit na maipapahayag sa mga salita ni Nephi: “Ako ay nagpupuri sa kalinawan; ako ay nagpupuri sa katotohanan; ako ay nagpupuri sa aking Jesus, sapagkat kanyang tinubos ang aking kaluluwa mula sa impiyerno.”¹⁰

Tayo ba ay tunay na mga alagad Niya na nagbigay ng lahat ng Kanya para sa atin? Siya na ating Manunubos at ang ating Tagapamagitan sa Ama? Siya na lubos na tapat sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo hanggang sa ngayon sa Kanyang pagmamahal, awa, at hangaring magkaroon tayo ng walang-hanggang kagalakan? Nakikiusap ako sa lahat ng nakakarinig at nakakabasa sa mga salitang ito: Paki-usap, huwag ninyong ipagpaliban ang inyong lubos na katapatan hanggang sa maisip ninyo ito sa isang di-umiiral na hinaharap. Maging fair dinkum ngayon at madama ang kagalakan! Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Hagai 1:4–7.
2. Tingnan sa Juan 15:11; Mga Taga Roma 14:17; II Mga Taga Corinto 8:2; Sa mga Hebreo 12:2; Moises 5:10, 7:53.
3. Tingnan sa Enos 1:3–6, 27; Doktrina at mga Tipan 52:15; 97:8–9.
4. Boyd K. Packer, “Sa Pinakamaliit na Ito,” *Liahona*, Nob. 2004, 86.
5. Doktrina at mga Tipan 117:12–13.
6. Personal na liham.
7. Alma 20:23.
8. Alma 22:15.
9. Tingnan sa Apocalipsis 3:15–16.
10. 2 Nephi 33:6.



NI STEPHEN W. OWEN
Young Men General President

Manampalataya, Huwag Mawalan ng Pananampalataya

*Kailangang kusa tayong gumugol ng oras
bawat araw upang kumalas sa mundo at
kumonekta sa langit.*

Hindi pa katagalan nagising ako at nag-
handa upang pag-aralan ang mga banal
na kasulatan. Dinampot ko ang smart-
phone ko at naupo ako sa silya sa tabi
ng kama ko na may intensyong buksan
ang Gospel Library app. Binuksan ko
ang cell phone ko at magsisimula na
sana akong mag-aral nang may makita
akong anim na notification para sa mga
text message at email na nagpasukan

kagabi. Naisip ko, “Babasahin ko nang
mabilis ang mga mensaheng iyon, pagka-
tapos pag-aaralan ko na ang mga banal
na kasulatan.” Makalipas ang dalawang
oras, nagbabasa pa rin ako ng mga text
message, email, balita, at post sa social
media. Nang matanto ko kung anong
oras na, tarantang nagmadali akong
maghanda para sa maghapon. Noong
umagang iyon hindi ako nakapag-aral ng
mga banal na kasulatan, at dahil doon
hindi ko natamo ang espirituwal na
pangangalagang inasahan ko.

Espirituwal na Pangangalaga

Tiyak ko na marami sa inyo ang
nakaranas na nito. Pinagpapala tayo
ng mga makabagong teknolohiya sa
maraming paraan. Maikokonekta tayo
ng mga ito sa mga kaibigan at pamilya,
sa impormasyon, at sa balita tungkol
sa kasalukuyang mga pangyayari sa
buong mundo. Gayunman, maaabala
rin tayo ng mga ito sa pinakamahala-
gang koneksyon: ang ating koneksyon
sa langit.

Inuulit ko ang sinabi ng ating
propetang si Pangulong Russell M.
Nelson: “Nabubuhay tayo sa mundong
puno ng kaguluhan at tumitinding
salungatan. Ang social media at ang
24 na oras na pagbabalita ay inaata-
ke tayo ng walang humpay na mga
mensahe. Kung gusto nating magkaro-
on ng pagkakataong masuri ang iba’t
ibang opinyon at mga pilosopiya ng
tao na sumisira ng katotohanan, kaila-
ngan tayong matutong tumanggap ng
paghahayag.”

Nagbabala si Pangulong Nelson na
“sa darating na mga araw, hindi magi-
ging posible na espirituwal na makalig-
tas kung walang patnubay, tagubilin,
at nakapagpapanatag [at palagiang]
impluwensya ng Espiritu Santo.”¹

Ilang taon na ang nakararaan, nag-
kuwento si Pangulong Boyd K. Packer
tungkol sa isang kawan ng mga usa na
nakulong, dahil sa malakas na pag-ulan
ng niyebe, sa labas ng likas na tirahan
nito at posibleng mamatay sa gutom.
Ilang tao na may mabuting hangarin,
sa pagsisikap na iligtas ang mga usa,
ang nagtapon ng trak-trak na dayami sa
buong paligid—hindi iyon karaniwang
kakainin ng mga usa, ngunit umasa sila
na makakaraos doon ang mga usa sa
buong taglamig. Ang nakalulungkot,
karamihan sa mga usa ay natagpu-
ang patay kalaunan. Nakain nila ang
dayami, ngunit hindi iyon nakabusog
sa kanila, at namatay sila sa gutom na
punung-puno ang tiyan.²

Marami sa mga mensaheng tinatang-
gap natin sa panahon ng impormasyon
ang espirituwal na katumbas ng pagpa-
pakain ng dayami sa mga usa—makakain
natin ito sa buong maghapon, ngunit
hindi tayo bubusugin nito.

Saan natin natatagpuan ang tunay
na espirituwal na pangangalaga?
Kadalasan, hindi ito trending sa social
media. Natatagpuan natin ito kapag
“nagpatuloy [tayo] sa paglakad” sa lan-
das ng tipan, “patuloy na humahawak
nang mahigpit sa gabay na bakal,” at
nakakakain tayo ng bunga ng punung-
kahoy ng buhay.³ Nangangahulugan
ito na kusa tayong gumugol ng oras
bawat araw na kumalas sa mundo at
kumonekta sa langit.





Sa kanyang panaginip, nakita ni Lehi ang mga taong kumain ng bunga ngunit pagkatapos ay tinalikuran iyon dahil sa impluwensya ng malaki at maluwang na gusali, ang kapalaluan ng sanlibutan.⁴ Posibleng palakihin ang mga kabataan sa tahanan ng isang Banal sa mga Huling Araw, dumalo sa lahat ng tamang pulong at klase sa Simbahan, makibahagi pa nga sa mga ordenansa sa templo, pagkatapos ay lumayo patungo “sa mga ipinagbabawal na landas at [ma]ngawala.”⁵ Bakit nang-yayari ito? Sa maraming pagkakataon, maaaring ito ay dahil bagama’t sumasabay sila sa mosyon ng espirituwalidad, hindi sila tunay na nagbalik-loob. Pinakain sila ngunit hindi binusog.

Sa kabilang banda, nakilala ko ang marami sa inyo, mga kabataang Banal

sa mga Huling Araw, na matatalino, matatapang, at matatapat. Alam ninyo na kayo ay mga anak ng Diyos at na mayroon Siyang ipagagawa sa inyo. Mahal ninyo ang Diyos nang buong “puso, kakayahan, pag-iisip at lakas.”⁶ Tinutupad ninyo ang inyong mga tipan at pinaglilingkuran ang iba, simula sa tahanan. Sumasampalataya, nagsisisi, at nagpapakabuti kayo bawat araw, at nagdudulot ito sa inyo ng walang-hanggang kagalakan. Nagha-handa kayo para sa mga pagpapala ng templo at iba pang mga pagkakataong mapapasainyo bilang tunay na mga alagad ng Tagapagligtas. At tumutulong kayong ihanda ang mundo para sa Ikalawang Pagparito, na inaanyayahang ang lahat na lumapit kay Cristo at tanggapin ang mga pagpapala ng

Kanyang Pagbabayad-sala. Konektado kayo sa langit.

Oo, may hinaharap kayong mga hamon. Ngunit gayundin naman ang bawat henerasyon. Ito ang ating panahon, at kailangan nating manampalataya, huwag mawalan ng pananampalataya. Pinatotohanan ko na alam ng Panginoon ang ating mga hamon, at sa pamumuno ni Pangulong Nelson, iniha-handa Niya tayong harapin ang mga ito. Naniniwala ako na ang panawagan ng propeta kamakailan sa isang simbahang nakasentro sa tahanan, na suportado ng ginagawa natin sa ating mga gusali,⁷ ay dinisenyo upang tulungan tayong mabuhay—at umunlad—sa panahong ito ng espirituwal na kagutuman.

Nakasentro sa Tahanan

Ano ang kahulugan ng maging isang simbahang nakasentro sa tahanan? Ang mga tahanan ay maaaring mukhang magkakaiba sa buong mundo. Maaaring kabilang kayo sa isang angkan na ilang henerasyon nang nasa Simbahan. O maaaring kayo lamang ang miyembro ng Simbahan sa inyong pamilya. Maaaring may-asawa kayo o wala, may kasamang mga anak sa bahay o wala.

Anuman ang inyong sitwasyon, magagawa ninyong sentro ng pag-aaral at pagsasabuhay ng ebanghelyo ang inyong tahanan. Ang ibig sabihin lang nito ay pag-ako ng responsibilidad para sa inyong pagbabalik-loob at espirituwal na paglago. Ang ibig sabihin nito ay sundin ang payo ni Pangulong Nelson na “gawing santuwaryo ng pananampalataya ang inyong tahanan.”⁸

Sisikapin ng kalaban na paniwala-in kayo na hindi ninyo kailangan ng espirituwal na pangangalaga o, mas tuso pa riyan, na makapaghihintay iyon. Siya ang amo ng panggugulo at may-akda ng pagpapaliban. Itutuon niya ang inyong pansin sa mga bagay na tila apurahan ngunit ang totoo ay hindi ito mahalaga. Sisikapin niyang “[bagabagin kayo] tungkol sa maraming bagay” kaya nakakaligtaan ninyo ang “isang bagay na kinakailangan.”⁹

Kaylaki ng pasasalamat ko sa “butihing mga magulang,”¹⁰ na pinalaki ang kanilang pamilya sa tahanan na palaging



may espirituwal na pangangalaga, pagmamahalan, at kapaki-pakinabang na mga gawaing panlibangan. Ang mga turong ibinigay nila noong kabataan ko ay nakabuti sa akin. Mga magulang, mangyaring patatagin ang inyong relasyon sa inyong mga anak. Kailangan nila ang mas maraming oras ninyo, hindi mas kaunti.

Suportado ng Simbahan

Kapag ginawa ninyo ito, nariyan ang Simbahan para suportahan kayo. Mapapatibay ng ating mga karanasan sa simbahan ang espirituwal na pangangalagang nangyayari sa bahay. Ngayong taon, nakita na natin ang ganitong klase ng suporta ng Simbahan sa Sunday School at Primary. Makikita rin natin ang iba pang ganito sa mga miting ng Aaronic Priesthood at Young Women. Simula ngayong Enero, ang kurikulum para sa mga miting na ito ay babaguhin nang bahagya. Magtutuo pa rin ito sa mga paksa ng ebanghelyo, ngunit ang mga paksang iyon ay iaayon sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibidwal at Pamilya*. Maliit na pagbabago ito, ngunit magiging malaki ang epekto nito sa espirituwal na pangangalaga ng mga kabataan.

Anong iba pang mga klase ng suporta ang inilalaan ng Simbahan? Sa Simbahan tumatanggap tayo ng sakramento, na tumutulong sa atin na muling patatagin ang ating pangako sa Tagapagligtas bawat linggo. At sa simbahan nakikitipon tayo sa iba pang mga nananalig na nakagawa rin ng tipang

iyon. Ang mga mapagmahal na relasyon natin sa ating mga kapwa disipulo ni Jesucristo ay maaaring maging malakas na suporta sa ating sariling pagkadisipulo na nakasentro sa tahanan.

Noong 14 anyos ako, lumipat ang pamilya namin sa isang bagong lugar. Ngayon, maaaring hindi ito mukhang matinding trahedya sa inyo, ngunit sa aking isipan, noong panahong iyon, nakapanlulumo ito. Ibig sabihin, mapaligiran ako ng mga taong hindi ko kilala. Ibig sabihin, iba ang paaralang papasukan ng lahat ng iba pang kabataang lalaki sa aming ward kaysa sa akin. At sa 14-anyos kong isipan, naisip ko, “Paano ito nagawa sa akin ng mga magulang ko?” Pakiramdam ko nasira na ang buhay ko.

Gayunman, sa pamamagitan ng mga aktibidad namin sa Young Men, nagawa kong mapalapit sa iba pang mga miyembro ng korum namin, at naging mga kaibigan ko sila. Bukod pa ryan, nagsimulang magpakita ng espesyal na interes ang mga miyembro ng bishopric at mga Aaronic Priesthood adviser sa buhay ko. Dumalo sila sa athletic events ko. Binigyan nila ako ng maiikling sulat na pampalakas-loob na naitago ko hanggang sa araw na ito. Patuloy silang nakipag-ugnayan sa akin nang pumasok na ako sa kolehiyo at nang magmision ako. Sinalubong pa ako sa airport ng isa sa kanila pag-uwi ko. Pasasalamat ko magpakailanman ang mababait na kapatid na ito at ang kanilang magkahalong pagmamahal at mataas na inaasahan. Ginabayan nila

ako patungo sa langit, at naging masigla, masaya, at maligaya ang buhay.

Bilang mga magulang at lider, paano natin tinutulungan ang mga kabataan na malaman na hindi sila nag-iisa sa paglakad sa landas ng tipan? Bukod sa pagbuo ng mga personal na relasyon, inaanyayahan natin sila sa malalaki at maliliit na pagtitipon—mula sa mga kumperensya ng Para sa Lakas ng mga Kabataan at youth camp hanggang sa mga lingguhang aktibidad ng korum o klase. Huwag maliitin kailanman ang katatagang nagmumula sa pakikitipon sa iba na nagsisikap ding maging mata-tag. Mga bishop at iba pang mga lider, magtuon sana kayo sa pangangalaga sa mga bata at kabataan sa inyong ward. Kailangan nila ang mas maraming oras ninyo, hindi mas kaunti.

Lider man kayo, kapitbahay, miyembro ng korum, o kapwa Banal lamang, kung may pagkakataon kayong antigin ang buhay ng isang kabataan, tulungan siyang kumonekta sa langit. Ang inyong impluwensya ay maaaring ang “suporta ng Simbahan” na siya mismong kailangan ng batang iyon.

Mga kapatid, pinatotohanan ko na si Jesucristo ang namumuno sa Simbahang ito. Binibigyang-inspirasyon Niya ang ating mga lider at ginagabayan tayo tungo sa espirituwal na pangangalagang kailangan natin upang makaligtas at mabuhay sa mga huling araw. Tutulongan tayo ng espirituwal na pangangalagang iyon na manampalataya at huwag mawalan ng pananampalataya. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, “Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay,” *Liahona*, Mayo 2018, 96.
2. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, “Pagtuturo at Pag-aaral sa Simbahan,” *Liahona*, Hunyo 2007, 64.
3. 1 Nephi 8:30.
4. Tingnan sa 1 Nephi 8:24–28; 11:36.
5. 1 Nephi 8:28.
6. Doktrina at mga Tipan 4:2.
7. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Pambungad na Pananalita,” *Liahona*, Nob. 2018, 7.
8. Russell M. Nelson, “Pagiging Kapuri-puring mga Banal sa mga Huling Araw,” *Liahona*, Nob. 2018, 113.
9. Lucas 10:41–42.
10. 1 Nephi 1:1.



NI ELDER D. TODD CHRISTOFFERSON
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Kagalakan ng mga Banal

Ang kagalakan ay nagmumula sa pagsunod sa mga kautusan ni Cristo, sa pagdaig sa kalungkutan at kahinaan sa pamamagitan Niya, at sa paglilingkod na tulad Niya.

Isinulat ng propeta sa Aklat ni Mormon na si Enos, na apo ni Lehi, ang isang karanasan noong kanyang kabataan. Habang mag-isang nangangaso sa gubat, sinimulang pagnilayan ni Enos ang mga turo ng kanyang amang si Jacob. Ikinuwento niya, “Ang mga salitang madalas kong marinig na sinasabi ng aking ama hinggil sa buhay na walang hanggan, at ang kagalakan ng mga banal, ay tumimo nang malalim sa aking puso.”¹ Sa espirituwal na pagkagutom ng kanyang kaluluwa, lumuhod si Enos sa panalangin, isang kakaibang panalangin na tumagal nang buong maghapon at magdamag, panalangin na naghatid sa kanya ng mahahalagang paghahayag, mga katiyakan, at mga pangako.

Maraming matututuhan mula sa karanasan ni Enos, ngunit ang tumitimo ngayon sa aking isipan ay ang alaala ni Enos tungkol sa madalas na pagbanggit ng kanyang ama sa “kagalakan ng mga banal.”

Sa kumperensyang ito tatlong taon na ang nakararaan, nagsalita si Pangulong Russell M. Nelson tungkol sa

kagalakan.² Bukod sa iba pa, sinabi niya:

“Ang kagalakang nadarama natin ay halos walang kinalaman sa mga sitwasyon natin sa buhay kundi sa pinagtutunan natin sa buhay.

“Kapag nakatuon ang ating buhay sa plano ng kaligtasan . . . at kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo, makadarama tayo ng kagalakan anuman ang nangyayari—o hindi nangyayari—sa



ating buhay. Ang kagalakan ay nagmumula sa at dahil sa Kanya. . . . Para sa mga Banal sa mga Huling Araw, si Jesucristo ang kagalakan!”³

Ang mga Banal ay yaong mga nakapasok sa tipan ng ebanghelyo sa pamamagitan ng binyag at nagsisikap na sundin si Cristo bilang Kanyang mga disipulo.⁴ Sa gayon, “ang kagalakan ng mga banal” ay nangangahulugan ng kagalakan sa pagiging katulad ni Cristo.

Gusto kong magsalita tungkol sa kagalakang nagmumula sa pagsunod sa Kanyang mga utos, sa kagalakang nagmumula sa pagdaig sa kalungkutan at kahinaan sa pamamagitan Niya, at sa kagalakang likas sa paglilingkod na tulad ng paglilingkod Niya.

Ang Kagalakan ng Pagsunod sa mga Utos ni Cristo

Nabubuhay tayo sa panahon ng pagpapasasa sa kamunduhan kung kailan maraming nagdududa sa kahalagahan ng mga utos ng Panginoon o binabalewala lang nila ang mga ito. Kadalasan, ang mga taong sadyang bumabalewala sa mga banal na utos na tulad ng batas ng kalinisang-puri, pamantayan ng katapatan, at kabanalan ng Sabbath ay tila umuunlad at nagtatamasa ng mabubuting bagay sa buhay, na higit pa kung minsan kaysa sa mga taong nagsisikap na maging masunurin. Nagsisimulang mag-isip ang ilan kung sulit ba ang pagsisikap at mga sakripisyo. Minsa’y nagreklamo ang mga sinaunang tao ng Israel:

“Walang kabuluhan ang maglingkod sa Dios; at anong kapakinabangan nito na ating iningatan ang kanyang bilin, at tayo’y nagsilakad na may pananangis sa harap ng Panginoon ng mga hukbo?”

“At ngayo’y ating tinatawag ang palalo na mapalad, oo, silang nagsisigawa ng kasamaan ay nangagtayo; oo, kanilang tinutukso ang Dios, at tumatakas.”⁵

Maghintay lang kayo, sabi ng Panginoon, hanggang sa “araw na aking gawin, sa makatuwid baga’y isang tanging kayamanan. . . . Kung magkaga-yo’y . . . makikilala ninyo ang matuwid at ang masama, yaong naglilingkod sa Dios at yaong hindi naglilingkod sa

kaniya.”⁶ Ang masasama ay “mayroon[g] kagalakan sa kanilang mga gawa nang kaunting panahon,” ngunit pansamantala lamang iyon palagi.⁷ Ang kagalakan ng mga Banal ay nagtatagal.

Nakikita ng Diyos ang mga bagay-bagay sa katunayan ng mga ito, at ibinabahagi Niya sa atin ang pananaw na iyon sa Kanyang mga utos at epektibo tayong ginagabayan sa pag-iwas sa mga di-akalain at di-inaasahang mga paghihirap sa buhay tungo sa walang-hanggan kagalakan. Ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith: “Kapag tinuturuan tayo ng Kanyang mga utos, ito ay pagsasaalang-alang sa kawalang-hanggan; sapagkat tinitingnan tayo ng Diyos na tila бага tayo ay nasa kawalang-hanggan; naroroon ang Diyos sa kawalang-hanggan, at hindi tinitingnan ang bagay tulad ng ginagawa natin.”⁸

Wala pa akong nakilalang sinuman na nakatuklas sa ebanghelyo sa kanilang katandaan na hindi nagnais na sana’y natuklasan nila iyon nang mas maaga. “Ah, ang dami kong maling pagpapasiya at pagkakamali na sana’y naiwasan ko,” sasabihin nila. Ang mga utos ng Panginoon ay ating gabay para sa mas mabubuting pagpapasiya at mas masasayang resulta. Dapat tayong magalak at pasalamat natin Siya dahil ipinakita Niya sa atin ang mas mabuting paraang ito.

Noong tinedyer ako, si Sister Kalombo Rosette Kamwanya mula sa D.R. Congo, na naglilingkod ngayon sa Côte d’Ivoire Abidjan West Mission, ay nag-ayuno at nanalangin nang tatlong araw para malaman kung saan siya gustong papuntahin ng Diyos. Sa isang pambihirang pangitain sa gabi, ipinakita sa kanya ang dalawang gusali, isang chapel at ang natanto niya ngayon na isang templo. Nagsimula siyang maghanap at agad niyang natagpuan ang chapel na nakita niya sa kanyang panaginip. Sabi sa karatula, “Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.” Nabinyagan si Sister Kamwanya at sumunod ang kanyang ina at anim na kapatid na lalaki. Sabi ni Sister Kamwanya, “Nang tanggapin ko ang ebanghelyo, para akong isang nabihag na ibon na napalaya. Napuspos ng galak ang puso ko. . . . Nagkaroon ako ng katiyakan na mahal ako ng Diyos.”⁹

Sa pagsunod sa mga utos ng Panginoon, mas lubos at mas madali nating nadarama ang Kanyang pagmamahal. Ang makipot at makitid na landas ng mga kautusan ay papadiretso sa punungkahoy ng buhay, at ang puno at bunga nito, na pinakamatamis at “pinakakanais-nais sa lahat ng bagay,”¹⁰ ay kumakatawan sa pag-ibig ng Diyos at pinupuspos ang kaluluwa “ng labis na kagalakan.”¹¹ Sabi ng Tagapagligtas:

“Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay magsisipanahan kayo sa aking pagibig; gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako’y nananatili sa kaniyang pagibig.

“Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang ang aking *kagalakan* ay mapasa inyo, at upang ang inyong *kagalakan* ay malubos.”¹²

Ang Kagalakan ng Pagdaig sa Pamamagitan ni Cristo

Kahit masumpungan tayong tapat na sumusunod sa mga kautusan, may mga pagsubok at trahedyang maaaring makagambala sa ating kagalakan. Ngunit kapag sinikap nating daigin ang mga hamong ito sa tulong ng Tagapagligtas, pinangangalagaan nito kapwa ang kagalakang nadarama natin ngayon at ang kagalakang inaasam natin. Tiniyak ni Cristo sa Kanyang mga disipulo, “Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni’t laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan.”¹³ Sa pagbaling sa Kanya, pagsunod sa Kanya, pagbibigkis ng ating sarili sa Kanya, nagiging kagalakan ang pagsubok at kalungkutan. Babanggit ako ng isang halimbawa.

Noong 1989, naglingkod si Jack Rushton bilang pangulo ng Irvine California Stake sa Estados Unidos. Nang magbakasyon ang kanilang pamilya sa baybayin ng California, nagba-bodysurfing si Jack nang tangayin siya ng alon papunta sa isang nakalubog na malaking bato, at nabali ang kanyang leeg at napinsala nang malubha ang kanyang gulugod. Sabi ni Jack kalaunan, “Nang humampas ako, alam ko na naging paralisado ako.”¹⁴ Hindi na siya makapagsalita o makahinga man lang nang mag-isa.¹⁵

Sinuportahan ng mga kapamilya, kaibigan, at miyembro ng stake si Brother Rushton at ang kanyang asawang si Jo Anne, at, bukod sa iba pang bagay, inayos nila ang isang bahagi ng kanilang bahay para makaraan ang wheelchair ni Jack. Si Jo Anne ang naging pangunahing tagapag-alaga ni Jack nang sumunod na 23 taon. Sa pagtukoy sa mga salaysay sa Aklat ni Mormon kung paano binisita ng



Sister Kalombo Rosette Kamwanya



Jack at Jo Anne Rushton

Panginoon ang Kanyang mga tao sa kanilang mga paghihirap at pinagaan ang kanilang mga pasanin,¹⁶ sabi ni Jo Anne, “Madalas akong mamangha sa nadarama kong gaan ng puso sa pag-aalaga sa aking asawa.”¹⁷

Sa isang pagbabago sa kanyang respiration system, nanumbalik ang kakayahan ni Jack na magsalita, at sa taon na iyon, tinawag si Jack bilang Gospel Doctrine teacher at stake patriarch. Nang magbigay siya ng patriarchal blessing, inilagay ng isa pang priesthood holder ang kamay ni Brother Rushton sa ulo ng taong tumatanggap ng blessing at sinuportahan ang kanyang kamay at braso habang nagbabasbas siya. Pumanaw si Jack noong Araw ng Pasko ng 2012, makalipas ang 22 taon ng tapat na paglilingkod.

Minsan sa isang interbyu, ipinahayag ni Jack: “Darating ang mga problema sa buhay nating lahat; bahagi ito ng buhay sa mundong ito. At iniisip ng ilang tao na poprotektahan ka ng relihiyon o ng pagsampalataya sa Diyos mula sa masasamang bagay. Palagay ko hindi iyan ang punto. Palagay ko ang punto ay na kung matibay ang ating pananampalataya, na kapag may mga nangyayaring masama, at mangyayari ito, makakaya nating harapin ang mga ito. . . . Hindi nanghina kailanman ang pananampalataya ko, ngunit hindi iyan nangangahulugan na hindi ako nakadama ng depresyon. Palagay ko sa unang pagkakataon sa buhay ko, hindi ko na kinaya, at literal na wala akong mabalingan, kaya bumaling ako sa Panginoon, at hanggang sa araw na ito, hindi ko mapigilan ang aking kagalakan.”¹⁸

Ito ang panahon na kung minsang walang-awa ang mga pag-atake sa social media at nang personal laban sa mga taong naghahangad na sundin ang pamantayan ng Panginoon sa pananamit, libangan, at kadalisayan ng puri. Kadalasa’y ang mga kabataan at young adult sa mga Banal, pati na ang kababaihan at mga ina, ang nagdurusa sa pangungutya at pang-uusig na ito. Hindi madaling iwaksi ang gayong pang-aabuso, ngunit alalahanin ang



sinabi ni Pedro: “Kung kayo’y mapintasan dahil sa pangalan ni Cristo, ay mapapalad kayo; sapagka’t ang Espiritu ng kaluwalhatian at ang Espiritu ng Dios ay nagpapahingalay sa inyo[: para sa kanila siya’y masama, ngunit para sa inyo siya’y niluwalhati].”¹⁹

Sa Halamanan ng Eden, sina Eva at Adan ay “[na]sa kalagayan ng kawalang-malay, walang kaligayahan, sapagkat hindi sila nakakikilala ng kalungkutan.”²⁰ Ngayon, bilang mga nilalang na may pananagutan, nagagalak tayo sa pagdaig sa paghihirap sa anumang anyo, maging ito man ay kasalanan, pagsubok, kahinaan, o anumang iba pang hadlang sa kaligayahan. Ito ang kagalakan ng pagdama sa pag-unlad sa landas ng pagkadisipulo; ang kagalakan “sa pagkatanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan, at sa pagkakaroon ng katahimikan ng budhi”;²¹ ang kagalakan na madama ang paglaki ng kaluluwa at paglago sa pamamagitan ng biyaya ni Cristo.²²

Ang Kagalakan ng Paglilingkod na Tulad ni Cristo

Nagalak ang Tagapagligtas sa pagsasakatuparan ng ating kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan.²³ Patungkol sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson:

“Tulad sa lahat ng bagay, si Jesucristo ang ating dakilang huwaran, ‘na [S]iya dahil sa kagalakang inilagay sa harapan niya ay nagtiis ng krus’ [Sa mga Hebreo 12:2]. Isipin ninyo iyan! Para mapagtii-san Niya ang pinakamatinding karanasang tiniis sa lupa, nagtuon ang ating Tagapagligtas sa *kagalakan*!

“At ano ang kagalakang inilagay sa harapan Niya? Tiyak na kabilang dito ang kagalakang linisin, pagalingin, at palakas tayo; ang kagalakang pagbayaran ang mga kasalanan ng lahat ng magsisisi; ang kagalakang gawing posible na makabalik tayo—nang malinis at karapat-dapat—sa piling ng ating mga Magulang sa Langit at ng ating pamilya.”²⁴



Gayundin, ang kagalakang “inilagay sa harapan natin” ay ang kagalakan ng pagtulong sa Tagapagligtas sa Kanyang gawain ng pagtubos. Tulad ng binhi at ng mga anak ni Abraham,²⁵ nakikibahagi tayo sa pagpapala sa lahat ng mag-anak sa mundo “ng mga pagpapala ng ebanghelyo, na mga pagpapala ng kaligtasan, maging ng buhay na walang hanggan.”²⁶

Naaalala ko ang mga salita ni Alma: “Ito ang aking kaluwalhatian, na baka sakaling ako’y maging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang madala ang ilang kaluluwa sa pagsisisi; at ito ang aking kagalakan.

“At masdan, kapag nakita kong tunay na nagsisisi ang marami sa aking mga kapatid, at lumalapit sa Panginoon nilang Diyos, sa gayon napupuspos ang aking kaluluwa ng kagalakan. . .

“Subalit hindi lamang ako nagagalak sa aking sariling tagumpay, kundi higit pang nalubos ang aking kagalakan dahil sa tagumpay ng aking mga kapatid, na nagtungo sa lupain ng Nephi. . .

“Ngayon, kapag naiisip ko ang tagumpay ng aking mga kapatid na ito, ang aking kaluluwa ay natatangay, maging sa paghihiwalay nito mula sa katawan, sa wari’y gayon ito, napakalaki ng aking kagalakan.”²⁷

Ang mga bunga ng ating paglilingkod sa isa’t isa sa Simbahan ay bahagi

ng kagalakang “inilagay sa harapan natin.” Maging sa mga oras ng panghihina o problema, maaari tayong mati-yang maglingkod kung nakatuon tayo sa kagalakan ng pagbibigay-lugod sa Diyos at paghahatid ng liwanag, ginhawa, at kaligayahan sa Kanyang mga anak, na ating mga kapatid.

Nang nasa Haiti sila noong isang buwan para sa paglalaan ng Port-au-Prince Temple, nakilala nina Elder David at Sister Susan Bednar ang isang miyembrong babae na ang asawa ay namatay ilang araw pa lamang ang nakararaan sa isang malagim na aksidente. Umiyak silang kasama niya. Subalit pagsapit ng Linggo nasa kanyang lugar ang babaeng ito bilang usher sa mga serbisyo ng paglalaan, na may magiliw at matamis na ngiti para sa lahat ng pumasok sa templo.

Naniniwala ako na ang tunay na “kagalakan ng mga banal” ay nagmula sa pagkaalam na isinasamo ng Tagapagligtas ang kanilang kapakanan,²⁸ “at walang sinumang maka-uunawa sa kagalakang [pupuspos] sa [ating] kaluluwa [kapag naririnig natin si Jesus na manalangin] sa Ama para sa [atin].”²⁹ Kasama ni Pangulong Russell M. Nelson, pinatotohanan ko na ang kagalakan ay isang kaloob para sa matatapat na Banal “na nangagsi-pagtiis sa mga pasakit ng daigdig”³⁰ at “sadyang [n]agsisikap na mamuhay nang matwid, tulad ng itinuro ni Jesucristo.”³¹ Nawa’y mapuspos kayo ng kagalakan, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Enos 1:3.
2. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan,” *Liahona*, Nob. 2016, 81–84.
3. Russell M. Nelson, “Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan,” 82.
4. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Banal.”
5. Malakias 3:14–15.
6. Malakias 3:14–18.
7. Ipinahayag ng Tagapagligtas na kung ang isang simbahan (o buhay) ay “hindi . . . nakatayo sa aking ebanghelyo, at nakatayo sa mga gawa ng tao, o sa mga gawa ng diyablo, katotohanang sinasabi ko sa inyo na mayroon silang kagalakan sa kanilang mga gawa nang kaunting panahon, at maya-maya ang wakas

ay darating, at sila ay puputulin at ihahagis sa apoy, kung saan ay walang makabalik” (3 Nephi 27:11).

8. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 557.
9. Personal na liham.
10. 1 Nephi 11:22; tingnan din sa 1 Nephi 8:11.
11. 1 Nephi 8:12.
12. Juan 15:10–11; idinagdag ang pagbibigay-diin.
13. Juan 16:33.
14. Jack Rushton, sa “Faith in Adversity: Jack Rushton and the Power of Faith,” SmallandSimpleTV, Set. 2, 2009, YouTube.com.
15. Tingnan sa Allison M. Hawes, “It’s Good to Be Alive,” *Ensign*, Abr. 1994, 42.
16. Tingnan sa Mosias 24:14.
17. Jo Anne Rushton, sa Hawes, “It’s Good to Be Alive,” 43.
18. Jack Rushton, sa “Faith in Adversity: Jack Rushton and the Power of Faith.”
19. I Ni Pedro 4:14. Alalahanin din ang mga pangakong binanggit sa 2 Nephi 9:18 at sa 3 Nephi 12:12.
20. 2 Nephi 2:23; tingnan din sa Moises 5:10–11.
21. Mosias 4:3.
22. Naaalala natin ang mga salita ni Santiago na nagbigay-inspirasyon kay Joseph Smith na “humingi sa Dios” (Santiago 1:5). Di-gaanong pamilyar ang naunang mga talata: “Mga kapatid ko, ariin ninyo nang buong kagalakan kung kayo ay mangahulog sa maraming paghihirap; “Yamang nalalaman na ang pagsubok sa inyong pananampalataya ay gumagawa ng pagtitiis. “At inyong pabayaan na ang pagtitiis ay magkaroon ng sakdal na gawa, upang kayo’y maging sakdal at ganap, na walang anoman[g] kakulangan” (Pagsasalin ni Joseph Smith, Santiago 1:2 [sa James 1:2, footnote a]; Santiago 1:3–4).
23. Tingnan sa Moises 1:39.
24. Russell M. Nelson, “Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan,” 82–83; binigyang-diin sa orihinal.
25. “At kung kayo’y kay Cristo, kayo nga’y binhi ni Abraham, at mga tagapagmana ayon sa pangako” (Mga Taga Galacia 3:29; tingnan din sa Genesis 22:18; 26:4; 28:14; Mga Gawa 3:25; 1 Nephi 15:18; 22:9; Doktrina at mga Tipan 124:58).
26. Abraham 2:11.
27. Alma 29:9–10, 14, 16. Gayundin, sinasabi sa atin ng Panginoon, “Kung ang inyong kagalakan ay magiging malaki sa isang kaluluwa na inyong nadala sa akin sa kaharian ng aking Ama, anong laki ng inyong kagalakan kung makapagdadal kayo ng maraming kaluluwa sa akin!” (Doktrina at mga Tipan 18:16). Pinangakuan ng kagalakan ang Tatlong Nephita dahil hinangad nilang magdala ng mga kaluluwa kay Cristo “habang ang daigdig ay nakatindig” (3 Nephi 28:9; tingnan din sa 3 Nephi 28:10).
28. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:3–5.
29. 3 Nephi 17:17.
30. 2 Nephi 9:18.
31. Russell M. Nelson, “Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan,” 84.



NI MICHELLE CRAIG
Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency

Espirituwal na Kakayahan

Bilang matapat na disipulo ni Jesucristo, maaari kayong makatanggap ng personal na inspirasyon at paghahayag, ayon sa Kanyang mga kautusan, na akma sa inyo.

Habang paalis ako sa Young Women camp nitong tag-init, may iniabot na maikling sulat sa akin ang isang mabait na dalagita. Doon, itinanong niya, “Paano ko po masasabi na may gustong sabihin sa akin ang Diyos?” *Gustung-gusto* ko ang tanong niya. Inaasam ng ating kaluluwa na magkaroon ng koneksyon sa ating tahanan sa langit. Gusto nating madama na kailangan at may silbi tayo. Ngunit kung minsan nahihirapan tayong makita ang pagkakaiba ng ating sariling mga ideya sa magigiliw na impresyon ng Espiritu. Itinuro ng mga propeta, noon at ngayon, na “kung ang isang bagay ay nag-aanyaya at naghihikayat na gumawa ng mabuti, nagmumula ito kay Cristo.”¹

Ipinabot ni Pangulong Russell M. Nelson ang simple at marubdob na paanyayang ito: “Mahal kong mga kapatid, *nakikiusap* ako sa inyo na dagdagan ang inyong *espirituwal na kakayahan* na tumanggap ng paghahayag. . . . Magpasiyang gawin ang espirituwal na bagay na kailangan upang matamasa

ang kaloob na Espiritu Santo at marinig ang tinig ng Espiritu nang mas madalas at mas malinaw.”²

Sa umagang ito nais kong magsali-ta sa inyo mula sa puso ko tungkol sa apat na paraan na madaragdagan ang inyong espirituwal na kakayahan na tumanggap ng paghahayag.



1. Hangaring Magkaroon ng Panahon at Lugar upang Pakinggan ang Tinig ng Diyos

Kapag nagpasiya kayo na maglaan ng oras araw-araw na mas pakinggan ang tinig ng Diyos, lalo na sa Aklat ni Mormon, kalaunan ay magiging mas malinaw at pamilyar sa inyo ang Kanyang tinig.

Sa kabilang dako, dahil sa *mga paggambala* at *ingay* na pumupuno sa daigdig at sa ating tahanan at buhay, maaaring mas mahirapan tayong marinig ang Kanyang tinig. Ang mga paggambalang ito ay maaaring manaig sa ating puso’t isipan kaya nawawalan ng puwang sa atin ang magigiliw na pahiwatig ng Espiritu Santo.

Itinuro ni Propetang Joseph Smith na kadalasan ay inihahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili “[nang] personal at pribado, sa kanilang silid; sa ilang o kaparangan, at karaniwan ay walang ingay o kaguluhan.”³

Nais ni Satanas na mailayo tayo sa tinig ng Diyos sa paghadlang sa atin na pumunta sa tahimik na mga lugar na iyon. Kung nangungusap ang Diyos sa marahan at banayad na tinig, kailangan nating lumapit sa Kanya para marinig natin Siya. Isipin na lang ninyo ang mangyayari kung ang determinasyon nating manatiling nakakonekta sa langit ay kasintindi ng determinasyon nating makakonekta sa Wi-Fi! Pumili ng tahimik na oras at lugar, at pakinggan ang tinig ng Diyos araw-araw. At tuparin nang husto ang sagradong pakikipagtipanang ito, dahil napakalaki ng nakasalalay dito!

2. Kumilos Kaagad

Kapag nakatanggap kayo ng mga pahiwatig at pagkatapos ay kumilos kayo nang may layon, magagamit kayo ng Panginoon. Habang lalo kayong kumikilos, lalo kayong nagiging pamilyar sa tinig ng Espiritu. Mas mapapan-sin ninyo ang patnubay ng Diyos at na Siya ay “[handang] . . . ihayag ang Kanyang isipan at kalooban.”⁴ Kung magpapaliban kayo, maaari ninyong malimutan ang pahiwatig o mapalampas ang pagkakataong tulungan ang isang tao para sa Diyos.

3. Alamin ang Ipinagagawa sa Inyo ng Panginoon

Ang panalanging sabik na sagutin ng Ama sa Langit ay ang pagsamo nating maakay sa taong nangangailangan ng ating tulong. Itinuro sa atin ni Pangulong Henry B. Eyring na maghahayag ng paghahayag sa pagtatanong sa Diyos kung sino ang matutulungan natin para sa Kanya. “Kung itatanong ninyo ang gayong mga bagay, darating ang Espiritu Santo at maipapahiwatig sa inyo ang mga bagay na magagawa ninyo para sa ibang tao. Kapag humayo kayo at ginawa ang mga bagay na yaon, kayo ay nasa paglilingkod ng Panginoon, kayo ay nagiging karapat-dapat para sa kaloob na Espiritu Santo.”⁵

Maaari ninyong ipanalangin sa Panginoon na bigyan kayo ng gagawin. Kapag ginawa ninyo ito, magagamit Niya ang inyong karaniwang mga kasanayan para isakatuparan ang Kanyang di-pangkaraniwang gawain.

Ang lolo kong si Fritz Hjalmar Lundgren ay nandayuhan mula sa Sweden noong siya ay 19 na taong gulang. Dumating siya sa Amerika na nag-iisa, may isang maleta at anim na taon lamang ng pormal na pag-aaral.

Kahit hindi marunong magsalita ng Ingles, nakarating siya sa Oregon at nagtrabaho roon bilang magtutroso, at sumapi sa Simbahan kasama ang lola at nanay ko. Hindi siya kailanman nangulo sa isang ward, ngunit bilang matapat na home teacher, napabalik niya sa Simbahan ang mahigit 50 pamilya. Paano niya ginawa iyon?

Nang pumanaw si Lolo, hinalungkat ko ang isang kahon ng kanyang mga papeles at nakita ko ang isang liham mula sa isang lalaking nagbalik sa simbahan dahil sa pagmamahal ni Lolo. Sabi sa liham, “Ang lihim ni Brother Fritz, palagay ko, ay na lagi siyang naglilingkod sa Ama sa Langit.”

Galing kay Brother Wayne Simonis ang liham na iyon. Binisita siya ni Lolo at nakilala niya ang bawat miyembro ng pamilya. Kalaunan, sinabi sa kanila ni Lolo na kailangan sila at inanyayahan niya silang magsimba. Ngunit noong Linggong iyon, nahirapang magdesisyon si Brother Simonis—hindi pa niya tapos palitan ang bubong ng bahay nila, at inaasahang uulan sa linggong iyon. Nagpasiya siya na magsisimba siya, makikipagkamay kay Lolo, pagkatapos ay uuwi kaagad para tapusin ang

bubong. Maaaring dumalo sa sacrament meeting ang pamilya niya kahit wala siya.

Maayos naman ang takbo ng plano niya hanggang sa may narinig siyang umaakyat sa bubong. Sabi niya: “Nang tumingala ako, . . . nakita ko na nasa tuktok ng hagdan si Brother Fritz. Nakangiti lang siya sa akin nang todo. Noong una, napahiya ako at para akong bata na nahuling hindi pumasok sa paaralan. Pagkatapos . . . nakaramdam ako ng galit. [Ngunit ang ginawa lang ni Brother Fritz] ay hinubad ang kanyang amerikana at isinabit ito sa hagdan. Habang itinutupi niya ang kanyang puting polo, tumingin siya sa akin at sinabing, ‘Brother Simonis, may iba ka pa bang martilyo? Tiyak na napakaimportante sa iyong gawin ito dahil kung hindi ay hindi mo iiwan ang pamilya mo, at kung gayon kaimportante ito, gusto kitang tulungan.’ Nang tingnan ko ang kanyang mga mata, ang tanging nakita ko ay kabaitan at pagmamahal na tulad ng kay Cristo. Nawala ang galit ko. . . . Inilapag ko ang mga kagamitan ko nang Linggong iyon at sinundan ang mabait kong kaibigan pababa ng hagdan at pabalik sa chapel.”

Natanggap ni Lolo ang ipinagagawa sa kanya ng Panginoon, at alam niya na hahanapin niya ang nawawalang mga tupa. Tulad ng apat na lalaking idinaan sa bubong ang kanilang kaibigang lumpo at ibinaba ito para mapagaling ni Jesucristo,⁶ ang ipinagawa kay Lolo ay nagdala din sa kanya sa ibabaw ng bubong. Ang Panginoon ay nagpapadala ng paghahayag sa mga naghahangad na tumulong sa iba.

4. Maniwala at Magtiwala

Kamakailan, nabasa ko sa mga banal na kasulatan ang isa pang dakilang missionary na tumanggap ng tungkulin mula sa Panginoon. Tinuruan ni Aaron ang hari ng mga Lamanita, na nagtaka kung bakit hindi kasama ni Aaron ang kapatid niyang si Ammon sa pagtuturo sa kanya. “At sinabi ni Aaron sa hari: Masdan, ang Espiritu ng Panginoon ay tinawag siya *sa ibang dako*.”⁷

Nangusap ang Espiritu sa puso ko: bawat isa sa atin ay may ibang misyong



gagawin, at kung minsan ay maaari tayong tawagin ng Espiritu “sa ibang dako.” Maraming paraan para maitayo ang kaharian ng Diyos bilang mga disipulo ni Jesucristo na gumagawa at tumutupad ng mga tipan. Bilang Kanyang matapat na disipulo, maaari kayong makatanggap ng personal na inspirasyon at paghahayag, ayon sa Kanyang mga kautusan, na akma sa inyo. Mayroon kayong natatanging misyon at tungkuling gagampanan sa buhay at bibigyan kayo ng natatanging patnubay para matupad ang mga ito.

Si Nephi, ang kapatid ni Jared, at maging si Moises ay pawang may malawak na karagatang tatawirin—at ginawa nila ito sa magkakaibang paraan. Si Nephi ay gumawa ng “mga kahoy na kakaiba ang kayarian.”⁸ Ang kapatid ni Jared ay bumuo ng mga gabara na “mahigpit tulad ng isang pinggan.”⁹ At si Moises ay “lumakad sa tuyong lupa sa gitna ng dagat.”¹⁰

Bawat isa sa kanila ay tumanggap ng personal na patnubay, na akma sa kanila, at bawat isa ay nagtiwala at kumilos. Inaalala ng Panginoon ang mga taong sumusunod at, sa mga salita ni Nephi, “maghahanda ng [isang] paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos.”¹¹ Pansinin na ang sabi ni Nephi ay, “[isa]ng paraan”—hindi “ang paraan.”

Pinalalampas o binabalewala ba natin ang mga ipinagagawa sa atin ng Panginoon dahil naghanda siya ng “[isa] ng paraan” na naiiba sa inaasahan natin?

Napunta ang lolo ko sa isang kakaibang lugar—naka-amerikana, sa ibabaw ng bubong, isang araw ng Linggo. Magtiwalang aakayin kayo ng Diyos, kahit mukhang iba ang paraang iyon sa inaasahan ninyo o hindi iyon katulad ng iba.

Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay magkakaiba ang kalagayan ngunit “pantay-pantay ang lahat sa Diyos”—“maitim at maputi, alipin at malaya, lalaki at babae,” walang asawa at may-asawa, mayaman at mahirap, bata at matanda, miyembro mula nang ipanganak o bagong binyag.¹² Sinuman kayo o anuman ang pinagdaraan



ninyo, inaanyayahan kayo sa hapag ng Panginoon.¹³

Kapag nakagawian ninyo ang paghahangad at paggawa ng kalooban ng Ama sa araw-araw, mahihikayat kayo, mangyari pa, na magbago at magsisi.

Ang bagong programa ng Simbahan para sa mga bata at kabataan ay nakasalig sa pundasyon ng pagkatutong maghangad ng paghahayag, matuklasan ang gustong ipagawa sa atin ng Panginoon, at pagkatapos ay kumilos ayon sa tagubiling iyon. Bawat isa sa atin, anuman ang edad o sitwasyon ay mapagsisikapang *maghangad, tumanggap, at kumilos*. Sa pagsunod ninyo sa walang-hanggang huwarang itinatag para sa ating panahon, mas mapapalapit kayo kay Jesucristo—sa Kanyang pagmamahal, Kanyang liwanag, Kanyang patnubay, Kanyang kapayapaan, at Kanyang kapangyarihang magpagaling at magbigay ng kakayahan. At madaragdagan ninyo ang inyong espirituwal na kakayahan na maging kasangkapan sa Kanyang mga kamay

sa pagsasakatuparan ng Kanyang dakilang gawain. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. David A. Bednar, sa Face to Face with Elder and Sister Bednar (worldwide youth broadcast, Mayo 12, 2015), facetoface. ChurchofJesusChrist.org; tingnan din sa Moroni 7:16.
2. Russell M. Nelson, “Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay,” *Liahona*, Mayo 2018, 96; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 141.
4. Russell M. Nelson, “Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay,” 94.
5. Henry B. Eyring, sa “President Eyring 1990s,” *Deseret News*, Abr. 2, 2009, deseretnews.com.
6. Tingnan sa Marcos 2:1–12.
7. Alma 22:4; idinagdag ang pagbibigay-diin.
8. 1 Nephi 18:1.
9. Tingnan sa Eter 6:5–8.
10. Exodo 14:29.
11. 1 Nephi 3:7.
12. 2 Nephi 26:33.
13. Tingnan sa Quentin L. Cook, “Ang Araw-araw na Walang-Hanggan,” *Liahona*, Nob. 2017, 51.



NI ELDER DALE G. RENLUND
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Hindi Natitinag na Katapatan kay Jesucristo

Inaanyayahan tayo ng Diyos na lubos na iwaksi ang mga dating gawi natin at magsimula ng bagong buhay kay Cristo.

Noong nakaraang Abril, nagkaroon ako ng pribilehiyong ilaan ang Kinshasa Democratic Republic of the Congo Temple.¹ Hindi maipahayag ang kagalangang nadama ko at ng matatapat na Congolese na makitang inilaan ang isang templo sa kanilang lupain.

Makikita ng mga pumapasok sa Kinshasa Temple ang isang orihinal na painting na may pamagat na *Congo Falls*.² Ipinapaalala nito sa mga pumupunta sa templo ang hindi natitinag na katapatang kailangan para maiangkla ang kanilang sarili kay Jesucristo at masundan nila ang landas ng tipan ng plano ng ating Ama sa Langit. Maaalala sa waterfalls o talon na nakalarawan sa painting ang isang kaugalian ng mga naunang sumapi sa Kristiyanismo



Kinshasa Democratic Republic of the Congo Temple

sa Congo mahigit isang siglo na ang nakalipas.

Bago sila nagpabinyag, sumamba sila sa mga bagay na walang buhay, sa pani-niwalang ang mga iyon ay may napakalakas na kapangyarihan.³ Matapos silang mabinyagan, maraming naglakbay sa isa sa napakaraming talon sa kahabaan ng Congo River, tulad ng Nzongo Falls.⁴ Itinapon ng mga convert na ito ang dati nilang mga idolo sa talon bilang simbolo sa Diyos at sa iba na itinakwil na nila ang mga lumang tradisyon nila at tinanggap na nila si Jesucristo.



Congo Falls, ni David Meikle

Sinadya nilang hindi itapon ang mga idolong iyon sa kalmado at mababaw na katubigan; itinapon nila ang mga iyon sa rumaragasang katubigan ng isang napakalaking talon, kung saan hindi na makukuhan muli ang mga idolong iyon. Ang mga ginawa nilang iyon ay tanda ng isang bago ngunit hindi natitinag na katapatan kay Jesucristo.

Ang mga tao sa iba't ibang lugar at panahon ay nagpakita ng kanilang katapatan kay Jesucristo sa gayon ding mga paraan.⁵ Ang mga tao sa Aklat ni Mormon na kilala bilang mga Anti-Nephi-Lehi ay “nagbaba ng mga sandata ng kanilang paghihimagsik,” at ibinaon ang mga ito nang “malalim sa lupa” bilang “patotoo sa Diyos . . . na hindi na sila muling gagamit pa ng [kanilang] mga sandata.”⁶ Sa paggawa nito, nangako silang sundin ang mga turo ng Diyos at hindi sila tatalikod kailanman sa kanilang ipinangako. Ang ginawa nilang ito ang simula ng “[pagba]balik-loob sa Panginoon” at hindi pagtalikod kailanman.⁷

Ang ibig sabihin ng “[m]agbalik-loob sa Panginoon” ay pagbabago ng kilos, na naiimpluwensyahan ng mga lumang paniniwala, at pagsunod sa isang bagong paniniwalang nakabatay sa pananampalataya sa plano ng Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Ang pagbabagong ito ay higit pa sa intelektuwal na pagtanggap sa mga turo ng ebanghelyo. Hinuhubog nito ang ating pagkatao, binabago ang ating pagkaunawa sa kahulugan ng buhay, at humahantong sa hindi nagbabagong katapatan sa Diyos. Ang mga personal na hangarin na taliwas sa pagiging nakaangkla sa Tagapagligtas at pagsunod sa landas ng tipan ay naglalaho at pinapalitan ng determinasyong magpasakop sa kaloban ng Ama sa Langit.


Ang pagbabalik-loob sa Panginoon ay nagsisimula sa hindi natitinag na katapatan sa Diyos, na sinusundan ng paggawang bahagi ng ating pagkatao ang katapatang iyon. Ang paggawang bahagi ng ating buhay ang katapatang iyon ay isang habambuhay na proseso na nangangailangan ng tiyaga at patuloy na pagsisisi. Kalaunan, ang

katapatang ito ay nagiging bahagi na ng ating pagkatao, nakatanim sa pagkakilala natin sa ating sarili, at palaging nariyan sa ating buhay. Ngunit tulad ng ating sariling pangalan na hindi natin nalilimutan kailanman anuman ang iba pa nating iniisip, hindi natin nalilimutan ang isang katapatang nakaukit sa ating puso.⁸

Inaanyayahan tayo ng Diyos na lubos na iwaksi ang mga dating gawi natin at simulan ang isang bagong buhay kay Cristo. Nangyayari ito kapag nagkakaron tayo ng pananampalataya sa Tagapagligtas, na nagsisimula sa pakikinig sa patotoo niyaong mga may pananampalataya.⁹ Pagkatapos noon, lumalalim ang pananampalataya habang kumikilos tayo sa mga paraang mas nagpapatibay sa pag-angkla natin sa Kanya.¹⁰

Ngayon, maganda sana kung nakahawang parang trangkaso o karaniwang sipon ang nag-ibayong pananampalataya. Sa gayon ay mapapatatag ng isang simpleng “espirituwal na pagbahin” ang pananampalataya ng iba. Pero hindi ganoon iyon. Ang tanging paraan para lumago ang pananampalataya ay ang kumilos ang isang tao nang may pananampalataya. Ang pagkilos na ito ay kadalasang hinihikayat ng mga paanyayang ipinapaabot ng iba, ngunit hindi natin “mapapalago” ang pananampalataya ng iba o aasahan na lamang ang iba na palakasin ang sa atin. Para lumago ang ating pananampalataya, kailangan nating piliin ang mga kilos na nagpapalakas ng pananampalataya, tulad ng pagdarasal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagtanggap ng sakramento, pagsunod sa mga kautusan, at paglilingkod sa kapwa.

Habang lumalago ang ating pananampalataya kay Jesucristo, inaanayayahan tayo ng Diyos na gumawa ng mga pangako sa Kanya. Ang mga tipang ito, na siyang tawag sa gayong mga pangako, ay nagpapakita ng ating pagbabalik-loob. Ang mga tipan ay lumilikha rin ng tiyak na pundasyon para sa espirituwal na paglago. Kapag nagpasiya tayong magpabinyag, sinisimulan nating taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo¹¹ at pinipiling iugnay ang ating sarili sa Kanya.



Nangangako tayong maging katulad Niya at taglayin ang Kanyang mga katangian.

Ang mga tipan ay nag-aangkla sa atin sa Tagapagligtas at nagtutulak sa atin na sundan ang landas na humantong sa ating tahanan sa langit. Ang bisa ng mga tipan ay tumutulong sa atin na panatilihin ang malaking pagbabago ng puso, palalimin ang ating pagbabalik-loob sa Panginoon, at mas lubusang tanggapin ang larawan ni Cristo sa ating mukha.¹² Ngunit ang dilubos na katapatan sa ating mga tipan ay hindi maggagarantiya ng anuman sa atin.¹³ Maaaring matukso tayong hindi tumupad, itapon ang mga dating gawi natin sa kalmadong tubig, o ibaon ang ating mga sandata ng paghihimagsik na nakausli ang mga hawakan. Subalit ang atubiling katapatan sa ating mga tipan ay hindi magbubukas ng pinto ng nagpapadalisa na kapangyarihan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

Ang ating katapatang tuparin ang ating mga tipan ay wala dapat kundisyon o hindi dapat magbago ayon sa sitwasyon natin sa buhay. Ang ating pagiging tapat sa Diyos ay dapat maging katulad ng maaasahang Congo River na dumadaloy malapit sa Kinshasa Temple. Ang ilog na ito, hindi tulad ng karamihan sa mga ilog sa mundo, ay patuloy na dumadaloy buong taon¹⁴ at nagbubuhos ng halos 11 milyong galon (41.5 milyong litro) ng tubig bawat segundo patungo sa Atlantic Ocean.

Inaanyayahan ng Tagapagligtas ang Kanyang mga disipulo na maging maaasahan at matatag. Sabi Niya, “Pagpasiyahan ninyo ito sa inyong mga puso, na gagawin ninyo ang lahat ng bagay na aking ituturo sa inyo, at iuutos sa inyo.”¹⁵ Ang “matatag” na determinasyong tuparin ang ating mga tipan ay nagtutulot ng lubos na pagkatanto sa pangako ng Diyos na nagtatagal na kagalakan.¹⁶

Maraming matatapat na Banal sa mga Huling araw ang nagpakita na “matatag” sila sa pagtupad sa kanilang mga tipan sa Diyos at nagbago na sila magpakailanman. May ikukuwento ako sa inyo na tatlong taong ganoon—sina Brother Banza Mucioko, Sister Banza Régine, at Brother Mbuyi Nkitabungi.

Noong 1977 nakatira ang mga Banza sa Kinshasa sa bansang Zaire, na kilala ngayon bilang Democratic Republic of the Congo. Malaki ang paggalang sa kanila sa kanilang simbahanang Protestante. Dahil sa kanilang mga talento, ipinlano ng kanilang simbahan na papuntahin ang bata pang pamilya nila sa Switzerland para mag-aral at binigyan sila ng university scholarship.

Habang nasa Geneva, sakay ng bus papuntang paaralan, madalas makita ni Brother Banza ang isang maliit na meetinghouse na may pangalang “Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.” Naisip niya, “May mga Banal ba ngayon si Jesucristo, sa mga huling araw?” Kalaunan ay nagpa-siya siyang pumunta para alamin iyon.

Mainit ang pagbati kina Brother at Sister Banza sa branch. Itinanong nila ang ilan sa mga tanong na palagi nilang naiisip tungkol sa likas na katangian ng Diyos, tulad ng, “Kung ang Diyos ay isang espiritu, tulad ng hangin, paano tayo nalalang sa Kanyang larawan? Paano Siya makakaupo sa isang luklukan?” Wala pa silang natanggap na kasiya-siyang sagot hanggang sa ipaliwanag ng mga missionary ang ipinangnumbalik na doktrina sa isang maikling lesson. Pag-alis ng mga missionary, nagtinginan ang mga Banza at nagsabing, “Hindi ba ito ang katotohanang



narinig natin?” Patuloy silang nagsimba at nakipag-usap sa mga missionary. Nalaman nila na may ibubunga ang pagpapabinyag sa ipinangnumbalik na Simbahan ni Jesucristo. Mawawala ang scholarship nila, pawawalang-bisa ang visa nila, at paaalisin ang dalawang batang anak nila sa Switzerland. Nagpa-siya silang magpabinyag at magpakum-pirma noong Oktubre 1979.

Dalawang linggo pagkaraan ng kanilang binyag, bumalik sina Brother at Sister Banza sa Kinshasa bilang una at pangalawang mga miyembro ng Simbahan sa kanilang bansa. Patuloy na nakipag-ugnayan sa kanila ang mga miyembro ng Geneva Branch at tinulungan silang kumonekta sa mga lider ng Simbahan. Hinikayat nila ang mga Banza na matapat na hintayin ang ipinangakong panahon kung kailan itatatag ng Diyos ang Kanyang Simbahan sa Zaire.

Samantala, isa pang exchange student mula sa Zaire, si Brother Mbuyi,

ay nag-aaral noon sa Belgium. Nabin-yagan siya noong 1980 sa Brussels Ward. Pagkatapos niyon, naglingkod siya ng full-time mission sa England. At gumawa ng mga himala ang Diyos. Bumalik si Brother Mbuyi sa Zaire bilang ikatlong miyembro ng Simbahan sa kanyang bansa. Sa pahintulot ng kanyang mga magulang, idinaos ang mga miting ng Simbahan sa tahanan ng kanilang pamilya. Noong Pebrero 1986 isang petisyon ang ginawa para sa opisyal na pagkilala ng pamahalaan sa Simbahan. Kinailangan ang lagda ng tatlong mamamayan ng Zaire. Ang tatlong taong masayang lumagda sa petisyon ay sina Brother Banza, Sister Banza, at Brother Mbuyi.

Nalaman ng matatapat na miyem-brong ito ang katotohanan nang marinig nila ito; gumawa sila ng tipan sa binyag na nag-angkla sa kanila sa Tagapagligtas. Isang metapora ang pagtapon nila ng mga dating gawi nila sa rumaragasang talon na walang balak na balikan pa ang mga ito. Ang landas ng tipan ay hindi naging madali kailanman. Ang kaguluhan sa pulitika, madalang na ugnayan sa mga lider ng Simbahan, at mga hamong kaakibat ng pagtatatag ng komunidad ng mga Banal ay maaaring nakapigil sa mga taong di-gaanong tapat sa pangako. Ngunit naging masigasig sina Brother at Sister Banza at Brother Mbuyi sa kanilang pananampalataya. Naroon sila sa paglalaan ng Kinshasa Temple,



Banza Mucioko, Banza Régine, at kanilang mga anak



Mbuyi Nkitabungi bilang full-time missionary

33 taon matapos nilang lagdaan ang petisyon na nagdulot ng opisyal na pagkilala sa Simbahan sa Zaire.

Narito ang mga Banza sa Conference Center ngayon. Kasama nila ang kanilang dalawang anak na sina Junior at Phil, at mga manugang na sina Annie at Youyou. Noong 1986, sina Junior at Phil ang unang dalawang tao na nabinyagan sa Simbahan sa Zaire. Pinanonood ni Brother Mbuyi ang mga kaganapan ngayon mula sa Kinshasa kasama ang kanyang asawang si Maguy, at ang kanilang limang anak.

Nauunawaan ng mga pioneer na ito ang kahulugan at mga ibubunga ng mga tipan na nagdala sa kanila “sa kaalaman ng Panginoon nilang Diyos, at upang magsaya kay Jesucristo na kanilang Manunubos.”¹⁷

Paano tayo aangkla sa Tagapagligtas at mananatiling tapat tulad nila at ng libu-libong Banal na Congolese na sumunod sa kanila at ng milyun-milyong iba pa sa buong mundo? Itinuro sa atin ng Tagapagligtas kung paano. Bawat linggo ay tumatanggap tayo ng sakramento at nakikipagtipan sa ating Ama sa Langit. Nangangako tayong iuugnay ang ating identidad sa Tagapagligtas sa pagpapangako ng ating kahandaang taglayin sa ating sarili ang Kanyang pangalan, lagi Siyang aalalahanin, at susundin ang Kanyang mga kautusan.¹⁸ Ang seryosong paghahanda para sa at marapat na paggawa ng mga tipang ito bawat linggo ay nag-aangkla sa atin sa Tagapagligtas, tumutulong sa atin na isaisip ang ating pangako,¹⁹ at mabisang nagtutulak sa atin sa pagtahak sa landas ng tipan.

Inaanyayahan ko kayong maging matapat sa habambuhay na proseso ng

pagkadisipulo. Gumawa at tumupad ng mga tipan. Itapon ang mga dating gawi ninyo sa malalalim at rumaragasang mga talon. Lubos na ibaon ang inyong mga sandata ng paghihimagsik nang hindi nakausli ang mga hawakan. Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang paggawa ng mga tipan nang may tunay na layunin na matapat na tuparin ang mga ito ay magpapala sa inyong buhay magpakailanman. Magiging mas katulad kayo ng Tagapagligtas kapag lagi ninyo Siyang aalalahanin, susundin, at sasambahin. Pinatotohanan ko na Siya ang matibay na pundasyon. Siya ay maaasahan, at ang Kanyang mga pangako ay tiyak. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Ang paglalaan ay naganap sa Pista ng Palaspas noong Linggo, Abril 14, 2019, ayon sa atas ni Pangulong Russell M. Nelson.
2. Ang pintor na si David Meikle ang nagpinta ng *Congo Falls* mula sa mga larawan ng Kiubu Falls. Ang Kiubu Falls ay nasa humigit-kumulang 249 na milya (400 km) sa hilaga ng Lubumbashi sa timog-silangang bahagi ng Democratic Republic of the Congo.
3. Ang mga idolong ito ay kilala bilang *inkisi* sa Kikongo at bilang *fétiches* sa French. Ang salin ng salitang ito sa Ingles ay “amulets,” “talismans,” o “fetishes.”
4. Ipininta rin ni David Meikle ang *Nzongo Falls* mula sa mga larawan ng talon. Ang Nzongo Falls ay nasa humigit-kumulang 81 milya (130 km) mula sa Kinshasa, Democratic Republic of the Congo. Ang ilog at mga talon na ito ay kilala bilang *Nzadi Inkisi*, o “River of Fetishes.” Ang pangalan ay sumasalamin sa kaugaliang inilarawan sa teksto.
5. Noong AD 1000, ang mga pinuno ng mga angkang Icelandic ay nagtipun-tipon para sa kanilang taunang dalawang-linggong *Allting*, isang impormal na pagpupulong na gumawa ng mga batas na para sa lahat. Hinilingan ang lalaking nagngangalang Thorgeir na magpasiya para sa lahat kung sasapi sila sa

Kristiyanismo o magpapatuloy sa pagsamba sa mga diyus-diyusang Norse. Pagkaraan ng tatlong araw ng pag-iisa sa kanyang tolda, ipinahayag ni Thorgeir ang kanyang pasiya: ang mga angkan ay magiging Kristiyano. Habang pabalik si Thorgeir sa kanyang nayon, kinuha niya ang itinatangi niyang mga rebulto ng mga diyus-diyusang Norse at inihagis ang mga ito sa talon, na kilala ngayon bilang *Godafoss*, o “Waterfall of the Gods.” Ang gawaing ito ay nagpakita ng lubos na pagbabalik-loob ni Thorgeir sa Kristiyanismo.

6. Alma 23:13; 24:17–18.
7. Tingnan sa Alma 23:6; David A. Bednar, “Nagbalik-loob sa Panginoon,” *Liahona*, Nob. 2012, 106–9.
8. Tingnan sa Ezekiel 11:19–20; II Mga Taga Corinto 3:3.
9. Tingnan sa Mga Taga Roma 10:14, 17.
10. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* binagong edisyon (2018), 233.
11. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Taking upon Us the Name of Jesus Christ,” *Ensign*, Mayo 1985, 80–83.
12. Tingnan sa Alma 5:12–14.
13. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 82:10.
14. Ang Congo River ang pinakamalalim, pangalawang pinakamalakas, at pangsiyam na pinakamahabang ilog sa mundo. Dahil dalawang beses itong tumatawid sa equator, palaging umuulan sa isa o mahigit pang bahagi ng ilog, kaya regular ang daloy ng tubig. Ang daloy ay medyo magkakatulad sa buong taon, na humigit-kumulang 41,000 cubic meters ng tubig kada segundo, kahit ang lakas ng daloy ay maaaring magbago sa paglipas ng mga taon (sa pagitan ng 23,000–75,000 cubic meters kada segundo).
15. Joseph Smith Translation, Luke 14:28 (sa Luke 14:27, footnote b).
16. Tingnan sa 2 Nephi 9:18; Russell M. Nelson, “Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan,” *Liahona*, Nob. 2016, 81–84. Sabi ni Pangulong Nelson, “Ang kagalakan ay isang kaloob sa matatapat” (pahina 84).
17. Alma 37:9.
18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:77. Sa isang mission leadership seminar noong Hunyo 2019, matapos tumanggap ng sakramento, bago niya sinimulan ang kanyang pormal na mensahe, sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson: “Naisip ko na ang paggawa ng tipan ngayon ay mas mahalaga kaysa sa mensaheng inihanda ko. Gumawa ako ng tipan nang makibahagi ako ng sakramento na magiging handa akong tanggapin sa aking sarili ang pangalan ni Jesucristo at magiging handa akong sundin ang Kanyang mga kautusan. Madalas, naririnig ko ang pahayag na nakikibahagi tayo ng sakramento para magpanibago ng mga tipang ginawa sa binyag. Bagama’t totoo iyon, ito ay higit pa roon. Gumawa ako ng bagong tipan. Gumawa kayo ng mga bagong tipan. . . . Ngayon bilang kapalit nito ay ipinapahayag Niya na palagi nating makakasama ang Kanyang Espiritu. Kaylaking pagpapala!”
19. Tingnan sa 3 Nephi 18:12.



Banza Régine at Banza Mucioko



Mbuyi Nkitabungi at Mbuyi Maguy



NI PANGULONG DALLIN H. OAKS
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Magtiwala sa Panginoon

*Ang tanging tunay na maaasahan natin
ay magtiwala sa Panginoon at sa Kanyang
pagmamahal sa Kanyang mga anak.*

Mahal kong mga kapatid, sisimulan ko ang aking mensahe sa liham na natanggap ko noon. Pinag-iisipan ng sumulat na magpakasal sa templo sa isang lalaki na naibuklod na sa pumanaw na asawa. Siya ang magiging pangalawang asawa. Ito ang tanong niya: magkakaroon ba siya ng sariling bahay sa kabilang-buhay, o kakailanganin niyang makitira sa kanyang asawa at sa unang asawa nito? Sinabi ko lang sa kanya na magtiwala sa Panginoon.

Itutuloy ko ito sa isang karanasang narinig ko mula sa kasamahang pinagtiwalaan ko, na ibabahagi ko nang may pahintulot niya. Nang mamatay ang pinakamamahal niyang asawa at ina ng kanyang mga anak, nag-asawang muli ang ama. Tinutulan ng ilan sa mga anak na malalaki na ang muling pag-aasawa at humingi ng payo sa malapit na kamag-anak na isang respetadong lider ng Simbahan. Matapos marinig ang mga dahilan ng kanilang mga pagtutol, na nakatuon sa mga kundisyon at ugnaan sa daigdig ng mga espiritu o sa mga kaharian ng kaluwalhatian na kasunod ng Huling Paghuhukom, sinabi ng lider na ito: “Maling mga bagay ang ikina-babahala ninyo. Ang dapat na inaalala ninyo ay kung makakapasok ba kayo sa mga lugar na iyon. Iyan ang pagtuunan

ninyo ng pansin. Kung makakarating kayo roon, mas maganda pa sa inaasahan ninyo ang lahat ng naroon.”

Napakalaking kapanatagan ang aral na ito! Magtiwala sa Panginoon!

Mula sa mga liham na natanggap ko, alam kong nagugulumihanan ang iba sa mga tanong tungkol sa daigdig ng mga espiritu na titirhan natin matapos tayong mamatay at bago tayo mabuhay na muli. Sa palagay ng ilan magpapatuloy sa daigdig ng mga espinitu ang ilang

temporal na kalagayan at alalahanin na nararanasan natin sa buhay na ito. Ano ang talagang alam natin sa mga kundisyon sa daigdig ng mga espiritu? Naniniwala ako na tama ang artikulong isinulat ng propesor sa relihiyon mula sa BYU tungkol sa paksang ito: “Kapag itinatanong natin sa ating sarili kung ano ang alam natin tungkol sa daigdig ng mga espiritu mula sa mga pamantayang mga banal na kasulatan, ang sagot ay ‘hindi gaanong katulad ng madalas na iniisip natin.’”¹

Mangyari pa, alam natin mula sa mga banal na kasulatan na pagkatapos mamatay ang ating mga katawan ay patuloy tayong mabubuhay bilang mga espiritu sa daigdig ng mga espiritu. Itinuturo din ng mga banal na kasulatan na ang daigdig ng mga espiritu ay nahahati sa pagitan ng mga yaong naging “mabuti” o “matwid” noong nabubuhay sila at ng mga naging masama. Inilalarawan din ng mga ito ang ilang matatapat na espiritu na itinuturo ang ebanghelyo sa masasama o rebelde (tingnan sa I Ni Pedro 3:19; Doktrina at mga Tipan 138:19–20, 29, 32, 37). Higit sa lahat, ibinubunyag ng makabagong paghahayag na ang gawain ng kaligtasan ay nagpapatuloy sa daigdig ng mga espiritu (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:30–34, 58), at bagama’t tayo ay hinihimok na huwag ipagpaliban ang ating pagsisisi habang nasa




mortalidad (tingnan sa Alma 13:27 Alma 13:27), itinuturo sa atin na maaari pa ring magsisi doon (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:58).

Ang gawain ng kaligtasan sa daigdig ng mga espiritu ay kinapapalooban ng pagpapalaya ng mga espiritu mula sa madalas ilarawan ng mga banal na kasulatan na “pagkagapos.” Lahat ng nasa daigdig ng mga espiritu ay nasa ilalim ng pagkagapos. Ang napakagandang paghahayag na natanggap ni Pangu-long Joseph F. Smith, na itinuring nang banal na kasulatan sa bahagi 138 ng Doktrina at mga Tipan, ay naglalahad na ang mabubuting namatay, na nasa kalagayan ng “kapayapaan” (Doktrina at mga Tipan 138:22) habang naghihintay sa Pagkabuhay na Mag-uli (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:16), “ay tumingin sa matagal na pagkawala ng kanilang mga espiritu mula sa kanilang mga katawan bilang isang pagkagapos” (Doktrina at mga Tipan 138:50).

Ang masasama ay dumaranas din ng karagdagang pagkagapos. Dahil sa mga kasalanan na hindi pinagsisihan, sila ay nasa kalagayan na tinawag ni Apostol Pedro na “bilangguan” ng espiritu (I Ni Pedro 3:19; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 138:42). Ang mga espiritong ito ay inilarawan bilang “nakagapos” o bilang “mga bilanggo” (Doktrina at mga Tipan 138:31, 42) o “itatapon sa labas na kadiliman” na may “pagtangis, at panaghoy, at pangangalit ng mga ngipin” habang hinihintay nila ang pagkabuhay na mag-uli at paghuhukom (Alma 40:13–14).

Ang pagkabuhay na mag-uli ng mga nasa daigdig ng mga espiritu ay natiyak dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:22), bagama’t nangyayari ito sa iba’t ibang panahon para sa iba’t ibang grupo. Hanggang sa itinalagang panahong iyon, ang sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan tungkol sa gawain sa daigdig ng mga espiritu ay pangunahing nakatuon sa gawain ng kaligtasan. Wala nang iba pang inihayag. Ipinangaral ang ebanghelyo sa mga mangmang, hindi nagsipagsisi at sa mga mapanghimagsik para sila ay mapalaya mula sa pagkaalipin at



patuloy na kamtin ang mga pagpapalang inilaan ng isang mapagmahal na Ama sa Langit para sa kanila.

Ang pagkagapos sa daigdig ng mga espiritu para sa mabubuting kaluluwang nagbalik-loob ay ang pangangailangan nilang maghintay—at marahil ay mapahintulutan pa na gabayan—ang pagsasagawa sa mundo ng mga ordenansa para sa kanila nang sa gayon ay maaari na silang mabinyagan at matamasa ang mga pagpapala ng Espiritu Santo (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:30–37, 57–58).² Ang mga ordenansang ito na isinasagawa sa mundo ay nagbibigay din sa kanila ng kapangyarihan na sumulong sa ilalim ng awtoridad ng priesthood upang paramihin ang mga hukbo ng

mabubuti na maaaring mangaral ng ebanghelyo sa mga espiritong nasa bilangguan.

Maliban sa mga ito, kakaunti lamang ang nilalaman ng ating mga banal na kasulatan tungkol sa daigdig ng mga espiritu matapos ang kamatayan at bago ang Huling Paghuhukom.³ Kung gayon ano pa ang alam natin tungkol sa daigdig ng mga espiritu? Maraming miyembro ng Simbahan ang nagkaroon ng mga pangitain o iba pang inspirasyon upang ipaalam sa kanila kung paano pinakikilos o inoorganisa ang mga bagay-bagay sa daigdig ng mga espiritu, ngunit ang mga personal na karanasang ito ay hindi dapat ituring o ituro bilang opisyal na doktrina ng Simbahan. At, mangyari



pa, napakaraming haka-haka ng mga miyembro at iba pa sa mga inilathalang impormasyon tulad ng mga aklat tungkol sa mga karanasang nasa bingit ng kamatayan.⁴

Kaugnay ng lahat ng ito, mahalagang tandaan ang mga paalala nina Elder D. Todd Christofferson at Neil L. Andersen sa mga nakaraang pangkalahatang kumperensya. Itinuro ni Elder Christofferson: “Dapat ding alalahanin na hindi lahat ng pahayag ng isang lider ng Simbahan, noon o ngayon, ay doktrina na kaagad. Nauunawaan ng lahat sa Simbahan na ang isang pahayag ng isang lider sa isang pagkakataon ay kadalasang kumakatawan sa personal na opinyon, bagama’t pinag-isipang mabuti, at hindi nilayong maging opisyal o may bisa sa buong Simbahan.”⁵

Sa sumunod na kumperensya, itinuro ni Elder Andersen ang alituntuning ito: “Ang doktrina ay itinuturo ng lahat ng 15 miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa. Hindi ito nakatago sa malabong talata ng isang mensahe.”⁶ Ang pagpapahayag tungkol sa mag-anak, na nilagdaan ng lahat ng 15 propeta, tagakita, at tagapaghayag,

ay isang magandang halimbawa ng alituntuning iyon.

Higit pa sa pormal na bagay na tulad ng pagpapahayag tungkol sa pamilya, ang mga turo ng propeta ng mga Pangulo ng Simbahan, na pinatotohanan ng iba pang mga propeta at apostol, ay isa ring halimbawa nito. Hinggil sa mga kalagayan sa daigdig ng mga espiritu, nagbigay si Propeta Joseph Smith ng dalawang aral sa pagtatapos ng kanyang ministeryo na madalas itinuro ng mga humalili sa kanya. Isa sa mga ito ang kanyang itinuro sa King Follett sermon na ang mga matwid na miyembro ng pamilya ay magsasama-sama sa daigdig ng mga espiritu.⁷ Ang isa pa ay ang pahayag na ito sa isang burol sa huling taon ng kanyang buhay: “Ang mga espiritu ng mga matwid ay dinadakila sa mas mataas at mas maluwalhating gawain . . . [sa] daigdig ng mga espiritu. . . . [Sila] ay hindi malayo sa atin, at nalalaman at nauunawaan ang ating mga iniisip, nadarama, at ikinikilos, at kadalasang nasasaktan dahil doon.”⁸

Kaya, ano naman ang tungkol sa tanong na binanggit ko kanina tungkol

sa kung saan naninirahan ang mga espiritu? Kung ang tanong na iyan ay tila kakatwa o hindi gaanong mahalaga sa inyo, isipin ang marami sa sarili ninyong mga tanong, o maging yaong natutukso kayong sagutin batay sa narinig ninyo mula sa ibang tao. Para sa lahat ng tanong tungkol sa daigdig ng mga espiritu, may dalawang sagot ako. *Una*, tandaan na mahal ng Diyos ang Kanyang mga anak at tiyak na gagawin ang pinakamainam para sa bawat isa sa atin. *Ikalawa*, tandaan ang pamilyar na turong ito mula sa Biblia, na lubos na nakatutulong sa akin sa maraming tanong na hindi nasagot:

“Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo; at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan.

“Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas” (Mga Kawikaan 3:5–6).

Gayundin, winakasan ni Nephi ang kanyang dakilang awit sa mga salitang ito: “O Panginoon, ako ay nagtiwala sa inyo, at ako ay magtitiwala sa inyo magpakailanman.” Hindi ako magtitiwala sa bisig ng laman” (2 Nephi 4:34).

Maaaring pag-isipan nating lahat nang sarilingan ang tungkol sa kalagayan sa daigdig ng mga espiritu, o kaya ay talakayin ang mga ito o ang iba pang mga tanong na hindi nasagot sa pamilya o sa mga taong malapit sa atin. Ngunit huwag nating ituro o gamitin bilang opisyal na doktrina ang hindi akma sa mga pamantayan ng isang opisyal na doktrina. Ang paggawa nito ay hindi makapagsusulong sa gawain ng Panginoon at maaaring ikawala pa ng paghahangad ng mga tao ng kapaatagan o lakas sa pamamagitan ng personal na paghahayag na ibinigay ng plano ng Panginoon para sa bawat isa sa atin. Ang labis na pag-asa sa personal na mga turo o haka-haka ay maaaring maging dahilan para hindi na natin pagtuunan ang pag-aaral o pagsisikap na magpapalawak ng ating pang-unawa at tutulong sa ating magpatuloy sa landas ng tipan.

Ang pagtitiwala sa Panginoon ay isang pamilyar at tunay na turo sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Iyan ang itinuro

ni Joseph Smith nang nakaranas ang mga naunang Banal ng matinding pang-uusig at tila napakalalaking hadlang.⁹ Iyan pa rin ang pinakamainam na alituntuning magagamit natin kapag ating pagsisikap na matuto o makahanap ng kapanatagan ay makahahadlang sa mga bagay na hindi pa naihayag o pinagtibay bilang opisyal na doktrina ng Simbahan.

Ang gayunding alituntunin ay angkop sa mga tanong na hindi nasagot tungkol sa pagbubuklod sa kabilangbuhay o ninanais na muling pag-aakma dahil sa mga pangyayari o mga paglabag sa mortalidad. Napakarami nating hindi alam na ang tanging tunay na maaasahan natin ay ang magtiwala sa Panginoon at sa Kanyang pagmamahal sa Kanyang mga anak.

Bilang pagtatapos, ang tiyak na nalalaman natin tungkol sa daigdig ng mga espiritu ay ang pagpapatuloy doon ng gawain ng kaligtasan ng Ama at ng Anak. Pinasimulan ng ating Tagapagligtas ang gawain ng pagpapahayag ng kalayaan sa mga bihag (tingnan sa I Ni Pedro 3:18–19; 4:6; Doktrina at mga Tipan 138:6–11, 18–21, 28–37), at magpapatuloy ang gawain na iyan dahil ang mga karapat-dapat at kwalipikadong mga sugo ay patuloy na mangangaral ng ebanghelyo, kabilang na ang pagsisisi, sa mga taong patuloy

na nangangailangan ng nakalilinis na epekto nito (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:57). Ang layunin ng lahat ng iyan ay inilarawan sa opisyal na doktrina ng Simbahan, na ibinigay sa makabagong paghahayag.

“Ang mga patay na magsisisi ay matutubos, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ordenansa ng bahay ng Diyos,

“At pagkatapos nilang mabayaran ang kaparusahan sa kanilang mga kasalanan, at mahugasang malinis, ay tatanggap ng gantimpala alinsunod sa kanilang mga gawa, sapagkat sila ay mga tagapagmana ng kaligtasan” (Doktrina at mga Tipan 138:58–59).

Ang tungkulin ng bawat isa sa atin ay ituro ang doktrina ng ipinanumbalik na ebanghelyo, sundin ang mga utos, mahalin at tulungan ang isa’t isa, at gawin ang gawain ng kaligtasan sa mga banal na templo.

Pinatotohanan ko ang aking mga sinabi rito at ang mga katotohanang itinuro at ituturo sa kumperensyang ito. Lahat ng ito ay naging posible dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Tulad ng alam natin sa makabagong paghahayag, Siya ay “lumuluwalhati sa Ama, at inililigtas ang lahat ng gawa ng kanyang mga kamay” (Doktrina at mga Tipan 76:43; idinagdag ang pagbibigay-diin). Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. “What’s on the Other Side? A Conversation with Brent L. Top on the Spirit World,” *Religious Educator*, tomo 14, blg. 2 (2013), 48.
2. Tingnan sa *Teachings of the Prophet Joseph Smith*, sel. Joseph Fielding Smith (1976), 309–10; Joseph Smith, “Journal, December 1842–June 1844; Book 2,” p. 246, The Joseph Smith Papers, josephsmithpapers.org.
3. Isang paghahayag kay Joseph Smith na madalas banggitin tungkol sa daigdig ng mga espiritu ang nagsasabing, “Yaoon ding lipunan na umiiral sa atin dito ang iiral sa atin doon” (Doktrina at mga Tipan 130:2). Ito ay maaaring maglarawan sa isang kaharian ng kaluwalhatian sa halip na daigdig ng mga espiritu, dahil ito ay magpapatuloy, “Lamang ito ay may kakabit na walang hanggang kaluwalhatian, kung aling kaluwalhatian ay hindi pa natin ngayon tinatamasa” (talata 2).
4. Halimbawa, George G. Ritchie, *Return from Tomorrow* (1978) at Raymond Moody, *Life after Life* (1975).
5. D. Todd Christofferson, “Ang Doktrina ni Cristo,” *Liahona*, Mayo 2012, 88; tingnan din sa Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine*, ika-5 ed. (1939), 42. Tingnan, halimbawa, ang paglalarawan sa Doktrina at mga Tipan 74:5 ng isang personal na turo ni Apostol Pablo.
6. Neil L. Andersen, “Pagsubok sa Inyong Pananampalataya,” *Liahona*, Nob. 2012, 41.
7. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 179.
8. *History of the Church*, 6:52; kasama sa *Teachings of the Prophet Joseph Smith*, 326; madalas banggitin, tulad sa Henry B. Eyring, *To Draw Closer to God* (1997), 122; tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), kabanata 38, “Ang Daigdig ng mga Espiritu.”
9. Tingnan sa *Teachings: Joseph Smith*, 231–33.





Sesyon sa Sabado ng Hapon | Oktubre 5, 2019

INILAHAD NI PANGULONG HENRY B. EYRING
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Pagsang-ayon sa mga General Authority, Area Authority Seventy, at Pangkalahatang Pinuno ng Simbahan

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Russell Marion Nelson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Dallin Harris Oaks bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Henry Bennion Eyring bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Dallin H. Oaks bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at si M. Russell Ballard bilang Tumata-yong Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang sumusunod bilang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L.

Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, at Ulisses Soares.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita rin.

Iminumungkahi na i-release natin nang may pasasalamat sa kanilang tapat na paglilingkod sina Elder Wilford W. Andersen, Kim B. Clark, Lawrence E. Corbridge, Claudio R. M. Costa, Bradley D. Foster, O. Vincent Haleck, Donald L. Hallstrom, Steven E. Snow, and Larry Y. Wilson bilang mga General Authority Seventy at ipagkaloob sa kanila ang emeritus status.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mga Kapatid na ito at sa kanilang pamilya para sa mahusay nilang paglilingkod, ipakita lamang.



Iminumungkahi na i-release ang sumusunod bilang mga Area Seventy: Julio C. Acosta, Blake R. Alder, Alain L. Allard, Omar A. Alvarez, Taiichi Aoba, Carlos F. Arredondo, Aley K. Auna Jr., Grant C. Bennett, Michael H. Bourne, Rómulo V. Cabrera, Wilson B. Calderón, Hernando Camargo, José C. F. Campos, Nicolás Castañeda, Walter Chatora, Zeno Chow, Robert J. Dudfield, J. Kevin Ence, Meliula M. Fata, K. Mark Frost, Claude R. Gamiette, Maurício G. Gonzaga, Leonard D. Greer, Jose L. Isaguirre, Tae Gul Jung, Sergio L. Krasnoselsky, Milan F. Kunz, Bryan R. Larsen, G. Kenneth Lee, Geraldo Lima, W. Jean-Pierre Lono, Khumbulani Mdletshe, Dale H. Munk, Norman R. Nemrow, Yutaka Onda, Wolfgang Pilz, Raimundo Pacheco De Pinho, Gennady N. Podvodov, Abraham E. Quero, Marco A. Rais, Steven K. Randall, Francisco J. Ruiz de Mendoza, Edwin A. Sexton, Raúl H. Spitale, C. Walter Treviño, Aisake K. Tukuafu, Juan A. Urra, Raul S. Villanueva, at Leonard Woo.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mahusay nilang paglingkod, ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang sumusunod bilang mga bagong Area Seventy: Michel J. Carter, Alfred Kyungu, R. Pepper Murray, Ryan K. Olsen, at Iotua Tune.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang iba pang kasalukuyang mga General Authority, Area Seventy, at mga Pangkalahatang Pinuno ng Simbahan.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita rin.

Ang mga tumutol sa alinman sa mga iminungkahi ay dapat kontakin ang kanilang stake president.

Mga kapatid, nagpapasalamat kami sa inyong patuloy na pananalig at mga panalangin para sa mga pinuno ng Simbahan. ■



NI ELDER DAVID A. BEDNAR
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Maging Alisto at Patuloy na Manalangin

(Alma 34:39; Moroni 6:4; Lucas 21:36)

Ang walang humpay na pagbabantay ay kailangan upang labanan ang pagkakampante at pagiging kaswal.

Dalangin ko ang tulong ng Espiritu Santo para sa akin at sa inyo sa sama-sama nating pagdiriwang at pagsamba.

Noong Abril ng 1976, nagsalita si Elder Boyd K. Packer sa mga kabataan ng Simbahan sa pangkalahatang kumperensya. Sa kanyang mensaheng pinamagatang “Espirituwal na mga Buwaya,” inilarawan niya kung paano niya napansin sa isang pagpunta sa Africa, ang pananakmal ng nag-aabang na mga buwaya sa walang kamalay-malay na mga biktima. Inihalintulad niya ang mga buwaya kay Satanas, na nambibiktima sa walang kamalay-malay na mga kabataan sa pagbabalat kayo ng nakamamatay na likas na katangian ng kasalanan.

23 taong gulang ako nang ibigay ni Elder Packer ang mensaheng iyon, at inaasahan namin ni Susan ang pagsilang ng aming unang anak na ilang araw na lamang mula noon. Lubha kaming humanga sa mensahe niya sa pag-iwas sa kasalanan at sa mahusay na paraan ng paggamit niya sa pag-uugali

ng mga hayop upang magturo ng isang mahalagang espirituwal na aral.

Maraming beses din kaming naglakbay ni Susan patungong Africa dahil sa maraming gawain. At nagkaroon kami ng mga pagkakataon na makita ang





mga kamangha-manghang hayop na nakatira sa kontinenteng iyon. Naaalala ang epekto ng sinabi ni Elder Packer sa aming buhay, sinubukan naming masdan at matuto ng mahahalagang aral mula sa pag-uugali ng mga hayop sa Africa.

Nais kong ilarawan ang mga kata-ngian at taktika ng dalawang cheetah na nakita namin ni Susan habang naghahanap ng kanilang makakain at iugnay ang ilan sa mga bagay na nakita namin sa pang-araw-araw na pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Mga Cheetah at Topi

Ang mga cheetah ang pinakamabilis na hayop sa mundo at umaabot ng 75 mph (120 km/h) ang bilis ng kanilang pagtakbo. Kayang tumakbo ng magagandang hayop na ito mula sa nakahintong posisyon hanggang sa bilis na 68 mph (109 km/h) nang wala pang tatlong segundo. Ang mga cheetah ay mga mandaragit na lumalabas nang biglaan at tumatakbo ng maikling distansiya upang humabol at umatake.

Halos dalawang oras naming pinagmasdan ni Susan ang dalawang cheetah na nagmamatyag sa isang malaking grupo ng topi, ang pinaka-karaniwan at pinakalaganap na antilope sa Africa. Ang matataas at tuyong damo sa sabana ng Africa ay golden brown ang kulay at halos hindi makita ang mga mandaragit sa paghabol nila sa grupo ng mga topi. Ang mga cheetah ay magkakahiwalay sa distansiyang mga 100 yarda (90 metro) ngunit nagkakaisang kumikilos.

Habang nakatayo at hindi gumagalaw ang isang cheetah sa damuhan, ang isang cheetah ay tila nakayuko at dahan-dahang lumapit sa walang kamalay-malay na mga topi. Pagkatapos ang isang cheetah na nakatayo ay biglang nawala sa damuhan sa eksaktong pagtayo naman ng isa pang cheetah. Ang salitan na pagyuko at dahan-dahang paglapit ng isang cheetah at ang pagtayo naman ng isa sa damuhan ay nagpatuloy sa mababang oras. Ang patagong paraan ng estratehiyang ito ay sinadya upang lituhin at linlangin ang mga topi at

ilihis ang kanilang pansin sa paparating na panganib. Matiyaga at walang tigil, nagkakaisang kumilos ang dalawang cheetah upang siguruhin na may makakain sila.

Sa pagitan ng malaking grupo ng mga topi at pasulong na mga cheetah ay may ilang mas matatanda at malalakas na topi na nakatayo bilang mga bantay sa ibabaw ng mga punso ng mga anay. Dahil sa mas malinaw na nakikita ang kapatagan mula sa maliliit na punso na ito namamatyagan ng mga nagbabantay na topi ang tanda ng panganib.

Pagkatapos ay bigla-biglang tumakbo papalayo ang grupo ng mga topi, nang halos umatake na ang mga cheetah. Hindi ko alam kung o paano nakipag-ugnayan ang mga nagbabantay na topi sa mas malaking grupo, pero kahit paano ay may babalang ibinigay, at ang lahat ng topi ay lumipat sa isang lugar na ligtas.

At ano ang sumunod na ginawa ng mga cheetah? Walang sinayang na sandali, muli nilang sinimulan ang salitan na pagyuko ng isang cheetah at

dahan-dahang paglapit habang nakatayo ang isang cheetah sa damuhan. Nagpatuloy ang proseso ng pagtugis na ito. Hindi sila tumigil. Hindi sila nagpahinga. Masugid sila sa paggawa ng kanilang estratehiya ng panglilito at panggagambala. Pinanood namin ni Susan ang mga cheetah na naglalaho sa kalayuan, laging papalapit sa grupo ng mga topi.

Nang gabing iyon, nag-usap kami ni Susan tungkol sa naobserbahan at natutuhan namin. Pinag-usapan din namin ang karanasang ito kasama ng aming mga anak at apo at tinukoy ang maraming mahahalagang aral. Ngayon ay ilalarawan ko ang tatlo sa mga aral na iyon.

Aral #1—Mag-ingat sa Mapanuksong Pagkukunwari ng Kasamaan

Para sa akin, ang mga cheetah ay makikintab, nakaaaliw, at nakabibighaning mga hayop. Ang manilaw-nilaw na kulay kape at kulay abo at maputing balahibo ng mga ito na may batik-batik na itim ay nagiging mabisang panlinlang upang ang mga hayop na ito ay halos hindi na makita habang nandagit sila sa kapatagan ng Africa.

Sa isang katulad na paraan, ang mapanganib sa espirituwalidad na mga pag-iisip at kilos ay kadalasang maganda sa paningin, kanais-nais, o nakaliligaya. Kaya, sa ating makabagong mundo, ang bawat isa sa atin ay dapat maging alisto sa mapanuksong kasamaan na nagpapanggap na kabutihan. Tulad ng babala ni Isaias, “Sa abanila na tumatawag sa masama na mabuti, at sa mabuti na masama, na inaaring liwanag ang kadiliman, at kadiliman ang liwanag, na inaaring mapait ang matamis, at matamis ang mapait!”¹

Sa panahon ng kabalintunaan kung kailan ang paglabag sa kabanalan ng buhay ng tao ay ipinapahayag na tama at ang kaguluhan bilang kalayaan, napakalaking biyaya sa atin na mabuhay sa dispensasyong ito ng mga huling araw kung kailan ang ipinanumbalik na liwanag ng ebanghelyo ay maaaring paliwanagin ang ating mga buhay at tulongan tayo na kilalanin ang kadilimang dulot ng panlilinlang at panglilito ng kaaway.

“Sapagkat sila na matatalino at nakatamo ng katotohanan, *at tinanggap ang Banal na Espiritu bilang kanilang patnubay, at hindi mga nalinlang*—katotohanang sinasabi ko sa inyo, sila ay hindi puputulin at itatapon sa apoy, kundi mananatili sa araw na yaon.”²

Aral #2—Manatiling Gising at Alisto

Para sa isang topi, ang sandaling kapabayaan o kawalang-tuon ay maaaring magtulot ng mabilis na pag-atake ng isang cheetah. Tulad nito, ginagawa tayong mahina ng espirituwal na kasiyahan at pagiging kaswal laban sa galaw ng kalaban. Ang espirituwal na kawalan ng pag-iisip ay naggaganyak ng malaking panganib sa ating mga buhay.

Inilarawan ni Nephi kung paano gagawin ni Satanas na payapain, at dahan-dahang aakayin ang mga anak ng Diyos tungo sa huwad na pakiramdam na “mahalay na katiwasayan, na kanilang sasabihin: Mainam ang lahat sa Sion; oo, umuunlad ang Sion, mainam ang lahat—at sa gayon lilinlangin ng diyablo ang kanilang mga kaluluwa, at maingat silang aakayin pababa sa impiyerno.”³

Ang walang humpay na pagbantay ay kailangan upang labanan ang pagkakampante at pagiging kaswal. Ang pagbabantay ay ang estado o kilos ng *palaging pag-iingat* para sa mga

posibleng panganib o kahirapan. At ang palaging pag-iingat ay ang *pananatiling gising* upang magbantay at mangalaga. Sa espirituwal na pananalita, kailangan nating maging gising at alisto sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo at mga senyales mula sa mga bantay ng Panginoon sa tore.⁴

“Oo, at pinapayuhan ko rin kayo . . . na inyong pangalagaang patuloy na manalangin, upang kayo ay hindi padala sa mga tukso ng diyablo, . . . sapagkat masdan, kayo ay gagantimpaan niya ng hindi mabuting bagay.”⁵

Sa pagtutuon ng ating buhay sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo madaraig natin ang ugali ng likas na tao na pagiging espirituwal na tamad. Kapag tayo ay biniyayaan ng mata na nakakakita at tainga na nakaririnig,⁶ maaaring dagdagan ng Espiritu Santo ang ating kakayahan na tumingin at makinig sa mga pagkakataong hindi tayo kadalasang tumitingin at nakikinig o kapag sa tingin natin ay walang makikita o maririnig.

“Magbantay, samakatwid, upang kayo ay maging handa.”⁷

Aral #3—Alaming Mabuti ang Intensyon ng Kalaban

Ang cheetah ay isang mandaragit na natural na umaatake sa ibang mga hayop. Buong maghapon, araw-araw, isang mandaragit ang cheetah.



Para sa isang topi, ang maikling sandali ng kapabayaan o kawalang-ingat ay maaaring mag-anyaya ng mabilis na pag-atake ng isang cheetah. Gayundin, sa pagiging espirituwal na kampante at pagwalang-bahala, madali tayong magagapi ng kaaway.



Kapitan Moroni ang intensyon ng mga Lamanita, handa siyang humarap sa kanila sa oras ng kanilang pagdating at nagtagumpay.¹² At magagamit ng bawat isa sa atin ang alituntunin at pangakong iyon.


“Kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot.

“At maaari ninyong matakasan ang kapangyarihan ng kaaway.”¹³

Paanyaya, Pangako, at Patotoo

Tulad ng mahahalagang aral na maaari nating matutuhan sa pagmamasiid sa pag-uugali ng mga cheetah at topi, dapat din nating alamin ang mga aral at babala na makikita sa simpleng mga pangyayari sa pang-araw-araw na buhay. Habang naghahangad tayo ng isipan at puso na bukas sa pagtanggap ng patnubay mula sa langit sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, ilan sa pinakamagandang tagubilin na matatanggap natin at marami sa mga pinakamatinding babala na magpoprotekta sa atin ay manggagaling sa ating sariling pangkaraniwang mga karanasan. Napapaloob sa mga banal na kasulatan at sa ating pang-araw-araw na buhay ang mabibisang parabula.

Inilarawan ko ang tatlo lamang sa maraming mga aral na makikita sa karanasan namin ni Susan sa Africa. Inaanyayahan at hinihikayat ko kayo na pag-isipan ang kuwentong ito ng mga



Si Satanas “ay kalaban ng kabutihan at ng yaong mga nagnanais na sundin ang nais ng Diyos.”⁸ Buong maghapon, araw-araw, ang tanging nais at kaisa-isang layunin niya ay gawing kaaba-aba ang mga anak na lalaki at babae ng Diyos tulad niya.⁹

Ang plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit ay ginawa upang patnubayan ang Kanyang mga anak, upang tulungan silang maranasan ang patuloy na kaligayahan, at ibalik sila nang ligtas sa Kanya taglay ang nabuhay na maguli at dinakilang katawan. Ginagawa ng diyablo ang lahat para lituhin at palungkutin ang mga anak ng Diyos at hadlangan ang kanilang walang hanggang pag-unlad. Walang humpay na kumikilos ang kalaban upang atakihin ang mga elemento ng plano ng Ama na pinaka-ayaw niya.

Si Satanas ay walang katawan, at pinatigil na ang kanyang walang hanggang pag-unlad. Tulad ng pagpigil ng dam sa pagdaloy ng tubig sa ilog, napigil din ang walang hanggang pag-unlad ng kaaway dahil wala siyang pisikal na katawan. Dahil sa kanyang paghihimagsik, ipinagkait ni Lucifer sa kanyang sarili ang lahat ng mortal na pagpapala at karanasang magagawang posible dahil sa katawang may laman at mga buto. Isa sa mga kahulugan ng salitang *mapahamak* sa banal na kasulatan ay inilarawan sa kawalan niya ng kakayahang patuloy na umunlad at makatulad ng ating Ama sa Langit.

Dahil napakahalaga ng pisikal na katawan sa plano ng kaligayahan ng Ama at sa ating espirituwal na pag-unlad, hangad ni Lucifer na hadlangan ang ating pag-unlad sa pamamagitan ng pagtukso sa atin na gamitin sa mali ang ating katawan. Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson na ang kaligtasan sa espirituwal ay nakasalalay sa “‘hindi pagpunta sa hindi mo dapat puntahan at hindi paggawa sa hindi mo dapat gawin.’ . . . Bilang mga tao, lahat tayo ay may [pisikal] na appetite o mga gana na kailangan sa kaligtasan ng ating buhay. ‘Ang gana na ito ay talagang kailangan upang maipagpatuloy ang buhay. Kaya ano ang ginagawa ng kalaban? . . . Inaatake niya tayo sa pamamagitan ng ating mga gana. Tinutukso niya tayo na kainin ang mga bagay na hindi natin dapat kainin, inumin ang mga bagay na hindi natin dapat inumin, at magmahal nang hindi natin dapat mahalin!’”¹⁰

Isa sa mga kabalintunaan ng kawalang-hanggan ay na ang kaaway, na miserable dahil wala siyang katawang pisikal, ay inaakit tayong maranasan din ang kanyang abang katayuan sa maling paggamit ng ating katawan. Kaya’t ang kasangkapang wala sa kanya at hindi niya magamit ang mismong puntirya niya para akitin tayo tungo sa pisikal at espirituwal na kapahamakan.

Ang pag-alam na mabuti sa intensyon ng kalaban ay napakahalaga sa epektibong paghahanda para sa posibleng pag-atake.¹¹ Dahil alam ni

cheetah at mga topi at alamin ang karagdagang mga aral para sa inyong pamilya. Lagi ninyong tandaan na ang inyong tahanan ang totoong sentro ng pag-aaral at pamumuhay ng ebanghelyo.

Sa tapat ninyong pagtugon sa paanyayang ito, maisip ninyo ang nagbibigay-inspirasyong mga kaisipan, lalago ang espirituwal na pakiramdam sa inyong mga puso, at malalaman ninyo ang mga pagkilos na dapat ninyong gawin o ipagpatuloy upang maaari ninyong “isuot ang buong baluti [ng Diyos], upang inyong mapaglabanan ang araw ng kasamaan, matapos na maisagawa ang lahat, upang kayo ay makatindig.”¹⁴

Ipinapangako ko na mapapasainyo ang mga biyaya ng mabisang paghahanda at espirituwal na proteksiyon sa inyong pagiging alisto at patuloy na pananalangin sa paraang mapagbantay at walang tigil.

Pinatototohanan ko na ang pagsulong sa landas ng tipan ay nagbibigay ng espirituwal na kaligtasan at nag-aanyaya ng tumatagal na kaligayahan sa ating buhay. At pinatototohanan ko na ang buhay na Tagapagligtas ay tutulungan at palalakasin tayo sa panahong mabuti at hindi mabuti. Pinatototohanan ko ang mga bagay na ito sa sagradong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Isaías 5:20.
2. Doktrina at mga Tipan 45:57; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. 2 Nephi 28:21; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Tingnan sa Ezekiel 33:7, Doktrina at mga Tipan 101:44–58., Guide to the Scriptures, “Watch, Watchmen,” scriptures.ChurchofJesusChrist.org.
5. Alma 34:39.
6. Tingnan sa Mateo 13:16.
7. Doktrina at mga Tipan 50:46.
8. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Diyablo,” scriptures.ChurchofJesusChrist.org.
9. Tingnan sa 2 Nephi 2:27.
10. Russell M. Nelson, sa “Advice from the Prophet of the Church to Millennials Living in a Hectic World,” Feb. 18, 2018, newsroom.ChurchofJesusChrist.org.
11. Tingnan sa Alma 2:7–13.
12. Tingnan sa Alma 43:29–33, 48–50.
13. Doktrina at mga Tipan 38:30–31.
14. Doktrina at mga Tipan 27:15.



NI ELDER RUBÉN V. ALLIAUD
Ng Pitumpu

Natagpuan sa Pamamagitan ng Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon

Lahat ay kailangang dumaan sa karanasan at matagpuan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng mga katotohanang nakapaloob sa Aklat ni Mormon.

Sa tuwing binibisita ko ang mga convert sa kanilang tahanan, isa sa mga madalas kong itanong sa kanila ay kung paano nila at ng kanilang mga pamilya nalaman ang tungkol sa Simbahan at paano sila nabinyagan.

Hindi na mahalaga kung sila’y aktibo o matagal nang hindi nakakapagsimba sa mga panahong iyon. Ang sagot nila ay laging magkapareho: nang may ngiti at maaliwalas na mukha, sinisimulan nila ang kuwento kung paano



sila natagpuan. Ang totoo, mukhang ang kuwento ng pagbabalik-loob ay laging kuwento ng kung paano tayo natagpuan.

Si Jesucristo Mismo ang Panginoon ng mga bagay na nawawala. Nagmamalasakit Siya sa mga nawawala. Tiyak na iyon ang dahilan kung bakit Niya itinuro ang tatlong talinghaga na mababasa sa ika-15 na kabanata ng Lucas: ang talinghaga ng nawawalang tupa, nawawalang pilak, at, ang huli, ang alibughang anak. Lahat ng mga kuwentong ito ay may magkakatugmang tema: hindi mahalaga kung bakit sila nawala. Hindi rin mahalaga kung alam ba nilang nawawala sila. Namamayani roon ang matinding galak na naghuhumiyaw, “Makipagtuwa kayo sa akin, sapagka’t nasumpungan ko ang [yaong] nawala.”¹ Sa huli, wala talagang isa mang nawawala sa Kanya.²

Hayaang ibahagi ko sa inyo ngayong hapon ang isa sa mga pinakamahalagang bagay sa akin—ang kuwento kung paano ako natagpuan.

Bago ako mag-15 anyos, inanyayahan ako ng aking tiyuhin, si Manuel Bustos, na dalawin siya at ang kanyang pamilya dito sa Estados Unidos. Ito ay magandang pagkakataon para matuto ako ng kaunting English. Matagal nang sumapi ang tiyuhin ko sa Simbahan, at taglay niya ang malakas na diwa ng pagiging missionary. Marahil iyon ang dahilan kung bakit kinausap siya ng

aking ina, nang hindi ko nalalaman, at pumayag sa paanyaya sa isang kundisyon: na hindi niya ako susubukang kumbinsihin na maging kasapi ng kanyang Simbahan. Katoliko kami, at maraming henerasyon na, at walang dahilan upang magbago kami. Ganap na sumang-ayon ang tiyuhin ko sa kasunduan at tumupad siya sa usapan sa puntong ni hindi niya sinagot ang kahit mga simpleng tanong ko tungkol sa Simbahan.

Siyempre, ang hindi maiwasan ng aking tiyuhin at ng magiliw niyang asawa na si Marjorie, ay ang pagiging kung sino sila.³

Pinatuloy ako sa kuwerto na punung-puno ng mga aklat. Nakikita ko sa silid na iyon na may mga 200 kopya ng Aklat ni Mormon sa iba’t ibang wika, 20 sa mga ito ay sa Espanyol.

Isang araw, dahil sa pag-uusisa, kinuha ko ang isang kopya ng Aklat ni Mormon sa Espanyol.

Isa iyon sa mga kopya na may sky-blue na pabalat, na may larawan ng anghel na si Moroni sa harap. Pagkabukas ko niyon, nakasulat sa unang pahina ang sumusunod na pangako: “At kapag inyong matanggap ang mga bagay na ito, ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na

puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.”

At idinagdag pa: “At sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay.”⁴

Mahirap ipaliwanag ang epekto ng talatang ito sa aking isipan at puso. Sa totoo lang, hindi ko hinahanap noon “ang katotohanan.” Binatilyo pa ako noon, masaya sa sariling buhay, masaya sa panibagong kulturang ito.

Gayunpaman, dahil nasa isip ko ang pangakong iyon, palihim kong sinimulang basahin ang aklat. Habang binabasa ko, naintindihan ko na kung gusto ko talagang makinabang mula rito, kailangan kong simulang magdasal. At alam na alam natin ang mangyayari kapag napagpasiyahan mong hindi lang basahin kundi ipagdasal ang Aklat ni Mormon. At iyon nga ang nangyari sa akin. Isa itong napaka-espesyal at lubos na kakaiba—oo, katulad ng nangyari sa libu-libong iba pa sa buong mundo. Nalaman ko sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na ang Aklat ni Mormon ay totoo.

Pagkatapos ay pinuntahan ko ang aking tiyuhin upang ipaliwanag sa kanya ang nangyari at handa na akong mabinyagan. Hindi maitago ng aking tiyuhin ang kanyang pagkagulat. Sumakay siya sa kanyang kotse, nagtungo sa airport, at bumalik hawak ang aking plane ticket pauwi, nang may nakasulat para sa aking nanay na nagsasabing, “Wala akong kinalaman dito!”

Kung tutuusin, tama siya. Natagpuan ako mismo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Aklat ni Mormon.

Marahil marami ang mga natagpuan sa pamamagitan ng mga kahanghangang missionary sa buong mundo, sa bawat pagkakataon sa pamamagitan ng mahimalang paraan. O maaaring natagpuan sila sa pamamagitan ng mga kaibigan na sadyang inilagay ng Diyos sa kanilang landas. Maaari ding natagpuan sila ng isang tao mula sa henerasyon na ito o sa pamamagitan ng isa sa kanilang mga ninuno.⁵ Anuman





ang sitwasyon, upang sumulong tungo sa totoo at personal na pagbabalik-loob, sa lalong madaling panahon, kailangan nilang lahat na dumaan sa karanasan at matagpuan sa pamamagitan ng kapang-yarihan ng mga katotohanang nakapaloob sa Aklat ni Mormon. Gayundin, kailangan nila mismong magpasiya na tapat na mangako sa Diyos na sisikapin nilang sundin ang Kanyang mga utos.

Sa aking pagbalik sa Buenos Aires, natanto ng aking ina na totoong gusto kong magpabinyag. Dahil may pagkasuwail din ako, sa halip na tumutol sa akin, sinuportahan niya ako. At hindi niya namamalayan, isinagawa niya mismo ang aking baptismal interview. Talagang sa pakiramdam ko mas masinsinan pa ang interbyu niya kaysa sa pag-iinterbyu ng mga missionary. Sinabi niya sa akin, “Kung gusto mong mabinyagan, susuportahan kita. Ngunit tatanungin muna kita ng ilang tanong at gusto kong pag-isipan mo ito nang husto at sumagot

ka nang tapat sa akin. Ipinapangako mo bang magsisimba nang walang palya tuwing Linggo?”

Sabi ko sa kanya, “Opo, siyempre, gagawin ko iyan.”

“May ideya ka ba kung gaano katagal ang simba?”

“Opo alam ko,” sabi ko.

Sumagot siya, “Kung gayon, kung gusto mo talagang mabinyagan, sisiguraduhin kong dadalo ka.” Pagkatapos ay tinanong niya ako kung totoong handa na ba akong talikuran ang paginom ng alak o paninigarilyo.

Sagot ko sa kanya, “Opo, siyempre, susundin ko rin ang mga iyan.”

Kung saan idinagdag niya, “Kung mabibinyagan ka, sisiguraduhin kong gayon nga ang mangyayari.” At tuloy-tuloy niya itong ginawa sa halos bawat kautusan.

Tinawagan ng tiyuhin ko ang nanay ko para sabihan siya na huwag mag-alala, at malalampasan ko rin ang mga

ito. Makalipas ang apat na taon, noong matanggap ko ang aking tawag na maglingkod sa Taiwan Taichung Mission, tinawagan ng nanay ko ang aking tiyuhin at itinanong kung kailan ko eksaktong malalampasan ang mga ito. Ang totoo ay mula noong mabinyagan ako, siya ay naging mas masayang ina.

Nalaman ko na ang Aklat ni Mormon ay mahalaga sa proseso ng pagbabalik-loob sa pamamagitan ng pagdanas mismo ng pangako na “ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito.”⁶

Ipinaliwanag ni Nephi ang pangunahing layunin ng Aklat ni Mormon sa ganitong paraan:

“Sapagkat masigasig kaming gumagawa upang makasulat, upang hikayatin ang ating mga anak, at ang atin ding mga kapatid, na maniwala kay Cristo, at makipagkasundo sa Diyos; . . .

“At [kaya] nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, [at] nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo . . . upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.”⁷

Ang buong Aklat ni Mormon ay puno ng gayunding sagradong layunin.

Sa kadahilanang ito, sinumang mambabasa na mangangakong pag-aralan ito nang taimtim, nang mapanalangin, ay hindi lamang matututo tungkol kay Cristo, kundi sila ay matututo mula kay Cristo—lalo’t kung pagpapasiyahan nila na “subukan ang bisa ng salita”⁸ at hindi ito tatalikuran agad dahil sa mga mapanirang paniniwala⁹ mula sa sinasabi ng ibang tao na hindi alam kung ano talaga ang nabanggit o ano ang hindi kailanman nabasa.

Paggunita ni Pangulong Russell M. Nelson: “Tuwing iniisip ko ang Aklat ni Mormon, naiisip ko ang salitang *kapang-yarihan*. Ang mga katotohanan ng Aklat ni Mormon ay may *kapang-yarihan* na pagalingin, panatagin, ipanumbalik, tulungan, palakasin, aluin, at pasayahin ang ating kaluluwa.”¹⁰

Ang aking paanyaya ngayong hapon sa bawat isa sa atin, gaano man tayo

katagal na sa Simbahan, ay hayaang matagpuan tayo ng kapangyarihan ng mga katotohanan ng Aklat ni Mormon at mayakap tayong muli, at sa bawat araw habang masigasig nating hinahangad ang pansariling paghahayag. Mangyayari iyon kung hahayaan natin.

Taimtim kong pinatotohanan na ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo at ang Espiritu Santo ang paulit-ulit na magpapatibay ng katotohanan nito sa sinuman na, taglay ang dalisay na puso, ay maghahangad ng kaalaman hinggil sa kaligtasan ng kanilang kaluluwa.¹¹ Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Lucas 15:6; tingnan din sa Lucas 15:9, 32.
2. Sa mas malawak na aspeto, itinatala ng mga banal na kasulatan ang mga propesiya na tumutukoy sa pagtipon ng mga nawawalang lipi ni Israel (tingnan sa Russell M. Nelson, “Ang Pagtitipon ng Ikinalat na Israel,” *Liahona*, Nob. 2006, 79-82). Kahit na nawawala sila, hindi sila nawawala sa Kanya (tingnan sa 3 Nephi 14:4). Saka, mapapansin na hindi nila alam na sila ay nawawala hanggang sa sila ay matagpuan, lalo na noong natanggap nila ang kanilang patriarchal blessing.
3. Binanggit ni Elder Dieter F. Uchtdorf si Saint Frances of Assisi noong sinabi niyang, “Ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng oras at kung kailangan, magsalita kayo” (“Paghihintay sa Daan patungong Damascus,” *Liahona*, Mayo 2011, 77; tingnan din sa William Fay at Linda Evans Shepherd, *Share Jesus without Fear* [1999], 22).
4. Moroni 10:4–5.
5. Ang kuwento ng pagbabalik-loob ng ating mga ninuno ay kuwento rin natin. Itinuro ni Elder William R. Walker na, “Maganda sana kung alam ng bawat Banal sa mga Huling Araw ang mga kuwento ng pagsapi ng kanilang mga ninuno” (“Mamuhay nang Tapat sa Pananampalataya,” *Liahona*, Mayo 2014, 97). Samakatwid, lahat tayo, sa paano mang paraan ay natagpuan mismo o sa pamamagitan ng ating mga ninuno, salamat sa ating Ama sa Langit, na nakakaalam ng katapusan mula sa simula (tingnan sa Abraham 2:8).
6. Pambungad sa Aklat ni Mormon; tingnan din sa Alma 31:5.
7. 2 Nephi 25:23, 26.
8. Alma 31:5.
9. Tingnan sa Alma 32:28.
10. Russell M. Nelson, “Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?” *Liahona*, Nob. 2017, 62).
11. Tingnan sa 3 Nephi 5:20.

NI PANGULONG RUSSELL M. NELSON



Mga Saksi, mga Korum ng Aaronic Priesthood, at Klase ng Young Women

Ang mga pagbabagong ibabalita namin ngayon ay para tulungan ang mga kabataang lalaki at kabataang babae na paunlarin ang kanilang sagradong personal na potensiyal.

Mahal kong mga kapatid, napakagan-dang makasama kayong muli. Sa simula ng linggong ito, ibinalita sa mga miyembro ng Simbahan ang tungkol sa mga pagbabago sa patakaran

tungkol sa kung sino ang maaaring magsilbing mga saksi sa binyag at sa mga ordenansa ng pagbubuklod. Gusto kong bigyang-diin ang tatlong punto na iyon.





1. Ang proxy na binyag para sa isang taong yumao na ay maaaring saksi ng sinumang may hawak na current temple recommend, pati na ng limited-use recommend.
2. Sinumang miyembrong tumanggap na ng endowment na may current temple recommend ay maaaring maging saksi sa mga ordenansa ng pagbubuklod, para sa buhay at proxy.
3. Sinumang binyagang miyembro ng Simbahan ay maaaring maging saksi sa binyag ng isang taong buhay. Ang pagbabagong ito ay nakapatungkol sa lahat ng binyag sa labas ng templo.

Ang mga pagbabagong ito sa patakaran ay dumaan sa proseso. Ang batayang doktrina at mga tipan ay hindi nagbabago. Lahat ng ito ay may bisa pa rin tulad ng lahat ng mga ordenansa. Dapat mapaingin mabuti ng mga pagbabagong ito ang partisipasyon ng pamilya sa mga ordenansang ito.

Gusto ko ring sabihin sa inyo ngayon ang mga pagbabagong nauukol sa ating kabataan at sa kanilang mga lider.

Matatandaan ninyo na inimbata ko ang mga kabataan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling

Araw na sumali sa kabataang batalyon ng Panginoon sa mundo ngayon—ang pagtitipon ng Israel.¹ Ipinaabot ko ang imbitasyong ito sa ating mga kabataan dahil may kakaiba silang kaloob sa pagtulong sa iba at pagbabahagi ng pinaniniwalaan nila sa nakakukumbinsing paraan. Ang dahilan ng pagtitipon ay mahalagang bahagi ng pagtulong upang maihanda ang mundo at ang mga mamamayan nito para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon.

Sa bawat ward, ang kabataang batalyon ng Panginoon ay pinamumunuan ng isang bishop, na tapat na lingkod ng Diyos. Ang pangunahin at pinakamahalaga niyang tungkulin ay ang pangalagaan ang mga kabataang lalaki at kabataang babae ng kanyang ward. Ang bishop at kanyang mga tagapayo ang namamahala sa gawain ng mga korum ng Aaronic Priesthood at mga klase ng Young Women sa ward.

Ang mga pagbabagong ibabalita namin ngayon ay para tulungan ang mga kabataang lalaki at kabataang babae na paunlarin ang kanilang sagradong personal na potensiyal. Nais din naming patatagin ang mga korum ng Aaronic Priesthood at mga

klase ng Young Women at maglaan ng suporta sa mga bishop at iba pang mga adult leader sa paglilingkod nila sa kasunod na henerasyon.

Tatalakayin ngayon ni Elder Quentin L. Cook ang mga pagbabago na nauugnay sa mga kabataang lalaki. At mamayang gabi, sa pangkalahatang sesyon ng kababaihan, tatalakayin ni Sister Bonnie H. Cordon, Young Women General President, ang mga pagbabagong nauugnay sa mga kabataang babae.

Ang Unang Panguluhan at ang Labindalawa ay nagkakaisa sa pag-endorso sa mga pagsisikap na ito upang palakasin ang ating mga kabataan. Mahal na mahal natin sila at ipinagdarasal sila! Sila ang “Kabataang hukbong Sion, pag-asa ng Israel.”² Ipinapahayag namin ang aming lubos na pagtitiwala sa ating kabataan at ang aming pasasalamat sa kanila. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Pag-asa ng Israel” (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), HopeofIsrael.ChurchofJesusChrist.org.
2. “Pag-asa ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 161.



NI ELDER QUENTIN L. COOK
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Mga Pagbabago para Palakasin ang mga Kabataan

Mas maraming kabataang lalaki at kabataang babae ang tutugon sa matinding hamon na ito at mananatili sa landas ng tipan dahil sa mala-laser na pokus na ito sa ating mga kabataan.

Salamat, mahal naming Pangulong Nelson, sa nakalulugod na paghahayag na gabay patungkol sa mga saksi sa pagbibinyag at sa patnubay na nais mong ibahagi namin para tulungang lumakas ang mga kabataan at mapaunlad ang kanilang sagradong potensyal.

Bago ko ibahagi ang mga pagbabagong iyon, nais naming ipaabot ang taos naming pasasalamat sa pambihirang pagtugon ng mga miyembro sa patuloy na pagsulong ng Ipinanumbalik na ebanghelyo. Tulad nang iminungkahi ni Pangulong Nelson noong nakaraang taon, ininom ninyo ang inyong mga bitamina!¹

Masaya ninyong pinag-aaralan ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* sa tahanan.² Tumalima din kayo sa mga pagbabago sa simbahan. Ang mga miyembro ng elders quorum at Relief Society presidency ay nagkakaisa sa gawain ng kaligtasan.³

Nag-uumapaw ang aming pasasalamat.⁴ Pinasasalamat namin lalo na ang patuloy na pagiging malakas at tapat ng ating mga kabataan.

Ang ating mga kabataan ay nabubuhay sa nakasasabik na panahon ngunit puno ng hamon. Ang mga pagpipilian noon ay hindi kailanman naging



kasingtindi ng mga pagpipilian ngayon. Isang halimbawa: ang makabagong smartphone ay nagbibigay ng access sa mahahalaga at nakapupukaw na impormasyon, kabilang na ang family history at mga banal na kasulatan. Taliwas dito, naglalaman ito ng kahangalan, imoralidad, at kasamaan na hindi madaling makita noon.

Para matulungan ang ating mga kabataan na hindi malito sa pagpili sa napakaraming pagpipilian, naghanda ang Simbahan ng tatlong malalim at malawak na inisyatibo. Una, pinalakas at pinalawak ang kurikulum hanggang sa tahanan. Ikalawa, isang programa para sa mga bata at kabataan na kinapapalooban ng mga nakatutuwang gawain at personal na pag-unlad ang ipinaalam nito lamang nakaraang Linggo nina Pangulong Russell M. Nelson, Pangulong M. Russell Ballard, at ng mga General Officer. Ang ikatlong inisyatibo ay ang mga pagbabago sa organisasyon upang lalong mabigyan ng pokus ng ating mga bishop at iba pang mga lider ang ating mga kabataan. Ang pokus na ito ay dapat may espirituwal na impluwensiya at tumulong sa ating mga kabataan na maging mga kabataang batayon na hiniling ni Pangulong Nelson na kahinatnan nila.

Magkakaugnay na mga Huwaran

Ang mga pagsisikap na ito, kasama ang mga naipabatid sa nakaraang ilang taon, ay hindi hiwalay na mga pagbabago. Bawat pagbabagong ito ay mahalagang bahagi ng isang magkakaugnay na huwaran upang pagpalain ang mga Banal at ihanda sila sa pagharap sa Diyos.

Isang bahagi ng huwaran ang nauugnay sa bagong henerasyon. Hinihiling sa ating mga kabataan na dagdagan ang kanilang indibiduwal na responsibilidad sa mas murang edad—hindi kailangang akuin ng mga magulang at lider ang mga bagay na magagawa ng kabataan para sa kanilang sarili.⁵

Pabatid

Ngayon ipababatid namin ang mga pagbabago sa organisasyon para sa mga kabataan sa ward at stake level.

Tulad ng ipinaliwanag ni Pangulong Nelson, tatalakayin ni Sister Bonnie H. Cordon ang mga pagbabago para sa mga kabataang babae ngayong gabi. Ang isang layunin ng pagbabago na tatalakayin ko ngayon ay para palakas ang mga Aaronic Priesthood holder, quorum, at mga quorum presidency. Ang mga pagbabagong ito ay nagtutugma ng ginagawa natin na mababasa sa Doktrina at mga Tipan 107:15, “Ang [bishopric] ang panguluhan ng [Aaronic priesthood na] ito, at humahawak sa mga susi o kapangyarihan ng nabanggit.”

Isa sa mga tungkulin ng bishop ayon sa banal na kasulatan ay ang mangulo sa mga priest at umupo sa kapulungan kasama nila, upang turuan sila ng mga tungkulin ng kanilang katungkulan.⁶ Dagdag pa rito, ang first counselor sa bishopric ay magkakaroon ng partikular na responsibilidad para sa mga teacher at ang second counselor naman ang para sa mga deacon.

Dahil dito, bilang pagtugma sa paghahayag na ito sa Doktrina at mga Tipan, ang mga Young Men presidency sa ward ay hindi na ipagpapatuloy. Napakarami nang kabutihang nagawa ng matatapat na kapatid na ito, at pinasalamatan namin sila.

Umaasa kami na bibigyang-diin at pagtutuunan ng bishopric ang mga responsibilidad sa priesthood ng mga kabataang lalaki at tutulungan sila sa kanilang mga tungkulin sa korum. Ang mga may kakayahang Young Men adviser ay tatawagin upang tulungan ang mga Aaronic Priesthood quorum presidency at bishopric sa kanilang mga tungkulin.⁷ Naniniwala kami na mas maraming kabataang lalaki at kabataang babae ang tutugon sa matinding hamon na ito at mananatili sa landas ng tipan dahil sa mala-laser na pokus na ito sa ating mga kabataan.

Sa inspiradong huwaran ng Panginoon, ang bishop ang may responsibilidad sa lahat ng miyembro ng ward. Pinagpapala niya ang mga magulang ng mga kabataan gayundin ang kabataan. Nalaman ng isang bishop nang kausapin niya ang isang binatilyo na may problema sa pornograpiya na

matutulungan lamang niyang magsisi ito kung tutulungan niya ang mga magulang na tumugon nang may pagmamahal at pag-unawa. Ang paggaling ng binatilyo ay paggaling din ng kanyang pamilya at naging posible iyon dahil nagkatulungan ang bishop at ang buong pamilya. Ang binatilyo ay isa na ngayong marapat na Melchizedek Priesthood holder at full-time missionary.


Tulad ng ipinapahiwatig ng kuwentong ito, ang mga pagbabagong ito ay:

- Makatutulong sa mga bishop at kanilang mga counselor na magpokus sa kanilang mga pangunahing responsibilidad sa mga kabataan at sa mga bata sa Primary.
- Gagawing sentro ang mga kapangyarihan at tungkulin ng Aaronic Priesthood sa personal na buhay at mga mithiin ng bawat kabataang lalaki.

Gayundin, ang mga pagbabagong ito ay:

- Magbibigay-diin sa mga responsibilidad ng Aaronic Priesthood quorum presidency at kanilang direktang pagrereport sa bishopric.
- Maghihikayat sa mga adult leader na tulungan at turuan ang mga Aaronic Priesthood quorum presidency sa pagganap na mabuti ayon sa kapangyarihan at awtoridad ng kanilang katungkulan.

Tulad ng nabanggit, hindi binabawasan ng mga pagbabagong ito ang responsibilidad ng bishopric para sa *mga kabataang babae*. Tulad ng itinuro ni Pangulong Nelson, “Ang una at pangunahing responsibilidad ng



[bishop] ay pangalagaan ang mga kabataang lalaki at *kabataang babae* ng kanyang ward.”⁸

Paano magagampanan ng ating pinakamamahal at masisipag na bishop ang responsibilidad na ito? Maaalala ninyo, noong 2018, binago ang mga Melchizedek Priesthood quorum para mas makipagtulungan sa mga Relief Society upang ang mga elders quorum at Relief Society, sa patnubay ng bishop, ay makatulong sa pagganap sa mahahalagang responsibilidad na dating pinag-uukulan niya ng maraming oras. Kabilang sa mga responsibilidad na ito ang gawaing misyonero at gawain sa templo at family history sa ward⁹—pati na rin ang paggawa ng ministering sa mga miyembro ng ward.

Hindi maaaring italaga ng bishop ang ilang responsibilidad, tulad ng pagpapalakas sa mga kabataan, pagiging pangkalahatang hukom, pangangalaga sa mga nangangailangan, at pangangasiwa sa pananalapi at temporal na kapakanan. Gayunman, mas kaunti ang mga ito kaysa sa maaaring naunawaan natin noon. Tulad ng ipinaliwanag ni



Elder Jeffrey R. Holland noong isang taon nang ipinabatid ang pagbabago sa mga Melchizedek Priesthood quorum: “Ang bishop ay nananatili, mangyari pa, na namumunong high priest sa ward. Sa bagong pagtutugmang ito ng [elders quorum at Relief Society] siya ang dapat mangulo sa gawain ng Melchizedek Priesthood at Relief Society nang hindi niya kinakailangang gawin ang gawain ng alinman sa mga grupong iyon.”¹⁰

Halimbawa, ang Relief Society president at elders quorum president, kapag inatasan, ay maaaring gampanan ang tungkulin na kausapin at payuhan ang mga nakatatanda—*gayundin sa isang Young Women President na nagpapayo sa mga kabataang babae*. Bagama’t mga bishop lang ang naglilingkod bilang pangkalahatang hukom, ang iba pang mga lider na ito ay may karapatan ding tumanggap ng paghahayag mula sa langit para makatulong sa mga problema na hindi na nangangailangan ng pangkalahatang hukom o sa mga bagay na may kinalaman sa anumang uri ng pang-aabuso.¹¹

Hindi ibig sabihin niyan na hindi na dapat kausapin ng isang dalagita ang bishop o ang kanyang mga magulang. Ang pokus nila ay ang mga kabataan! Ngunit ang ibig sabihin nito

ay pinakamainam na makatutugon ang lider ng Young Women sa mga pangangailangan ng isang kabataang babae. Ang bishopric ay may malasakit kapwa sa mga kabataang babae at mga kabataang lalaki, ngunit kinikilala natin na may lakas na nagmumula sa mga matatag, aktibong nakatutok, at nakapokus na mga lider ng Young Women na nagmamahal at nagtuturo, nang hindi sinasakop ang mga tungkulin ng mga class presidency, kundi tumutulong sa mga kabataan na magtagumpay sa mga papel na iyon.

Magbabahagi pa si Sister Cordon ng karagdagan at nakasasabik na mga pagbabago para sa mga kabataang babae ngayong gabi. Gayunman, ipababatid ko na ang mga Young Women president ay magrereport at direktso nang sasangguni sa bishop ng ward. Noon, ang tungkuling ito ay maaaring itataga sa isang counselor, ngunit mula ngayon, ang mga kabataang babae ay direktang responsibilidad na ng taong may hawak ng mga susi ng pangungulo para sa ward. Ang Relief Society president ay patuloy na magrereport nang direktso sa bishop.¹²

Sa general at stake level, patuloy tayong magkakaroon ng mga Young Men presidency. Sa stake level, isang high counselor ang magiging Young

Men president¹³ at, kasama ang mga high counselor na nakatalaga sa Young Women at Primary, ay magiging bahagi ng Aaronic Priesthood–Young Women Committee ng stake. Ang kalalakihang ito ay makikipagtulungan sa mga stake Young Women presidency sa komite na ito. Ngayong isang counselor na ng stake president ang mamumuno, mas magiging mahalaga ang komiteng ito dahil marami sa mga programa at mga aktibidad sa bagong inisyatibo para sa mga Bata at Kabataan ang gagawin na sa stake level.

Ang mga high counselor na ito, sa pamamahala ng stake presidency, ay maaaring magsilbing resource person para sa bishop at mga Aaronic Priesthood quorum tulad ng paglilingkod na ibinibigay ng mga high counselor sa mga elders quorum ng ward.

Kaugnay niyan, isa pang high counselor ang maglilingkod bilang stake Sunday School president at, kung kinakailangan, ay maaaring maglingkod sa stake Aaronic Priesthood–Young Women committee.¹⁴

Ang mga karagdagang pagbabago sa organisasyon ay ipapaliwanag pang mabuti sa impormasyong ipadadala sa mga lider. Kabilang sa mga pagbabagong ito ang:

- Ang bishopric youth committee meeting ay papalitan na ng ward youth council.
- Ang salitang “Mutual” ay hindi na gagamitin at magiging “Mga Aktibidad ng Young Women,” “Mga Aktibidad ng Aaronic Priesthood quorum” o “mga aktibidad ng mga kabataan,” at gaganapin linggu-linggo hangga’t maaari.
- Ang badyet ng ward para sa mga aktibidad ng kabataan ay hahatiin nang patas sa mga organisasyon ng Young Men at Young Women ayon sa bilang ng mga kabataan sa bawat organisasyon. Sapat na halaga ang ilalaan para sa mga aktibidad ng Primary.
- Sa lahat ng lebel—ward, stake, at panglahatan—gagamitin natin ang katagang “organisasyon” sa halip na ang katagang “auxiliary.” Ang mga

namumuno sa mga organisasyon ng General Relief Society, Young Women, Young Men, Primary, at Sunday School ay kikilalanin bilang “Mga General Officer.” Ang mga namumuno sa mga organisasyon sa ward at stake level ay kikilalanin bilang “mga ward officer” at “mga stake officer.”¹⁵

Ang mga pagbabagong ipinabatid ngayon ay maaari nang simulan anumang oras na handa na ang mga branch, ward, district, at stake, ngunit dapat ay ganap nang naisagawa ito pagsapit ng Enero 1, 2020. Ang mga pagbabagong ito, kapag pinagsama-sama at inilakip sa mga naunang pagbabago, ay naglalarawan ng espirituwal at organisadong pagsisikap na alinsunod sa doktrina upang pagpalain at palakasin ang bawat lalaki, babae, kabataan, at bata, na tinutulungan ang bawat isa na masunod ang halimbawa ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, habang umuunlad tayo sa landas ng tipan.

Mahal kong mga kapatid, ipinangangako at pinatotohanan ko na ang mga komprehensibong pagbabagong ito, sa ilalim ng pamamahala ng inspiradong pangulo at propeta, si Russell M. Nelson, ay magbibigay ng kakayahan at lakas sa bawat miyembro ng Simbahan. Ang ating mga kabataan ay magkakaroon ng mas malakas na pananampalataya sa Tagapagligtas, mapoprotektahan mula sa mga tukso ng kaaway, at magiging handa sa pagharap sa mga hamon ng buhay. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, sa “Latter-day Saint Prophet, Wife and Apostle Share Insights of Global Ministry,” Newsroom, Okt. 30, 2018, newsroom.ChurchofJesusChrist.org.
2. Dagdag pa rito, gumawa kayo ng mga partikular na pagsisikap na gamitin ang tamang pangalan ng Simbahan tulad ng itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson at alalahanin ang ating Tagapagligtas nang may pagmamahal at pagpipitagan sa paggawa nito.
3. “Ang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ay ipinadala upang gumawa sa kanyang ubasan para sa kaligtasan ng mga kaluluwa ng tao” (Doktrina at mga

Tipan 138:56). Kabilang sa gawaing ito ng kaligtasan ang gawaing misyonero ng mga miyembro, pagpapanatiling aktibo, pagpapaaktibo sa hindi gaanong aktibong mga miyembro, gawain sa templo at family history, at pagtuturo ng ebanghelyo. Ang bishopric ang namamahala sa gawaing ito sa ward, sa tulong ng iba pang miyembro ng ward council” (*Handbook 2: Administering the Church*, 5.0, ChurchofJesusChrist.org).

4. Bilang mga lider, mahal namin ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa inyong kabutihan at pagiging disipulo. Pinupuri namin ang mga indibiduwal, mga nanay, mga tatay, mga kabataan, at mga anak na tumatahak sa landas ng tipan—at ginagawa ito nang may katapatan at kagalakan.
5. Sa 2019, ang mga 11-taong-gulang na deacon ay nagsimula nang magpasa ng sakramento, at ang 11-taong-gulang na mga kabataang babae at kabataang lalaki ay tumanggap na ng limited-use temple recommend. Noong nakaraang taon, hinikayat ni Pangulong Nelson ang ating mga kabataang lalaki at babae na maging bahagi ng isang batalyon ng mga kabataan na magtitipon sa ikinalat na Israel sa magkabilang panig ng tabing (tingnan sa “Pag-asa ng Israel” [pandaigdigang debosyonal para sa kabataan, Hunyo 3, 2018], HopeofIsrael.ChurchofJesusChrist.org). Napakaraming tumugon.
- Ang mga full-time missionary ay naglilingkod ngayon sa kahanga-hangang paraan sa mas batang edad. Simula noong Oktubre 6, 2012, ang mga kabataang lalaki ay maaari nang maglilingkod sa edad na 18 at ang mga kabataang babae sa edad na 19.
6. “Gayon din ang tungkulin ng pangulo sa Pagkasaserdoteng Aaron ay mamuno sa [mga priest], at umupo sa kapulungan kasama nila, upang turuan sila ng mga tungkulin ng kanilang katungkulan. . . . Ang pangulong ito ay kailangang maging isang obispo, dahil ito ang isa sa mga tungkulin ng pagkasaserdoteng ito” (Doktrina at mga Tipan 107:87–88).
7. Ang mga adult leader ay tatawagin din bilang mga Aaronic Priesthood quorum specialist upang tumulong sa mga programa at aktibidad at dumalo sa mga miting ng quorum upang regular na mabisita ng bishopric ang mga klase at aktibidad ng Young Women at mabisita paminsan-minsan ang Primary. Maaaring tumawag ng ilang specialist para tumulong sa isang partikular na kaganapan tulad ng kamping; ang iba ay maaaring tawaging maglilingkod nang pangmatagalang upang tulungan ang mga quorum adviser. Laging magkakaroon ng dalawang nakatatandang kalalakihan sa bawat miting, programa, o aktibidad ng korum. Bagama’t mababago ang mga tungkulin at titulo, hindi natin inaasahang mababawasan ang bilang ng nakatatandang kalalakihan na maglilingkod at susuporta sa mga Aaronic Priesthood quorum.
8. Russell M. Nelson, “Witnesses, Aaronic Priesthood Quorums, and Young Women Classes,” *Liahona*, Nob. 2019, 39, idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa Ezra



Taft Benson, “To the Young Women of the Church,” *Ensign*, Nob. 1986, 85.

9. Pinapayuhan din namin ang mga bishop na mag-ukol ng karagdagang panahon sa mga young single adult at kani-kanilang pamilya.
10. Jeffrey R. Holland, general conference leadership meeting, Abr. 2018; tingnan din sa “Effective Ministering,” ministering.ChurchofJesusChrist.org. Itinuro ni Elder Holland na ang mga responsibilidad ng bishop na hindi maipagagawa sa iba ay ang pamumuno sa mga Aaronic Priesthood quorum at sa mga kabataang babae, pagiging pangkalahatang hukom, pangangasiwa sa pananalapi at mga temporal na gawain ng Simbahan, at pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan. Ang mga pangunahing responsibilidad ng mga elders quorum at Relief Society presidency ay gawaing misyonero, gawain sa templo at family history, ang kalidad ng pagtuturo sa ward, at pangangalaga at paggawa ng ministering sa mga miyembro ng Simbahan.
11. Bukod pa sa mga sitwasyon na nangangailangan ng mga susi ng isang pangkalahatang hukom, ang mga isyu tungkol sa anumang uri ng pang-aabuso ay dapat pangasiwaan ng mga bishop ayon sa patakaran ng Simbahan.
12. Ang stake Relief Society president ay patuloy na magrerereport nang direktso sa stake president.
13. Ang mga counselor ng stake Young Men president ay maaaring tawagin mula sa mga miyembro ng stake, o kung kailangan, maaaring tawagin ang high counselor na nakatalaga sa Young Women at ang high counselor na nakatalaga sa Primary.
14. Ang kapatid na naglilingkod bilang Sunday School president ay may malaking responsibilidad para sa kurikulum ng mga kabataan sa dalawang araw ng Linggo bawat buwan.
15. Ang mga presidency ng Relief Society, Young Women, Young Men, Primary, at Sunday School sa general at stake level ay tatawaging mga General Officer o mga stake officer. Sa ward, ang bishopric ang namumuno sa mga kabataang lalaki, kaya ang mga Aaronic Priesthood quorum adviser ay hindi mga ward officer.



NI MARK L. PACE
Sunday School General President

Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—ang Panlaban na Estratehiya at Maagap na Plano ng Panginoon

*Inihahanda ng Panginoon ang Kanyang mga
tao laban sa mga pag-atake ng kaaway. Ang
Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin ang panlaban
na estratehiya at maagap na plano ng Panginoon.*

Nagagalak tayo sa pagtitipon nang magkakasama sa pangkalahatang kumperensyang ito ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Pagpapala ang matanggap ang kaisipan at kalooban ng Panginoon sa pamamagitan ng mga turo ng Kanyang mga propeta at apostol. Si Pangulong Russell M. Nelson ang buhay na propeta ng Panginoon. Lubos tayong nagpapasalamat sa kanyang inspiradong payo at patnubay na natanggap ngayon.

Idinaragdag ko ang aking pagsaksi sa mga ibinahagi na. Pinatotohanan ko ang Diyos, ang Amang Walang Hanggan. Buhay Siya at minamahal at binabantayan Niya tayo. Ang Kanyang plano ng kaligayahan ay naghahatid ng

pagpapala sa buhay na ito sa lupa at nagtutulot sa atin na makabalik kalauanan sa Kanyang piling.



Pinatotohanan ko rin si Jesucristo. Siya ang Bugtong na Anak ng Diyos. Siya ang *nagligtas sa atin* mula sa kamtayan, at tinutubos Niya tayo mula sa kasalanan kapag nananampalataya tayo sa Kanya at nagsisisi. Ang Kanyang walang hanggang nagbabayad-salang sakripisyo para sa ating kapakanan ay nagdadala ng mga pagpapala ng kawalang-kamtayan at buhay na walang hanggan. Tunay nga, “Salamat sa Diyos sa Kanyang walang kapantay na kaloob na Kanyang banal na anak” (“Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol,” *Liahona*, Mayo 2017, sa loob ng pabalat sa harapan).

Ang mga Banal sa mga Huling Araw sa iba’t ibang panig ng mundo ay mapalad na sambahin si Jesucristo sa Kanyang mga templo. Isa sa mga templong iyon ang kasalukuyang itinatayo sa Winnipeg, Canada. Ako at ang asawa kong si Anne Marie ay nagkaroon ng pagkakataon na bisitahin ang lugar na pagtatayuan nito noong Agosto ng taong ito. Maganda ang disenyo ng templo at tiyak na magiging kahanga-hanga ito kapag natapos na. Gayunman, hindi maaaring magkaroon ng isang kahanga-hangang templo sa Winnipeg, o saanman, nang walang matibay at matatag na saligan.

Hindi naging madali ang paghahanda ng saligan ng templo dahil sa paulit-ulit na pagkakaroon at pagkatunaw ng yelo at paiba-ibang kondisyon ng lupa sa Winnipeg. Samakatuwid, napagpasiyahan na ang saligan ng templo ay bubuuin ng 70 piraso ng bakal na nabalot ng semento. Ang mga bakal na ito ay 60 talampakan (18 m) ang haba at 12 hanggang 20 pulgada (30 hanggang 50 cm) ang dyametro. Ibinabaon ang mga ito sa lupa hanggang sa maabot ng mga ito ang kailaliman, humigit-kumulang 50 talampakan (15 m) sa ilalim ng lupa. Sa ganitong paraan, ang 70 piraso ng bakal ay naglalaan ng matibay at matatag na saligan para sa magiging magandang Winnipeg temple.

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, nais natin ang matatag at tunay na saligan na katulad nito sa ating buhay—isang espirituwal na saligan na kailangan para sa ating paglalakbay

sa buhay sa lupa at pabalik sa ating makalangit na tahanan. Ang saligang iyon ay nakatayo sa kailaliman ng ating pagbabalik-loob sa Panginoong Jesucristo.

Maaalala natin ang mga turo ni Helaman mula sa Aklat ni Mormon: “At ngayon, mga anak ko, tandaan, tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan; nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga palaso sa buhawi, . . . hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa look ng kalungkutan at walang katapusang kapighatian, dahil sa bato kung saan kayo nakasandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasan-digan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak” (Helaman 5:12).

Sa kabutihang-palad, nabubuhay tayo sa isang panahon kung kailan tinuturuan tayo ng mga propeta at apostol tungkol sa Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang pagsunod sa kanilang payo ay nakakatulong sa atin na magtayo ng matatag na saligan kay Cristo.

Noong nakaraang taon, sa kanyang pambungad na mensahe sa Oktubre 2018 na pangkalahatang kumperensiya, ibinigay ni Pangulong Russell M. Nelson ang pahayag at babalang ito: “Ang pangmatagalan na layunin ng Simbahan ay tulungan ang lahat ng mga miyembro na dagdagan ang kanilang pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, tulungan sila sa paggawa at pagtupad ng mga tipan nila sa Diyos, at palakasin at ibuklod ang kanilang mga pamilya. Sa magulong mundo natin ngayon, hindi ito madaali. *Pinatitindi ng kalaban ang kanyang pag-atake sa pananampalataya at sa atin at sa mga pamilya natin sa napakabilis na paraan.* Upang espirituwal na makaligtas, kailangan natin ng mga *[panlaban na] estratehiya at mga [maagap] na plano*” (“Pambungad na Mensahe,” *Liahona*, Nob. 2018, 7; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Pagkatapos ng mensahe ni Pangu-long Nelson, ipinakilala ni Elder

Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* na sanggunian para sa mga indibiduwal at pamilya. Kabilang sa kanyang mensahe ang mga sumusunod na pahayag:

- “Ang bagong home-study na *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* na sanggunian . . . ay ginawa upang tulungan ang mga miyembro na matutuhan ang ebanghelyo sa tahanan.”
- “‘Ang sanggunian na ito ay para sa bawat indibiduwal at pamilya sa Simbahan’ [*Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* (2019), vi].”
- “Ang layunin natin ay balansehin ang karanasan sa Simbahan at sa tahanan na higit na magpapalakas ng pananampalataya at espirituwalidad at magpapalalim ng pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo.” (“Malalim at Tumatagal na Pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo,” *Liahona*, Nob. 2018, 9–10.)

Simula noong Enero ng taong ito, sinimulang pag-aralan ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo ang Bagong Tipan, gamit ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* na sanggunian bilang ating gabay. Sa isang lingguhang iskedyul, tinutulungan tayo ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* na pag-aralan ang mga banal na kasulatan, ang doktrina ng ebanghelyo, at ang mga turo ng mga propeta at apostol. Ito ay kahanga-hangang sanggunian para sa ating lahat.

Matapos ang siyam na buwan ng pandaigdigang pagsisikap na ito sa pag-aaral ng banal na kasulatan, ano ang nakikita natin? Nakikita natin na ang mga Banal sa mga Huling Araw sa lahat ng dako ay lumalago sa pananampalataya at debosyon sa Panginoong Jesucristo. Nakikita natin na ang mga indibiduwal at pamilya ay naglalaan ng oras sa buong linggo upang pag-aralan ang mga salita ng ating Tagapagligtas. Nakikita natin na mas humuhusay ang pagtuturo ng ebanghelyo sa ating mga klase sa Linggo habang pinag-aaralan

natin ang mga banal na kasulatan sa tahanan at ibinabahagi natin ang ating mga natutuhan sa simbahan. Nakikita natin na mas masaya at nagkakaisa ang mga pamilya dahil mula sa simpleng pagbabasa lamang ng mga banal na kasulatan ay naging mas malalim ang pag-aaral natin ng mga banal na kasulatan.

Nagkaroon ako ng pagkakataon na makausap ang mga Banal sa mga Huling Araw at marinig nang personal ang kanilang mga karanasan sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*. Napuspos ng kagalakan ang aking puso dahil sa pagpapahayag nila ng pananampalataya. Narito ang ilan sa mga komentaryong narinig ko mula sa iba’t ibang miyembro ng Simbahan sa iba’t ibang panig ng mundo:

- Ibinahagi ng isang ama, “Nasisiyahan ako sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*, dahil naglalaan ito ng pagkakataon na magpatotoo tungkol sa Tagapagligtas sa aking mga anak.”
- Sa isa pang tahanan, sinabi ng isang anak: “Pagkakataon ko itong marinig ang aking mga magulang na magpatotoo.”
- Ibinahagi ng isang ina: “Nabigyang-inspirasyon kami tungkol sa kung paano uunahin ang Diyos. Ang oras na [akala naming] ‘wala kami’ ay [napuspos] ng [matinding] pag-asa, kagalakan, kapayapaan, at tagumpay sa mga paraang hindi namin alam na posible.”
- Napansin ng isang mag-asawa: “Talagang ibang-iba ang pagbabasa namin ng mga banal na kasulatan ngayon kaysa sa pagbabasa namin noon. Mas marami kaming natututuhan ngayon kaysa sa mga natutuhan namin noon. Nais ng Panginoon na maiba ang pagtingin namin sa mga bagay-bagay. Inihahanda kami ng Panginoon.”
- Ipinahayag ng isang ina: “Gustung-gusto ko na sama-sama naming pinag-aaralan ang magkakaparehong bagay. Noon, binabasa namin ito. Ngayon, pinag-aaralan namin ito.”
- Ibinahagi ng isang sister ang magandang pananaw na ito: “Noon,



mayroon kang aralin at sinusupportahan ito ng mga banal na kasulatan. Ngayon, mayroon kang mga banal na kasulatan at sinusupportahan ito ng aralin.”

- Sabi ng isa pang sister: “May pagka-kaiba akong nadarama kapag ginagawa ko ito [kung ihahambing sa] kapag hindi. Nagiging mas madali para sa akin na makipag-usap sa iba tungkol kay Jesucristo at sa ating mga paniniwala.”
- Ipinahayag ng isang lola: “Tinatawagan ko ang mga anak at apo ko tuwing Linggo, at nagbabahagi kami sa isa’t isa ng mga natutuhan namin mula sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*.”
- Napansin ng isang sister: “Nadarama ko sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* na para bang personal na naglilingkod sa akin ang Tagapagligtas. Ito ay inspirado ng langit.”
- Sabi ng isang ama: “Sa paggamit namin ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*, tila katulad kami ng mga anak ni Israel, minamarkahan ang mga haligi ng aming mga pinto, pinangangalagaan ang aming mga pamilya mula sa impluwensya ng manlilipol.”

Mga kapatid, kagalakang makausap kayo at marinig kung paano pinagpapala ang inyong buhay dahil sa pagsisikap

ninyo sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*. Salamat sa inyong debosyon.

Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan gamit ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* bilang gabay ay nagpapatatag sa inyong pagbabalik-loob kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Hindi lamang natin pinapalitan ang isang oras sa simbahan bawat Linggo ng isang oras ng pag-aaral ng banal na kasulatan sa tahanan. Ang pag-aaral ng ebanghelyo ay tuluy-tuloy na pagsisikap sa buong linggo. Katulad ng magandang ibinahagi sa akin ng isang sister, “Ang layunin ay hindi paikliin nang isang oras ang simba; ito ay para gawing mas mahaba nang anim na araw ang simba!”

Ngayon, isipin muli ang babalang ibinigay ng ating propetang si Pangulong Nelson noong sinimulan niya ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2018:

“Pinatitindi ng kalaban ang kanyang pag-atake sa pananampalataya at sa atin at sa mga pamilya natin sa napakabilis na paraan. Upang espirituwal na makaligtas, kailangan natin ng mga [panlaban na] estratehiya at mga [maagap na] plano” (Pambungad na Mensahe,” 7).

Pagkatapos (pagkalipas ng mga 29 oras), noong Linggo ng hapon, tinapos niya ang kumperensya gamit ang pangakong ito: “Habang masigasig ninyong ginagawang sentro ng pag-aaral

ng ebanghelyo ang inyong tahanan, . . . ang impluwensya ng kaaway sa inyong buhay at tahanan ay mababawasan” (“Pagiging Kapuri-puring mga Banal sa mga Huling Araw,” *Liahona*, Nob. 2018, 113).

Paano tumitindi ang mga pag-atake ng kaaway sa napakabilis na paraan habang nababawasan ang impluwensya ng kaaway? Ito ay maaaring mangyari, at ito ay nangyayari sa buong Simbahan, dahil inihahanda ng Panginoon ang Kanyang mga tao laban sa mga pag-atake ng kaaway. Ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* ang panlaban na estratehiya at maagap na plano ng Panginoon. Katulad ng itinuro ni Pangulong Nelson, “Ang bagong integrated na kurikulum na nakasentro sa tahanan at suportado ng Simbahan ay may potensyal na makalagan ang kapangyarihan ng pamilya.” Gayunman, kinakailangan at kakailanganin nito ang ating pinakamabuting pagsisikap; kailangan tayong sumunod nang “tapat at maingat [upang maging] . . . santuwaryo ng pananampalataya ang [ating] tahanan” (“Pagiging Kapuri-puring mga Banal sa mga Huling Araw,” 113).

Pagkatapos ng lahat, katulad din ng sinabi ni Pangulong Nelson, “Bawat isa sa atin ay responsable sa ating indibidwal na espirituwal na paglago” (“Pambungad na Mensahe,” 8).

Gamit ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* na sanggunian, inihahanda tayo ng Panginoon “para sa mapanganib na panahon na hinaharap natin” (Quentin L. Cook, “Malalim at Tumatagal na Pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo,” 10). Tinutulungan Niya tayo na maitayo ang “tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak” (Helaman 5:12)—ang saligan ng isang patotoong nakaangkla nang matatag sa kailaliman ng ating pagbabalik-loob sa Panginoong Jesucristo.

Nawa’y patatagin tayo ng ating araw-araw na pagsisikap sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at patunayan nito na karapat-dapat tayo sa mga ipinangakong pagpapala. Ito ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



NI ELDER L. TODD BUDGE
Ng Pitumpu

Patuloy at Matatag na Tiwala

Ang pagtitiwala sa Panginoon ay kinapapalooban ng pagtitiwala sa Kanyang takdang panahon at nangangailangan ng tiyaga at pagtitiis na daraig sa mga unos ng buhay.

Nagkaroon ng malubhang sakit ang aming anak na si Dan sa kanyang misyon sa Africa at dinala siya sa isang pagamutan na kaunti lamang ang kagamitan. Nang mabasa namin ang kanyang unang liham sa amin pagkatapos niyang magkasakit, inasahan naming panghihinaan siya ng loob, pero sa halip, isinulat niya, “Kahit nasa emergency room po ako, nakadama ako ng kapayapaan. Ngayon lang po ako nakadama ng patuloy at matatag na kaligayahan sa aking buhay.”

Nang mabasa naming mag-asawa ang mga salitang ito, naging emosyonal kami. *Patuloy at matatag na kaligayahan.* Hindi pa namin narinig na inilarawan sa ganitong paraan ang kaligayahan, pero tila totoo ang mga sinabi niya. Alam namin na ang kaligayahang inilarawan niya ay hindi lamang basta kasiyahan, o biglang buhos ng tuwa kundi kapayapaan at kagalakan na hatid ng pagpapasakop sa ating sarili sa Diyos at pagtitiwala sa Kanya sa *lahat ng bagay*.¹ Nagkaroon na rin kami ng ganoong mga pagkakataon sa buhay kung saan ang Diyos ay bumulong ng kapayapaan

sa aming kaluluwa at pinangyaring umasa kami kay Cristo kahit mahirap at walang katiyakan ang buhay.²

Itinuro ni Lehi na kung hindi nahulog sina Eva at Adan, “sila sana ay nanatili sa kalagayan ng kawalang-malay, walang kaligayahan, sapagkat hindi sila nakakikilala ng kalungkutan; . . .

“Ngunit masdan, ang *lahat ng bagay* ay ginawa sa karunungan niya na nakaaalam ng *lahat ng bagay*.



“Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon; at ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan.”³

Sa kasalungat na paraan, inihahanda tayo ng mga paghihirap at kalungkutan para makaranas ng kagalakan kung magtitiwala tayo sa Panginoon at sa Kanyang plano para sa atin. Maganda ang pagkakahayag ng isang makata noong ika-13 siglo tungkol sa katotohanang ito: “Inihahanda ka ng kalungkutan para sa kagalakan. Lubos na inaalisis nito ang lahat ng bagay sa iyong buhay, upang magkaroon ng lugar para sa bagong kagalakan. Niyuyugyog nito ang mga tuyong dahon mula sa sanga ng iyong puso, upang mapalitan ng mga sariwang luntiang dahon. Binubunot nito ang mga bulok na ugat, upang lumago ang mga bagong ugat na nakatago sa ilalim. Anumang kalungkutan ang yumanig sa iyong puso, mas magandang bagay ang papalit sa mga yaon.”⁴

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson, “Ang kagalakang iniaalok [sa atin] ng Tagapagligtas. . . ay hindi nagbabago, na tinitiyak sa atin na ang ating ‘mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang’ [Doktrina at mga Tipan 121:7] at ilalaan sa ating kapakinabangan.”⁵ Ang ating mga pagsubok at paghihirap ay nagbibigay ng puwang para sa higit na kagalakan.⁶

Ang magandang balita ng ebanghelyo ay hindi pangako ng buhay na walang kalungkutan at paghihirap kundi isang buhay na puno ng layunin at kahulugan—isang buhay kung saan ang ating mga kalungkutan at paghihirap ay maaaring “malulon sa kagalakan dahil kay Cristo.”⁷ Ipinahayag ng Tagapagligtas, “Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni’t laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan.”⁸ Ang Kanyang ebanghelyo ay isang mensahe ng pag-asa. Ang kalungkutan na may kasamang pag-asa kay Jesucristo ay may pangako ng tumatagal na kagalakan.

Ang salaysay ng paglalakbay ng mga Jaredita tungo sa lupang pangako ay magagamit bilang talinghaga ng ating paglalakbay sa mortalidad. Nangako ang Panginoon sa kapatid ni Jared at

sa kanyang mga tao na Siya ay “hahayo sa harapan [nila] sa isang piling lupain sa lahat ng lupain sa mundo.”⁹ Iniutos Niya sa kanila na gumawa ng mga gabara, at masunurin nilang ginawa ang mga ito ayon sa mga tagubilin ng Panginoon. Gayunman, habang umuusad ang gawain, nabahala ang kapatid ni Jared na baka hindi sapat ang disenyo ng Panginoon sa mga gabara. Nagsumamo siya:

“O Panginoon, nagawa ko na ang gawaing iniutos ninyo sa akin, at nagawa ko na ang mga gabara alinsunod sa tagubilin ninyo sa akin.

“At masdan, O Panginoon, sa loob nito ay walang liwanag.”¹⁰

“O Panginoon, pahihintulutan ba ninyong tawirin namin ang malawak na tubig na ito sa kadiliman?”¹¹

Naibuhos na ba ninyo ang inyong kaluluwa sa Diyos sa ganoong paraan? Sa pagsisikap nating mamuhay ayon sa mga utos ng Panginoon ngunit sa kabila nito ay hindi natutupad ang mabubuting bagay na inaasahan natin, naisip na ba ninyo minsan na magpatuloy na lamang sa buhay na ito na nasa kadiliman?¹²

Pagkatapos ay nagpahayag ang kapatid ni Jared ng mas matinding pagkabahala tungkol sa kakayahan nilang mabuhay sa loob ng mga gabara. Nagsumamo siya, “At kami ay masasawirin, sapagkat sa loob nito ay hindi kami makahihinga, maliban lamang sa hangin na nasa loob nito.”¹³ Dahil sa mga paghihirap sa buhay, nahirapan na ba kayong huminga at napaisip kung paano kayo makakaraos sa maghapon, ano pa kaya kung paano makabalik sa inyong tahanan sa langit?

Matapos tulungan ng Panginoon ang kapatid ni Jared na malutas ang bawat isa sa kanyang mga alalahanin, ipinaliwanag Niya, “Hindi kayo maaaring tumawid sa malawak na kailalimang ito maliban lamang kung *ihahanda ko* [ang daan para sa inyo] laban sa mga alon ng dagat, at sa mga hanging umiihip, at sa mga bahang darating.”¹⁴

Nilinaw ng Panginoon na sa huli, hindi makakarating ang mga Jaredita sa lupang pangako kung wala Siya. Hindi nila kontrolado ang mga bagay-bagay,

at ang tanging paraan para matawid nila ang malawak na kailaliman ay magtiwala sila sa Kanya. Ang mga karanasan at aral na ito mula sa Panginoon ay tila nakapagpalakas sa pananampalataya ng kapatid ni Jared at nagpatibay sa kanyang tiwala sa Panginoon.

Pansinin kung paanong ang kanyang mga panalanging puno ng mga katanungan at pagkabahala ay naging mga pahayag ng pananampalataya at tiwala:

“Nalalaman ko, O Panginoon, na taglay ninyo ang lahat ng kapangyarihan, at magagawa ang anumang naisin ninyo para sa kapakanan ng tao; . . .

“Masdan, O Panginoon, magagawa ninyo ito. Nalalaman namin na kayo ay may kakayahang magpakita ng dakilang kapangyarihan, na tila maliit sa pang-unawa ng tao.”¹⁵

Nakatala na pagkatapos, ang mga Jaredita ay “lumulan sa kanilang mga . . . gabara, at nagpalaot sa dagat, *ipinagkakatiwala* ang kanilang sarili sa Panginoon nilang Diyos.”¹⁶ Ang *pagkakatiwala* ay nangangahulugang pagpapaubaya o pagpapasakop. Hindi lumulan ang mga Jaredita sa mga gabara dahil natitiyak nila kung ano ang mismong mangyayari sa kanilang paglalakbay. Lumulan sila dahil natuto silang magtiwala sa kapangyarihan, kabutihan, at awa ng Panginoon, at kaya naman handa silang ipagkatiwala sa Panginoon ang kanilang sarili at ang anumang alinlangan o takot na mayroon sila.

Kamakailan natakot ang apo naming si Abe na sumakay sa carousel

animal na tumataas at bumababa. Mas gusto niya ang hindi gumagalaw. Sa wakas nahikayat siya ng lola niya na magiging ligtas siya, kaya nagtiwala siya at sumakay. At todo ngiting sinabi niya, “Parang di ako ligtas, pero ligtas ako.” Siguro ganito ang nadama ng mga Jaredita. Ang pagtiwala sa Diyos ay parang di ligtas sa una, pero kagalaan ang kasunod nito.

Hindi madali ang paglalakbay para sa mga Jaredita. “Sila ay maraming ulit na nalibing sa kailaliman ng dagat, dahil sa mga malabundok na along humahampas sa kanila.”¹⁷ Gayunman, nakatala na “ang hangin ay hindi tumigil sa pag-ihip [sa kanila] *patungo* sa lupang pangako.”¹⁸ Mahirap man itong unawain, lalo na sa mga pagkakataon sa ating buhay kung kailan malalakas ang sumasalubong na hangin at maalon ang mga dagat, makadarama tayo ng kapinatagan sa kaalamang palagi tayong ginagabayan ng Diyos pabalik sa ating tahanan dahil sa Kanyang walang hanggang kabutihan.

Nagpatuloy ang ulat, “Sila [ay] naa-nod; at walang halimaw ng dagat ang makawawasak sa kanila, ni balyena na makapipinsala sa kanila; at sila ay patuloy na nagkaroon ng liwanag, maging ito man ay nasa ibabaw ng tubig o sa ilalim ng tubig.”¹⁹ Nabubuhay tayo sa isang mundo kung saan hinahampas tayo ng lahat ng uri ng mga malalahimaw na alon ng kamatayan, karamdaman ng katawan at pag-iisip, at mga pagsubok at paghihirap. Gayunman, sa pananampalataya kay Jesucristo at sa



pagpiling magtiwala sa Kanya, magkakaroon *din tayo* palagi ng liwanag nasa ibabaw o ilalim man tayo ng tubig. *Tayo* ay magkakaroon ng katiyakan na hindi titigil ang Diyos sa pag-ihip sa atin patungo sa lupang pangako.

Habang inaanod sakay ng mga gabara, ang mga Jaredita ay “nagsiawit ng mga papuri sa Panginoon; . . . at pinasalamat [nila] at pinapurihan ang Panginoon sa buong maghapon; at nang sumapit ang gabi, hindi sila tumigil sa pagpuri sa Panginoon.”²⁰ Nakadama sila ng kagalakan at pasasalamat sa kabila ng kanilang mga paghihirap. Hindi pa man sila nakarating sa lupang pangako nagagalak na sila dahil sa ipinangakong pagpapala dahil sa kanilang *patuloy* at *matatag* na tiwala sa Kanya.²¹

Ang mga Jaredita ay nagpalaot sa loob ng 344 araw.²² Naiisip ba ninyo iyon? Ang pagtitiwala sa Panginoon ay kinabibilangan ng pagtitiwala sa Kanyang takdang panahon at nangangailangan ng tiyaga at pagtitiis na daraig sa mga unos ng buhay.²³

Sa huli, ang mga Jaredita ay “dumaong sa dalampasigan ng lupang pangako. At nang iyapak nila ang kanilang mga paa sa dalampasigan ng lupang pangako ay iniyukod nila ang kanilang sarili sa ibabaw ng lupain, at nagpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Panginoon, at napaluha sa kagalakan sa harapan ng Panginoon, dahil sa nag-uumapaw niyang awa sa kanila.”²⁴

Kung tapat tayo sa pagtupad sa ating mga tipan, balang-araw ay makarating din tayo nang ligtas sa ating tahanan at yuyukod sa harap ng Panginoon at mapapaluha sa kagalakan dahil sa nag-uumapaw Niyang magiliw na awa sa ating buhay, kabilang na ang mga kalungkutan na nagbigay-daan sa higit na kagalakan.²⁵

Pinatototohanan ko na kung ipagkakatiwala natin ang ating sarili sa Panginoon at patuloy at matatag na magtitiwala kay Jesucristo at sa Kanyang banal na layunin sa ating buhay, dadalawin Niya tayo nang may katiyakan, bubulong ng kapayapaan sa ating mga kaluluwa, at papapangyarihing “umasa [tayo] ng [ating] kaligtasan sa kanya.”²⁶



Pinatototohanan ko na si Jesus ang Cristo. Siya ang pinagmumulan ng lahat ng kagalakan.”²⁷ Sapat ang Kanyang biyaya, at Siya ay may kapangyarihang magligtas.²⁸ Siya ang liwanag, ang buhay, at ang pag-asa ng mundo.²⁹ Hindi Niya hahayaang mangasawi tayo.³⁰ Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Alma 36:3; 57:27.
2. Tingnan sa Alma 58:11.
3. 2 Nephi 2:23–25; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Tingnan sa *The Mathnawi of Jalalu'ddin Rumi* (1925–40), isinalin ni Reynold A. Nicholson, tomo 5, 132.
5. Russell M. Nelson, “Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan,” *Liahona*, Nob. 2016, 82.
6. Tingnan sa Neal A. Maxwell, “Plow in Hope,” *Liahona*, Hulyo 2001, 73: “‘Idinulot [din ni Jesus na Manunubos] ang kaniyang kaluluwa sa kamatayan.’ . . . Kapag paminsan-minsan nating ‘idinulot’ [o ibinubuhos] ang ating kaluluwa sa mga personal na pagsamo, sa gayon tayo ay tinatangalan ng pasanin, nagkakaroon ng puwang para sa higit na kagalakan!”
7. Alma 31:38; tingnan din sa Neal A. Maxwell, “Brim with Joy” (debosyonal sa Brigham Young University, Enc. 23, 1996), speeches.byu.edu: “Kapag umabot na tayo sa punto ng paglalaan, ang ating mga paghihirap ay madaraig ng kagalakan kay Cristo. Hindi ito nangangahulugang hindi na tayo daranas ng mga paghihirap, kundi magkakaroon tayo ng pananaw na magtutulot sa atin na

harapin ang mga ito. Sa ating patuloy na paghahangad ng kagalakan at sa bawat pagtaas ng antas ng ating kabutihan, magkakaroon tayo ng isang patak ng kaluguran—paisa-isang patak—hanggang, sa mga salita ng isang propeta, ang ating mga puso ay ‘[mag-umapaw] sa kagalakan’ (Alma 26:11). At sa wakas, ang tasa ng kaluluwa ay mapupuno na!”

8. Juan 16:33.
9. Eter 1:42.
10. Eter 2:18–19.
11. Eter 2:22.
12. Tingnan sa Juan 8:12.
13. Eter 2:19; ikumpara sa Marcos 4:38; tingnan din sa Marcos 4:35–41.
14. Eter 2:25; idinagdag ang pagbibigay-diin.
15. Eter 3:4–5.
16. Eter 6:4; idinagdag ang pagbibigay-diin.
17. Eter 6:6.
18. Eter 6:8; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa 1 Nephi 18:8.
19. Eter 6:10.
20. Eter 6:9; tingnan din sa 1 Nephi 18:16.
21. Tingnan sa 1 Nephi 5:5. Bagama’t nasa ilang pa rin, nagalak si Lehi sa ipinangakong pagpapala.
22. Tingnan sa Eter 6:11.
23. Tingnan sa Sa Mga Hebreo 10:36; Alma 34:41; Doktrina at mga Tipan 24:8; 64:32.
24. Eter 6:12.
25. Tingnan sa 1 Nephi 1:20; 8:8; Alma 33:16.
26. Alma 58:11.
27. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan,” 82.
28. Tingnan sa 2 Nephi 31:19; Alma 34:18; Moroni 10:32.
29. Tingnan sa “Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol,” *Liahona*, Mayo 2017, sa loob ng pabalat sa harap.
30. Tingnan sa 1 Nephi 1:14.



NI ELDER JORGE M. ALVARADO
Ng Pitumpu

Pagkatapos ng Pagsubok sa Ating Pananampalataya

*Kapag sinusunod natin ang tinig ng Diyos
at tinatahak ang Kanyang landas ng tipan,
palalakasin Niya tayo sa mga pagsubok na
dinaranas natin.*

Noong bata pa ako, si Frank Talley, isang miyembro ng Simbahan, ay nag-alok ng tulong sa aking pamilya na makalipad mula sa Puerto Rico patungong Salt Lake City para mabuklod kami sa templo, pero di nagtagal



nagsimulang magkaroon ng mga bala-kid. Isa sa mga kapatid ko, si Marivid, ay nagkasakit. Balisa, nanalangin ang mga magulang ko kung ano ang dapat gawin at nadama pa rin nila na ituloy ang biyahe. Nagtiwala sila na kapag tapat nilang sinusunod ang pahiwatig ng Panginoon, ang aming pamilya ay poprotektahan at pagpapalain—at nangyari nga ito.

Anumang balakid ang maranasan natin sa buhay, makakaasa tayo na maghahanda si Jesucristo ng paraan kapag namumuhay tayo nang may pananampalataya. Nangako ang Diyos na lahat ng namumuhay nang tapat ayon sa mga tipang ginawa nila sa Kanya ay, sa Kanyang panahon, tatanggap ng mga pagpapalang ipinangako Niya. Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland, “May mga pagpapalang dumarating kaagad, may ilang huli na, at may ilang hindi dumarating hangga’t hindi tayo nakararating sa langit; ngunit para sa

mga taong tumatanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo, *dumarating ang mga ito.*”¹

Itinuro ni Moroni na “ang pananam-palataya ay mga bagay na inaasahan at hindi nakikita; kaya nga, huwag magtalu-talo dahil sa hindi ninyo nakikita, sapagkat wala kayong mata-tanggap na patunay hangga’t hindi natatapos ang pagsubok sa inyong pananampalataya.”²

Ang itanong natin ay, Ano ang gagawin natin para lubos na makaya-nan ang mga pagsubok sa ating buhay?

Sa kanyang unang mensahe sa publiko bilang Pangulo ng Simbahan, itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson: “Bilang bagong Panguluhan, nais namin na mag-umpisa na ang [pinakamithiin] ang nasa isip. Dahil dito, nagsasalita kami sa inyo ngayon mula sa isang templo. Ang [pinakamithiin na pinag-sisikapan] ng bawat isa sa atin ay [ang] mapagkalooban ng kapangyarihan sa bahay ng Panginoon, mabuklod bilang mga pamilya, [maging] tapat sa mga tipang ginawa sa templo upang maging karapat-dapat sa pinakadakilang kaloob ng Diyos—ang buhay na walang-hanggan. Ang mga ordenansa ng templo at mga tipang ginawa ninyo ang susi sa pagpapalakas ng inyong buhay, pagsasama ninyong mag-asawa at pamilya, at ng kakayahan ninyong labanan ang mga pagsalakay ng kaaway. Ang inyong pagsamba sa templo at paglilingkod doon para sa inyong mga ninuno ay magpapala sa inyo ng dagdag na personal na paghahayag at kapayapaan at patitibayin ang inyong pangako na manatili sa landas ng tipan.”³

Kapag sinusunod natin ang tinig ng Diyos at tinatahak ang Kanyang landas ng tipan, palalakasin Niya tayo sa mga pagsubok na dinaranas natin.

Mahirap ang pagbiyahe ng pamilya namin maraming taon na ang nakaraan, ngunit nang papalapit na kami sa Salt Lake Temple, Utah, ang aking ina, na puno ng kagalakan at pananalig, ay nagsabing, “Magiging maayos ang lahat; poprotektahan tayo ng Panginoon.” Nabuklod kami bilang pamilya, at gumaling ang kapatid ko. Nangyari lamang ito pagkatapos ng pagsubok sa pananampalataya ng aking mga

magulang at sa pagsunod nila sa mga pahiwatig ng Panginoon.

Ang halimbawang ito ng mga magulang ko ay nakakaimpluwensya pa rin sa buhay namin ngayon. Itinuro sa amin ng kanilang halimbawa ang *bakit* o mga dahilan sa doktrina ng ebanghelyo at tinulungan kaming maunawaan ang kahulugan, layunin, at mga pagpapalang dulot ng ebanghelyo. Ang maunawaan ang *bakit* o mga dahilan sa ebanghelyo ni Jesucristo ay makatutulong din sa atin na harapin ang mga pagsubok nang may pananampalataya.

Sa huli, ang lahat ng bagay na sinasabi at iniuutos sa atin ng Diyos na gawin ay pagpapakita ng Kanyang pagmamahal sa atin at ng Kanyang hangarin na ibigay sa atin ang lahat ng pagpapalang nakalaan para sa matatapat. Huwag nating isipin na matututuhan ng ating mga anak na mahal in ang ebanghelyo sa sarili lang nila; responsibilidad nating mga magulang na ituro ito sa kanila. Kapag tinutulungan natin ang ating mga anak na matutuhan kung paano gamitin nang matalino ang kanilang kalayaan, ang ating halimbawa ay makapagbibigay ng inspirasyon sa kanila na gumawa ng tamang pagpili. At ang kanilang tapat na pamumuhay naman ay tutulong sa kanilang magiging mga anak na malaman ang katotohanan ng ebanghelyo para sa kanilang sarili.

Mga kabataan, pakinggan ang propeta ngayon na nagsasalita sa inyo. Sikaping matutuhan ang mga banal na katotohanan at maunawaan ang ebanghelyo para sa inyong sarili. Kamakailan ay ipinayo ni Pangulong Nelson: “Anong karunungan ang kulang sa inyo? . . . Tularan ang halimbawa ni Propetang Joseph. “Humanap ng tahimik na lugar. . . Magpakumbaba sa harapan ng Diyos. Ibihos ang inyong puso sa inyong Ama sa Langit. Humiling sa Kanya ng kasagutan.”⁴ Sa paghingi ninyo ng patnubay sa inyong mapagmahal na Ama sa Langit sa panalangin, pakikinig sa mga payo ng mga buhay na propeta at pagmamaisid sa halimbawa ng mabubuting magulang, kayo rin ay magiging matibay na kawing ng pananampalataya sa inyong pamilya.

Sa mga magulang na may mga anak na lumisan sa landas ng tipan, unti-unting bumalik. Tulungan sila na maunawaan ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Magsimula ngayon; hindi pa huli ang lahat.

Ang halimbawa ng ating matwid na pamumuhay ay makagagawa ng malaking kaibhan. Sinabi ni Pangulong Nelson: “Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, nasanay na tayo sa pag-iisip na ang ‘simbahan’ ay ang mga nangyayari sa ating mga [meetinghouse], na sinusupportahan ng nangyayari sa ating tahanan. Kailangan natin ng pagbabago sa huwaring ito. Panahon na para sa isang *Simbahan na nakasentro sa tahanan*, na sinusupportahan ng mga nangyayari sa loob ng mga gusali ng ating branch, ward, at stake.”⁵

Itinuturo ng mga banal na kasulatan, “Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalaan.”⁶

Sinasabi rin dito, “At ngayon, sapagkat ang pangangaral ng salita ay may lakas na umakay sa mga tao na gawin yaong matwid—oo, may higit itong malakas na bisa sa isipan ng mga tao kaysa sa espada, o ano pa mang bagay, na nangyari na sa kanila—anupa’t naisip ni

Alma na kapaki-pakinabang na subukan nila ang bisa ng salita ng Diyos.”⁷

May kuwento tungkol sa isang babae sa India na nag-aalala dahil sa sobrang pagkain ng kendi ng kanyang anak. Kahit pagalitan pa niya ito nang husto, patuloy pa rin ito sa pagkain ng matatamis. Sa sobrang pagkadismaya, nagpasiya siyang dalhin ang kanyang anak para makita ang isang matalinong lalaki na iginagalang nito.

Lumapit siya sa lalaki at sinabing, “Ginoo, sobrang kumain ng kendi ang anak ko. Puwede po bang payuhan ninyo siya na tumigil na sa pagkain nito?”

Matamang nakinig ang lalaki at sinabi sa kanyang anak, “Umuwi ka na at bumalik ka pagkaraan ng dalawang linggo.”

Hinawakan niya ang kanyang anak at umuwi, nagtataka kung bakit hindi nito pinatigil ang bata sa sobrang pagkain ng kendi.

Makalipas ang dalawang linggo, bumalik sila. Tiningnan niya nang direktang bata at sinabing, “Iho, dapat itigil mo na ang sobrang pagkain ng kendi. Hindi ito mabuti sa kalusugan mo.”

Tumango ang bata at nangakong ititigil na niya ito.





Nagtanong ang ina ng bata, “Bakit hindi po ninyo sinabi iyan noong nakaraang dalawang linggo?”

Ngumiti ang matalinong lalaki. “Sobra din akong kumain ng kendi noon.”

Gayon katindi ang integridad ng lalaking ito kaya alam niya na magiging epektibo lamang ang kanyang payo kung sinusunod niya mismo ang sarili niyang payo.

Mas malakas ang impluwensya natin sa ating mga anak kapag nakikita nila tayo na tapat na tinatahak ang landas ng tipan. Ang propetang si Jacob sa Aklat ni Mormon ay halimbawa ng gayong pagkamatwid. Isinulat ng anak niyang si Enos ang tungkol sa impluwensya ng mga turo ng kanyang ama:

“Ako, si Enos, na nakakikilala sa aking ama na siya ay isang makatarungang tao—sapagkat tinuruan niya ako sa kanyang wika, at gayundin sa pag-aalaga at pagpapayo ng Panginoon—at purihin ang pangalan ng aking Diyos dahil dito. . . .

“... At ang mga salitang madalas kong marinig na sinasabi ng aking ama hinggil sa buhay na walang hanggan, at ang kagalakan ng mga banal, ay tumimo nang malalim sa aking puso.”⁸

Ipinamuhay ng mga ina ng mga kabataang mandirigma ang ebanghelyo, at ang kanilang mga anak ay

napuno ng pananalig. Iniulat ng kanilang pinuno:

“Sila ay tinuruan ng kanilang mga ina, na kung hindi sila mag-aalinlangan, sila ay ililigtas ng Diyos.

“At inilahad nila sa akin ang mga salita ng kanilang mga ina, sinasabing: Hindi kami nag-aalinlangan, nalalaman ito ng aming mga ina.”⁹

Si Enos at ang mga kabataang mandirigma ay napalakas ng pananampalataya ng kanilang mga magulang, na nakatulong sa kanila na harapin ang pagsubok sa kanilang pananampalataya.

Pinagpapala tayo ng ipinanimbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa ating panahon, na tumutulong sa atin kapag pinanghihinaan tayo ng loob o nahihirapan. Makatitiyak tayo na ang mga pagsisikap natin ay magbubunga sa takdang panahon ng Panginoon kung susulong tayo sa kabila ng mga pagsubok sa ating pananampalataya.

Kaming mag-asawa, kasama ang Area Presidency, ay sinamahan si Elder David A. Bednar sa paglalaan ng Port-au-Prince Haiti Temple. Ang anak naming si Jorge, na kasama namin, ay ganito ang sinabi: “Ang galing po, Papa! Kauumpisa pa lang ni Elder Bednar sa panalangin ng paglalaan, naramdaman ko na napuno ng saya at liwanag ang silid. Ang panalangin ay nakaragdang nang husto sa pagkaunawa ko sa

layunin ng templo. Talagang bahay ito ng Panginoon.”

Sa Aklat ni Mormon, itinuro ni Nephi na kapag nais natin na malaman ang kalooban ng Diyos, palalakasin Niya tayo. Isinulat niya, “Ako, si Nephi, na lubhang bata pa . . . at sapagkat mayroon ding matinding pagnanais na malaman ang mga hiwaga ng Diyos, dahil dito, ako ay nagsumamo sa Panginoon; at masdan, dinalaw niya ako, at pinalambot ang aking puso kung kaya’t pinaniwalaan ko ang lahat ng salitang sinabi ng aking ama; anupa’t ako ay hindi naghimagsik laban sa kanya na tulad ng aking mga kapatid.”¹⁰

Mga kapatid, tulungan natin ang ating mga anak at lahat ng nasa paligid natin na tahakin ang landas ng tipan ng Diyos upang maturuan sila ng Espiritu at mapalambot ang kanilang puso upang naisin nila na sumunod sa Kanya habambuhay.

Habang pinag-iisipan ko ang halimbawa ng aking mga magulang, natanto ko na ipapakita sa atin ng pananalig natin kay Jesucristo ang landas pabalik sa ating tahanan sa langit. Alam ko na darating ang mga himala pagkatapos ng pagsubok sa ating pananampalataya.

Pinatotohanan ko si Jesucristo at ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Alam ko na Siya ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Siya at ang ating Ama sa Langit ay nagpakita noong umagang iyon ng tagsibol ng 1820 sa batang si Joseph Smith, ang propeta ng Panunumbalik. Si Pangulong Russell M. Nelson ang propeta natin ngayon. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Jeffrey R. Holland, “An High Priest of Good Things to Come,” *Liahona*, Ene. 2000, 45.
2. Eter 12:6.
3. Russell M. Nelson, “Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong,” *Liahona*, Abr. 2018, 7.
4. Russell M. Nelson, “Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay,” *Liahona*, Mayo 2018, 95.
5. Russell M. Nelson, “Pambungad na Mensahe,” *Liahona*, Nob. 2018, 7.
6. Mga Kawikaan 22:6.
7. Alma 31:5.
8. Enos 1:1, 3.
9. Alma 56:47–48.
10. 1 Nephi 2:16.



NI ELDER RONALD A. RASBAND
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagtupad sa Ating mga Pangako at Tipan

Inaanyayahan ko kayo na isipin ang mga pangako at mga tipan na ginagawa ninyo sa Panginoon, at sa iba, nang may dakilang integridad, nalalaman na tapat kayo sa inyong salita.

Mga minamahal kong kapatid, sa pagtatapos ng sesyon na ito, nawa'y isapuso natin ang mga pagsaksing ipinabatid sa araw na ito tungkol sa mga katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Tayo ay pinagpala na sama-samang magkaroon ng sagradong panahong ito upang pagtibayin ang ating pangako sa Panginoong Jesucristo na tayo ay Kanyang mga tagapaglingkod at Siya ang ating Tagapagligtas.

Ang kahalagahan ng paggawa at pagtupad sa mga pangako at mga tipan ay aking pinagninilayan. Gaano kahalaga sa inyo ang pagtupad sa inyong pangako? ang pagkatiwalaan? ang gawin ang sinabi ninyong gagawin ninyo? ang sika-ping tuparin ang inyong mga sagradong tipan? ang magkaroon ng integridad? Sa pagiging tapat sa ating mga pangako sa Panginoon at sa iba, tinatahak natin ang landas ng tipan pabalik sa ating Ama sa Langit at nadarama natin ang Kanyang pagmamahal sa ating buhay.

Ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo ang ating dakilang Halimbawa pagdating sa paggawa at pagtupad sa

mga pangako at mga tipan. Pumari-to siya sa mundo na nangangakong gagawin ang kalooban ng Ama. Itinuro Niya ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa salita at sa gawa. Nagbayad-sala Siya para sa ating mga kasalanan upang mabuhay tayong muli. Tinupad Niya ang bawat isa sa Kanyang mga pangako.

Ganoon din ba ang masasabi para sa bawat isa sa atin? Ano ang mga pangani-b kung mandaraya tayo nang kaunti, magpapadaig nang kaunti sa tukso, o hindi lubos na isasakatuparan ang ating mga tipan? Paano kung tatalikuran natin ang ating mga tipan? Lalapit ba ang iba kay Cristo dahil sa ating halimbawa? Tapat ba kayo sa inyong salita? Ang pagtupad sa mga pangako ay hindi gawi; ito ay isang katangian ng pagiging disipulo ni Jesucristo.

Palaging iniisip ang ating mga kahinaan sa mortal na buhay, ipinanga-ko ng Panginoon, “Magalak, at huwag matakot, sapagkat ako ang Panginoon ay kasama ninyo, at tatayo sa tabi ninyo.”¹ Nadarama ko ang Kanyang presensya kapag kailangan ko ng katiyakan, pag-alo, mas dakilang espirituwal na kaalaman o lakas, at dama ko ang pagpapakumbaba at pasasalamat sa Kanyang banal na patnubay.

Sinabi ng Panginoon, “Bawat kaluluwa na tatalikod sa kanyang mga kasalanan at lalapit sa akin, at mananawagan sa aking pangalan, at susunod sa aking tinig, at susunod sa aking mga kautusan, ay makikita ang aking mukha at malalaman na ako na nga.”² Iyan marahil ang Kanyang pinakadakilang pangako.

Natutuhan ko ang kahalagahan ng pagtupad sa aking salita noong kabataan ko. Isa sa mga ganitong halimbawa ay noong tumindig ako upang bigkasin





sa klasikong pangako ni Nephi na “[humayo at gumawa].” Isinulat niya, “At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nangusap sa aking ama: Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila.”³ Bagama’t matagal nang binanggit, tayo sa Simbahan ay nagpapatuloy sa pangakong iyan ngayon.

Ang ibig sabihin ng “humayo at gumawa” ay maging higit na mabuti kaysa mga paraan ng daigdig, pagtanggap sa at pagkilos ayon sa personal na paghahayag, pamumuhay nang matwid na may pag-asa at pananalig sa hinaharap, paggawa at pagtupad sa mga tipan na susundin si Jesucristo, at sa gayon ay madaragdagan ang pagmamahal natin sa Kanya, ang Tagapagligtas ng daigdig.

Ang tipan ay isang pangako sa pagitan natin at ng Panginoon. Bilang mga miyembro ng Simbahan, nakikipagtipan tayo sa binyag na tataglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo, na mamumuhay nang tulad Niya. Katulad ng mga nabinyagan sa mga Tubig ni Mormon, nakikipagtipan tayo na maging Kanyang mga tao, na “magpasa ng pasanin ng isa’t isa, nang ang mga yaon ay gumaan; . . . na makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati; . . . aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar.”⁴ Ang paglingkod natin sa bawat isa sa Simbahan ay nagpapakita sa katapatan nating tuparin ang mga pangakong iyon.

Kapag tumatanggap tayo ng sakramento, pinapanibago natin ang tipan na tataglayin natin ang Kanyang pangalan at gagawa ng karagdang mga pangakong bumuti. Ang ating inisip at gawa sa araw-araw, kapwa malaki at maliit, ay nagpapakita ng ating katapatan sa Kanya. Ang Kanyang sagra-dong pangako bilang kapalit ay, “Kung lagi ninyo akong aalalahanin ang aking Espiritu ay mapapasainyo.”⁵

ang Scout Oath. Ang ating ugnayan sa Boy Scouts of America, sa pagtatapos nito ngayon, ay palaging magiging isang mahalagang pamana sa akin at sa Simbahang ito. Para sa organisasyon ng Scouting, sa maraming kalalakihan at kababaihan na masigasig na naglingkod bilang mga Scout leader, sa mga ina—sa kanila ang tunay na papuri—at sa mga kabataang lalaki na lumahok sa Scouting, sinasabi ko sa inyo, “Salamat.”

Sa sesyong ito rin, ang ating mahal na propeta, si Pangulong Russell M. Nelson, at si Elder Quentin L. Cook ay nagpahayag ng mga pagbabago na muling magtutuon ng ating atensyon sa mga kabataan at iaayon ang ating mga organisasyon sa katotohanang ipinahayag. Bukod pa ryan, noong nakaraang Linggo lamang, ipinaliwanag nina Pangulong Nelson at

Pangulong M. Russell Ballard ang bagong Programa para sa mga Bata at Kabataan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw para sa buong Simbahan. Ito ay pandaigdigang inisyatibong nakatuon sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay nagkakaisa sa bagong direksyong ito, at personal akong nagpapatotoo na pinatnubayan kami ng Panginoon sa bawat hakbang niyon. Nasasabik ako para sa mga bata at kabataan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na maranasan ang pinagkaisang pagtutuon sa kanila kapwa sa tahanan at sa simbahan—sa pag-aaral ng ebanghelyo, paglilingkod at mga aktibidad, at personal na pag-unlad.

Ang tema ng mga kabataan para sa taong 2020 ay nangungusap tungkol

Ang tanong ko ngayon ay, tinutupad ba natin ang ating mga pangako at tipan o kung minsan ba ay hindi tapat na pangako ang mga ito, kaswal na ginawa kung kaya't madaling baliin? Kapag sinasabi natin sa isang tao, "ipagdarasal kita," ginagawa ba natin? Kapag nanga- ngako tayo na "ako ay pupunta para tumulong," gagawin ba natin? Kapag inoobliga natin ang ating sarili na magbayad ng utang, ginagawa ba natin? Kapag itinataas natin ang ating mga kamay upang sang-ayunan ang kapwa miyembro sa isang bagong katungkulan, na ibig sabihin ay susuporta, ginagawa ba natin?

Isang araw noong aking kabataan, umupo ang aking nanay kasama ko sa paanan ng kanyang higaan at nagsalita nang taimtim hinggil sa kahalagahan ng pagsunod sa Word of Wisdom. "Nalalaman ko mula sa mga karanasan ng iba, mula sa nakalipas na mga taon" sabi niya, "ang pagkawala ng espiritu- walidad at kakayahang makadama na nagmumula sa hindi pagsunod sa Word of Wisdom." Siya ay tumingin sa aking mga mata at nadama ko na tumimo ang kanyang mga salita sa aking puso: "Ipangako mo sa akin, Ronnie, ngayon (Ronnie ang tawag niya sa akin), na palagi mong susundin ang Word of Wisdom." Taimtim akong nangako sa kanya, at pinanghahawakan ko ito sa paglipas ng mga taon.

Ang pangakong iyan ay nakatulong sa akin noong kabataan ko at sa mga sumunod na taon kapag may mga okas- yong nakakasama ko ang mga kakilala sa negosyo kung saan umaapaw ang mga nakalalasing na inumin. Maaga akong nagdesisyong sundin ang mga batas ng Diyos, at hindi ko na kinai- langang ipangako itong muli. Sinabi ng Panginoon, "Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang pangako."⁶ Ano ang sinasabi Niya sa kanila na sumusunod sa Word of Wisdom? Na tayo ay may pangako ng kalusugan, kalakasan, karunungan, kaalaman, at mga anghel na manganga- laga sa atin.⁷

Ilang taon na ang nakaraan, kami ni Sister Rasband ay nasa Salt Lake Temple para sa pagbubuklod ng isa sa aming mga anak na babae. Habang nakatayo kami sa labas ng templo kasa- ma ang isang mas batang anak na babae, na hindi pa sapat ang edad upang dumalo sa seremonya, nag-usap kami tungkol sa kahalagahan ng mabuklod sa banal na templo ng Diyos. Katulad ng itinuro sa akin ng aking ina ilang taon ang nakararaan, sinabi namin sa aming anak, "Gusto naming mabubuklod ka nang tiyak sa templo, at gusto naming ipangako mo sa amin na kapag nahanap mo na ang iyong kabiyak para sa walang

hanggan, magpapasiya ka kasama niya na mabuklod sa templo." Nangako siya sa amin.

Matapos iyon ay sinabi niya na pina- ngalagaan siya ng aming usapan at ng kanyang pangako at ipinaalala sa kanya "kung ano ang pinakamahalaga." Kala- unan ay gumawa siya ng mga sagradong tipan nang mabuklod siya sa kanyang asawa sa templo.

Itinuro ni Pangulong Nelson: "Pinalalakas . . . natin ang kapangya- rihan ng Tagapagligtas sa ating buhay kapag gumagawa tayo ng mga sagra- dong tipan at ganap na tinutupad ang mga tipang ito. Ang ating mga tipan ang nagbubuklod sa atin sa Kanya at nagbi- bigay sa atin ng lakas mula sa Diyos."⁸

Kapag tinutupad natin ang mga pangako sa bawat isa, mas malamang na matutupad natin ang mga pangako sa Panginoon. Alalahanin ang mga salita ng Panginoon: "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapa- tid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa."⁹

Isipin natin ang halimbawa ng mga pangako sa mga banal na kasulatan. Si Ammon at ang mga anak ni Mosias sa Aklat ni Mormon ay nangakong "ipangaral ang salita ng Diyos."¹⁰ Nang si Ammon ay nadakip ng mga huk- bong Lamanita, dinala siya sa harapan ng Lamanita na si Haring Lamoni. Ipinangako niya sa hari, "Magiging





pinag-uusapan natin ang *pagtitipon*, ang sinasabi natin ay ang katotohanang ito: bawat isa sa mga anak ng Ama sa Langit, sa parehong panig ng tabing, ay dapat marinig ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.”¹⁷

Bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo, nagtatapos ako nang may paanyaya at pangako. Una, inaanyaya-han ko kayo na isipin ang mga pangako at tipan na ginagawa ninyo sa Panginoon, at sa iba, nang may dakilang integridad, nalalaman na tapat kayo sa inyong salita. Pangalawa, ipinapangako ko sa inyo na kapag ginawa ninyo ito, itataguyod ng Panginoon ang inyong mga salita at babasbasan ang inyong mga gawa habang nagsisikap kayo nang walang kapagurang pagsusumigasig na patatagin ang inyong mga buhay, inyong mga pamilya, at Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Siya ay mapapasainyo, minamahal kong mga kapatid, at magagawa ninyo, nang may pananalig, na umasa na kayo ay “tatanggapin sa langit upang doon [kayo] ay manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan. . . . sapagkat ang Panginoong Diyos ang siyang nagsabi ng mga ito.”¹⁸

Pinatotohanan at ipinapangako ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 68:6.
2. Doktrina at mga Tipan 93:1.
3. 1 Nephi 3:7.
4. Mosias 18:8–9.
5. 3 Nephi 18:7.
6. Doktrina at mga Tipan 82:10.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 89:18–21.
8. Russell M. Nelson, “Paghugot ng Lakas kay Jesucristo sa Ating Buhay,” *Liahona*, Mayo 2017, 41.
9. Mateo 25:40.
10. Alma 17:14.
11. Alma 17:25.
12. Ruth 1:16.
13. Lucas 10:35.
14. 1 Nephi 4:37.
15. Doktrina at mga Tipan 2:2; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 27:9; 128:17; Joseph Smith—Kasaysayan 1:39.
16. John A. Widtsoe, “The Worth of Souls,” *Utah Genealogical and Historical Magazine*, Okt. 1934, 189.
17. Russell M. Nelson, “Pag-asa ng Israel” (pandaigdigang debosyonal ng mga kabataan, Hunyo 3, 2018), *Hope of Israel*. Church of Jesus Christ.org, 8.
18. Mosias 2:41.

tagapagsilbi ninyo ako.”¹¹ Nang dumating ang mga tulisan upang nakawin ang mga tupa ng hari, pinutol ni Ammon ang kanilang mga braso. Dahil lubhang namangha ang hari, nakinig siya sa mensahe ni Ammon tungkol sa ebanghelyo at nagbalik-loob.

Si Ruth, sa Lumang Tipan, ay nangako sa kanyang biyenang, “Kung saan ka pumaroon, ay paroroon ako.”¹² Siya ay naging tapat sa kanyang salita. Ang mabuting Samaritano, sa isang talinghaga sa Bagong Tipan, ay nangako sa tagapangasiwa ng bahay-tuluyan na kung aalagaan niya ang sugatang manlalakbay, “Anomang magugol mong higit, ay aking pagbabayaran sa iyo pagbabalik ko.”¹³ Si Zoram, sa Aklat ni Mormon, ay nangakong paroroon sa ilang kasama ni Nephi at ng kanyang mga kapatid. Sabi ni Nephi, “Nang

manumpa si Zoram sa amin, nawala ang aming takot hinggil sa kanya.”¹⁴

Paano naman ang sinaunang pangako na “ginawa sa mga ama” na inilarawan sa mga banal na kasulatan na “ang mga puso ng mga anak ay magbabalik-loob sa kanilang mga ama”?¹⁵ Sa buhay bago ito nang pinili natin ang plano ng Diyos, nangako tayong tutulong sa pagtipon sa Israel sa magkabilang panig ng tabing. “Nakipagtulungan tayo sa Panginoon,” paliwanag ni Elder John A. Widtsoe ilang taon na ang nakararaan. “Ang pagsasakatuparan ng plano ay hindi lamang naging gawain ng Ama, at gawain ng Tagapagligtas, kundi naging gawain din natin.”¹⁶

“Ang pagtitipon . . . ang pinakamahalagang nangyayari sa mundo ngayon,” sabi ni Pangulong Nelson sa kanyang paglalakbay sa daigdig. “Kapag



NI REYNA I. ABURTO

Pangalawang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

Sa Dilim at Liwanag, Aking Panginoon, Manatili!

*Pinatotohanan ko na sa “dilim at liwanag”
mananatili ang Panginoon sa piling natin, nang
ang ating “mga paghihirap [ay] malulon sa
kagalakan dahil kay Cristo.”*

Nakasaad sa isa sa paborito nating himno ang pagsamong “[Sa dilim at liwanag,] aking Panginoon, manatili!”¹ Minsan ay nakasakay ako sa eroplano habang palapit ang isang malakas na bagyo. Nang tumanaw ako sa bintana, nakita ko ang makapal at madilim na mga ulap na nasa ilalim namin. Ang mga sinag ng papalubog na araw ay tumagos sa mga ulap, kaya nagliwanag nang matindi ang mga ito. Hindi nagtagal ay bumaba na ang eroplano sa makapal at madilim na mga ulap, at bigla kaming nabalot ng makapal na kadiliman na dahilan para malimutan namin ang matinding liwanag na nasaksihan namin ilang sandali pa lang ang nakalipas.²

Maaari ding magkaroon ng madilim na mga ulap sa ating buhay, na maaaring bumulag sa atin at hindi makita ang liwanag ng Diyos at maging dahilan para magduda tayo kung nariyan ba talaga ang liwanag na iyon para sa atin. Ang

ilan sa mga ulap na ito ay ang depresyon, pagkabalisa, at iba pang uri ng karamdaman sa isip at emosyon. Maaaring mapinsala ng mga ito ang tingin natin sa ating sarili, sa iba, at maging sa Diyos. Nakakaapekto ang mga ito sa kababaihan at kalalakihan sa lahat ng edad sa lahat ng sulok ng mundo.



Nakapipinsala rin ang nakama-manhid na ulap ng pag-aalinlangan na maaaring makaapekto sa iba na hindi pa nakaranas ng ganitong mga problema o pagsubok. Tulad ng alinmang bahagi ng katawan, ang utak ay maaaring dumanas ng sakit, trauma, at mga chemical imbalance. Kapag nahihirapan ang ating isipan, angkop lamang na humingi ng tulong sa Diyos, sa mga nasa paligid natin, at sa mga medical at mental health professional.

“Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o babae ng mga magulang sa langit, at . . . bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos.”³ Tulad ng ating mga Magulang sa Langit at ng ating Tagapagligtas, mayroon tayong katawang pisikal⁴ at may damdamin na nakadarama.⁵

Mahal kong mga kapatid, normal lang ang malungkot o mag-alala paminsan-minsan. Ang kalungkutan at pagkabalisa ay likas na mga damdamin ng tao.⁶ Gayunman, kung palagi tayong malungkot at kung humahadlang ang ating kalungkutan o pasakit sa kakayahang nating madama ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak at ang impluwensya ng Espiritu Santo, maaaring dumaranas tayo ng depresyon, pagkabalisa, o iba pang kalagayan sa emosyon.

Isinulat minsan ng anak kong babae: “May pagkakataon noon . . . [na] palaging napakalungkot ko. Palagi kong naiisip noon na ang kalungkutan



ay isang bagay na dapat ikahiya, at tanda ito ng kahinaan. Kaya itinago ko na lamang ang aking kalungkutan sa aking sarili. . . . Pakiramdam ko ay wala akong silbi.”⁷

Ganito ito inilarawan ng isang kaibigan: “Simula sa pagkabata ko, palagi kong pinaglalabanan ang kawalang pag-asa, kadiliman, kalungkutan, at pangamba at ang pakiramdam na mahina ako o may depekto. Ginawa ko ang lahat para itago ang paghihirap ko at upang ipakita sa iba na matatag at malakas ako.”⁸

Mahal kong mga kaibigan, maaaring mangyari ito sa sinuman sa atin—lalo na kapag, bilang mga naniniwala sa plano ng kaligayahan, ay pinapasakitan natin ang ating sarili sa pag-iisip na kailangan nating maging perpekto ngayon. Ang gayong mga kaisipan ay maaaring maging mabigat isipin. Ang pagiging perpekto ay isang prosesong mangyari sa buong buhay natin at hanggang sa kabilang-buhay—at sa pamamagitan lamang ng biyaya ni Jesucristo.⁹

Sa kabilang dako naman, kapag hayagan nating sinasabi ang mga paghihirap ng ating damdamin, na inaamin na hindi tayo perpekto, tinutulan natin ang iba na ibahagi rin ang kanilang mga problema o paghihirap. Magkasama nating natatanto na may pag-asa at hindi tayo kailangang magdusang mag-isa.¹⁰

Bilang mga disipulo ni Jesucristo, nakipagtipan tayo sa Diyos na tayo ay “nahahandang magpasan ng pasanin ng isa’t isa,” at “makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati.”¹¹ Maaaring kasama rito ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa mga karamdaman sa emosyon, paghahanap ng resources na makatutulong para malutas ang mga pasakit na ito, at sa huli ay mailapit ang ating sarili at ang iba kay Cristo, ang Dalubhasang Manggagamot.¹² Kahit hindi natin alam kung paano makikisimpati sa pinagdaraan ng iba, ang malaman na talagang nahihirapan sila ay maaaring isang mahalagang hakbang sa pag-unawa at paggaling.¹³

Sa ilang sitwasyon, ang sanhi ng depresyon o pagkabalisa ay maaaring matukoy, samantalang sa ibang pagkakataon ay maaaring mas mahirap itong mahiwatigan.¹⁴ Ang ating utak ay maaaring mahirapan dahil sa stress¹⁵ o matinding pagod,¹⁶ na kung minsang maaaring masolusyunan sa pamamagitan ng pagbabago sa kinakain, oras ng pagtulog, at pag-eheersisyo. Sa ibang mga pagkakataon, maaaring kailanganin din ang therapy o pag-inom ng gamot ayon sa bilin ng mga doktor.

Ang di-nagamot na karamdaman sa pag-iisip o emosyon ay maaaring humantong sa lalo pang paglayo ng sarili sa iba, mga di-pagkakaunawaan,

pagkasira ng relasyon, pananakit sa sarili, at maging sa pagpapakamatay. Alam ko ito, dahil ang aking ama ay nagpakamatay maraming taon na ang nakaraan. Nakakagulat at napakasakit ng pagkamatay niya para sa aming pamilya at sa akin. Maraming taon kong pinaglabanan ang aking pagdadalamhati, at kamakailan ko lang nalaman na ang pagsasalita tungkol sa pagpapakamatay sa angkop na mga paraan ay talagang nakakatulong para maiwasan ito sa halip na mahikayat ito.¹⁷ Nasasabi ko na ngayon sa mga anak ko ang pagkamatay ng aking ama at nasaksihan ko ang paggaling na naibibigay ng Tagapagligtas sa magkabilang panig ng tabing.¹⁸

Nakakalungkot na marami sa mga dumaranas ng matinding depresyon ang lumalayo sa kanilang kapwa mga Banal dahil pakiramdam nila ay hindi sila nabibilang. Maaari natin silang tulungan na malaman at madama na talagang kabilang sila sa atin. Mahalagang unawain na ang depresyon ay hindi bunga ng kahinaan, ni hindi ito bunga ng kasalanan.¹⁹ Ito “ay tumitindi kapag inilihim ngunit nababawasan kapag inunawa.”²⁰ Magkakasama nating madaraig ang mga ulap ng pag-iisa at pagkahiya upang mapawi ang pasaning ito at mangyari ang mga himala ng paggaling.

Noong Kanyang mortal na ministryo, pinagaling ni Jesucristo ang mga maysakit at may karamdaman, ngunit bawat tao ay kinailangang manampalata sa Kanya at kumilos upang matanggap ang Kanyang pagpapagaling. Ang ilan ay naglakad nang malayo, ang iba ay iniunat ang kanilang kamay para mahawakan ang Kanyang damit, at ang iba ay kinailangang buhatin at dalhin sa Kanya para mapagaling.²¹ Kung tungkol sa paggaling, hindi ba’t lahat tayo ay kailangang-kailangan Siya? “Hindi ba’t tayong lahat ay mga pulubi?”²²

Tahakin natin ang landas ng Tagapagligtas at dagdagan ang ating pagkahabag, bawasan ang panghuhusga, at tigilan na ang pagiging mapanuri sa espirituwalidad ng iba. Ang pakikinig nang may pagmamahal ay isa sa mga pinakadakilang kaloob na maibibigay natin, at makatutulong tayo na pasanin o pawiin ang mabibigat na ulap na nagpapahirap

sa ating mga mahal sa buhay at mga kaibigan²³ nang sa gayon, sa pamamagitan ng ating pagmamahal, muli nilang madama ang Espiritu Santo at ang liwanag na nagmumula kay Jesucristo.

Kung kayo ay palaging napapalibutan ng “abu-abo ng kadiliman,”²⁴ bumaling sa Ama sa Langit. Wala kayong anumang naranasan na makakapagpabago sa walang-hanggang katotohanan na kayo ay Kanyang anak at mahal Niya kayo.²⁵ Tandaan na si Cristo ang inyong Tagapagligtas at Manunubos, at ang Diyos ang inyong Ama. Nakaunawa Sila. Isipin ninyo na malapit Sila sa inyo, nakikinig at nagbibigay ng suporta.²⁶ “[Kanila] kayong aaluin sa inyong mga paghihirap.”²⁷ Gawin ninyo ang lahat ng inyong makakaya, at magtiwala sa nagbabayad-salang biyaya ng Panginoon.

Hindi ang inyong mga pasakit ang magtatakda kung ano ang magiging kayo, ngunit maaari kayong *dalisayin* ng mga ito.²⁸ Dahil sa “tinik sa laman,”²⁹ maaari kayong magkaroon ng damdamang mas mahabag sa iba. Sa paggabay ng Espiritu Santo, ibahagi ang inyong kuwento upang “tulongan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina.”³⁰

Para sa atin na kasalukuyang nahihirapan o tumutulong sa isang taong nahihirapan, maging handa tayong sundin ang mga utos ng Diyos upang laging mapasaatin ang Kanyang Espiritu.³¹ Gawin natin ang “maliliit at simpleng mga bagay”³² na magbibigay sa atin ng espirituwal na lakas. Tulad ng sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson: “Walang higit na makapagbubukas ng kalangitan sa magagawa ng dagdag na kadalisan, lubos na pagsunod, masigasig na paghahanap, araw-araw na pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo sa Aklat ni Mormon, at pag-uukol ng oras sa templo at gawain sa family history.”³³

Tandaan nating lahat na ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo ay, “[dinala] sa kanyang sarili . . . ang [ating] mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya . . . kung paano [tayo] tutulungan . . . alinsunod sa

[ating] mga kahinaan.”³⁴ Naparito Siya “upang magpagaling ng mga bagbag na puso, . . . upang aliwin ang lahat ng tumatangis; . . . upang bigyan sila ng putong na bulaklak na kahalili ng mga abo, ng langis ng kagalakan na kahalili ng pagtangis, ng damit ng kapurihan na kahalili ng kabigatan ng loob.”³⁵

Pinatototohanan ko sa inyo na “sa dilim at liwanag” mananatili ang Panginoon sa piling natin, ang ating “mga paghihirap [ay] malululon sa kagalakan dahil kay Cristo,”³⁶ at “nalgatas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa.”³⁷ Pinatototohanan ko na si Jesucristo ay babalik sa mundo “na may pagpapagaling sa kanyang mga bagwis.”³⁸ Sa huli, “papahirin niya ang bawa’t luha sa [ating] mga mata; at hindi na magkakaroon pa ng dalamhati.”³⁹ Sa lahat ng “[lalapit] kay Cristo, at [magiging] ganap sa kanya,”⁴⁰ ang “araw ay hindi na lulubog; . . . sapagka’t ang Panginoon ay magiging [ating] walang hanggang liwanag, at ang mga kaarawan ng [ating] pagtangis ay matatapos.”⁴¹ Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. “Manatili sa Akin!” *Mga Himno*, blg. 97.
2. Noong nasa ibabaw kami ng mga ulap, hindi namin makita ang kadiliman na naroon ilang talampakan lang sa ibaba namin, at nang mabalot kami ng kadiliman sa ibaba, mahirap makita ang sinag ng araw na ilang talampakan lang sa ibabaw namin.
3. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Mayo 2017, 145.
4. “Ang espiritu at ang katawan ang kaluluwa ng tao” (Doktrina at mga Tipan 88:15). “Ang inyong katawan ay templo para sa inyong espiritu. At ang paraan ng paggamit ninyo ng inyong katawan ay makakaapekto sa inyong espiritu” (Russell M. Nelson, “Mga Pagpapasiya para sa Kawalang-Hanggan,” *Liahona*, Nob. 2013, 107).
5. Tingnan, halimbawa, sa Isaias 65:19; Lucas 7:13; 3 Nephi 17:6–7; Moises 7:28. Ang matutuhang matukoy at pahalagahan ang ating emosyon ay makatutulong sa atin na gamitin ang mga ito nang mabuti upang maging higit na katulad ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo.
6. Tingnan sa “Sadness and Depression,” kidshealth.org/en/kids/depression.html.
7. Hermana Elena Aburto blog, hermanaelenaaburto.blogspot.com/2015/08. Isinulat din niya: “Ang pagsubok na iyon ay nagbigay sa akin ng pagkakataon na lubos na manampalataya sa plano ng kaligtasan.

Dahil alam kong mahal ako ng aking Ama sa Langit, at may plano Siya para lamang sa akin, at naunawaan ni Cristo ang mismong pinagdaraan ko.”

- “Hindi kayo ipapahiya ng Diyos kapag wala kayong kasanayan. Masaya Siya na tulongan kayo na magpakabuti at magsisi. Hindi Niya inasahang malulutas o maaayos ninyo ang lahat nang minsanan lang. Hindi ninyo kinakailangang gawin ito nang mag-isa” (iwillhealthee.blogspot.com/2018/09).
8. Personal na liham. Isinulat din niya: “Ang nakapagpapagaling na balsamo ng Pagbabayad-sala ng aking Tagapagligtas ang pinaka-palagiang pinagmumulan ng kapayapaan at kanlungan sa aking paglalakbay sa buhay na ito. Kapag nadarama kong nag-iisa ako sa aking paghihirap, napapaalalahanan ako na naranasan na Niya ang mismong pinagdaanan ko para sa aking kapakanan. . . . May malaking pag-asa sa kaalamang ang aking perpekto, at nabuhay na muling katawan balang-araw ay hindi na daranas pa ng mortal [na paghihirap] na ito.”
 9. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Perfection Pending,” *Ensign*, Nob. 1995, 86–88; Jeffrey R. Holland, “Kayo Nga’y Mangagpakasakdal—Sa Wakas,” *Liahona*, Nob. 2017, 40–42; J. Devn Cornish, “Sapat na ba ang Kabutihan Ko? Magiging Karapat-dapat ba Ako?” *Liahona*, Nob. 2016, 32–34; Cecil O. Samuelson, “What Does It Mean to Be Perfect?” *New Era*, Ene. 2006, 10–13.
 10. Mahalagang kausapin ang ating mga anak, pamilya, at kaibigan sa ating tahanan, ward, at komunidad tungkol sa mga isyung ito.
 11. Mosias 18:8–9.
 12. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Jesucristo—ang Dalubhasang Manggagamot,” *Liahona*, Nob. 2005, 85–88; Carole M. Stephens, “Ang Dalubhasang Manggagamot,” *Liahona*, Nob. 2016, 9–12.
 13. Ang malaman kung paano matutukoy ang mga palatandaan at sintomas sa ating sarili at sa iba ay makatutulong. Matututuhan din nating malaman ang di-tumpak o di-makatutulong na paraan ng pag-iisip at kung paano papalitan ang mga ito ng mas tumpak at mas makatutulong na kaisipan.
 14. Ang depresyon ay maaaring bunga rin ng mga positibong pagbabago sa buhay—tulad ng pagsilang ng isang anak o isang bagong trabaho—at maaaring mangyari kapag maganda ang takbo ng buhay ng isang tao.
 15. Tingnan sa “Pag-unawa sa Nararamdamang Stress,” *Pag-adjust sa Buhay-Missionary* (2013), 5–10.
 16. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, “Parang Basag na Sisidlan,” *Liahona*, Nob. 2013, 40.
 17. Tingnan sa Dale G. Renlund, “Understanding Suicide” (video), ChurchofJesusChrist.org; “Talking about Suicide” (video), ChurchofJesusChrist.org; Kenishi Shimokawa, “Pag-unawa sa Pagpapakamatay: Mga Palatandaan Nito at Paghadlang Dito,” *Liahona*, Okt. 2016, 35–39.
 18. “Ang simula ng paghilom ay nangangailangan ng pananampatalaya na katulad sa isang bata sa di mababagong katotohanan na mahal kayo ng Ama sa Langit at nagbigay Siya ng paraan para kayo ay maghilom.

Ang Kanyang Pinakamamahal na Anak, si Jesucristo, ay inialay ang Kanyang buhay para maibigay ang paghilom na iyan. Ngunit walang basta-bastang solusyon, walang simpleng gamot na magpapahilom, ni walang madaling landas tungo sa lubos na paghilom. Ang paghilom ay nangangailangan ng malaking pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang walang hanggang kapangyarihan na magpagaling” (Richard G. Scott, “Upang Mapaghilom ang Mapangwasak na mga Bunga ng Pang-aabuso,” *Liahona*, Mayo 2008, 42). Kapag may problema, ang reaksiyon natin ay lutasin ito. Gayunman, hindi kailangang tayo lang ang lumutas sa mga problema ng ating sarili o ng iba. Hindi kailangang sarili lang natin ang gumawa ng lahat ng bagay. Sa mahigit isang beses na pagkakataon sa buhay ko, naghanap ako ng mga therapist para tulungan ako na maharap ang mahihirap na sandali.

19. Juan 9:1–7.
20. Jane Clayson Johnson, *Silent Souls Weeping* (2018), 197.
21. Tingnan sa Mateo 9:2–7, 20–22; 14:35–36; Marcos 1:40–42; 2:3–5; 3 Nephi 17:6–7.
22. Mosias 4:19; tingnan din sa Jeffrey R. Holland, “Hindi Ba’t Tayong Lahat ay mga Pulubi?” *Liahona*, Nob. 2014, 40–42.
23. Tingnan sa Mga Taga Roma 2:19; 13:12; tingnan din sa Jeffrey R. Holland, “Come unto Me” (Brigham Young University devotional, Mar. 2, 1997), speeches.byu.edu.
24. 1 Nephi 8:23–24; tingnan din sa 1 Nephi 12:4, 17; 3 Nephi 8:22.
25. Tingnan sa Mga Awit 82:6; Mga Taga Roma 8:16–18; Doktrina at mga Tipan 24:1; 76:24; Moises 1:1–39.
26. Tingnan sa *Pag-adjust sa Buhay-Missionary*, 20; tingnan din sa Mikas 7:8; Mateo 4:16; Lucas 1:78–79; Juan 8:12.
27. Jacob 3:1; tingnan din sa Mga Taga Efeso 5:8; Mga Taga Colosas 1:10–14; Mosias 24:13–14; Alma 38:5. Basahin ang inyong patriarchal blessing o humingi ng priesthood blessing upang marinig ninyo at maalala kung gaano kayo kamahal ng Ama sa Langit at nais kayong pagpalain.
28. Tingnan sa II Mga Taga Corinto 4:16–18; Doktrina at mga Tipan 121:7–8, 33; 122:5–9.
29. II Mga Taga Corinto 12:7.
30. Doktrina at mga Tipan 81:5; tingnan din sa Isaias 35:3.
31. Tingnan sa Moroni 4:3; Doktrina at mga Tipan 20:77.
32. Alma 37:6.
33. Russell M. Nelson, “Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay,” *Liahona*, Mayo 2018, 95.
34. Alma 7:12; tingnan din sa Isaias 53:4; 2 Nephi 9:21; Mosias 14:4.
35. Isaias 61:1–3; tingnan din sa Lucas 4:18.
36. Alma 31:38; tingnan din sa Alma 32:43; 33:23.
37. 2 Nephi 25:23.
38. Malakias 4:2; 3 Nephi 25:2.
39. Apocalipsis 21:4.
40. Moroni 10:32.
41. Isaias 60:20.



NI LISA L. HARKNESS
Unang Tagapayo sa Primary General Presidency

Paggalang sa Kanyang Pangalan

Sa tipan ng pagkakakilanlan at pagiging kabilang, tinatawag tayo sa pangalan ni Jesucristo.

Habang sabik na hinihintay ng mga magulang ang pagsilang ng kanilang anak, responsibilidad nilang pumili ng pangalan para sa kanilang bagong silang na anak. Marahil nang isilang kayo, binigyan kayo ng pangalan na ipinasa-pasa na sa inyong pamilya sa maraming henerasyon. O marahil ang pangalang ibinigay sa inyo ay popular sa taon o sa lugar kung saan kayo isinilang.

Ang propetang si Helaman at ang kanyang asawa ay nagbigay ng makahulugang pangalan sa kanilang mga sanggol na sina Nephi at Lehi. Kalaunan sinabi ni Helaman sa kanyang mga anak:

“Ibinigay ko sa inyo ang mga pangalan ng ating mga naunang magulang . . . nang sa gayon kapag naalaala ninyo ang inyong mga pangalan ay maalaala ninyo sila; at kapag naalaala ninyo sila ay maalaala ninyo ang kanilang mga gawa . . . kung paanong nasabi, at nasulat din, na sila’y mabubuti.

“Samakatwid, mga anak ko, nais kong gawin ninyo ang yaong mabuti.”¹

Ang mga pangalan nina Nephi at Lehi ay nakatulong sa kanila na maalaala ang mabubuting gawain ng kanilang mga ninuno at naghikayat sa kanila na gumawa rin ng mabuti.

Mga kapatid, saanman tayo nakatira, ano man ang wikang sinasalita natin, o tayo man ay 8 taong gulang o 108, may isang natatanging pangalan na taglay nating lahat na may gayunding mga layunin.

“Sapagka’t ang lahat [sa atin] ay binautismuhan kay Cristo ay ibinihis si Cristo . . . sapagka’t [tayong] lahat ay iisa kay Cristo Jesus.”²

Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal



sa mga Huling Araw, “ang unang [ipinangako] natin [ay] handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo . . . sa [pamamagitan ng] ordenansa ng binyag.”³ Sa pamamagitan ng tipang ito, ipinangako natin na lagi Siyang aalalahanin, susundin ang Kanyang mga utos, at paglilingkuran ang iba. Ang kahandaan nating tuparin ang tipang ito ay pinaninibago tuwing araw ng Sabbath kapag tumatanggap tayo ng sakramento at nagagalak na muli sa *mga pagpapala* ng “[paglakad] sa panibagong buhay.”⁴

Ang pangalan na ibinigay sa atin noong isinilang tayo ay nagpapakita ng kani-kanya nating pagkakakilanlan at nagpapadama na kabilang tayo sa ating pamilya sa mundo. Gayunman, kapag tayo ay “isinilang na muli” sa binyag, lumalawak ang ating pang-unawa sa kung sino tayo. “Dahil sa tipang inyong ginawa kayo ay tatawaging mga anak ni Cristo, . . . sapagkat masdan, . . . sa araw na ito kayo ay kanyang espirituwal na isinilang; sapagkat sinasabi ninyo na ang inyong mga puso ay nagbago sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan; anupa’t kayo ay isinilang sa kanya.”⁵

Sa gayon, sa tipan ng pagkakakilanlan at pagiging kabilang, tinatawag tayo sa pangalan ni Jesucristo. At “walang ibang pangalang ibinigay, o anumang daan, o paraan kung saan ang kaligtasan ay mapapasa mga anak ng tao, tanging kay at sa pamamagitan lamang ng pangalan ni Cristo, ang Panginoong Makapangyarihan.”⁶

Ang pangalan ni Jesus ay ipinropesiya na bago pa Siya isinilang. Kay Haring Benjamin, ipinropesiya ng isang anghel, “At siya ay tatawaging Jesucristo ang Anak ng Diyos, . . . at ang kanyang ina ay tatawaging Maria.”⁷ Ang Kanyang gawain na “mapagtubos na pag-ibig”⁸ ay ipinaalam din sa mga anak ng Diyos sa tuwing ang ebanghelyo ay nasa mundo, mula pa noong panahon nina Eva at Adan hanggang sa ating kasalukuyang panahon, upang malaman nila “kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.”⁹

Noong nakaraang taon, “bilang propeta” isinamo ni Pangulong Russell M.



Nelson sa kababaihan ng Simbahan na “hubugin ang hinaharap sa pagtulong na tipunin ang nakalat na Israel.” Inanyayahan niya tayo na basahin ang Aklat ni Mormon at “markahan ang bawat talatang bumabanggit o tumutukoy sa Tagapagligtas.” Hiniling niya na “sadya [tayong] magsalita tungkol kay Cristo, magalak kay Cristo, at mangaral tungkol kay Cristo sa [ating] mga pamilya at kaibigan.” Marahil nagsisimula na ninyong madama ang mga bunga ng kanyang pangako na “mas mapapalapit kayo at sila sa Tagapagligtas. . . . At ang mga pagbabago, pati na mga himala, ay magsisimulang mangyari.”¹⁰

Ang ating pangako na laging aalalahanin ang Tagapagligtas ay nagbibigay sa atin ng lakas na manindigan sa katotohanan at kabutihan—tayo man ay naroon sa maraming tao o sa lugar na nag-iisa lamang tayo, kung saan walang sinuman ang nakaaalam ng ating mga kilos maliban sa Diyos. Kapag inaalala natin Siya at ang pangalan Niya na

ating tinataglay, hindi natin mamaliitin ang ating sarili sa pagkukumpara sa iba o mapagmataas na manghuhusga sa iba. Nakatuon ang mga mata sa Tagapagligtas, makikita natin ang ating sarili kung sino talaga tayo—isang pinakamamahal na anak ng Diyos.

Ang pag-alaala natin sa ating mga tipan ay pumapawi ng mga alalahanin natin sa mundo, nag-aalis ng pag-aalinlangan sa ating sarili kapalit ng katatagan ng loob, at nagbibigay ng pag-asa sa mga oras ng pagsubok.

At kapag tayo ay natisod at nadapa sa ating pagsulong sa landas ng tipan, kailangan lang nating alalahanin ang Kanyang pangalan at ang Kanyang mapagmahal na kabaitan sa atin. “Sapagkat taglay niya ang lahat ng kapangyarihan, lahat ng karunungan, at lahat ng kaalaman; nalalaman niya ang lahat ng bagay, at isa siyang maawaing Katauhan . . . sa mga yaong magsisisi at maniniwala sa kanyang pangalan.”¹¹ Tunay ngang wala nang tatamis pa sa



tunog ng pangalan ni Jesus sa lahat ng mga yaong, taglay ang bagbag na puso at nagsisising espiritu, ay nagsisikap na “gumawa nang mas mahusay at maging mas mahusay.”¹²

Itinuro ni Pangulong Nelson: “Lipas na ang araw na maaari kayong manahimik at mapanatag bilang Kristiyano. Ang inyong relihiyon ay hindi lamang tungkol sa pagsisimba sa araw ng Linggo. Ito ay tungkol sa pagiging tunay na disipulo mula Linggo ng umaga hanggang Sabado ng gabi. . . . Walang ‘part-time’ na disipulo ng Panginoong Jesucristo.”¹³

Ang kahandaan nating taglayin ang pangalan ni Cristo ay higit pa sa pormal na pagtatalakayan. Hindi ito pangako na puro salita o hidwaan ng kultura. Hindi ito kaganapan sa buhay na ipinagdiriwang o name tag na isinu-suot natin. Hindi ito kasabihan na inilagay lang natin sa estante o isinasabit sa dingding. Ang Kanyang pangalan ay “ibinihis,”¹⁴ sa ating mga puso, at “nakaakit sa [ating] mga mukha.”¹⁵

Ang nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas ay dapat alalahanin, lagi, sa ating mga isipan, kilos, at pakikisalamuha sa iba. Hindi lamang Niya naaalala ang *ating mga pangalan*, kundi naaalala Niya *tayo* sa tuwina. Ipinahayag ng Tagapagligtas:

“Sapagkat malilimutan ba ng isang ina ang kanyang anak na pinasususo,

na hindi siya maaawa sa anak ng kanyang sinapupunan? Oo, maaaring makalimot siya, gayon pa man hindi kita malilimutan, O sambahayan ni Israel.

“Masdan, aking inanyuan ka sa mga palad ng aking mga kamay.”¹⁶

Itinuro ni Pangulong George Albert Smith, “Igalang ang mga pangalang taglay ninyo, dahil balang-araw magkakaroon kayo ng pribilehiyo at obligasyon na iulat . . . sa inyong Ama sa Langit ang nagawa ninyo sa [mga pangalang iyon].”¹⁷

Tulad ng mga pangalan nina Nephi at Lehi na pinag-isipang mabuti, maaari bang masabi at maisulat tungkol sa atin na tayo ay mga tunay na disipulo ng Panginoong Jesucristo? Iginagalang ba natin ang pangalan ni Jesucristo na buong kahandaan nating tinaglay sa ating sarili? Tayo ba ay kapwa “ministro at saksi”¹⁸ ng Kanyang magiliw na kabaitan at Kanyang mapantubos na kapangyarihan?

Kamakailan lang, pinakinggan ko ang Aklat ni Mormon. Sa huling kabanata ng 2 Nephi *narinig* ko si Nephi na nagsabi ng isang bagay na hindi ko *binasa* kailanman noon sa ganoong paraan. Sa kanyang buong talaan, nagturo at nagpatotoo siya tungkol sa “Manunubos,” ang “Banal ng Israel,” ang “Kordero ng Diyos,” at ang “Mesiya.” Ngunit nang tinatapos na niya ang kanyang tala, narinig

kong sinabi niya ang mga salitang ito: “Ako ay nagpupuri sa kalinawan; ako ay nagpupuri sa katotohanan; ako ay nagpupuri sa *aking Jesus*, sapagkat kanyang tinubos ang aking kaluluwa.”¹⁹ Nang marinig ko ang mga salitang ito, nagalak ang aking puso at paulit-ulit ko itong pinakinggan. Kinilala at tinugon ko ang talatang iyon tulad ng pagkilala at pagtugon ko sa aking sariling pangalan.

Sinabi ng Panginoon, “Oo, pinagpala ang mga taong ito na nakahandang taglayin ang aking pangalan; sapagkat sa aking pangalan sila ay tatawagin; at sila ay akin.”²⁰

Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, nawa’y ating “[taglayin sa ating] sarili, nang may kagalakan, ang pangalan ni Cristo”²¹ sa pamamagitan ng paggalang sa Kanyang pangalan nang may pagmamahal, katapatan, at mabubuting gawain. Pinatotohanan ko na Siya “ang Kordero ng Diyos, oo, maging ang Anak ng Walang Hanggang Ama.”²² Sa pangalan ng Kanyang banal na anak, na si Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Halaman 5:6–7.
2. Mga Taga Galacia 3:27–28.
3. D. Todd Christofferson, “Ang Kapangyarihan ng mga Tipan,” *Liahona*, Mayo 2009, 20.
4. Mga Taga Roma 6:4.
5. Mosias 5:7.
6. Mosias 3:17.
7. Mosias 3:8.
8. Alma 26:13.
9. 2 Nephi 25:26.
10. Russell M. Nelson, “Pakikibahagi ng Kababaihan sa Pagtitipon ng Israel,” *Liahona*, Nob. 2018, 69–70.
11. Alma 26:35.
12. Russell M. Nelson, “Maaari Tayong Gumawa nang Mas Mahusay at Maging Mas Mahusay,” *Liahona*, Mayo 2019, 68.
13. Russell M. Nelson, “Disciples of Jesus Christ—Defenders of Marriage” (Brigham Young University commencement, Ago. 14, 2014), 3, speeches.byu.edu.
14. Mga Taga Galacia 3:27.
15. Alma 5:19.
16. 1 Nephi 21:15–16.
17. George Albert Smith, “Your Good Name,” *Improvement Era*, Mar. 1947, 139.
18. Mga Gawa 26:16.
19. 2 Nephi 33:6; idinagdag ang pagbibigay-diin.
20. Mosias 26:18.
21. Alma 46:15.
22. 1 Nephi 11:21.



ANG UNANG PANGULUHAN



Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo



Russell M. Nelson
Pangulo



Henry B. Eyring
Pangalawang Tagapayo

ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



M. Russell Ballard



Jeffrey R. Holland



Dieter F. Uchtdorf



David A. Bednar



Quentin L. Cook



D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen



Ronald A. Rasband



Gary E. Stevenson



Dale G. Renlund



Gerrit W. Gong



Ulisses Soares

ANG PANGULUHAN NG PITUMPU



L. Whitney Clayton



Patrick Kearon



Carl B. Cook



Robert C. Gay



Terence M. Vinson



José A. Teixeira



Carlos A. Godoy

MGA GENERAL AUTHORITY SEVENTY

(inayos ayon sa alpabeto)



Marcos A. Adickatis



Ruben V. Allaud



Jose L. Alonso



Jorge M. Alvarado



Ian S. Arden



Steven R. Bangertner



W. Mark Bassett



David S. Baxter



Randall K. Bennett



Hans T. Boom



Shayne M. Bowen



Mark A. Bragg



L. Todd Budge



Matthew L. Carpenter



Craig C. Christensen



Weatherford T. Clayton



Valeri V. Gordin



J. Devin Cornish



Joaquin E. Costa



LeGrand R. Curtis Jr.



Massimo De Feo



Benjamin De Hoyos



Edward Dube



Kevin R. Duncan



Timothy J. Dyches



David F. Evans



Enrique R. Palabella



Randy D. Furk



Eduardo Gavaret



Ricardo P. Gimenez



Taylor G. Godoy



Christoffel Golden



Walter E. Gonzalez



Brook P. Hales



Kevin S. Hamilton



Allen D. Haynie



Matthias Held



David P. Homer



Paul V. Johnson



Peter M. Johnson



Larry S. Kacher



Jörg Klebingat



Joni L. Koch



Erich W. Kopischke



Hugo E. Martinez



James B. Martino



Richard J. Maynes



Kyle S. McKay



Peter F. Meurs



Hugo Montoya



Marcus B. Nash



K. Brett Nattress



S. Gifford Nielsen



Brent H. Nielson



Adrián Ofioa



S. Mark Palmer



Adilson de Paula Parrella



Kevin W. Pearson



Anthony D. Perkins



Paul B. Pieper



John C. Pingree Jr.



Rafael E. Pino



Michael T. Ringwood



Lynn G. Robbins



Gary B. Sablin



Evan A. Schmutz



Joseph W. Strati



Vern P. Stanfill



Benjamin M. Z. Tai



Brian K. Taylor



Michael John U. Teh



Juan A. Uceda



Arnulfo Valenzuela



Juan Pablo Villar



Taniela B. Wakolo



Alan R. Walker



Scott D. Whiting



Chi Hong (Sam) Wong



Kazuhiko Yamashita



Jorge F. Zaballios

ANG PRESIDING BISHOPRIC



W. Christopher Waddell
Pangalawang Tagapayo



Gerald Causse
Presiding Bishop



Dean M. Davies
Unang Tagapayo

MGA PANGKALAHATANG PINUNO

SUNDAY SCHOOL



Milton Camargo
Unang Tagapayo



Mark L. Pace
Pangulo




Jan E. Newman
Pangalawang Tagapayo

YOUNG WOMEN



Michelle Craig
Unang Tagapayo



Bonnie H. Gordon
Pangulo



Becky Craven
Pangalawang Tagapayo

RELIEF SOCIETY



Sharon Eubank
Unang Tagapayo



Jean B. Bingham
Pangulo




Reyna I. Aburto
Pangalawang Tagapayo

PRIMARY



Lisa L. Harkness
Unang Tagapayo



Joy D. Jones
Pangulo



Cristina B. Franco
Pangalawang Tagapayo

YOUNG MEN



Douglas D. Holmes
Unang Tagapayo



Stephen W. Owen
Pangulo



M. Joseph Brough
Pangalawang Tagapayo

Oktober 2019





NI BONNIE H. CORDON
Young Women General President

Mga Pinakamamahal na Anak na Babae

Ang nasa sentro ng lahat ng aming ginagawa sa Young Women ay ang pagnanais namin na tulungan kayo na magkaroon ng di-natitinag na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.

Mahal kong mga kapatid, nagagalak akong makasama kayo! Nasaksihan natin ang pagbuhos ng paghahayag na kapwa sumusubok at nagpapasigla sa kaluluwa.

Sa pagsisimula natin, gusto kong makilala ninyo ang ilang kaibigan; sila ay young women na may mga natatanging talento, pag-uugali, at kalagayan bilang indibiduwal at pamilya. Bawat isa sa kanila, tulad ninyong lahat, ay nakaantig sa puso ko.

Una, ipinapakilala ko si Bella. Siya ay nananatiling matatag bagama't nag-iisang dalagita sa kanilang branch sa Iceland.

Ipinapakilala ko ang tapat na si Josephine mula sa Africa, na nagpasiyang pag-aralang muli ang Aklat ni Mormon araw-araw. Natutuklasan niya ang kapangyarihan at mga pagpapala na nagmumula sa simple at matwid na gawaing ito.

At ang huli, ipinapakilala ko ang aking mahal na kaibigan na si Ashtyn, isang pambihirang dalagita na pumanaw matapos ang anim na taong

pakikipaglaban sa kanser. Ang malakas niyang patotoo sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay umaantig pa rin sa aking puso.

Kayong *lahat* ay mga kahanghangang kabataang babae. Kayo ay natatangi, taglay ang sariling mga kakayahan at karanasan ngunit magkakatulad sa paraang napakahalaga at walang-hanggan.

Kayo ay literal na mga espiritung anak ng mga Magulang sa Langit, at walang makapaghihiwalay sa inyo mula sa Kanilang pagmamahal at sa pagmamahal ng inyong Tagapagligtas.¹ Kapag mas lumalapit kayo sa Kanya, kahit sa

maliliit na paghakbang, matutuklasan ninyo ang pangmatagalang kapayapaan na mapapasainyong kaluluwa bilang tapat na disipulo ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Hiniling ni Pangulong Russell M. Nelson, ang ating pinakamamahal na propeta, na ibahagi ko ang ilang inspiradong pagbabago na makatutulong sa inyo na “paghusayin ang [inyong] sagradong personal na potensiyal”² at dagdagan pa ang inyong mabuting impluwensya. Tatalakayin ko ang apat na bahagi ng pagbabago sa gabing ito.

Tema ng Young Women

Una, ang nasa sentro ng lahat ng aming ginagawa sa Young Women ay ang pagnanais na tulungan kayo na magkaroon ng di-natitinag na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo³ at ng tiyak na kaalaman tungkol sa inyong banal na katangian bilang anak ng Diyos.

Ngayong gabi, gusto kong ibalita ang pagbabago sa tema ng Young Women. Dalangin ko na madama ninyo ang pagpapatotoo ng Espiritu Santo tungkol sa katotohanan ng mga salitang ito habang binabanggit ko ang bagong tema:

Ako ay minamahal na anak na babae ng mga magulang sa langit,⁴ na may banal na katangian at walang hanggang tadhana.⁵

Bilang disipulo ni Jesucristo,⁶ sinisikap ko na maging katulad Niya.⁷ Ako ay humihingi ng personal na paghahayag at kumikilos ayon dito⁸ at naghilingkod sa mga tao sa Kanyang banal na pangalan.⁹


Ako ay tatayong saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay at sa lahat ng lugar.¹⁰



Bella, mula sa Iceland



Josephine, mula sa Africa



Ashtyn, na nakibaka sa kanser



*Habang sinisikap ko na maging karapat-
dapat para sa kadakilaan,¹¹ aking pina-
hahalagahan ang kaloob na pagsisi¹² at
sinisikap na magpakabuti sa bawat araw.¹³
Nang may pananampalataya,¹⁴ patatatagin
ko ang aking tahanan at pamilya,¹⁵ gagawa
ng mga sagradong tipan at tutuparin ang
mga ito,¹⁶ at tatanggap ng mga ordenansa¹⁷
at pagpapala ng banal na templo.¹⁸*

Pansinin na pinalitan ang “kami”
ng “ako.” Ang mga katotohanang ito
ay angkop sa bawat isa sa inyo. Ikaw
ay pinakamamahal na anak na babae
ng mga Magulang sa Langit. Ikaw ay
pinagtipanang disipulo ng ating Taga-
pagligtas na si Jesucristo. Inaanyayahan
ko kayo na pag-aralan at pagnilayan
ang mga salitang ito. Alam ko na kapag
ginawa ninyo ito, magkakaroon kayo ng
patotoo sa katotohanan ng mga ito. Ang
pag-unawa sa mga katotohanang ito ay
magpapabago sa paraan ng pagharap
ninyo sa mga pagsubok. Ang malaman
ang inyong identidad at layunin ay tutu-
long sa inyo para maiyon ang inyong
kalooban sa kalooban ng Tagapagligtas.

Mapapasainyo ang kapayapaan at
patnubay kapag sinusunod ninyo si
Jesucristo.

Mga Young Women Class

Ang pangalawang bahagi ng pag-
babag ay may epekto sa mga Young

Women class. Sinabi ni Elder Neal A.
Maxwell, “Kadalasan ang higit na
kailangan ng mga tao ay ang makakan-
lungan mula sa mga unos ng buhay,
isang santuwaryo na tumatanggap
sa kanila.”¹⁹ Ang ating mga klase ay
dapat maging mga santuwaryo mula
sa mga unos, mga ligtas na lugar na
may pagmamahal at pagtanggap. Sa
pagsisikap na lalong magkaisa, mas
mapatibay ang pagkakaibigan, at lalo
pang madama ang pagiging kabilang
sa Young Women, may ilang babagu-
hin sa istruktura ng klase.

Sa mahigit 100 taon, ang young
women ay nahahati sa tatlong klase.
Sisimulan sa lalong madaling panahon,
inaanyayahan namin ang mga lider ng
Young Women at mga bishop na pag-
isipan nang may panalangin ang mga
pangangailangan ng bawat dalagita
at iorganisa sila ayon sa mga parti-
kular na kalagayan ng ward. Narito
ang ilang halimbawa kung paano ito
maaaring gawin.

- Kung kakaunti ang young women
ninyo, gawing isang Young Women
class na magkakasama ang lahat.
- Marahil mayroon kayong malaking
grupo ng young women na edad
12 at maliit na grupo ng young
women na mas nakatatanda. Maaari
kayong magpasiya na magkaroon ng

dalawang klase: Young Women 12 at
Young Women 13–18.

- O kung malaki ang ward ninyo na
may 60 young women na dumadalo,
maaari kayong magkaroon ng anim
na klase, isang klase para sa bawat
edad, na inorganisa ayon sa taon.

Sa paanong paraan man inorganisa
ang inyong mga klase, kayong young
women ay napakahalaga sa pagbuo
ng pagkakaisa. Maging liwanag sa
mga taong nasa paligid ninyo. Maging
taong pinagmumulan ng pagmama-
hal at malasakit na inyong inaasam
na matanggap din ninyo mula sa iba.
Nang may panalangin sa inyong puso,
patuloy na magpakita ng kabaitan at
maging mabuting impluwensya. Kapag
ginawa ninyo ito, ang inyong buhay
ay mapupuno ng kabutihan. Magiging
mas mabuti ang pakiramdam ninyo sa
iba at makikita rin ninyo ang kabuti-
han nila.

Mga Pangalan ng Young Women Class

Pangatlo, sa bagong organisasyong
ito ng klase, lahat ng klase ay tata-
wagin sa iisang pangalan na “Young
Women.”²⁰ Hindi na natin gagamitin
ang mga pangalang “Beehive,” “Mia
Maid,” at “Laurel.”

Palakasin ang mga Class Presidency

Ang huling bahagi na nais kong
talakayin ay ang kahalagahan ng mga
class presidency. Paano man inorganisa
ang mga Young Women class, *lahat ng
klase ay dapat na may class presidency!*²¹
Sa banal na plano, ang young women
ay tinatawag na mamuno sa kanilang
kabataan.

Ang gina-
gampanan at
layunin ng mga
class presidency
ay pinagtibay
at mas malinaw
na ipinaliwanag.
Ang gawain ng
kaligtasan ay isa
sa mahahalagang
responsibilidad
na ito, lalo na sa
mga bahaging



Chloe

ministering, gawaing misyonero, pagpa-paaktibo, at gawain sa templo at family history.²² Oo, ganito natin tinitipon ang Israel²³—isang maluwalhating gawain para sa lahat ng kabataang babae bilang mga miyembro ng batalyon ng mga kabataan ng Panginoon.

Tulad ng alam na ninyo, sa bawat lebel ng Simbahan, ang Panginoon ay tumatawag ng mga presidency para pamunuan ang Kanyang mga tao. Mga kabataan, ang pagiging miyembro ng isang class presidency ay maaaring ang unang pagkakataon ninyo na makibahagi sa inspiradong huwarang ito ng pamumuno. Mga adult leader, unahin ang pagtawag ng mga class presidency at mamunong kasama nila, turuan at gabayan sila upang magtagumpay sila.²⁴ Anuman ang lebel ng kaalaman o karanasan sa pamumuno ng isang class presidency, magsimula sa alam na nila at tulungan sila na magkaroon ng mga kasanayan at kumpiyansa na tutulong sa kanila bilang mga lider. Manatiling nakagabay sa kanila, ngunit huwag silang pangunahan. Gagabayan kayo ng Espiritu sa paggabay ninyo sa kanila.

Upang mailarawan ang mahalagang papel ng mga magulang at lider bilang mga tagapagturo, may ikukuwento ako sa inyo. Si Chloe ay tinawag na maglingkod bilang class president. Hinikayat siya ng kanyang matalinong priesthood leader na humingi ng tulong sa Panginoon sa pagrerekomenda ng mga pangalan para sa kanyang presidency. Nanalangin si Chloe at tumanggap kaagad ng inspirasyon kung sino ang irerekomenda bilang kanyang mga counselor. Habang patuloy siyang nagninilay at nananalangin para sa irerekomendang secretary, paulit-ulit na itinuon ng Espiritu ang kanyang isipan sa isang dalagita na ikinamangha niya—isang dalagitang bihirang pumunta sa simbahan o sa mga aktibidad.

Medyo nag-aalangan sa pahiwatig na iyon, kinausap ni Chloe ang kanyang ina, na nagpaliwanag na ang isa sa mga paraan na makatatanggap tayo ng paghahayag ay sa pamamagitan ng paulit-ulit na ideya na pumapasok



sa ating isipan. Nang may panibagong kumpiyansa, nadama ni Chloe na maaari niyang irekomenda ang dalagitang ito. Kinausap ng bishop ang dalagita, at tinanggap nito ang tungkulin. Pagkatapos ma-set-apart, sinabi ng mabait na secretary na ito, “Alam mo, hindi ko kailanman nadama na may lugar ako rito o kailangan ako. Hindi ko naramdamang nababagay ako rito. Ngunit sa tungkuling ito, nadama ko na may layunin at lugar para sa akin ang Ama sa Langit.” Nang lisanin ni Chloe at ng kanyang ina ang miting, bumaling si Chloe sa kanyang ina at sinabi, nang may luha ang mga mata, “Totoo nga po ang paghahayag! Talagang epektibo ang paghahayag!”

Mga class presidency, kayo ay tinawag ng Diyos at pinagtiwalaan na pamunuan ang isang grupo ng Kanyang mga anak. “Kilala kayo ng Panginoon. . . . Pinili Niya kayo.”²⁵ Kayo ay *na-set apart* ng isang taong maytaglay ng awtoridad ng priesthood, ibig sabihin nito kapag ginagawa ninyo ang inyong mga tungkulin, ginagamit ninyo ang awtoridad ng priesthood. May mahalagang gawain kayong gagawin. Maging sensitibo sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo at kumilos ayon dito. Kapag ginawa ninyo ito, kumpiyansa kayong makapaglingkod, dahil hindi kayo maglilingkod nang mag-isa!

Mga class president, kailangan namin ang inyong karunungan, tinig, at lakas sa bagong ward youth council na ibinalita ni Elder Quentin L. Cook sa araw na ito. Kayo ay napakahalagang bahagi ng solusyon sa pagtugon sa mga pangangailangan ng inyong mga kapatid.²⁶

Ang mga pagbabagong ito sa class organization at pamumuno ay maaaring simulan agad kapag handa na ang mga ward at branch ngunit dapat nasimulan na ito sa Enero 1, 2020.

Minamahal kong mga kapatid, pinatotohanan ko na ang mga pagbabagong ito na binanggit ko ngayon ay inspiradong tagubilin mula sa Panginoon. Kapag masigasig nating ipinatupad ang mga pagbabagong ito, nawa’y huwag nating kalimutan ang ating layunin: palakasin ang ating determinasyon na sundin si Jesucristo at tulungan ang iba na lumapit sa Kanya. Pinatotohanan ko na ito ang Kanyang Simbahan. Lubos akong nagpapasalamat na tinutulutan Niya tayo na maging napakahalagang bahagi ng Kanyang sagradong gawain.

Dalangin ko na ang Espiritu ring ito na gumabay sa mga pagbabagong ito ay gabayan kayo habang patuloy kayong sumusulong sa landas ng tipan. Pinatotohanan ko ang mga ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Mga Taga Roma 8:35–39.
2. Russell M. Nelson, “Mga Saksi, mga Aaronic Priesthood Quorum, at mga Young Women Class,” *Liahona*, Nob. 2019, 39.
3. Tingnan sa Mga Kawikaan 3:5–7; Jacob 7:5.
4. Tingnan sa Mga Taga Roma 8:16–17; Doktrina at mga Tipan 76:24; “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Mayo 2017, 145.
5. Tingnan sa II Ni Pedro 1:3–4; Alma 37:44; Doktrina at mga Tipan 78:18; “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.”
6. Tingnan sa Juan 13:14–15, 35.
7. Tingnan sa Mateo 22:37–39; 25:40; 3 Nephi 12:48.
8. Tingnan sa Juan 16:13; 3 Nephi 14:7–8; Moroni 7:13; 10:5; Doktrina at mga Tipan 8:2; 9:8; 11:13.
9. Tingnan sa Mateo 20:26–28; 22:37–39; 25:34–40; 3 Nephi 26:19.
10. Tingnan sa Isaia 43:10; Mosias 18:9; Doktrina at mga Tipan 14:8.
11. Tingnan sa Mga Taga Roma 8:17; 2 Nephi 9:18; 31:20; Doktrina at mga Tipan 84:38; 132:49; Moises 1:39.

12. Tingnan sa Helaman 12:23; Moroni 10:33; Doktrina at mga Tipan 58:42.
13. Tingnan sa Alma 34:33; Doktrina at mga Tipan 82:18.
14. Tingnan sa Sa Mga Hebreo 11; 2 Nephi 31:19–20; Alma 32:21.
15. Tingnan sa Josue 24:15; Doktrina at mga Tipan 109:8; 132:19.
16. Tingnan sa Exodo 19:5; 1 Nephi 14:14; 2 Nephi 11:5; Doktrina at mga Tipan 54:6; 66:2; 90:24.
17. Tingnan sa Mosias 13:30; Alma 30:3; Doktrina at mga Tipan 84:20–22; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.
18. Tingnan sa Awit 24:3; Isaia 2:3; Ezekiel 37:26.
19. Neal A. Maxwell, *All These Things Shall Give Thee Experience* (1979), 55.
20. Ang mga klase ay tatawagin sa iisang pangalan na “Young Women.” Para matukoy ang isang partikular na klase, isama ang edad—halimbawa, “Young Women 12–14”; “Young Women 15–18” (tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church*, 10.1.5, ChurchOfJesusChrist.org).
21. Isang class presidency ang dapat tawagin para sa bawat Young Women class. Kung maaari, kumpletong presidency ang dapat tawagin, binubuo ng isang president, dalawang counselor, at isang secretary. Kung kinakailangan, maaaring tumawag ng partial presidency (tingnan sa *Handbook 2*, 10.3.5).
22. Tingnan sa *Handbook 2*, 10.3.5.
23. Tingnan sa Russell M. Nelson “Pag-asa ng Israel” (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), HopeOfIsrael. ChurchOfJesusChrist.org.
24. Makukuha ang karagdagang tagubilin para sa mga adult Young Women leader sa *Handbook 2*, chapter 10.
25. Henry B. Eyring, “Manindigan sa Iyong Tungkulin,” *Liahona*, Nob. 2002, 76.
26. Kung mayroon lang kayong isang klase at isang class presidency, ang lahat ng miyembro ng presidency ay maaaring makibahagi sa ward youth council kasama ang mga Aaronic Priesthood quorum president para balanse ang dadalong young women at young men (tingnan sa *Handbook 2*, 18.2.9).



NI PANGULONG HENRY B. EYRING
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Mga Kababaihan ng Tipan Bilang Katuwang ng Diyos

Ang maging isang babae ng tipan bilang katuwang ng Diyos ay napakadakila at ang mabubuting anak na babae ng Diyos ay palaging napangangalagaan, nagagabayan, at natutulungan.

Nagpapasalamat ako para sa pagpapala na magsalita sa inyo na mga anak na babae ng tipan ng Diyos. Ngayong gabi, ang layunin ko ay hikayatin kayo sa dakilang paglilingkod na iniatas sa inyo. Oo, lahat ng mga anak na babae ng Diyos na nakinig sa aking tinig ay nakatanggap

ng tungkulin mula sa Panginoong Jesucristo.

Ang tungkulin ninyo ay nagsimula nang kayo ay naparito sa mortalidad, sa isang lugar at panahon na pinili para sa inyo ng Diyos na lubos na nakakakilala at nagmamahal sa inyo dahil kayo ay Kanyang anak. Sa daigdig ng mga



espiritu, kilala Niya kayo at tinuruan at inilagay sa lugar kung saan kayo magkakaroon ng pagkakataon, na bihira sa kasaysayan ng mundo, na maanyayahan sa bautismuhan. Doon ay maririnig ninyo ang mga salitang ito mula sa isang tinawag na tagapaglingkod ni Jesucristo: “Bilang naatasan ni Jesucristo, binibinyagan kita sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.”¹

Sa pag-ahon ninyo sa tubig, tinanggap ninyo ang isa pang tungkulin na maglingkod. Bilang bagong anak ng tipan ng Diyos, nangako kayo at tumanggap ng tungkulin sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kung saan kayo nakumpirma bilang miyembro. Nakipagtipan kayo sa Diyos na tataglayin sa inyong sarili ang pangalan ni Jesucristo, susunod sa Kanyang mga kautusan, at maglilingkod sa Kanya.

Para sa bawat taong gumagawa ng mga tipang ito, ang paglilingkod na ipinagagawa sa kanya ng Panginoon ay magiging akmang-akma sa taong iyon. Gayunman, ang mga anak ng tipan ng Diyos ay may iisang mahalaga at masayang tungkulin. Ito ay ang paglingkuran ang iba para sa Kanya.

Sa pagsasalita sa kababaihan, si Pangulong Russell M. Nelson ay nagbigay ng magandang buod tungkol sa tungkulin na ibinigay sa inyo ng Panginoon na makiisa sa Kanyang gawain. Ganito inilarawan ni Pangulong Nelson ang inyong tungkulin: “Sinabi ng Panginoon, ‘Ang aking gawain at aking kaluwalhatian [ay] ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.’ (Moises 1:39.) Kaya talagang masasabi ng Kanyang tapat na disipulong anak na babae, ‘Ang aking gawain at kaluwalhatian ay tulungan ang mga mahal ko sa buhay na makamtan ang banal na mithiing iyon.’

“Ang pagtulong sa isang tao na mabot ang kanyang selestiyal na potensyal ay bahagi ng banal na misyon ng babae. Bilang ina, guro, o nangangalagang Banal, tinutulungan niya ang ibang tao na makamit ang kanilang mithiin. Bilang katuwang ng Diyos, ang kanyang banal na misyon ay tulungang magtagumpay ang mga espiritu at magkaroon



ng kadakilaan ang mga kaluluwa. Ito ang layunin ng paglikha sa kanya. Ito ay nagbibigay-dangal, nagpapaunlad, at nagpapadakila.”²

Hindi ninyo malalaman kung kailan, o hanggang kailan, matutuon ang inyong personal na misyon sa paglilingkod bilang ina, lider, o ministering sister. Ang Panginoon, dahil mahal Niya tayo, ay hindi tayo pinapili kung kailan, hanggang kailan, o anong mga tungkulin ang ibibigay sa atin. Ngunit nalaman ninyo mula sa banal na kasulatan at buhay na mga propeta na ang lahat ng tungkuling ito ay darating, sa buhay mang ito o sa kabilang-buhay, sa lahat ng mga anak na babae ng Diyos. At lahat ng ito ay paghahanda para sa buhay na walang hanggan sa piling ng mahal nating pamilya—“ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos.”³

Magiging matalino kayo kung pagsisikapan na ninyo ngayon na maghanda para sa inyong pinakamithiin. Ang gawaing iyan ay mas pinasimple dahil ang bawat isa sa mga tungkuling ito ay nangangailangan ng gayon din katinding paghahanda.

Magsimula tayo sa tungkulin na maging ministering sister. Tungkulin man ninyo ito bilang 10-taong-gulang na anak ng isang pamilya na namatayan ng ama, o bilang Relief Society president na nasunugan ang kanilang lugar kamakailan, o kayo ay naoperahan at nagpapagaling sa ospital—kayo ay may pagkakataon na gawin ang ipinagagawa sa inyo ng Panginoon na maging Kanyang anak na naglilingkod.

Ang mga ito ay tila kakaibang mga ministering assignment. Gayunman lahat ng ito ay nangangailangan ng



paghahanda ng isang matatag, at mapagmahal na puso, isang walang takot na pananampalataya na ang Panginoon ay hindi nagbibigay ng kautusan maliban sa Siya ay maghahanda ng paraan, at isang hangaring humayo at gumawa para sa Kanya.⁴

Dahil handa siya, niyakap ng 10-taong-gulang na anak ang kanyang balong ina at nanalangin na malaman kung paano tutulungan ang kanyang pamilya. At patuloy siyang nananalangin.

Nakahanda ang Relief Society president na magminister bago ang hindi inaasahang sunog sa kanilang lugar. Kilala na niya at mahal ang mga taon. Ang kanyang pananampalataya kay Jesucristo ay lumakas sa paglipas ng mga taon dahil sinasagot ng Panginoon ang kanyang mga panalangin na tulungan siya sa kanyang mga simpleng paglilingkod para sa Kanya. Dahil naghanda na siya noon pa man, siya ay handa na at masigasig na inorganisa ang mga kababaihan para maglingkod sa mga tao at pamilyang nasunugan.

Isang sister na naoperahan at nagpapagaling sa isang ospital ang handang maglingkod sa mga kapwa niya pasyente. Buong buhay siyang naglingkod para sa Panginoon sa lahat ng mga taong hindi niya kilala na itinuring niyang kapit-bahay at kaibigan.

Nang madama niya sa kanyang puso ang tungkuling maglingkod sa ospital, pinaglingkuran niya ang iba nang buong katatagan at nang may malaking pagmamahal kaya't nagsimulang magkaroon ng pag-asa ang iba pang mga pasyente kaya ayaw nilang lumabas siya agad ng ospital.

Sa ganyan ding paraan na handa kayong maglingkod, maaari at dapat kayong maghanda para sa tungkuling maging isang lider para sa Panginoon kapag dumating ito. Kakailanganin dito ang pananampalataya kay Jesucristo na nag-ugat sa inyong malalim na pagmamahal sa mga banal na kasulatan, upang akayin ang mga tao at ituro ang Kanyang salita nang walang takot. Pagkatapos ay magiging handa kayo na mapatnubayan



palagi ng Espiritu Santo. Masaya ninyong sasabihing, “Ako,” kapag sinabi ng inyong counselor sa Young Women presidency, sa tinig na natataranta, “May sakit si Sister Alvarez ngayon. Sino ang magtuturo sa kanyang klase?”

Gayon din ang paghahanda para sa napakagandang araw na iyon kapag binigyan kayo ng Panginoon ng responsibilidad bilang isang ina. Ngunit kakailanganin din dito ang mas mapagmahal na puso. Kakailanganin dito ang higit na pananampalataya kay Jesucristo kaysa noon na taglay na ng puso ninyo. At kakailanganin dito ang taimtim na pagdarasal para sa impluwensya, patnubay, at pag-alo ng Espiritu Santo nang higit pa sa inaakala ninyong posible.

Maaaring itanong ninyo kung paano nalalaman ng isang lalaki sa anumang edad ang kailangan ng mga ina. Magandang tanong iyan. Hindi maaaring malaman ng kalalakihan ang lahat ng bagay, ngunit maaari naming matutuhan ang ilang aral sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Diyos. At maaaring marami rin kaming matutuhan sa pagmamaisid, kapag ginamit namin ang pagkakataong hangarin ang Espiritu na tulungan kaming maunawaan ang nakikita namin.

Naobserbahan ko si Kathleen Johnson Eyring sa loob ng 57 taon ng aming pagsasama bilang mag-asawa. Ina siya ng apat na anak na lalaki at dalawang anak na babae. Hanggang ngayon, tumutulong siya tulad ng isang ina sa maraming miyembro ng pamilya at sa napakarami pang iba na itinuring niyang kapamilya.

Alalahanin ang malinaw na paliwanag ni Pangulong Nelson sa banal na misyon ng isang babae—kabilang ang misyong mangalaga: “Bilang ina, guro, o nangangalagang Banal, tinutulungan niya ang iba na makamit ang kanilang mithiin. Bilang katuwang ng Diyos, ang kanyang banal na misyon ay tulungang magtagumpay ang mga espiritu at magkaroon ng kadakilaan ang mga kaluluwa. Ito ang layunin ng paglikha sa kanya.”⁵

Nalaman ko na ginawa ng aking asawang si Kathleen ang responsibilidad na iyan, na ibinigay sa mga anak na babae ng Ama. Ang mahalagang bahagi

sa akin ay ang mga salitang “tinutulongan niya ang iba na makamit ang kanilang mithiin . . . bilang katuwang ng Diyos.” Hindi siya namilit. Tumutulong siya. At nakaimpluwensya siya sa kanilang mithiin, at sa ganyan niya sinikap na matulungan ang mga taong minahal at pinangalagaan niya. Ang impluwensyang ginamit niya ay ang ebanghelyo ni Jesucristo—na naki-ta ko sa nakalipas na mga taon.

Ang maging isang babae ng tipan bilang katuwang ng Diyos ay napa-kadakila at ang mabubuting anak na babae ng Diyos ay palaging napangalagaan, nagagabayan, at natutulongan, naglilingkod sa anumang paraan at saanmang lugar na inihanda Niya para sa kanila. Ipinapangako ko na makadarama kayo ng kagala-kan sa inyong paglalakbay patungo sa inyong tahanan sa langit habang bumabalik kayo sa Kanya bilang anak na babae ng Diyos na tumutupad sa mga tipan.

Pinatototohanan ko na ang Diyos Ama ay buhay at mahal Niya kayo. Sasagutin Niya ang inyong mga panalangin. Ang Kanyang Pinakamamahala na Anak ang namumuno, sa lahat ng bagay, sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Si Pangulong Russell M. Nelson ang Kanyang buhay na propeta. At nakita at nakausap ni Joseph Smith ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo sa isang kakahuyan sa Palmyra, New York. Alam kong iyan ay totoo. Pinatototohanan ko rin na si Jesucristo ang inyong Tagapagligtas; mahal Niya kayo. At sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, kayo ay madadalisay at magkakaroon ng kadakilaan sa dakila at banal na mga tungkulin na darating sa inyo. Pinatototohanan ko ang mga ito sa sagra-dong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 20:73.
2. Russell M. Nelson, “Woman—Of Infinite Worth,” *Ensign*, Nob. 1989, 22.
3. Doktrina at mga Tipan 14:7.
4. Tingnan sa 1 Nephi 3:7.
5. Russell M. Nelson, “Woman—Of Infinite Worth,” 22.



NI PANGULONG DALLIN H. OAKS
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Dalawang Dakilang Utos

Dapat nating pagsikapang sundin ang dalawang dakilang utos. Para magawa ito, kailangan nating mabalanse ang batas at pagmamahal.

Mahal kong mga kapatid sa ebanghelyo ni Jesucristo, binabati ko kayo bilang mga espirituwal na tagapangalaga ng walang-hanggang pamilya. Itinuro sa atin ni Pangulong Russell M. Nelson, “Ang Simbahang ito ay ipinangumalik upang ang mga pamilya ay mabuo, mabuklod, at madakila sa kawalang-hanggan.”¹ Ang turong iyan ay may mahalagang implikasyon sa mga tao na itinuturing ang sarili na lesbian, gay, bisexual, o transgender, na karaniwang tinatawag na LGBT.² Ipinaalala rin sa atin ni Pangulong Nelson na hindi natin “kailangan na [laging] sumang-ayon sa isa’t isa para mahalin ang isa’t isa.”³ Ang mga turong ito ng propeta ay mahalagang talakayin ng pamilya upang masagot ang mga tanong ng mga bata at kabataan. Mapanalangin akong humingi ng inspirasyon na magsalita sa inyo dahil apektado kayo ng mga tanong na ito, na tuwiran o di-tuwirang nakakaapekto sa lahat ng pamilya sa Simbahan.

I.

Magsisimula ako sa itinuro ni Jesus na dalawang dakilang utos.

“Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo.

“Ito ang dakila at pangunang utos.

“At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.”⁴

Nangangahulugan ito na iniuutos sa atin na mahalin ang lahat, dahil itinuro ni Jesus sa talinghaga ng mabuting Samaritano na ang lahat ay ating kapwa-tao.⁵ Ngunit ang pagsusumigasig nating sundin ang pangalawang utos na ito ay hindi dapat maging dahilan para mali-mutan ang una, ang mahalin ang Diyos nang ating buong puso, kaluluwa, at



isipan. Ipinapakita natin ang pagmamahal na iyan sa pamamagitan ng “[pagsunod sa] [Kanyang] mga utos.”⁶ Iniuutos ng Diyos na sundin natin ang Kanyang mga utos dahil tanging sa pamamagitan ng pagsunod na iyon, pati sa pagsisisi, tayo makababalik upang mamuhay sa Kanyang piling at maging ganap na katulad Niya.

Sa kanyang mensahe kamakailan sa mga young adult ng Simbahan, nag-salita si Pangulong Russell M. Nelson tungkol sa tinawag niyang “matibay na koneksyon sa pagitan ng pagmamahal ng Diyos at ng Kanyang mga batas.”⁷ Ang mga batas na pinakaangkop sa mga isyu na may kaugnayan sa mga taong itinuturing ang sarili na LGBT ay ang batas ng Diyos tungkol sa kasal at ang kaugnay nito na batas ng kalinisang-puri. Kapwa ito mahalaga sa plano ng ating Ama sa Langit para sa kaligtasan ng Kanyang mga anak. Tulad ng itinuro ni Pangulong Nelson, “Ang mga batas ng Diyos ay ginawa dahil sa Kanyang sukdulang pagmamahal sa atin at sa Kanyang hangarin para sa atin na maging mabuti sa abot ng makakaya natin.”⁸

Itinuro ni Pangulong Nelson: “Maraming bansa . . . ang ginawang legal ang kasal ng parehong kasarian. Bilang mga miyembro ng Simbahan, iginagalang natin ang mga batas ng lupain . . . , kabilang na ang kasal na

sibil. Gayunman, ang totoo ay sa simula pa lang . . . ang kasal ay inorden ng Diyos! At ngayon ito ay tinukoy Niya na kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. Hindi binago ng Diyos ang *Kanyang* pakahulugan sa kasal.”

Sinabi pa ni Pangulong Nelson: “Hindi rin binago ng Diyos ang Kanyang batas ng kalinisang-puri. Ang mga kailangan para makapasok sa templo ay hindi nagbago.”⁹

Ipinaalala sa aming lahat ni Pangulong Nelson na “ang tungkulin namin bilang mga Apostol ay magturo ng pawang katotohanan lamang. Ang tungkuling iyan ay *hindi* nagbibigay sa [mga Apostol] ng karapatang baguhin ang batas ng Diyos.”¹⁰ Kaya nga, mga kapatid, dapat palaging ituro ng mga lider ng Simbahan ang natatanging kahalagahan ng kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae at ang kaugnay na batas ng kalinisang-puri.

II.

Ang gawain ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay may kinalaman sa paghahanda sa mga anak ng Diyos para sa kahariang selestiyal, at higit sa lahat sa pinakamataas na kaluwalhatian nito, kadakilaan o buhay na walang hanggan. Ang pinakadakilang tadhanang iyon ay posible lamang sa pamamagitan ng kasal na pang-walang-hanggan.¹¹

Kabilang sa buhay na walang hanggan ang kapangyarihang lumikha na likas sa pagsasama ng lalaki at babae¹²—na inilarawan ng makabagong paghahayag bilang “pagpapatuloy ng mga binhi magpakailanman at walang katapusan.”¹³

Sa kanyang mensahe sa mga young adult, itinuro ni Pangulong Nelson, “Ang pagsunod sa mga batas ng Diyos ay pananatilihin kayong ligtas habang patuloy kayong sumulong patungo sa kadakilaan”¹⁴—ibig sabihin, ang maging katulad ng Diyos, taglay ang buhay na dinakila at banal na potensiyal ng ating mga Magulang sa Langit. Iyan ang tadhanang hangad natin para sa lahat ng ating minamahal. Dahil sa pagmamahal na iyan, hindi natin dapat hayaan ang pagmamahal natin na mangibabaw sa mga utos at plano ng gawain ng Diyos, na alam nating magdudulot ng pinakamalaking kaligayahan sa ating mga minamahal.

Ngunit marami sa mga mahal natin, pati na ang ilan na mayroong ipinanimbalik na ebanghelyo, na hindi naniniwala o piniling hindi sundin ang mga utos ng Diyos tungkol sa kasal at sa batas ng kalinisang-puri. Paano na sila?

Ang doktrina ng Diyos ay nagpapakita na lahat tayo ay Kanyang mga anak at na nilikha Niya tayo para magkaroon ng kagalakan.¹⁵ Itinuturo sa makabagong paghahayag na naglaan ang Diyos ng plano para maranasan natin ang buhay sa mundo kung saan mapipili nating lahat na sumunod upang matamo ang Kanyang pinakadakilang mga pagpapala o piliin ang mga bagay na hahantong sa mga kaharian na mas mababa ang kaluwalhatian.¹⁶ Dahil sa dakilang pagibig ng Diyos sa lahat ng Kanyang mga anak, ang mga mas mababang kaharian ay higit na maganda kumpara sa kayang maarok ng mga tao.¹⁷ Ginawang posible ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang lahat ng ito, dahil Siya ay “lumuluwalhati sa Ama, at *inililigtas ang lahat ng gawa ng kanyang mga kamay*.”¹⁸

III.

Nabanggit ko ang tungkol sa unang utos, paano naman ang pangalawang



utos? Paano natin sinusunod ang utos na mahalin ang ating kapwa? Hinihi-kayat natin ang ating mga miyembro na tratuhan nang may pagmamahal ang mga taong sumusunod sa mga turo at ginagawa ng mga lesbian, gay, bisexual, o transgender tulad ng iniutos sa atin ng ating Tagapagligtas na ipakita natin sa lahat ng ating kapwa. Kaya, nang ideklarang legal ang pagpapakasal ng dalawang taong magkapareho ang kasarian sa Estados Unidos, ipinahayag ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa: “Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay nagtuturo sa atin na mahalin at tratuhan ang lahat ng tao nang may kabaitan at paggalang—kahit magkakaiba tayo ng pananaw. Pinagtitibay namin na ang mga taong makikinabang sa mga batas o mga desisyon ng korte na nagpapahintulot sa pagpapakasal ng dalawang taong magkapareho ang kasarian ay hindi dapat tratuhan nang walang paggalang.”¹⁹

Dagdag pa riyan, hindi natin dapat usigin kailanman ang mga taong hindi natin katulad ang paniniwala at mga pamantayan.²⁰ Nakalulungkot na ang mga tao na nakakaranas ng mga bagay na ito ay patuloy na nakadarama ng panghahamak at hindi pagtanggap ng ilang miyembro at lider sa ating mga pamilya, ward, at stake. Dapat nating pagsikapang lahat na maging mas mabait at mas magalang.

IV.

Sa mga kadahilanang hindi natin nauunawaan, magkakaiba ang mga pagsubok natin sa buhay na ito. Ngunit alam natin na tutulungan ng Diyos ang bawat isa sa atin na makayanan ang mga pagsubok na ito kung taos-puso nating hihingin ang Kanyang tulong. Matapos pagdusahan at pagsisihan ang paglabag sa mga batas na itinuro sa atin, lahat tayo ay nakatakdang magtungo sa isang kaharian ng kaluwalhatian. Ang pina-kahuling paghuhukom ay ibibigay ng Panginoon, na tanging may kaalaman, karunungan, at biyaya na kailangan para hatulan ang bawat isa sa atin.

Samantala, dapat nating pagsikapang sundin ang dalawang dakilang utos. Para magawa ito, kailangan nating mabalanse



ang batas at pagmamahal—sumusunod sa mga kautusan at tumatahak sa landas ng tipan, habang minamahal ang ating kapwa. Kailangan sa pagtahak na ito sa tipan ang paghingi natin ng banal na inspirasyon para malaman kung ano ang susuportahan at ano ang sasalungatin at paano magmamahal at makikinig nang may paggalang at makapagturo habang ginagawa ito. Kailangan sa pagtahak natin ang hindi pagkompromiso sa mga utos kundi ang pagpapakita ng buong pang-unawa at pagmamahal. Kailangan sa pagtahak natin na unawain ang mga bata na hindi tiyak kung ano ang kanilang sexual orientation, at sikapin ding pigilan ang mga bata sa pagsasabi na gayon ang kanilang oryentasyon dahil, karamihan sa mga bata, ang gayong damdamin ay unti-unting napapawi sa paglipas ng panahon.²¹ Ang ating pagtahak ay sumasalungat din sa paglihis sa landas ng tipan, at nagkakait ng suporta sa sinumang nag-uudyok sa mga tao na lumayo sa Panginoon. Sa lahat ng ito naaalala natin ang pangako ng Diyos na pag-asa at ganap na kagalakan at pagpapala para sa lahat ng sumusunod sa Kanyang mga utos.

V.

Ang mga ina at ama at tayong lahat ay may responsibilidad na ituro ang dalawang dakilang utos. Para sa kababaihan ng Simbahan, inilarawan ni Pangulong Spencer W. Kimball ang tungkuling iyan sa napakagandang propesiyang ito: “Ang karamihan sa malaking pag-unlad na mangyayari sa Simbahan sa mga huling araw ay darating sapagkat marami sa mabubuting kababaihan ng mundo . . . ang mapupunta sa Simbahan nang maramihan. Mangyayari ito dahil magpapakita ng kabutihan at kahusayan sa pananalita ang kababaihan ng Simbahan sa kanilang buhay at makikitang natatangi at kakaiba ang kababaihan ng Simbahan . . . mula sa kababaihan ng sanlibutan. . . . Dahil dito ang mga halimbawa ng kababaihan ng Simbahan ay magiging mahalagang puwersa sa pagdami ng bilang at espirituwal na pag-unlad ng Simbahan sa mga huling araw.”²²

Patungkol sa propesiyang iyan, ipinahayag ni Pangulong Russell M. Nelson na “ang panahong [nakita] noon ni Pangulong Kimball ay ngayon. Kayo ang kababaihang [nakita] niya!”²³

Tayong mga nakarinig sa propesiyang iyon 40 taon na ang nakararaan ay hindi gaanong natanto na kabilang sa mga maaaring mailigtas ng kababaihan ng Simbahang ito ay ang sarili nilang mga kaibigan at pamilya na naiimpluwensiyahan ng mga prayoridad ng mundo at mga panlilinlang ng diyablo. Ang aking dalangin at basbas sa inyo ay ituturo ninyo at kikilos kayo upang maisakatuparan ang propesiyang iyan, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, "Selestiyal na Kasal," *Liahona*, Nob. 2008, 93.
2. Ang iba pang mga inisyal ay napakarami para banggitin, pero ang mga pangunahing ito ay sapat na para sa mensaheng ito.
3. Russell M. Nelson, mensahe sa taunang convention ng National Association for the Advancement of Colored People (NAACP), Detroit, Michigan, Hulyo 21, 2019.
4. Mateo 22:37–39.
5. Tingnan sa Lucas 10:29–37.
6. Juan 14:15.
7. Russell M. Nelson, "The Love and Laws of God" (Brigham Young University devotional, Set. 17, 2019), speeches.byu.edu.
8. Russell M. Nelson, "The Love and Laws of God."
9. Russell M. Nelson, "The Love and Laws of God."
10. Russell M. Nelson, "The Love and Laws of God."
11. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:7–13.
12. Tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 11:11; Doktrina at mga Tipan 131:1–4.
13. Doktrina at mga Tipan 132:19.
14. Russell M. Nelson, "The Love and Laws of God."
15. Tingnan sa 2 Nephi 2:25.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:71–113.
17. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:89.
18. Doktrina at mga Tipan 76:43; idinagdag ang pagbibigay-diin.
19. "Tugon sa Desisyon ng Korte Suprema na Gawing Legal ang Pagpapakasal ng mga Taong Magkapareho ng Kasarian sa Estados Unidos," nakalakip sa liham ng Unang Panguluhan, Hunyo 29, 2015.
20. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Pagmamahal at Pakikisalamuha sa mga Taong Naiiba," *Liahona*, Nob. 2014, 25–28; "Pag-ibig at Batas," *Liahona*, Nob. 2009, 26–29.
21. Tingnan, halimbawa, sa Michelle Forcier, "Adolescent Sexuality," UpToDate, Hunyo 3, 2019, [uptodate.com/contents/adolescent-sexuality](https://www.uptodate.com/contents/adolescent-sexuality).
22. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball: Spencer W. Kimball* (2006), 266.
23. Russell M. Nelson, "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," *Liahona*, Nob. 2015, 96.

NI PANGULONG RUSSELL M. NELSON



Mga Espirituwal na Kayamanan

Kapag nanampalataya kayo sa kapangyarihan ng Panginoon at sa kapangyarihan ng Kanyang priesthood, ang kakayahan ninyong magamit ang espirituwal na kayamananang ibinigay ng Panginoon ay madaragdagan.

Salamat sa napakagandang musika. Habang nakatayo tayong lahat para awitin ang intermediate hymn na, "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta," pumasok sa isipan ko ang dalawang nakakaantig na bagay. Ang isa ay tungkol kay Propetang Joseph Smith, ang propeta ng dispensasyong ito. Tumi-tindi ang pagmamahal at paghanga ko

sa kanya sa paglipas ng bawat araw. Ang pangalawa ay nang tingnan ko ang aking asawa, mga anak, mga apo, at mga apo-sa-tuhod. Nadama ko na gusto kong makasama ang bawat isa sa kanila bilang bahagi ng aking pamilya.

Ilang buwan na ang nakararaan, matapos ang isang sesyon ng endowment sa templo, sinabi ko sa asawa kong



si Wendy, “Umaasa ako na nauunawaan ng kababaihan ang mga espirituwal na kayamanan na napapasakanila sa templo.” Mga kapatid, madalas ko kayong naiisip, isa na rito ay noong nakaraang dalawang buwan nang bumisita kami ni Wendy sa Harmony, Pennsylvania.

Pangalawang pagbisita na namin iyon doon. Sa parehong pagkakataon naantig kami nang lubos habang naglalakad kami sa sagradong lugar na iyon. Doon malapit sa Harmony nagpakita si Juan Bautista kina Joseph Smith at Oliver Cowdery at ipinanumbalik ang Aaronic Priesthood.

Doon nagpakita sina Apostol Pedro, Santiago, at Juan upang ipanumbalik ang Melchizedek Priesthood.

Doon sa Harmony naglingkod si Emma Hale Smith bilang unang tagasulat ng kanyang asawa habang isinasalin ng Propeta ang Aklat ni Mormon.

Sa Harmony din natanggap ni Joseph ang paghahayag na nagpapatid ng kalooban ng Panginoon para kay Emma. Iniutos ng Panginoon kay Emma na ipaliwanag ang mga banal na kasulatan, manghikayat sa Simbahan, tanggapin ang Espiritu Santo, at magukol ng kanyang panahon sa “pag-aaral nang lubos.” Ipinayo rin kay Emma na “isantabi muna ang mga bagay ng daigdig na ito, at hangarin ang mga bagay na mas mabuti” at tuparin ang kanyang mga tipan sa Diyos. Tinapos ng Panginoon ang Kanyang tagubilin sa mapanghimok na mga salitang ito: “Ito ang aking tinig sa lahat.”¹

Lahat ng bagay na nangyari sa lugar na ito ay may malaking epekto sa *inyong* buhay. Ang panunumbalik ng priesthood, at ang payo ng Panginoon kay Emma, ay papatnubay at magpapala sa bawat isa sa inyo. Inaasam ko na mauunawaan ninyo na ang panunumbalik ng priesthood ay mahalaga hindi lamang sa kalalakihan kundi sa inyo ring kababaihan. Dahil naipanumbalik na ang Melchizedek Priesthood, ang kababaihan at kalalakihan na tumutupad ng tipan ay maaaring mapagkalooban ng “*lahat* ng pagpapalang espirituwal ng simbahan”² o, masasabi nating, ng lahat ng mga espirituwal na



kayamanan na inilalaan ng Panginoon sa Kanyang mga anak.

Bawat babae at bawat lalaki na nakikipagtipan sa Diyos at tumutupad sa mga tipang iyon, at karapat-dapat na nakikibahagi sa mga ordenansa ng priesthood, ay matatanggap mismo ang kapangyarihan ng Diyos. Yaong mga tumanggap ng endowment sa bahay ng Panginoon ay tumatanggap ng kaloob na kapangyarihan ng priesthood ng Diyos dahil sa bisa ng kanilang tipan, at ng kaloob na kaalaman upang malaman kung paano gagamitin ang kapangyarihan ng iyon.

Ang kalangitan ay bukas din sa *kababaihan* na pinagkalooban ng kapangyarihan ng Diyos na nagmumula sa kanilang mga tipan sa priesthood tulad ng kalalakihan na nagtataglay ng priesthood. Dalangin ko na mauunawaan ng inyong puso ang katotohanang iyan dahil naniniwala ako na babaguhin nito ang inyong buhay. Mga kapatid, may karapatan kayong magamit tuwina ang kapangyarihan ng Tagapagligtas upang tulungan ang inyong pamilya at iba pang mga mahal ninyo sa buhay.

Ngayon, maaaring sinasabi ninyo sa inyong sarili, “Mukhang napakaganda nito, pero paano ko ito gagawin? Paano ko magagamit ang kapangyarihan ng Tagapagligtas sa buhay ko?”

Wala kayong makikitang detalyadong paliwanag ng prosesong ito sa anumang manwal. Ang Espiritu Santo ang inyong magiging personal na tagapagturo habang sinisikap ninyong maunawaan ang nais ng Panginoon na malaman at gawin ninyo. Hindi mabilis at madali ang prosesong ito, ngunit ito ay espirituwal na nagpapalakas. Ano pa ba ang mas nakasisiya kaysa sa gumawa na kasama ang Espiritu upang maunawaan ang kapangyarihan ng Diyos—ang priesthood?

Ang *maaari* kong sabihin sa inyo ay na ang pagtatamo ng kapangyarihan ng Diyos sa buhay ninyo ay nangangailangan din ng mga bagay na ipinagawa ng Panginoon kay Emma at sa bawat isa sa inyo.

Kaya, inaanyayahan ko kayong pag-aralan nang may panalangin ang bahagi 25 ng Doktrina at mga Tipan at tuklasin kung ano ang ituturo ng Espiritu Santo sa *inyo*. Ang inyong personal at espirituwal na pagsisikap ay magdudulot sa inyo ng kagalakan habang inyong natatanggap, nauunawaan, at nagagamit ang kapangyarihan na ipinagkaloob sa inyo.

Bahagi ng pagsisikap na ito ang pangangailangang isantabi ang maraming bagay sa mundong ito. Kung minsan halos kaswal lang nating pinag-uusapan ang pag-iwas sa mga sigalot,

laganap na tukso, at mga maling piloso-piya sa mundo. Ngunit upang *talagang* magawa ito kailangang suriin ninyong mabuti at palagi ang inyong buhay. Kapag ginawa ninyo ito, ipahihiwatig sa inyo ng Espiritu Santo kung ano ang hindi na kinakailangan, ano ang hindi na ninyo karapat-dapat na pag-ukulan ng panahon at lakas.

Kapag inalis na ninyo ang tuon sa mga panggagambala ng mundo, ang mga bagay na tila mahalaga sa inyo ngayon ay hindi na gaanong magiging prayoridad. Kakailanganin ninyong tanggihan ang ilang bagay, kahit tila hindi naman nakapipinsala ang mga ito. Kapag sinimulan at ipinagpatuloy ninyo habambuhay ang paglalaang ito ng inyong buhay sa Panginoon, mamamangha kayo sa mga pagbabago sa inyong pananaw, damdamin, at espirituwal na lakas!

Ngayon kaunting babala lamang. May mga taong pahihinain ang kakayahan ninyong magsumamo sa kapangyarihan ng Diyos. May ilang uudyukan kayong pagdudahan ang sarili at maliitin ang katangi-tanging espirituwal na kakayahan ninyo bilang matwid na babae.

Walang dudang hindi gusto ng kaaway na maunawaan ninyo ang mga tipang ginawa ninyo sa binyag, o ang dakilang pagkakaloob ng kaalaman at kapangyarihan na inyong natanggap o matatanggap sa loob ng templo—ang bahay ng Panginoon. At walang dudang ayaw ni Satanas na maunawaan ninyo na sa tuwing karapat-dapat kayong naglilingkod at sumasamba sa templo, aalis kayong nasasakbitan ng kapangyarihan ng Diyos at ang Kanyang mga anghel ay “ma[nga]ngalaga” sa inyo.³

Palaging tatangkain ni Satanas at ng kanyang mga kampon na maglagay ng mga balakid para hindi ninyo maunawaan ang mga espirituwal na kaloob na ibinigay sa inyo at maibibigay pa. Nakakalungkot na ilan sa mga balakid na ito ay maaaring bunga ng maling pag-uugali ng iba. Nakapanlulumo para sa akin na naramdaman ng sinuman sa inyo na wala kayong silbi o hindi pinagtitiwalaan ng isang priesthood leader o inaabusong pinagtataksilan ng asawa, ama, o inaakalang

kaibigan. Ikinalulungkot ko nang labis na naramdaman ng sinuman sa inyo na binabalewala kayo, nilalapastangan, o hinuhusgahan. Ang gayong pananakit ng kalooban ay walang puwang sa kaharian ng Diyos.

Sa kabilang banda, ikinatutuwa ko kapag naririnig ko na may mga priesthood leader na gustung-gustong nakikibahagi ang kababaihan sa mga ward at stake council. Inspirasyon para sa akin ang bawat lalaki na nagpapakita na ang pinakamahalagang responsibilidad niya bilang mayhawak ng priesthood ay ang pangalagaan ang kanyang asawa.⁴ Pinupuri ko ang lalaking iyan na lubos na iginagalang ang kakayahan ng kanyang asawa na tumanggap ng paghahayag at pinahahalagahan siya bilang kapantay na katuwang sa kaniyang pagsasama bilang mag-asawa.

Kapag nauunawaan ng lalaki ang karingalan at kapangyarihan ng isang matwid, mapagsaliksik, at pinagpalang babaeng Banal sa mga Huling Araw, nakapagtataka pa ba na parang gusto niyang tumayo bilang paghanga kapag pumasok ito sa silid?

Mula pa sa simula ng panahon, pinagkalooban na ang kababaihan ng kakaibang gabay sa moralidad—ang kakayahang malaman ang kaibhan ng tama sa mali. Ang kaloob na ito ay nag-iibayo sa mga taong gumagawa at tumutupad ng mga tipan. At humihina



ito sa mga taong sadyang binabalewala ang mga utos ng Diyos.

Gusto kong kaagad na idagdag na hindi ko inaalisan ang kalalakihan sa anupamang paraan ng responsibilidad na sundin ang utos ng Diyos na dapat *din nilang* makita ang pagkakaiba ng tama at mali. Ngunit mahal kong mga kapatid, ang kakayahan ninyo na matukoy ang katotohanan sa kamali-an, na maging mga tagapangalaga ng moralidad ng lipunan, ay napakahalaga sa mga huling araw na ito. At inaasahan namin na tuturuan din ninyo ang iba na gayon din ang gawin. Hayaan ninyong pakalinawin ko ang tungkol dito: kung mawawalan ang mundo ng kabutihan ng kababaihan nito, ang mundo ay hindi *kailanman* mapapabuti.

Tayong mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi taga sanglibutan; kabilang tayo sa pinagtipanang Israel. Tinawag tayo upang ihanda ang mga tao para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon.

Ngayon, lilinawin ko ang ilang karagdagang paksa tungkol sa kababaihan at sa priesthood. Noong itataga kayo na maglingkod sa isang tungkulin sa ilalim ng pamamahala ng taong may hawak ng mga susi ng priesthood—tulad ng inyong bishop o stake president—kayo ay binigyan ng awtoridad ng priesthood na gumawa sa tungkuling iyan.

Gayundin, sa banal na templo pinahihintulutan kayo na magsagawa at mangasiwa sa mga ordenansa sa priesthood *tuwing* dadalo kayo. Inihahanda kayo ng inyong endowment sa templo na gawin ito.

Kung kayo ay tumanggap ng endowment ngunit hindi pa ikinasal sa isang lalaki na maytaglay ng priesthood at may nagsabi sa inyo, “Ikinalulungkot ko na wala kang priesthood sa tahanan mo,” sana’y maunawaan ninyo na hindi tama ang pahayag na iyan. Wala mang *maytaglay* ng priesthood sa inyong tahanan, ngunit tumanggap at gumawa kayo ng mga sagradong tipan sa Diyos sa Kanyang templo. Mula sa mga tipang iyon naipagkakaloob ang kapangyarihan ng Kanyang priesthood sa inyo. At tandaan, kung pumanaw ang inyong asawa, *kayo* ang mangungulo sa inyong tahanan.

Bilang isang mabuti, at tumanggap na ng endowment na babaeng Banal sa mga Huling Araw, nagsasalita at nagtuturo kayo nang may kapangyarihan at awtoridad mula sa Diyos. Sa pagpapayo o pag-uusap man, kailangan namin ang inyong tinig na nagtuturo ng doktrina ni Cristo. Kailangan namin ang inyong opinyon sa family, ward, at stake council. Ang inyong pakikibahagi ay mahalaga at hindi kailanman palamuti lamang!

Mahal kong mga kapatid, mada-ragdagan ang inyong kapangyarihan kapag naglilingkod kayo sa iba. Ang inyong mga panalangin, pag-aayuno, oras na inuukol sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, paglilingkod sa templo at gawain sa family history ay magbubukas sa inyo ng kalangitan.

Hinihiling ko sa inyo na pag-aralan nang may panalangin ang *lahat* ng kato-tohanan na makikita ninyo tungkol sa kapangyarihan ng priesthood. Maaari kayong magsimula sa Doktrina at mga Tipan, bahagi 84 at 107. Dadalhin kayo ng mga bahaging iyon sa iba pang mga talata. Ang mga banal na kasulatan at mga turo ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag sa panahon ngayon ay puno ng mga katotohanang ito. Kapag lumawak ang inyong pang-unawa at nanampalataya kayo sa Panginoon at sa kapangyarihan ng Kanyang priesthood, ang kakayahan ninyong magamit ang espirituwal na kayamanang ibinigay ng Panginoon ay madaragdagan. Kapag ginawa ninyo ito, makikita ninyo ang inyong sarili na mas may kakayahang tumulong na bumuo ng mga pamilyang pang-walang hanggan na nagkakaisa, nabuklod sa templo ng Panginoon, at puno ng pagmamahal sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo.

Lahat ng pagsisikap nating paglingkuran ang isa't isa, ipangaral ang ebanghelyo, gawing ganap ang mga Banal, at tubusin ang mga patay ay konektado sa banal na templo. Ngayon ay mayroon na tayong 166 na mga templo sa buong mundo, at marami pa ang itatayo.

Tulad ng alam ninyo, ang Salt Lake Temple, Temple Square, at ang katabing plaza na malapit sa Church Office Building ay babaguhin sa isang



proyektong magsisimula sa pagtatapos ng taong ito. Ang sagradong templong *ito* ay dapat pangalagaan at ihanda para maging inspirasyon sa mga darating na henerasyon, tulad ng pag-impluwensya nito sa atin sa henerasyong ito.

Habang lumalago ang Simbahan, mas maraming templo ang itatayo upang mas maraming pamilya ang magkaroon ng pagkakataon na matamo ang pinakadakila sa lahat ng mga pagpapala, ang buhay na walang hanggan.⁵ Itinuturing natin ang templo bilang *ang* pinakasagradong istruktura sa Simbahan. Sa tuwing may ibinabalitang mga plano sa pagtatayo ng bagong templo, nagiging mahalagang bahagi ito ng ating kasaysayan. Tulad ng tinalakay natin ngayong gabi, kayong kababaihan ay mahalaga sa gawain sa templo, at ang templo ang lugar kung saan matatanggap ninyo ang pinakamahahalagang espirituwal na kayamanan.

Mangyaring makinig na mabuti at nang may pagpipitagan habang ibinabalita ko ngayon ang mga plano na magtayo ng walong bagong templo. Kung ibabalita ko ang isang templo sa lugar na espesyal sa inyo, iminumungkahi ko na yumuko na lamang kayo at manalangin na nagpapasalamat sa inyong puso. Ikinalulugod naming ibalita ang mga plano na magtayo ng mga templo sa mga sumusunod na lugar:

Freetown, Sierra Leone; Orem, Utah; Port Moresby, Papua New Guinea; Bentonville, Arkansas; Bacolod, Philippines; McAllen, Texas; Cobán, Guatemala; at Taylorsville, Utah. Salamat sa inyo, mahal na mga kapatid. Lubos kaming nagpapasalamat sa pagtanggap ninyo sa mga planong ito at sa mapitagan ninyong pagtugon.

Ngayon, sa pagtatapos, gusto kong mag-iwan ng basbas sa inyo, na nawa'y inyong maunawaan ang kapangyarihan ng priesthood na ipinagkaloob sa inyo at na inyong pag-ibayuhin ang kapangyarihang iyan sa pamamagitan ng pagpapakita ng inyong pananampalataya sa Panginoon at sa Kanyang kapangyarihan.

Mga minamahal kong kapatid, nang may lubos na paggalang at pasasalamat, ipinahahayag ko ang pagmamahal ko sa inyo. Mapagpakumbaba kong ipinahahayag na buhay ang Diyos! Si Jesus ang Cristo. Ito ang Kanyang Simbahan. Pinatotohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 25:7–16.
2. Doktrina at mga Tipan 107:18; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Doktrina at mga Tipan 109:22.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 131:2–4.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7.



NI ELDER GERRIT W. GONG
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagiging Kabilang sa Tipan

Ang pagpanig sa Diyos at paglakad kasama ang isa't isa sa Kanyang landas ng tipan ay ang pagpapala ng pagiging kabilang sa tipan.

Minamahal na mga kapatid, inilahad ang isang kuwento tungkol sa isang batang Primary na natututong magdasal. “Salamat po sa letrang A, letrang B, ... letrang G.” Patuloy ang dasal ng bata, “Salamat po sa mga letrang X, Y,

Z. Mahal na Ama sa Langit, salamat po sa bilang na 1, bilang na 2.” Nag-aalala na ang guro ng Primary pero matalino pa rin siyang naghintay. Sabi ng bata, “Salamat po sa bilang 5, bilang 6—at salamat po sa aking Primary teacher. Siya lang po ang taong hinahayaan akong tapusin ang aking panalangin.”

Naririnig ng Ama sa Langit ang panalangin ng bawat bata. Inaanyayahang Niya tayo nang may walang hanggang pag-ibig na maniwala at mapabilang sa pamamagitan ng tipan.


Ang mundong ito ay puno ng mga malik-mata, ilusyon, at magaling na panlilinlang. Marami ang tila ba panandalian at mababaw. Kapag isinasantabi natin ang mga maskara, pagpapanggap, mga ayaw at gusto ng madla, nagnanais tayo nang higit pa sa madaling kumupus na kagandahan, panandaliang koneksyon, o paghahabol sa makamundo at pansariling interes. Sa kabutihangpalad, may daan tungo sa mga makabuluhang sagot.

Kapag ginagawa natin ang mga pinakadakilang utos ng Diyos na mahalin Siya at ang mga nakapaligid sa atin sa pamamagitan ng tipan, ginagawa natin

ito hindi bilang estranghero o panauhin, kundi bilang Kanyang anak sa tahanan.¹ Totoo pa rin ang lumang kabalintunaan. Sa pagkawala ng ating makamundong sarili dahil sa pagiging kabilang sa tipan, nahahanap at nakakamit natin ang pinakamabuting walang hanggan nating sarili²—malaya, masigla, tunay—at natutukoy ang ating pinakamahahalagang relasyon. Ang pagiging kabilang sa tipan ay paggawa at pagtupad sa mga taimtim na pangako sa Diyos at sa bawat isa sa pamamagitan ng mga sagradong ordenansa na nag-aanyaya na maipamalas ang kapangyarihan ng kabanalan sa ating buhay.³ Kapag buong sarili tayong nakikipagtipan, maaari tayong maging higit sa kung sino tayo. Ang pagiging kabilang sa tipan ay nagbibigay sa atin ng puwang, salaysay, at kakahang maabot ang nais nating maging. Nagbubunga ito ng pananampalataya tungo sa buhay at kaligtasan.⁴

Ang mga banal na tipan ay pinagmumulan ng pagmamahal para at mula sa Diyos, at kung gayon ng pagmamahal para at mula sa ating kapwa. Mas mahal at mas kilala tayo ng Ama sa Langit kaysa sa pagmamahal at pagkakilala natin sa ating sarili. Ang pananampalataya kay Jesucristo at personal na pagbabago (pagsisisi) ay nagdadala ng awa, biyaya, at kapatawaran. Nagbibigay ito ng ginhawa sa mga sakit, kalungkutan, at kawalan ng katarungan na nararanasan natin sa mortalidad. Bilang Diyos, nais ng ating Ama sa Langit na matanggap natin ang pinakadakilang regalo ng Diyos—ang Kanyang kaligayahan, ang Kanyang walang hanggang buhay.⁵

Ang ating Diyos ay isang Diyos ng tipan. Dahil sa Kanyang likas na katangian, “tumutupad [Siya] sa tipan at nagpapakita ng awa.”⁶ Ang Kanyang mga tipan ay nananatili “habang ang panahon ay magtatagal, o ang mundo ay nakatindig, o mayroon [pang] isang tao sa ibabaw ng lupa na nararapat ilitas.”⁷ Hindi tayo itinatadhana para magpagala-gala nang walang katiyakan sa ating pag-iral at nang may pagdududa, kundi upang magsaya sa itinatanging mga ugnayan sa tipan na “higit na matibay kaysa sa mga gapos ng kamatayan.”⁸



Ang mga ordenansa at tipan ay magkakatulad ang hinihingi sa lahat at magkakaiba ang paraan ng pagtupad. Dahil patas ang Diyos, ang bawat indibiduwal sa lahat ng lugar at edad ay makatatanggap ng mga nagliligtas na ordenansa. Gamit ang kalayaang pumili—makapagpapasiya ang mga indibiduwal kung tatanggapin nila ang mga alok na ordenansa. Ang mga ordenansa ng Diyos ay nagbibigay ng patnubay sa Kanyang landas ng mga tipan. Tinatawag natin ang plano ng Diyos na maibalik ang Kanyang mga anak sa langit na plano ng pagtubos, plano ng kaligtasan, plano ng kaligayahan. Ang pagtubos, kaligtasan, at selestiyal na kaligayahan ay posible dahil “nagsakatuparan [si Jesucristo] ng ganap na pagbabayad-salang ito.”⁹

Ang pagpanig sa Diyos at paglakad kasama ang isa’t isa sa Kanyang landas ng tipan ay ang pagpapala ng pagiging kabilang sa tipan.

Una, ang pagiging kabilang sa tipan ay nakasentro kay Jesucristo bilang “tagapamagitan ng bagong tipan.”¹⁰ Ang lahat ng bagay ay maaaring para sa ating ikabubuti kapag tayo ay “pinabanal kay Cristo ... na siyang nasa tipan ng Ama.”¹¹ Dumarating ang bawat mabuting bagay at ipinangakong pagpapala sa mga nananatiling tapat hanggang sa huli. Ang “maligayang kalagayan ng mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos” ay ang “[pagpalain] sa lahat ng bagay, kapwa temporal at espirituwal” at “manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan.”¹²

Habang tinutupad natin ang ating mga tipan, kung minsan ay maaari nating madama na kasama natin ang mga anghel. At makakasama nga natin sila—ang mga minamahal natin at nagpapala sa atin sa panig na ito ng tabing at ang mga minamahal natin at nagpapala sa atin sa likod ng tabing.

Kamakailan lang, nasaksihan namin ni Sister Gong ang pinakamahusay na pagiging kabilang sa tipan sa isang silid sa ospital. Ang isang bata pang ama ay lubos na nangangailangan ng kidney transplant. Umiyak, nag-ayuno, at nagdasal ang kanyang pamilya para

makatanggap siya ng bato o kidney. Nang dumating ang balitang mayroon nang bato na makapagliligtas ng buhay, tahimik na sinabi ng kanyang asawa na “Sana OK lang ang kabilang pamilya.” Sa mga salita ni Apostol Pablo, ang makabilang sa tipan ay “upang ako’t kayo ay maaliw sa inyo, ang bawa’t isa sa atin sa pananampalataya ng iba, ang sa inyo at sa akin.”¹³

Sa landas ng buhay, maaaring mawala ang ating pananampalataya sa Diyos, ngunit hindi siya kailanman mawawalan ng pananalig sa atin. Tulad ng dati, ang Kanyang ilaw ay laging nakasindi. Inaanyayahan Niya tayong lumapit o bumalik sa mga tipan na nagtuturo ng Kanyang landas. Naghihintay Siyang handa na yakapin tayo, kahit tayo ay “nasa malayo pa.”¹⁴ Kung hahanapin natin nang may pananalig ang mga disenyo, arko, o mga konektadong tuldok ng ating mga karanasan, makikita natin ang Kanyang magiliw na awa at panghihikayat, lalo na sa ating mga pagsubok, kalungkutan, at hamon, at maging sa ating mga kagalaan. Gaano man tayo kadalas madapa o magkamali, kung patuloy tayong lalapit sa Kanya, tutulungan Niya tayo, nang paunti-unti.

Pangalawa, ang Aklat ni Mormon ay katibayan na maaari nating mahawakan ang pagiging kabilang sa tipan. Ang Aklat ni Mormon ay ang ipinangakong instrumento para sa pagtitipon ng mga anak ng Diyos na ipinropesiya bilang bagong tipan.¹⁵ Sa ating pagbabasa ng Aklat ni Mormon, nang mag-isa at kasma ang iba, tahimik man o malakas, makapagtatanong tayo sa Diyos “nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo,” at makatatanggap ng katiyakan mula sa Diyos na ang Aklat ni Mormon ay totoo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.¹⁶ Kabilang dito ang katiyakan na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas, si Joseph Smith ay ang propeta ng Panunumbalik, at ang Simbahan ng Panginoon ay tinatawag sa Kanyang pangalan—Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa Huling Araw.¹⁷

Sinasabi sa inyo ng Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng sinauna

at makabagong tipan kung sino ang mga anak ni Lehi, “ang mga anak ng mga propeta.”¹⁸ Ang iyong mga ninuno ay nakatanggap ng pangako ng tipan na kayo, na kanilang mga inapo, ay makakakilala sa tinig na tila mula sa alabok sa Aklat ni Mormon.¹⁹ Ang tinig na nadarama ninyo habang kayo ay nagbabasa ay nagpapatotoo na kayo ay “mga anak ng tipan”²⁰ at si Jesucristo ang inyong Mabuting Pastol.

Inaanyayahan ng Aklat ni Mormon ang bawat isa sa atin, sa mga salita ni Alma, na “[makipagtipan] sa [Panginoon], na siya ay [ating] paglilingkuran at susundin ang kanyang mga kautusan, nang kanyang ibuhos nang higit na masagana ang kanyang Espiritu sa [atin].”²¹ Kapag nais nating magbago para sa ikabubuti—tulad ng sinabi ng isang tao, “para matigil ang pagiging miserable at maging masaya sa kasiyahan”—maaari tayong maging bukas sa patnubay, tulong, at lakas. Makalalapit tayo sa pamamagitan ng tipan para pumanig sa Diyos at sa komunidad ng matatapat na mananampalataya at tanggapin ang mga pagpapalang ipinangako sa doktrina ni Cristo²²—ngayon.

Ang ipinanumbalik na awtoridad at kapangyarihan ng priesthood upang pagpalain ang lahat ng Kanyang mga anak ay ang ikatlong aspeto ng pagiging kabilang sa tipan. Sa dispensasyong ito, si Juan Bautista at ang mga Apostol na sina Pedro, Santiago, at Juan ay napatirito bilang mga niluwalhating sugo mula sa Diyos upang ipanumbalik ang Kanyang awtoridad ng priesthood.²³ Ang priesthood ng Diyos at ang Kanyang mga ordenansa ay nagpapatamis ng mga relasyon sa lupa at maaaring magbuklod sa langit ng mga relasyon sa tipan.²⁴

Literal na makapagbasbas ang priesthood mula sa kuna hanggang sa libingan—mula sa pangalan at pagpapala ng sanggol hanggang sa paglalaan ng libingan. Nagpapagaling, nagbibigay-ginhawa, at nagpapayo ang mga pagpapala ng priesthood. Galit ang isang ama sa kanyang anak, hanggang sa dumating ang nagpapatawad na pagmamahal nang bigyan ng ama ang kanyang anak ng isang magiliw na basbas ng priesthood.

Ang isang young woman na nag-iisang miyembro sa kanyang pamilya ay hindi sigurado sa pagmamahal ng Diyos sa kanya hanggang sa nakatanggap siya ng inspiradong basbas ng priesthood. Sa buong mundo, ang mararangal na patriarch ay espirituwal na naghahanda sa pagbibigay ng mga patriarchal blessing. Habang ipinapatong ng patriarch ang kanyang mga kamay sa inyong ulunan, nadarama at ipinapahayag niya ang pagmamahal ng Diyos para sa inyo. Binibigkas niya ang inyong angkan sa sambahayan ni Israel. Isinasaad niya ang mga pagpapala mula sa Panginoon. Karaniwang maalalahanin, sinabi sa akin ng asawa ng isang patriarch kung paano iniimbithan ng kanilang pamilya ang Espiritu, lalo na sa mga araw na nagbibigay ang kanilang papa ng mga patriarchal blessing.

Sa wakas, ang mga pagpapala ng pagiging kabilang sa tipan ay dumara-tong kapag sinusunod natin ang propeta ng Panginoon at nagagalak sa pamumuhay ng mga tipan sa templo, kabilang na ang sa kasal. Ang tipan sa kasal ay nagiging banal at walang hanggan sa araw-araw nating pagpili ng kaligayahan ng ating asawa at pamilya bago ang sarili nating kaligayahan. Habang ang “ako” ay nagiging “tayo,” lumalago tayo nang magkasama. Tumatanda tayong magkasama, bumabata tayong magkasama. Habang pinagpapala natin ang isa’t isa sa ating buhay ng paglimot sa ating sarili, matatagpuan nating pinabanal ang ating pag-asa at kagalakan sa buhay na ito at sa walang-hanggan.

Bagama’t magkakaiba ang mga sitwasyon, kapag ginagawa natin ang lahat, ang lahat ng pinakamahasay na

magagawa natin, at taimtim na hinihiling at hinihingi ang Kanyang tulong sa ating paglalakbay, gagabayan tayo ng Panginoon, sa Kanyang panahon at pamamaraan, sa pamamagitan ng Espiritu Santo.²⁵ Ang mga tipan sa kasal ay nakapagbubuklod dahil sa parehong pagpili ng mga gumagawa nito—isang paalala ng pagrespeto ng Diyos at natin sa kalayaang pumili at sa mga pagpapala ng Kanyang tulong kapag nagkakaisa natin itong hinahangad.

Ang mga bunga ng pagiging bahagi sa tipan sa mga henerasyon ng mga pamilya ay nadarama sa ating mga tahanan at puso. Hayaan ninyong ilahad ko ito gamit ang mga personal na halimbawa.

Noong nagkakaibigan na kami ni Sister Gong at magpapakasal na, natutunan ko ang tungkol sa kalayaang pumili at mga desisyon. Sa maikling panahon, nag-aaral kami sa dalawang magkaibang bansa sa dalawang magkaibang kontinente. Ito ang dahilan kung bakit matapat kong masasabi na talagang nakamit ko ang PhD sa internasyonal na relasyon.

Nang magtanong ako ng, “Ama sa Langit, dapat ko po bang pakasalan si Susan?” Nakadama ako ng kapayapaan. Ngunit iyon ay nang matutuhan kong manalangin nang may taimtim na layunin, “Ama sa Langit, mahal ko si Susan at gusto ko siyang pakasalan. Nangako akong magiging pinakamabuting asawa at ama sa abot-kaya ko”—nang kumilos ako at gumawa ng pinakamabubuting desisyon, noon lang ako nagkaroon ng pinakamalalakas na katiyakan.

Ngayon ang aming Gong at Lindsay FamilySearch na mga family tree,

kuwento, at litrato ay tumutulong sa amin na tumuklas at kumonekta sa naranasang pagiging kabilang sa tipan sa maraming henerasyon.²⁶ Para sa amin, ang mga respetadong ninuno ay kinabibilangan nina:

Lola-sa-tuhod na si Alice Blauer Bangerter, na tatlong beses inalok ng kasal sa loob ng isang araw, ay humiling kalaunan sa kanyang asawa na magkabit ng pedal sa kanyang panghalo ng mantikilya para makapaghalo siya ng mantikilya habang nagagantsilyo at nagbabasa.

Ang lolo-sa-tuhod na si Loy Kuei Char na pumasan sa kanyang mga anak at inilagay sa isang asno ang ilang ariarian habang patawid sa parang ng mga lava sa Malaking Isla ng Hawaii. Ang mga henerasyon ng tapat na pangako at sakripisyo ng pamilya Char ay nagpapala sa aming pamilya ngayon.

Si Lola Mary Alice Powell Lindsay ay naiwang kasama ang limang maliliit na anak nang biglaang namatay ang kanyang asawa at panganay na anak na lalaki na ilang araw lang ang pagitan. Isang balo sa loob ng 47 taon, itinaguyod ni Lola ang kanyang pamilya sa tulong ng mapagmahal na mga lokal na lider at miyembro. Sa maraming taon na iyon, nangako si Lola sa Panginoon na kung tutulungan siya ng Panginoon, hindi siya magreklamo. Tinulungan siya ng Panginoon. Hindi siya kailanman nagreklamo.

Mga kapatid, saksi ang Espiritu Santo, ang lahat ng bagay na mabuti at walang hanggan ay nakasentro sa buhay na katotohanan ng Diyos, ang ating Amang Walang Hanggan, at ng Kanyang Anak na si Jesucristo, at ng Kanyang Pagbabayad-sala. Itinuro ni Pablo na si Jesucristo ang Tagapamagitan ng bagong tipan. Ang pagpapatotoo kay Jesucristo ay isang tipan na layon ng Aklat ni Mormon.²⁷ Dahil sa panunumpa at tipan, ipinanumbalik ng Diyos ang awtoridad ng priesthood na inilaan upang pagpalain ang lahat ng anak ng Diyos, maging sa pamamagitan ng tipan sa kasal, mga henerasyon ng pamilya, indibiduwal na mga pagpapala.

Ipinapahayag ng ating Tagapagligtas, “Ako ang Alpha at Omega, si Cristo



Alice Blauer Bangerter



Loy Kuei Char



Mary Alice Powell Lindsay

ang Panginoon; oo, maging ako ay siya, ang simula at ang wakas, ang Manunubos ng sanlibutan.”²⁸

Kasama natin Siya sa simula, at maging sa lahat ng ating pagiging kabilang sa tipan, hanggang sa wakas. Pinatotohanan ko ito sa sagrado at banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Isaac Watts, “My Shepherd Will Supply My Need,” *Ensign*, Set. 2015, 73.
2. Tingnan sa Mateo 10:39.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:20.
4. Tingnan sa *Lectures on Faith* (1985), 69.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7.
6. Doktrina at mga Tipan 109:1.
7. Moroni 7:36; tingnan din sa Moroni 7:32.
8. Doktrina at mga Tipan 121:44.
9. Doktrina at mga Tipan 76:69.
10. Sa Mga Hebreo 12:24; Doktrina at mga Tipan 76:69; 107:19; tingnan din sa Joseph Smith Translation, Galatians 3:20 (sa Bible appendix).
11. Moroni 10:33; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 90:24; 98:3.
12. Mosias 2:41.
13. Mga Taga Roma 1:12; tingnan din sa Mosias 18:8–9.
14. Lucas 15:20.
15. Tingnan sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon; Doktrina at mga Tipan 84:57.
16. Moroni 10:4.
17. Tingnan 3 Nephi 27:7–8; Doktrina at mga Tipan 115:3.
18. 3 Nephi 20:25.
19. Tingnan sa 2 Nephi 26:16; 33:13.
20. 3 Nephi 20:26.
21. Mosias 18:10.
22. Tingnan sa 2 Nephi 31:2, 12–13.
23. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 13; 27:12; tingnan din sa pambungad sa Doktrina at mga Tipan.
24. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 128:8; tingnan din sa Exodo 19:5–6; Doktrina at mga Tipan 84:40. Ang mga karapat-dapat na nananatiling tapat sa tipan ay naging mahalagang kayamanan, isang kaharian ng mga saserdote, isang banal na bayan. Nagpapabanal ang mga tipan. Ang mga tumutupad sa tipan ay nagiging banal sa Panginoon.
25. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 8:2.
26. Ang mga henerasyon ay maaaring matuto mula sa isa’t isa, gaya ng pagkatuto ng bawat henerasyon sa sarili nito. Iminumungkahi ng Kristiyanong manunulat na si Søren Kierkegaard na, “Anuman ang matutuhan ng isang henerasyon mula sa isa pa, ang tunay na makataong henerasyon ay natututo mula sa naunang henerasyon” (*Fear and Trembling* pagsasalin ng Vigilius Haufniensi [2018], 117).
27. Tingnan sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon.
28. Doktrina at mga Tipan 19:1.



NI CRISTINA B. FRANCO
Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency

Pagkakaroon ng Kagalakan sa Pagbabahagi ng Ebanghelyo

*Tayo ay may mapagmahal na Ama sa Langit,
na naghihintay na lumapit tayo sa Kanya para
pagpalain ang ating buhay at ang buhay ng
mga nasa ating paligid.*

Isa sa mga paborito kong himno sa Primary ang nagsisimula sa mga salitang ito:

*Ako ay kabilang sa Simbahan ni Jesucristo.
Nalalaman ko
Kanyang plano.
Ito’y susundin ko.
Sa Tagapagligtas nananalig.¹*

Napakasimple at napakagandang pagpapahayag ng mga katotohanang ating pinaniniwalaan!

Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, alam natin kung sino tayo. Alam natin na ang “Diyos ang Ama ng ating mga espiritu. Tayo ay . . . mga anak Niya, at mahal Niya tayo. Nabuhay tayo . . . [sa piling Niya sa langit] bago pa tayo [naparito] sa lupa.”

Alam natin ang plano ng Diyos. Naroon tayo kasama Niya nang ilahad Niya ito. Ang “buong layunin ng ating Ama sa Langit—ang Kanyang gawain at



Kanyang kaluwalhatian—ay bigyan tayo ng kakayahan na matamasa ang lahat ng Kanyang mga pagpapala. Naglaan Siya ng perpektong plano para maisagawa ang Kanyang layunin. Naunawaan at tinanggap natin ang planong ito . . . ng kaligayahan, . . . pagtubos, at . . . kaligtasan” bago tayo naparito sa lupa.

“Si Jesucristo ay sentro sa plano ng Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, natupad ni Jesucristo ang layunin ng Kanyang Ama at ginawang posible na makamtan ng bawat isa sa atin ang imortalidad at buhay na walang-hanggan. Si Satanas, o ang diyablo, ang kumakalaban sa plano ng Diyos” at gayon na mula pa sa simula.

“Ang pagpili, o kakayahang pumili, ay isa sa pinakadakilang mga kaloob ng Diyos sa Kanyang mga anak. . . . Dapat tayong pumili kung susundin ba natin si Jesucristo o si Satanas.”²²

Ang mga ito ay simpleng katotohanan na maibabahagi natin sa iba.

Hayaang ikuwento ko sa inyo nang ibahagi ng aking ina ang mga simpleng katotohanan sa pamamagitan ng pagiging bukas sa pakikipag-usap at pagkilala sa isang oportunidad.

Maraming taon na ang nakalipas, pabalik noon ang aking ina sa Argentina para bisitahin ang kapatid ko. Ayaw talaga ng nanay kong sumasakay sa eroplano, kaya humingi siya ng basbas ng kapanatagan at proteksyon sa isa sa mga anak ko. Nadama niyang basbasan

ang kanyang lola ng espesyal na patnubay at paggabay mula sa Espiritu Santo upang palakasin at antigin ang puso ng maraming tao na nais malaman ang tungkol sa ebanghelyo.

Sa Salt Lake airport, may nakilala ang nanay at kapatid ko na pitong-taong gulang na batang babae na pauwi na mula sa pag-ski kasama ang kanyang pamilya. Nang mapansin ng mga magulang niya na matagal na siyang kausap ng nanay at kapatid ko, nagpasiya silang sumali sa kanila. Nagpakilala sila at ang anak nila bilang sina Eduardo, Maria Susana, at Giada Pol. May likas at malapit na koneksyon sa magiliw na pamilyang ito.

Masaya ang dalawang pamilya na magkasamang maglakbay sa iisang eroplano papuntang Buenos Aires, Argentina. Sa patuloy nilang pag-uusap, napansin ng nanay ko na noon lang nila narinig ang tungkol sa ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo.

Isa sa mga unang tanong ni Susana ay, “Puwede mo bang sabihin sa akin ang tungkol sa magandang museo na may ginintuang estatwa sa tuktok?”

Ipinaliwanag ni nanay na ang magandang gusali ay hindi museo kundi templo ng Panginoon kung saan tayo nakikipagtipan sa Diyos upang makabalik tayo sa Kanyang piling balang-araw. Inamin ni Susana sa nanay ko na bago sila nagpunta sa Salt Lake nagdasal siya na mapalakas ang kanyang espiritu.

Habang sakay ng eroplano, ibinigay ng nanay ko ang kanyang simple ngunit malakas na patotoo ukol sa ebanghelyo at inimbita si Susana na hanapin ang mga missionary sa kanyang bayan. Tanong ni Susana sa nanay ko, “Paano ko sila mahahanap?”

Sagot ni Inay, “Tiyak na makikita mo sila; dalawang binata na nakasuot ng puting polo at kurbata o kaya naman ay dalawang dalaga na maayos manamit, at lagi silang may suot na nametag na may pangalan nila at ng ‘Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.’”

Nagpalitan ng mga numero ng telepono ang dalawang pamilya at nagpaalaman sa airport sa Buenos Aires. Si Susana, na naging mabuting kaibigan ko mula noon, ay maraming beses na nagsabi sa akin na lungkot na lungkot siyang iwan ang nanay ko sa airport. Sabi niya, “Nagliliwanag ang nanay mo. Hindi ko maipaliwanag, pero may kung anong liwanag na nakapalibot sa kanya na ayaw kong iwanan.”

Kaagad pagkabalik ni Susana sa kanyang bayan, siya at ang anak niyang si Giada, ay ikinuwento ang karanasang ito sa nanay ni Susana, na nakatira ilang kanto lang ang layo mula sa kanilang tahanan. Habang sakay sila ng kotse, nagkataong nakita ni Susana ang dalawang binatang naglalakad sa kalye na gaya ng inilarawan ni nanay. Itinigil niya ang kanyang kotse sa gitna ng kalsada, bumaba, at tinanong ang dalawang binatang ito, “Kayo ba ay mula sa Simbahan ni Jesucristo?”

“Opo,” ang sabi nila.

“Mga missionary?” tanong niya.

Kapwa sila sumagot ng, “Opo!”

Pagkatapos ay sinabi niyang “Sumakay na kayo sa kotse ko; iuuwi ko kayo para turuan ako.”

Makalipas ang dalawang buwan, si Maria Susana ay nabinyagan. Ang anak niyang si Giada, ay nabinyagan din nang maging siyam na taong gulang siya. Tinutulungan pa rin namin si Eduardo, na mahal namin kahit ano ang mangyari.

Magmula noon, si Susana ay naging isa sa mga pinakamagagaling na missionary na nakilala ko. Tulad siya ng





mga anak ni Mosias na nagdadala ng maraming kaluluwa kay Cristo.

Sa isa sa mga pag-uusap namin, tinanong ko siya, “Ano ang sikreto mo? Paano mo ibinabahagi ang ebanghelyo sa iba?”

Sabi niya sa akin, “Simple lang. Araw-araw bago ako lumabas ng bahay, nagdarasal ako sa Ama sa Langit na ituro sa akin ang isang tao na nangangailangan ng ebanghelyo sa kanyang buhay. Kung minsan may dala akong Aklat ni Mormon para ibigay sa kanila o mga pass-along card mula sa mga missionary—at kapag kausap ko na ang isang tao, tinatanong ko lang sila kung narinig na nila ang tungkol sa Simbahan.”

Sabi rin ni Susana, “Minsan naman nakangiti lang ako habang hinihintay ang tren. Isang araw tumingin sa akin ang isang lalaki at sinabing, ‘Bakit ka nakangiti?’ Nagulat ako sa tanong niya.

“Sagot ko, ‘Nakangiti ako kasi masaya ako!’

“Pagkatapos sinabi niya, ‘At bakit ka naman masaya?’

“Sumagot ako na, ‘Miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at iyon ang nagpapasaya sa akin. Narinig mo na ba ang tungkol dito?’”

Nang sinabi nitong hindi, binigyan niya ito ng pass-along card at inimbintang dumalo sa araw ng Linggo. Nang sumunod na Linggo, binati niya ang lalaki sa pinto.

Itinuro ni Pangulong Dallin H. Oaks: “May tatlong bagay na magagawa ang lahat ng miyembro para makatulong sa pagbabahagi ng ebanghelyo. . .

“*Una*, manalangin tayong lahat na magkaroon ng hangaring tumulong sa mahalagang bahaging ito ng gawain ng kaligtasan. . .

“*Pangalawa*, sundin natin ang mga kautusan. . . Palaging nasa matatapat na miyembro ang Espiritu ng Tagapagligtas na gagabay sa kanila kapag hinahangad nilang makibahagi sa dakilang gawain ng pagbabahagi ng ipinanimbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

“*Pangatlo*, manalangin tayo na bigyan ng inspirasyon kung ano ang dapat *nating* gawin sa . . . pagbabahagi natin ng ebanghelyo sa iba . . . [at] manalangin nang may pangakong gagawin ang inspirasyong matatanggap [natin].”³

Mga kapatid, mga bata, at kaba-taan, kaya ba nating maging tulad ng kaibigan kong si Susana at ibahagi ang ebanghelyo sa iba? Kaya ba

nating anyayahan ang isang kaibigan na hindi natin kapanalig na magsim-bang kasama natin sa Linggo? O kaya naman ay bigyan ng Aklat ni Mormon ang isang kamag-anak o kaibigan? Kaya ba nating matulungan ang iba na mahanap ang kanilang mga ninuno sa FamilySearch o ibahagi sa iba ang natutuhan natin sa buong linggo ng pag-aaral natin ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin?* Kaya ba nating maging mas katulad ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo at ibahagi sa iba ang naghahatid ng kagalakan sa ating buhay? Ang sagot sa mga tanong na ito ay oo! Kaya nating gawin ito!

Mababasa natin sa mga banal na kasulatan na ang “mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ay isinusugo ‘upang gumawa sa kanyang ubasan para sa kaligtasan ng mga kaluluwa ng tao’ (Doktrina at mga Tipan 138:56). Kasama sa gawaing ito ng kaligtasan ang gawaing misyonero ng mga miyembro, pagpapanatiling aktibo sa mga nabinyagan, pagpapaaktibo sa di-gaanong aktibong mga miyembro, gawain sa templo at family history, at pagtuturo ng ebanghelyo.”⁴

Kailangan tayo ng Panginoon para tipunin ang Israel. Sinabi Niya ang

Doktrina at mga Tipan, “Ni huwag kayong mabalisa kung ano ang inyong sasabihin; kundi papagyamanin sa inyong mga isipan tuwina ang mga salita ng buhay, at ibibigay ito sa inyo sa oras na iyon yaong bahagi na nararapat ipagkaloob sa bawat tao.”⁵

Bukod dito, nangako Siya sa atin:

“At kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!

“At ngayon, kung ang inyong kagalakan ay magiging malaki sa isang kaluluwa na inyong nadala sa akin sa kaharian ng aking Ama, anong laki ng inyong kagalakan kung makapagdadala kayo ng maraming kaluluwa sa akin!”⁶

Ang awit sa Primary na sinimulan ko ay nagtatapos sa malalim na paha-yag na ito:

Sa Tagapagligtas nananalig.

S’ya’y igagalang.

Tama’y gagawin;

Katotohanan

N’ya’y ‘babahagi rin.’⁷

Pinatototohanan ko na ang mga salitang ito ay totoo at tayo ay may mapagmahal na Ama sa Langit na naghihintay na lumapit tayo sa Kanya para pagpalain ang ating buhay at ang buhay ng mga nasa ating paligid. Nawa’y hangarin nating dalhin ang ating mga kapatid kay Cristo ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. “Ang Simbahan ni Jesucristo,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 48.
2. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero*, (2004), 53.
3. Dallin H. Oaks, “Pagbabahagi ng Ipinanumbalik na Ebanghelyo,” *Liahona*, Nob. 2016, 58.
4. *Handbook 2: Administering the Church*, 5.0, Church of Jesus Christ.org; tingnan din sa L. Whitney Clayton, “Ang Gawain ng Kaligtasan: Noon at Ngayon,” *Liahona*, Set. 2014, 23.
5. Doktrina at mga Tipan 84:85.
6. Doktrina at mga Tipan 18:15–16.
7. “Ang Simbahan ni Jesucristo,” 48.



NI ELDER DIETER F. UCHTDORF
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Malaking Pakikipagsapalaran Ninyo

Inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas bawat araw na isantabi ang ating mga kaginhawahan at seguridad at samahan Siya sa paglalakbay sa pagkadisipulo.

Tungkol sa mga Hobbit

Isang paboritong fantasy novel na pambata na isinulat maraming taon na ang nakalipas ang nagsisimula sa pangungusap na “Sa isang butas sa lupa ay nanirahan ang isang hobbit.”¹

Ang kuwento ni Bilbo Baggins ay tungkol sa isang pinakanormal at karaniwang hobbit na nabigyan ng pinakapambahirang pagkakataon—ang pagkakataong makipagsapalaran at ang pangako ng isang malaking gantimpala.

Ang problema ay ayaw ng mga hobbit na may paggalang sa sarili na makipagsapalaran. Ang gusto lang nila sa buhay ay kaginhawahan. Nasisiyahan silang kumain nang anim na beses isang araw kung kaya nila at maghapon sila sa kanilang hardin, nakikipagkuwentuhan sa mga bisita, kumakanta, tumutugtog ng mga instrumento, at ipinagdiriwang ang mga simpleng kagalakan sa buhay.

Gayunman, nang si Bilbo ay binigyan ng pagkakataong makipagsapalaran, nabuhayan ang kaibuturan ng kanyang puso. Nauunawaan niya mula sa simula na ang paglalakbay na ito ay magiging mahirap. Mapanganib kung tutuusin. Mayroon pa ngang posibilidad na hindi na siya makabalik.

Gayunman, ang tawag na makipagsapalaran ay tumimo sa kaibuturan ng kanyang puso. Kaya, iniwan ng karaniwang hobbit na ito ang kaginhawahan at nagsimula sa landas tungo sa malaking pakikipagsapalaran na magdadala sa kanya “roon at pabalik.”²

Ang Inyong Pakikipagsapalaran

Marahil isa sa mga dahilan kaya nakauugnay ang napakarami sa kuwentong ito ay dahil kuwento rin natin ito.

Matagal na panahon na ang nakalipas bago pa tayo ipinanganak, mga araw na nilimot na ng panahon at malabo na sa ating alaala, tayo ay inanyayahan



rin na magsimulang makipagsapalaran. Ito ay iminungkahi ng Diyos, ang ating Ama sa Langit. Ang pagtanggap sa pakikipagsapalarang ito ay mangangahulugan ng paglisan sa kaginhawahan at kaligtasan sa Kanyang piling. Ibig sabihin nito pupunta tayo sa mundo para sa isang paglalakbay na puno ng hindi batid na panganib at pagsubok.

Alam natin na hindi ito magiging madali.

Subalit alam din natin na magtata-mo tayo ng malaking kayamanan, kabilang na ang ating pisikal na katawan at ang pagdanas ng malaking kagalakan at kalungkutan sa mortalidad. Matututo tayong magsikap, maghanap, at makibaka. Matutuklasan natin ang mga katotohanan tungkol sa Diyos at sa ating sarili.

Siyempre, alam natin na makagagawa tayo ng maraming pagkakamali sa ating paglalakbay. Ngunit tayo ay binigyan din ng isang pangako: na dahil sa dakilang sakripisyo ni Jesucristo, malilinis tayo sa ating mga paglabag, magiging mas mabuti at dalisay ang ating mga espiritu, at, balang-araw ay mabubuhay na mag-uli at makakapiling ang mga mahal natin sa buhay.

Natutuhan natin kung gaano tayo kamahal ng Diyos. Binigyan Niya tayo ng buhay, at nais Niyang magtagumpay tayo. Kaya, naghanda Siya ng isang Tagapagligtas para sa atin. “Datapwat,” sabi ng ating Ama sa Langit, “ikaw ay

maaaring mamili para sa iyong sarili, sapagka’t ito ay ibinigay sa iyo.”³

Marahil may mga bahagi ng mortal na pakikipagsapalaran na nagdulot ng pag-aalala at maging ng pangamba sa mga anak ng Diyos, dahil malaking bilang ng ating mga espirituwal na kapatid ang nagpasiya laban dito.⁴

Sa pamamagitan ng kaloob at bisa ng ating kalayaang moral, natukoy natin na talagang sulit ang panganib dahil sa maaari nating matutuhan at kahinatnan sa kawalang-hanggan.⁵

Kaya, nagtitiwala sa mga pangako at kapangyarihan ng Diyos at ng Kanyang Bugtong na Anak, tinanggap natin ang hamon.

Tinanggap ko.

At tinanggap rin ninyo.

Pumayag tayong lisanin ang seguridad ng ating unang kalagayan at magsimula sa ating malaking pakikipagsapalaran “doon at pabalik.”

Ang Tawag na Makipagsapalaran

At gayunman, ang mortal na buhay ay may paraan para guluhin tayo, hindi ba? Malamang na malimutan natin ang ating malaking pakikipagsapalaran, at mas naisin ang kaginhawahan at kariwasan kaysa paglago at pag-unlad.

Gayunman, hindi maikakailang sa kaibuturan ng ating mga puso ay may pagnanais sa mas mataas at dakilang layunin. Ang pagnanais na ito ay isang dahilan kung bakit ang mga tao ay

nababaling sa ebanghelyo at sa Simbahan ni Jesucristo. Sa isang banda, ang ipinanumbalik na ebanghelyo ay isang tawag na makipagsapalaran na matagal na nating tinanggap. Inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas bawat araw na isantabi ang ating mga kaginhawahan at seguridad at samahan Siya sa paglalakbay sa pagkadisipulo.

Maraming pagsubok sa landas na ito. May mga burol, lambak, at mga pagliko. Mayroon pa ngang metaporikal na mga gagamba, mga troll, at maging isa o dalawang dragon. Ngunit kung mananatili kayo sa landas at magtitiwala sa Diyos, kalaunan ay mahahanap ninyo ang landas patungo sa inyong maluwal-hating tadhana at pabalik sa inyong tahanan sa langit.

Kaya paano kayo magsisimula?

Madali lamang ito.

Ibaling ang Inyong Puso sa Diyos

Una, kailangan ninyong piliin na ibaling ang inyong puso sa Diyos. Sikaping hanapin Siya araw-araw. Pag-aralang mahalina Siya. At hayaang bigyang-inspirasyon kayo ng pagmamahal na iyon na matutuhan, maunawaan, at sundin ang Kanyang mga turo at matutuhang sundin ang mga kautusan ng Diyos. Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay ibinigay sa atin sa payak at simpleng paraan na mauunawaan ng isang bata. Gayunman, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay may sagot



sa pinakakumplikadong mga tanong sa buhay at malawak ang kalaliman at masalimuot na kahit sa habambuhay na pag-aaral at pagninilay ay hindi natin halos mauunawaan kahit na ang pinakamaliit na bahagi nito.

Kung nag-aalinlangan kayo sa pakikipagsapalarang ito dahil nagdududa kayo sa inyong mga kakayahan, tandaan na ang pagiging disipulo ay hindi tungkol sa paggawa sa mga bagay sa perpektong paraan; tungkol ito sa pagpiling gawin ang mga bagay. Higit pa sa mga kakayahan ninyo, ang inyong mga pagpili ang nagpapakita kung sino talaga kayo.⁶

Kahit na mabigo kayo, maaari ninyong piliin na huwag sumuko, kundi sa halip ay tuklasin ang inyong tapang, magpatuloy, at bumangon. Iyan ang malaking pagsubok sa paglalakbay.

Alam ng Diyos na hindi kayo perpekto, na mabibigo kayo kung minsan. Mahal pa rin kayo ng Diyos kayo man ay nahihirapan o nagtatagumpay.

Tulad ng isang mapagmahal na magulang, gusto lang Niya na patuloy kayong magsikap. Ang pagiging disipulo ay tulad ng pag-aaral na tumugtog ng piano. Marahil ang magagawa lamang ninyo sa simula ay ang matugtog lamang ang hindi makilalang rendisyon ng “Chopsticks.” Subalit kapag patuloy kayong nagsanay, ang mga simpleng

tugtugin ay magbibigay-daan sa inyo kalaunan sa kagila-gilalas na mga sonata, rhapsody, at concerto.

Ngayon, ang araw na iyon ay maaaring hindi dumating sa buhay na ito, ngunit ito ay darating. Ang tanging hiling ng Diyos ay patuloy kayong magsikap nang may katapatan.

Tumulong sa Iba nang may Pagmamahal

Mayroong isang bagay na kawili-wili, halos kabalintunaan, tungkol sa landas na ito na inyong pinili: ang tanging paraan para umunlad kayo sa inyong pakikipagsapalaran sa ebanghelyo ay ang tulongan ang iba na umunlad rin.

Ang pagtulong sa iba ay ang landas ng pagkadisipulo. Ang pananampalataya, pag-asa, pag-ibig, pakikiramay, at paglilingkod ang nagpapadalisa sa atin bilang mga disipulo.

Sa pamamagitan ng inyong mga pagsisikap na tulongan ang mga maralita at mga nangangailangan, tulongan ang mga nababalisa, ang inyong pagkatao ay nadadalisa at nahahasa, ang inyong espiritu ay napalalaki, at lumalakad kayo nang mas may kumpiyansa.

Ngunit ang pagmamahal na ito ay wala dapat inaasahang sukli. Hindi ito maaaring maging isang uri ng paglilingkod na umaasa na makilala, hangaan, o mabigyan ng pabor.

Ang mga tunay na disipulo ni Jesucristo ay nagmamahal sa Diyos at sa Kanyang mga anak nang walang inaasahang kapalit. Minamahal natin ang mga bumibigo sa atin, ang mga taong ayaw sa atin. Kahit ang mga nangungutya, nang-aabuso, o nagnanais na saktan tayo.

Kapag pinuno ninyo ang inyong puso ng dalisay na pag-ibig ni Cristo, wala nang magiging lugar para sa sama-ng-loob, panghuhusga, at panghihiya. Sinusunod ninyo ang mga utos ng Diyos dahil mahal ninyo Siya. Sa prosesong ito, unti-unti kayong nagiging mas katulad ni Cristo sa inyong mga iniisip at ginagawa.⁷ At anong pakikipagsapalaran ang makahihigit pa rito?

Ibahagi ang Inyong Kuwento

Ang ikatlong bagay na sinisikap nating magawa nang mahusay sa

paglalakbay na ito ay ang taglayin natin ang pangalan ni Jesucristo at huwag ikahiya na miyembro tayo ng Simbahan ni Jesucristo.

Hindi natin itinatago ang ating pananampalataya.

Hindi natin ito ibinabaon.

Taliwas dito, sinasabi natin sa iba ang tungkol sa ating paglalakbay sa normal at natural na mga paraan. Iyan ang ginagawa ng mga kaibigan—sinasabi nila ang mga bagay na mahalaga sa kanila. Mga bagay na malapit sa kanilang puso at nakagagawa ng kaibhan sa kanila.

Iyan ang ginagawa ninyo. Sinasabi ninyo ang inyong mga kuwento at karanasan bilang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Kung minsan ay tumatawa ang mga tao dahil sa inyong mga kuwento. Kung minsan ay napapaluha sila dahil sa mga ito. Kung minsan ay tinutulungan ng mga ito ang iba na patuloy na harapin ang isa pang oras at isa pang araw at maging mas malapit sa Diyos.

Ibahagi ang inyong mga karanasan nang personal, sa social media, sa mga grupo, kahit saan.

Ang isa sa mga huling sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ay humayo sila sa buong mundo at ibahagi ang kuwento ng nabuhay na Cristo.⁸ Ngayon ay nagagalak din tayong tanggapin ang dakilang utos na ito.

Napakamaluwalhati ng mensaheng ibabahagi natin: dahil kay Jesucristo, ang bawat lalaki, babae, at bata ay maaaring makabalik nang ligtas sa kanilang tahanan sa langit at doon ay mamuhay sa kaluwalhatian at kabutihan!

May iba pang mabubuting balitang marapat na ibahagi.

Nagpakita ang Diyos sa tao sa ating panahon! Tayo ay may buhay na propeta.

Hayaang ipaalaala ko sa inyo na hindi “ipinabebenta” ng Diyos sa inyo ang ipinanumbalik na ebanghelyo o ang Simbahan ni Jesucristo.

Inaasahan lamang Niya na hindi ninyo ito itatago sa ilalim ng takalan.

At kung magpasiya ang mga tao na ang Simbahan ay hindi para sa kanila, desisyon nila iyon.

Hindi ito nangangahulugan na kayo ay nabigo. Patuloy kayong maging mabait sa kanila. Hindi rin ito nangangahulugan na hindi na ninyo sila aanyayahang muli.

Ang pagkakaiba ng kaswal na pakikipagkapwa sa mahabagin at matapang na pagkadisipulo ay—ang pag-anyaya!

Minamahal at iginagalang natin ang lahat ng anak ng Diyos, anuman ang kanilang katayuan sa buhay, anuman ang kanilang lahi o relihiyon, anuman ang kanilang mga desisyon sa buhay.

Sa ganang atin, sasabihin natin, “Halina at tingnan! Alamin ninyo kung paano nagbibigay-kasiyahan at kadakilaan ang paglakad sa landas ng pagkadisipulo.”

Inaanyayahan natin ang mga tao na “pumunta at tumulong, habang nagsisikap tayo na gawing mas mabuti ang mundo.”

At sinasabi natin, “Halina at manatili! Kami ay inyong mga kapatid. Hindi kami perpekto. Nagtitiwala kami sa Diyos at nais na sundin ang Kanyang mga utos.

“Samahan ninyo kami, at kayo ay mas magpapabuti sa amin. At, sa prosesong ito ay magiging mas mabuti rin kayo. Makipagsapalaran tayo nang magkakasama.”

Kailan Ako Dapat Magsimula?

Nang nadama ng ating kaibigang si Bilbo Baggins ang pagnanais na makipagsapalaran, nagpasiya siyang matulog nang mahimbing, kumain ng masarap na agahan, at simulan ito kaagad sa umaga.

Nang magising si Bilbo, napansin niyang marumi ang kanyang bahay, at halos nawala ang isip niya sa kanyang magandang plano.

Ngunit dumating ang kanyang kaibigang si Gandalf at nagtanong, “Kailan ka *ba* pupunta?”⁹ Para makahabol sa kanyang mga kaibigan, kailangang magpasiya ni Bilbo para sa kanyang sarili.

Kaya, nakita ng napakanormal at karaniwang hobbit ang kanyang sarili na mabilis na lumabas sa kanyang pinto sa harapan patungo sa landas ng pakikipagsapalaran kung kaya’t nakalimutan niya ang kanyang sombrero, tungkod, at panyo. Hindi rin niya natapos kainin ang pangalawang agahan niya.

Marahil ay mayroon ding aral dito para sa atin.

Kung kayo at ako ay nakadama ng pagnanais na sumama sa malaking pakikipagsapalaran ng pamumuhay at pagbabahagi ng inihanda ng ating mapagmahal na Ama sa Langit para sa atin maraming taon na ang nakararaan, tinitiyak ko sa inyo, ngayon ang araw para sundin ang Anak ng Diyos at ang ating Tagapagligtas sa Kanyang landas ng paglilingkod at pagkadisipulo.

Maaari nating gugulin ang buong buhay natin sa paghihintay sa pagkakataong ganap na maayos na ang lahat. Ngunit ngayon ang panahon para tapat na mangako na lubos na hanapin ang Diyos, maglingkod sa iba, at magbahagi ng ating mga karanasan sa iba.

Iwanan ang inyong mga sombrero, tungkod, panyo, at maruming bahay.¹⁰

Sa mga naglalakad na sa landas, maging matapang, mahabagin, may kumpiyansa, at magpatuloy!

Sa mga lumihis ng landas, nakikiusap ako na bumalik na kayo, muli kaming samahan, gawin kaming mas malakas.

At sa mga hindi pa nagsisimula, bakit ninyo ito ipagpapaliban? Kung gusto ninyong maranasan ang mga hiwaga ng malaking espirituwal na paglalakbay na ito, simulan ang inyong sariling malaking pakikipagsapalaran! Kausapin ang mga missionary. Kausapin ang mga kaibigan ninyong Banal sa mga Huling Araw. Kausapin sila tungkol sa kagila-gilalas na gawain at kamanghamanghang bagay na ito.¹¹

Panahon na para magsimula!

Halina at Sumama sa Amin!

Kung nadarama ninyo na ang inyong buhay ay magiging mas makabuluhan, magkakaroon ng mas mataas na layunin, mas malakas na pamilya, at mas malakas na ugnayan sa Diyos, nakikiusap ako, halina, at sumama sa amin!

Kung naghahanap kayo ng isang komunidad ng mga tao na nagsisikap na maging pinakamabuting bersyon ng kanilang sarili, tulungan ang mga nangangailangan, at gawing mas maganda ang mundo, halina, at sumama sa amin!

Halina at tingnan kung para saan ang kagila-gilalas, kamanghamangha, at puno ng pakikipagsapalarang paglalakbay na ito.

Habang nasa daan ay matutuklasan ninyo ang inyong sarili.

Matutuklasan ninyo ang inyong kabuluhan.

Matutuklasan ninyo ang Diyos.

Matutuklasan ninyo ang pinakapuno ng pakikipagsapalaran at pinakamaluwahating paglalakbay ng inyong buhay.

Pinatotohanan ko ito sa pangalan ng ating Manunubos at Tagapagligtas na si Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. J. R. R. Tolkien, *The Hobbit or There and Back Again* (Boston: Houghton Mifflin, 2001), 3.
2. Pangalawang pamagat ng *The Hobbit*.
3. Moises 3:17.
4. Tingnan sa Job 38:4–7 (ang lahat ng mga anak ng Dios ay naghihiyawan sa kagalakan); Isaias 14:12–13 (“itataas ang



aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Dios”); Apocalipsis 12:7–11 (nagkaroon ng digmaan sa langit).

5. “Inilarawan ni Propetang Joseph Smith ang *kalayaan* bilang ‘ang kasarinlan ng isip na iyon na saganang ibinigay ng langit sa sangkatauhan bilang isa sa mga pinaka-natatanging kaloob nito’ [Teachings of the Prophet Joseph Smith, comp. Joseph Fielding Smith (1977), 49]. Ang ‘kasarinlan ng isip’ na ito o kalayaan, ay ang kapangyarihan na nagpapahintulot sa mga indibiduwal na maging mga ‘kinatawan ng kanilang mga sarili’ (D at T 58:28). Saklaw nito kapwa ang kakayahang pumili sa pagitan ng mabuti at masama o magkakaibang antas ng mabuti at masama, at gayundin ang pagkakataong maranasan ang mga resulta ng pagpiling iyon. Mahal na mahal ng Ama sa Langit ang Kanyang mga anak kaya gusto Niyang maabot natin ang ating pinakamataas na potensiyal—ang maging katulad Niya. Para umunlad, kailangang taglayin ng isang tao ang likas na kakayahang gawin ang kanyang ninanais na pagpapasiya. Ang kalayaan ay napakahalaga sa Kanyang plano para sa Kanyang mga anak na ‘maging ang Diyos ay hindi maaaring gawing katulad ng kanyang sarili ang mga tao nang hindi niya sila pinalalaya’ [David O. McKay, “Whither Shall We Go? Or Life’s Supreme Decision,” *Deseret News*, Hunyo 8, 1935, 1]” (Byron R. Merrill, “Agency and Freedom in the Divine Plan,” sa Roy A. Prete, ed., *Windows of Faith: Latter-day Saint Perspectives on World History* [2005], 162).
6. Sa kanyang nobelang *Harry Potter and the Chamber of Secrets*, pinagsalita ng manunulat na si J. K. Rowling ang headmaster ng Hogwarts na si Dumbledore ng isang bagay na talagang pamilyar sa batang si Harry Potter. Napakagandang payo rin nito. Nagamit ko na ito sa mga mensahe ko noon at sa palagay ko ay marapat itong ulitin.
7. “Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Dios, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo. Nalalaman natin, na kung Siya’y mahayag, *tayo’y magiging katulad Niya*; sapagka’t Siya’y ating makikitang gaya ng Kaniyang sarili” (1 Ni Juan 3:2; idinagdag ang pagbibigay-diin).
Bagama’t ang pagbabagong ito ay hindi natin kayang maunawaan, “ang Espiritu Santo rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo’y mga anak ng Dios: “At kung mga anak, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana sa Dios, *at mga kasamang tagapagmana ni Cristo*; kung gayon nga makipagtiis tayo sa kaniya, upang tayo’y lumuwalhati namang kasama niya.
“Sapagka’t napatunayan ko na ang pagtitiis sa panahong ito’y hindi karapat-dapat maitumbas sa *kaluwalhatian mahahayag sa atin*” (Mga Taga Roma 8:16; idinagdag ang pagbibigay-diin).
8. Tingnan sa Mateo 28:16–20.
9. Tolkien, *The Hobbit*, 33.
10. Tingnan sa Lucas 9:59–62.
11. Tingnan sa LeGrand Richards, *A Marvelous Work and a Wonder*, rev. ed. (1966).



NI ELDER WALTER F. GONZÁLEZ
Ng Pitumpu

Ang Haplos ng Tagapagligtas

Kapag lumapit tayo sa Kanya, darating ang Diyos upang sagipin tayo, para pagalingin tayo o bigyan tayo ng lakas na harapin ang anumang sitwasyon.

Halos 2,000 taon na ang nakararaan, bumaba ang Tagapagligtas mula sa bundok matapos ituro ang Beatitudes o mga Dakilang Pagpapala at iba pang mga alituntunin ng ebanghelyo. Habang Siya’y naglalakad, nilapitan Siya ng isang lalaking may ketong. Nagpakita ng pagpipitagan at paggalang ang lalaki nang lumuhod ito sa harapan ni Cristo,



nagnanais na mapaginhawa mula sa kanyang paghihirap. Simple lang ang hiling niya: “Panginoon, kung ibig mo, ay maaaring malinis mo ako.”

Pagkatapos ay iniabot ng Tagapagligtas ang Kanyang kamay at, nang hipuin siya, sinabing, “Ibig ko; luminis ka.”¹

Nalaman natin dito na laging gusto ng ating Tagapagligtas na pagpalain tayo. Ang ilan sa mga pagpapala ay maaaring dumating kaagad, ang iba ay maaaring matagalan, at ang ilan ay maaaring dumating sa kabilang-buhay, ngunit darating ang mga pagpapala sa takdang panahon.

Tulad ng ketongin, makasusumpong tayo ng lakas at ginhawa sa buhay na ito sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kanyang kalooban at kaalaman na gusto Niya tayong pagpalain. Makasusumpong tayo ng lakas na harapin ang anumang hamon, daigin ang anumang uri ng tukso, at unawain at tiisin ang ating mahihirap na kalagayan. Siguradong sa pinakamahirap na sandali ng Kanyang buhay, tumindi ang kapangyarihan ng Tagapagligtas na magtiis nang sabihin



Niya sa Kanyang Ama, “Mangyari nawa ang Iyong kalooban.”²

Hindi humiling ang ketongin sa mapagkunwari o mapilit na paraan. Ang kanyang mga salita ay nagpapakita ng pagpapakumbaba, na may malaking inaasahan ngunit tapat din ang hangarin na mangyari ang kalooban ng Tagapagligtas. Ito ay halimbawa ng saloobing dapat nating taglayin sa paglapit natin kay Cristo. Maaari tayong lumapit kay Cristo nang may katiyakan na ang Kanyang hangarin ngayon at sa tuwina ang siyang pinakamainam para sa ating buhay sa mundo at sa kawalang-hanggan. Siya ay may walang-hanggang pananaw na hindi natin taglay. Kailangan nating lumapit kay Cristo nang may taos na hangarin na ipasakop ang ating kalooban sa kalooban ng Ama, tulad ng ginawa Niya.³ Ihahanda tayo nito para sa buhay na walang-hanggan.

Napakahirap isipin ang pagdurusa ng katawan at damdamin na nadama ng ketonging lumapit sa Tagapagligtas. Naaapektuhan ng ketong ang mga ugat at balat, na nakakapangit ng hitsura at nakakabalda. Bukod pa riyon, human-tong iyon sa napakalaking kahihiyan sa lipunan. Ang isang ketongin ay kinailangang iwanan ang kanilang mga mahal sa buhay at humiwalay sa lipunan. Ang mga ketongin ay itinuring noon na marumi, kapwa sa pisikal at sa espirituwal. Dahil dito, iniutos ng batas ni Moises na magsuot ng punit-punit na damit

ang ketongin at humiyaw ng “Karumaldumal!” habang sila’y naglalakad.⁴ May sakit at kinasusuklaman, nanirahan ang mga ketongin sa abandonadong mga bahay o libingan.⁵ Hindi mahirap isipin na nasiraan na ng loob ang ketonging lumapit sa Tagapagligtas.

Kung minsan—sa anumang paraan—maaari din tayong masiraan ng loob, dahil sa sarili nating mga kagagawan o kagagawan ng iba, dahil sa mga sitwasyon na maaaring kaya o hindi natin kayang kontrolin. Sa gayong mga sandali, maaari nating ipaubaya ang ating kalooban sa Kanyang mga kamay.

Ilang taon na ang nakararaan, si Zulma—na aking asawa, ang aking kabiya, ang pinakamabuting bahagi sa buhay ko—ay tumanggap ng masamang balita dalawang linggo na lang bago ikasal ang isa sa aming mga anak. May bukol siya sa parotid gland, at mabilis itong lumalaki. Nagsimulang mamaga ang kanyang mukha, at sasailalim siya kaagad sa isang maselang operasyon. Maraming sumagi sa kanyang isipan at bumagabag sa kanyang puso. Nakamamatay ba ang tumor? Paano gagaling ang kanyang katawan? Mapaparalisa ba ang kanyang mukha? Gaano katindi kaya ang sakit? Permanente bang magkakaapeklat ang kanyang mukha? Babalik ba ang tumor kapag tinanggal na? Makakadalo kaya siya sa kasal ng aming anak? Habang nakahiga siya sa operating room, nasiraan siya ng loob.

Sa napakahalagang sandaling iyon, ibinulong ng Espiritu sa kanya na kailangan niyang tanggapin ang kalooban ng Ama. Kaya nagpasiya siyang magtiwala sa Diyos. Damang-dama niya na anuman ang resulta, ang Kanyang kalooban ang pinakamainam para sa kanya. Di nagtagal, unti-unti na siyang nakatulog dahil sa anesthesia.

Kalaunan, sumulat siya ng patula sa kanyang diary: “Sa operating table yumukod ako sa Inyong harapan, at sa pagpapasakop sa Inyong kalooban, ako ay nakatulog. Alam ko na maaari akong magtiwala sa Inyo, batid na walang masamang maaaring magmula sa Inyo.”

Nakaramdam siya ng lakas at ginawa sa pagsusuko ng kanyang kalooban sa Ama. Nang araw na iyon, lubos siyang pinagpala ng Diyos.

Anuman ang ating sitwasyon, magagamit natin ang ating pananampalataya para lumapit kay Cristo at masusumpungan natin ang isang Diyos na mapagkakatiwalaan natin. Minsang isinulat ng anak kong si Gabriel:

Ayon sa propeta, ang mukha ng Diyos ay mas maliwanag pa sa araw at ang Kanyang buhok ay mas maputi kaysa sa niyebe at ang Kanyang tinig ay dumadagundong tulad ng pagragasa ng ilog, at bukod sa Kanya ang tao’y walang kabuluhan. . . .

*Nadurog ang damdamin ko nang matantong ako rin ay walang kabuluhan. At noon lang ako kumapa-kapa patungo sa isang diyos na aking mapagkakatiwalaan. At noon ko lang natuklasan ang Diyos na aking mapagkakatiwalaan.*⁶

Ang Diyos na ating mapagkakatiwalaan ay nagpapatibay ng ating pag-asa. Mapagkakatiwalaan natin Siya dahil mahal Niya tayo at gusto Niya ang pinakamabuti para sa atin sa lahat ng sitwasyon.

Lumapit ang ketongin dahil sa kapangyarihan ng pag-asa. Walang solusyong ibinigay ang mundo sa kanya, kahit na ginhawa man lang. Kaya, ang pakiramdam siguro ng simpleng haplos ng Tagapagligtas ay parang haplos sa kanyang buong kaluluwa. Maaari lamang nating maisip ang masidhing pasasalamat ng ketongin sa haplos ng Tagapagligtas, lalo na nang marinig niya ang mga salitang “Ibig ko; luminis ka.”

Nakasaad sa kuwento na “pagdaka’y nalinis ang kaniyang ketong.”⁷

Madarama rin natin ang haplos ng mapagmahal at nagpapagaling na kamay ng Tagapagligtas. Malaking galak, pag-asa, at pasasalamat ang dumarating sa ating kaluluwa sa kaalaman na gusto Niya tayong tulungang maging malinis! Kapag lumapit tayo sa Kanya, darating ang Diyos upang sagipin tayo, para pagalingin tayo o bigyan tayo ng lakas na harapin ang anumang sitwasyon.

Ano’t anuman, ang pagtanggap ng Kanyang kalooban—hindi ang sa atin—ay makakatulong sa ating maunawaan ang ating mga sitwasyon. Walang masamang maaaring magmula sa Diyos. Alam Niya ang pinakamainam para sa atin. Marahil hindi Niya aalisin kaagad ang ating mga pasanin. Kung minsan mapapagaan Niya ang mga pasaning iyon, tulad ng ginawa Niya kina Alma at sa kanyang mga tao.⁸ Sa huli, dahil sa mga tipan, mawawala ang mga pasanin,⁹ dito man sa buhay na ito o sa banal na Pagkabuhay na Mag-uli.

Ang tapat na hangaring mangyari ang Kanyang kalooban, pati na ang pagkaunawa sa likas na kabanalan ng ating Manunubos, ay tumutulong sa

atin na magkaroon ng pananampalatayang ipinakita ng ketongin upang maging malinis. Si Jesucristo ay isang Diyos ng pag-ibig, isang Diyos ng pag-asa, isang Diyos ng paggaling, isang Diyos na gusto tayong pagpalain at tulungang maging malinis. Iyan ang gusto Niya bago Siya pumarito sa mundong ito nang magkusa Siyang sagipin tayo kapag tayo’y lumabag. Iyan ang gusto Niya sa Getsemani nang maharap Siya sa di-maunawaang sakit noong magdusa siya para pagbayaran ang kasalanan. Iyan ang gusto Niya ngayon kapag sumasamo Siya sa Ama para sa atin.¹⁰ Kaya paulit-ulit pa rin Niyang sinasabi: “Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin.”¹¹

Mapagaling Niya tayo at maiaangat dahil kaya Niyang gawin iyon. Inako Niya ang lahat ng sakit ng katawan at espiritu upang ang Kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa para matulungan tayo sa lahat ng bagay at mapagaling at maingat tayo.¹² Maganda at nakakaantig ang mga salita ni Isaia, ayon kay Abinadi:

“Tunay na kanyang pinasan ang ating mga dalamhati, at dinala ang ating mga kalungkutan. . . .

“ . . . Siya ay nasugatan dahil sa ating mga kasalanan, siya ay nabugbog dahil sa ating mga kasamaan; ang parusa ng ating kapayapaan ay nasa kanya; at sa pamamagitan ng kanyang mga latay tayo ay gumaling.”¹³

Itinuturo din ang konseptong ito sa tulang ito:

*“O Karpinterong Nasareno,
Ang pusong durog, agad sanang mabuo,
Ang buhay na ito, na halos maghingalo,
Oh, maayos Mo kaya, Karpintero?”*

*At sa kabaitan Siya’y handang dumamay,
Kahit mapahamak ang sariling buhay
Sa buhay natin, hanggang matayo
Isang Bagong Likha—na “lahat ay bago.”*

*“Ang mga tiwaling bagay sa puso ko,
Ambisyon, pag-asa, pananalig, at gusto,
Bawat bahagi’y gawin Ninyong perpekto,
O Karpinterong Nasareno!”¹⁴*

Kung nadarama ninyo na hindi kayo malinis sa anumang paraan, kung kayo’y nanghihina, dapat ninyong malaman na maaari kayong maging malinis, maaari kayong maiayos, dahil mahal Niya kayo. Magtiwala na walang masamang maaaring magmula sa Kanya.

Dahil Siya ay “nagpakababa-baba sa lahat ng bagay,”¹⁵ ginagawa Niyang posible na lahat ng bagay na nasira sa ating buhay ay maiayos, at sa gayo’y maaari tayong makipagkasundong muli sa Diyos. Sa pamamagitan Niya lahat ng bagay ay nagkakasundo, kapwa ang mga bagay na nasa lupa at ang mga bagay na nasa langit, na “pinapayapa niya sa pamamagitan ng dugo ng kaniyang krus.”¹⁶

Tayo nang lumapit kay Cristo at gawin ang lahat ng kailangang gawin. Sa paggawa natin nito, ang ating saloobin nawa ay tulad ng nagsabi ng, “Panginoon, kung ibig mo, ay maaaring malinis mo ako.” Kung gagawin natin ito, matatanggap natin ang nagpapagaling na haplos ng Panginoon, kasabay ng mapagmahal Niyang tinig: “Ibig ko; luminis ka.”

Ang Tagapagligtas ay isang Diyos na mapagkakatiwalaan natin. Siya ang Cristo, ang Hinirang, ang Mesiyas na Siyang pinatotohanan ko sa Kanyang banal na pangalan, maging si Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mateo 8:2–3.
2. Mateo 26:42.
3. Tingnan sa Mosias 15:7.
4. Tingnan sa Levitico 13:45.
5. Tingnan sa Bruce R. McConkie, *Doctrinal New Testament Commentary* (1973), 1:174.
6. Tingnan sa Mga Kawikaan 3:5–6; Doktrina at mga Tipan 110:2–3; Moises 1:2–10.
7. Mateo 8:3.
8. Tingnan sa Mosias 24:8–15.
9. Tingnan sa Mosias 24:13–16.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:3–5.
11. Mateo 11:28.
12. Tingnan sa Alma 7:12.
13. Mosias 14:4–5.
14. George Blair, “The Carpenter of Nazareth,” sa Obert C. Tanner, *Christ’s Ideals for Living* (Sunday School manual, 1955), 22; sinipi sa Jeffrey R. Holland, “Mga Sirang Bagay na Aayusin,” *Liahona*, Mayo 2006, 71.
15. Doktrina at mga Tipan 88:6.
16. Mga Taga Colosas 1:20; tingnan din sa II Mga Taga Corinto 5:18–20.



NI ELDER GARY E. STEVENSON
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Huwag Mo Akong Linlangin

Kapag sinusunod natin ang mga utos ng Diyos, palagi tayong aakayin sa tamang daan at hindi tayo malililang.

Ngayon, alay ko ang mga salita ng pagpapayo para sa lahat, ngunit *lalo na* para sa inyo na umuusbong na henerasyon—mga batang Primary, mga kabataang lalaki, at kabataang babae. Labis kayong minamahal ng propeta ng Panginoon sa ating panahon na si Pangulong Russell M. Nelson—labis-labis kaya nagsalita siya sa marami sa inyo sa isang espesyal na pandaigdigang devotional broadcast para sa mga kabataan na pinamagatang “Pag-asa ng Israel.”¹ Madalas nating marinig na ganoon talaga kayo tinatawag ni Pangulong Nelson—ang “pag-asa ng Israel,” ang umuusbong na henerasyon at kinabukasan ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo.

Mga batang kaibigan ko, gusto kong magsimula sa pagbabahagi sa inyo ng dalawang kuwento ng aming pamilya.

Ang ika-102 na Dalmatian

Maraming taon na ang nakalipas, umuwi ako ng bahay galing sa trabaho at nagulat ako sa nakitang wisik-wisik na nagkalat na puting pintura—sa lupa, sa pinto ng garahe, at sa aming bahay na yari sa pulang bricks. Nag-inspeksiyon

ako nang mas maigi sa lugar at natuklasang basa pa ang pintura. Ang mga patak ng pintura ay patungo sa bakuran kaya sinundan ko ito. Doon ay natagpuan ko ang aking limang taong gulang na anak na hinahabol ang aming aso na may brush sa kanyang kamay. Kalahati ng aming magandang itim na Labrador ay pinintahan ng puti!

“Anong ginagawa mo?” tanong ko sa masiglang tinig.

Tumigil ang anak ko, tumingin sa akin, tumingin sa aso, tumingin sa tumutulong brush na may puting pintura, at nagsabing, “Gusto ko lang pong maging kamukha ito ng mga batik-batik na aso sa pelikula—alam niyo na po, iyong may 101 na Dalmatian.”

Gustung-gusto ko ang aming aso. Sa palagay ko ay perpekto ito, ngunit may ibang ideya ang anak ko.

Ang May Guhit na Pusa

Ang pangalawang kuwento ko ay nakasentro kay Lolo Grover na nakatira sa isang bahay sa labas ng probinsiya, at malayo sa lungsod. Tumatanda na si Lolo Grover. Naisip namin na dapat makita siya ng mga anak namin bago

siya pumanaw. Kaya, isang hapon, nagbiyahe kami nang malayo papunta sa kanyang abang tahanan. Umupo kami para magkuwentuhan at ipinakilala sa kanya ang mga anak namin. Hindi nagtagal sa aming pag-uusap, gustong lumabas para maglaro ng dalawang anak naming lalaki na siguro ay lima at anim na taong gulang.

Nang marinig ni Lolo Grover ang kanilang hiling, yumuko siya at itinapat ang kanyang mukha sa kanila. Ang kanyang mukha ay napakatanda at hindi pamilyar kaya natakot nang kaunti ang mga bata sa kanya. Sinabi niya sa kanila sa seryosong tinig, “Mag-ingat kayo—maraming skunk sa labas.” Nang marinig namin ito, lalo kaming nagulat ni Lesa; nag-alala kami na baka wisikan sila ng isang skunk! Di nagtagal lumabas ang mga bata para maglaro habang patuloy kaming nagkuwentuhan.

Kalaunan, noong nasa kotse na kami para umuwi, tinanong ko ang mga bata, “Nakakita ba kayo ng skunk?” Sumagot ang isa sa kanila, “Hindi po, wala kaming nakita na kahit anong skunk, pero nakakita po kami ng itim na pusa na may puting guhit sa likod!”

Ang Dakilang Manlililang

Ang mga kuwentong ito na tungkol sa walang muwang na mga bata na nakakatuklas ng isang bagay tungkol sa buhay at realidad ay maaaring magpangiti sa bawat isa sa atin, ngunit naglalarawan din ang mga ito ng mas malalim na konsepto.

Sa unang kuwento, ang aming anak na lalaki ay may magandang alagang aso; gayunman, humablot siya ng isang galong pintura, at gamit ang brush na hawak niya, ay nagpasiyang lumikha ng sarili niyang kunwaring realidad.

Sa pangalawang salaysay, ang mga bata ay masaya at walang kamalay-malay sa hindi kanais-nais na bantang kakaharapin nila sa isang skunk. Hindi natutukoy nang tama kung ano ang tunay na nakaharap nila, nanganib silang dansin ang ilang hindi magagandang epekto nito. Ito ay mga kuwento ng nagkamali ng pagkakakilanlan—iniisip na ang tunay na bagay ay iba pang bagay. Sa bawat kuwento, maliit lang ang mga epekto.



iyong kaluwalhatian, na dapat kitang sambahin?”⁶

Sa madaling salita, sinabi ni Moises: “Hindi mo ako malililang, dahil alam ko kung sino ako. Ako ay nilikha sa wangis ng Diyos. Hindi mo taglay ang Kanyang liwanag at kaluwalhatian. Kaya bakit ako sasamba sa iyo o mahuhulog sa iyong panlililang?”

Ngayon pansinin kung paano pa tumugon si Moises. Sinabi niya, “Lumayo ka, Satanas; *huwag mo akong linlangin.*”⁷

Marami tayong matututuhan mula sa halimbawa ng makapangyarihang tugon ni Moises sa panunuksong mula sa kaaway. Inaanyayahan ko kayong tumugon sa parehong paraan kapag nadarama ninyong naiimpluwensiya-han kayo ng panunukso. Utusan ang kalaban ng inyong kaluluwa sa pamamagitan ng pagsasabi ng: “Lumayo ka! *Wala* kang kaluwalhatian. Huwag kang manukso o magsinungaling sa akin! Alam ko na ako ay anak ng Diyos. At palagi akong tatawag sa aking Diyos para tulungan Niya ako.”

Gayunman, hindi kaagad nililisan ng kaaway ang kanyang mapangwasak na mga layunin na linlangin o maliitin tayo. Tunay na hindi niya ito ginawa kay Moises, at sa halip ay nagnais na ipalimot kay Moises kung sino siya sa kawalang-hanggan.

Tila isang batang may sumpung, si “Satanas ay sumigaw sa malakas na tinig, at naghuhumiyaw sa lupa, at nag-utos, sinasabing: Ako ang Bugtong na Anak, sambahin ako.”⁸

Balikan natin. Narinig ba ninyo kung ano ang kasasabi lang niya? “Ako ang Bugtong na Anak. Sambahin *ako!*”

Sinabi ng dakilang manlililang, “Huwag mag-alala, hindi kita sasaktan—hindi ako skunk; isa lang akong itim na inosenteng pusa na may guhit na puti.”

Pagkatapos ay tumawag si Moises sa Diyos at tumanggap ng Kanyang banal na lakas. Bagama’t si Satanas ay nanginginig at nayanig ang lupa, si Moises ay *hindi nagpatinag*. Tiyak at malinaw ang kanyang tinig. “Lumayo ka sa akin, Satanas,” pahayag niya, “sapagkat itong nag-iisang Diyos lamang ang aking sasambahin, na siyang Diyos ng kaluwalhatian.”⁹

Gayunman, marami ngayon ang nahihirapan sa katulad na mga problema sa higit na mas malawak na paraan. Hindi nila tunay na nakikita ang mga bagay sa kung ano talaga ang mga ito, o dahil hindi nasisiyahan sa katotohanan. Dagdag pa rito, may mga impluwensiya ngayon na sadyang idinisenyo para akayin tayo palayo sa ganap na katotohanan. Ang mga panlililang at kasinungalingang ito ay higit pa sa walang muwang na maling pagkakilala at madalas ay may kakila-kilabot, at hindi maliliit, na epekto.

Nais ni Satanas, ang ama ng mga kasinungalingan at dakilang manlililang, na pagdudahan natin kung ano talaga ang mga bagay at balewalain ang mga walang-hanggan katotohanan o kung hindi ay baguhin ang mga ito para maging isang bagay na mukhang mas kasiya-siya. “Siya ay nakipagdigma sa mga banal ng Diyos”² at gumugol siya ng isang milenya na nagkakalkula at nagsasanay ng kanyang kakayahan para hikayatin ang mga anak ng Diyos na maniwala na ang *mabuti ay masama* at ang *masama ay mabuti*.

Nagkaroon siya ng reputasyon sa pagkumbinsi sa mga mortal na ang mga skunk ay mga pusa lamang o, tulad ng paglalagay ng pintura,

magagawa ninyong Dalmatian ang isang Labrador!

Tingnan natin ngayon ang isang halimbawa ng mismong alituntuning ito sa mga banal na kasulatan, nang ang propeta ng Panginoon na si Moises ay naharap sa katulad na isyu. “Si Moises ay dinala sa isang napakataas na bundok[;] . . . kanyang nakita ang Diyos nang harapan, at siya ay nakipag-usap sa kanya.”³ Itinuro ng Diyos kay Moises ang kanyang walang hanggang identidad. Bagamat si Moises ay mortal at hindi perpekto, itinuro ng Diyos na si Moises ay “kawangis ng aking Bugtong na Anak; at ang aking Bugtong na Anak . . . ang magiging Tagapagligtas.”⁴

Nakita ni Moises ang Diyos sa kagilangilalas na pangitain, at nalaman din niya ang isang importanteng bagay tungkol sa kanyang sarili: siya ay talagang *anak ng Diyos*.

Pakinggang mabuti kung ano ang naganap matapos ang kamanghamanghang pangitaing ito. “At ito ay nangyari na . . . dumating si Satanas na tinutukso siya,” nagsasabing, “Moises, anak ng *tao*, sambahin mo ako!”⁵ Matapang na sumagot si Moises: “Sino *ka?* Sapagkat masdan, ako ay anak ng *Diyos*, na kawangis ng kanyang Bugtong na Anak; at nasaan ang

Sa huli, si Satanas “ay lumayas . . . sa harapan ni Moises.”¹⁰

Matapos magpakita ang Panginoon at basbasan si Moises dahil sa kanyang pagiging masunurin, sinabi ng Panginoon:

“Pinagpala ka Moises, . . . ikaw ay palalakasin kaysa sa maraming tubig. . .

“At masdan, ako ay kasama mo, maging sa katapusan ng iyong mga araw.”¹¹

Ang paglaban ni Moises kay Satanas ay isang malinaw at nagbibigay-liwanag na halimbawa para sa bawat isa sa atin, anuman ang yugto ng ating buhay. Ito ay makapangyarihang personal na mensahe para sa inyo—ang malaman kung ano ang gagawin kapag sinubukan niyang linlangin kayo. Dahil kayo ay nabasbasan, tulad ni Moises, ng kaloob na tulong mula sa langit.

Mga Kautusan at Pagpapala

Paano ninyo masusumpungan ang tulong na ito mula sa langit, tulad ng ginawa ni Moises, at hindi malinlang o mahulog sa tukso? Isang malinaw na mapagkukunan ng banal na tulong ang muling pinagtibay mismo ng Panginoon sa dispensasyong ito nang ipahayag Niya: “Dahil dito, ako, ang Panginoon, nalalaman ang kapahamakang sasapit sa mga naninirahan sa mundo, ay tinawag ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at nangusap sa kanya mula sa langit, at nagbigay sa kanya ng mga kautusan.”¹² Gamit ang mas simpleng mga salita, maaari nating sabihin na ang Panginoon na nalalaman ang “wakas mula sa simula,”¹³ ay nakakaalam sa mga natatanging paghihirap sa ating panahon. Kaya naglaan Siya ng paraan para mapaglabanan ang mga hamon at tukso, marami sa mga ito ay direktang resulta ng mapanlinlang na mga impluwensiya ng kaaway at ng kanyang mga pag-atake.

Simple lang ang paraan. Sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, ang Diyos ay nakikipag-usap sa atin na Kanyang mga anak, at nagbibigay sa atin ng mga kautusan. Maaari nating sabihin sa ganitong paraan ang talatang kababanggit ko lang, “tinawag [ng Diyos] ang aking tagapaglingkod na si [Pangulong Russell M. Nelson],



at nangusap sa kanya mula sa langit, at nagbigay sa kanya ng mga kautusan.” Hindi ba’t ito ay isang maluwalhating katotohanan?

Pinatotohanan ko na ang Panginoon ay tunay ngang nakikipag-usap mula sa langit kay Joseph Smith, simula noong maringal na Unang Pangitain. Nakikipag-usap din Siya kay Pangulong Nelson sa ating panahon. Pinatotohanan ko na ang Diyos ay nakikipag-usap sa mga propeta noon at nagbigay sa kanila ng mga kautusang nakadiseno para akayin ang Kanyang mga anak sa kaligayahan sa buhay na ito at kaluwalhatian sa susunod.

Ang Diyos ay patuloy na nagbibigay ng mga kautusan sa ating buhay na propeta ngayon. Napakaraming halimbawa nito—mas nakasentro sa tahanan at suportado ng Simbahan na balanseng pagtuturo ng ebanghelyo; ang paghalili ng ministering sa home at visiting teaching; mga pagbabago sa mga patakaran sa templo at mga ordenansa; at ang bagong programa para sa Mga Bata at Kabataan. Namamangha ako sa kabutihan at pagkamahabagin ng mapagmahal na Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo, na muling nagpanumbalik ng Simbahan ng Tagapagligtas sa mundo at tumawag ng

propeta sa ating panahon. Pinapalitan ng Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo ang *mapanganib* na mga panahon ng *kaganapan* ng mga panahon.

Ang Kasamaan ay Hindi Kailanman Kaligayahan

Ang pagsunod sa mga kautusang ibinigay sa ating propeta ay susi hindi lamang sa pag-iwas sa impluwensiya ng manlilinlang kundi maging sa pagdanas ng pangmatagalang kagalakan at kaligayahan. Ang banal na pormula ay simple lang: ang kabutihan, o pagkamasunurin sa mga kautusan, ay nagdudulot ng mga pagpapala, at ang mga pagpapala ay nagdadala ng kaligayahan, o kagalakan, sa ating buhay.

Gayunman, hangad ng kaaway na linlangin kayo gamit ang katulad na paraan nang subukang niyang linlangin si Moises. Palagi siyang nagpapanggap na maging isang bagay na hindi naman siya. Palagi niyang sinusubukang itago kung sino talaga siya. Sinasabi niyang gagawing miserable ng pagsunod ang inyong buhay at nanakawan kayo nito ng kaligayahan.

Makakaisip ba kayo ng ilan sa kanyang mga paraan para manlinlang? Halimbawa, pinagmumukha niyang hindi mapanganib ang droga o pag-inom ng alak at sa halip ay iminumungkahi na ito ay magdudulot ng kasiyahan. Inilulubog niya tayo sa iba’t ibang negatibong elemento na nasa social media, kabilang na ang nakapanlulumong mga pagkukumpara at realidad na ginawang perpekto. Bukod dito, ikinukubli niya ang madilim at mapanirang nilalaman ng internet, tulad ng pornograpiya, tahasang pag-atake sa iba sa pamamagitan ng cyberbullying, at paglalagay ng maling impormasyon na nagdudulot ng pagdududa at takot sa ating puso’t isipan. Mapanlinlang niyang ibinubulong, “Sundin mo lang ako, at tiyak na magiging masaya ka.”

Ang mga salitang isinulat napakaraming siglo na ang nakaraan ng isang propeta sa Aklat ni Mormon ay partikular na angkop sa ating panahon: “Ang kasamaan ay *hindi kailanman* kaligayahan.”¹⁴ Nawa’y makilala natin kung ano talaga ang mga panlilinlang ni Satanas.

Nawa'y mapaglabanan at makita natin ang mga kasinungalingan at impluwensiya ng nilalang na naghahangad na wasakin ang ating mga kaluluwa at nakawin ang ating kasalukuyang kaligayahan at kaluwalhatian sa hinaharap.

Mga minamahal kong kapatid, kailangan nating patuloy na maging matapat at mapagbantay, sapagkat ito lang ang paraan para makilala ang katotohanan at marinig ang tinig ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod. "Sapagkat ang Espiritu ay nagsasabi ng katotohanan at hindi nagsisinungaling. . . . Ipinaalam sa amin ang mga bagay na ito nang malinaw, para sa kaligtasan ng ating mga kaluluwa. . . . Sapagkat sinabi rin yaon ng Diyos sa mga propeta noon."¹⁵ Tayo ay mga Banal ng Makapangyarihang Diyos, ang pag-asa ng Israel! Tayo ba ay manghihina? "[Tayo] ba ay aatras? Hindi! . . . Utos ng Diyos ay susundin. Buong puso ang katapatan."¹⁶

Pinatototohanan ko ang *Banal ng Israel*—maging ang pangalan ni Jesucristo. Pinatototohanan ko ang Kanyang matibay na pagmamahal, katotohanan, at kagalakan na naging posible dahil sa Kanyang walang-hanggan at walang katapusang sakripisyo. Kapag sinusunod natin ang Kanyang mga utos, palagi tayong aakayin sa tamang daan at hindi tayo malililang. Sa banal na pangalan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), HopeofIsrael.ChurchofJesusChrist.org.
2. Doktrina at mga Tipan 76:29.
3. Moises 1:1–2.
4. Moises 1:6.
5. Moises 1:12; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. Moises 1:13; idinagdag ang pagbibigay-diin.
7. Moises 1:16; idinagdag ang pagbibigay-diin.
8. Moises 1:19.
9. Moises 1:20.
10. Moises 1:22.
11. Moises 1:25–26.
12. Doktrina at mga Tipan 1:17.
13. Abraham 2:8.
14. Alma 41:10; idinagdag ang pagbibigay-diin.
15. Jacob 4:13.
16. "Tapat sa Pananampalataya," *Mga Himno*, blg. 156.

NI PANGULONG RUSSELL M. NELSON



Ang Ikalawang Dakilang Kautusan

Ang ating pinakamalaking kagalakan ay nagmumula sa pagtulong sa ating mga kapatid.

Minamahal kong mga kapatid, salamat sa lahat ng inyong ginagawa para tipunin ang Israel sa magkabilang panig ng tabing, para palakasin ang inyong mga pamilya, at para pagpalain ang buhay ng mga nangangailangan. Salamat dahil namumuhay kayo bilang mga tunay na tagasunod ni Jesucristo.¹ Nalalaman at gustung-gusto ninyong sundin ang Kanyang dalawang dakilang kautusan, ang ibigin ang Diyos at ang ibigin ang inyong kapwa-tao.²

Sa nakalipas na anim na buwan, kami ni Sister Nelson ay nakipagpu-long sa libu-libong Banal sa paglalakbay namin sa Gitna at Timog Amerika, sa mga isla sa Pasipiko, at sa iba't ibang lungsod sa Estados Unidos. Sa aming paglalakbay, umaasa kami na *palakasin* ang inyong pananampalataya. Gayunman, palagi kaming bumabalik na ang *aming* pananampalataya ang napalakas ng mga miyembro at kaibigang nakikilala namin. Maaari ko bang ibahagi ang



Habang nasa Auckland, New Zealand, nakipagkita sina Pangulo at Sister Nelson sa mga imam mula sa dalawang moske sa Christchurch, New Zealand.

tatlong makabuluhang sandali mula sa aming mga pinakahuling karanasan?

Noong Mayo, kami ni Sister Nelson ay naglakbay kasama sina Elder Gerrit W. at Sister Susan Gong sa Timog Pasipiko. Habang nasa Auckland, New Zealand, nagkaroon kami ng karangalang makipagkita sa mga imam ng dalawang moske sa Christchurch, New Zealand, kung saan dalawang buwan bago ito ay kakilakilabot at marahas na pinagbabaril ang mga inosenteng sumasamba rito.

Ipinaabot namin ang ating pakikiramay sa ating mga kapatid na ito sa ibang pananampalataya at kapwa muling pinagtitiyap ang ating tapat na pangako sa kalayaang pangrelihiyon.

Nagbigay din tayo ng boluntaryong paggawa at disenteng tulong pinansyal para sa muling pagtatayo ng mga moske. Ang aming pakikipagpulong sa mga pinunong Muslim na ito ay puno ng magigiliw na pagpapahayag ng pakikipagkapatiran.

Noong Agosto, kasama sina Elder Quentin L. at Sister Mary Cook, kami ni Sister Nelson ay nakipagtipon sa mga tao sa Buenos Aires, Argentina—karamihan sa kanila ay mula sa ibang pananampalataya—na ang mga buhay ay nabago ng mga wheelchair na ibinigay sa kanila ng ating Latter-day Saint Charities. Nabigyang-inspirasyon kami nang ipinahayag nila ang kanilang pasasalamat na puno ng kagalakan para sa kanilang bagong-tuklas na kakayahang kumilos.

Ang ikatlong mahalagang sandali ay naganap ilang linggo lamang ang nakararaan dito sa Salt Lake City. Mula ito sa isang natatanging liham na natanggap ko noong kaarawan ko mula sa dalagita na tatawagin kong Mary—14 na taong gulang.

Sumulat si Mary tungkol sa pagkakatulad naming dalawa: “Mayroon po kayong 10 anak. Sampu po kaming magkakapatid. Nagsasalita po kayo ng Mandarin. Pito sa mga bata sa aming pamilya, kabilang po ako, ang inampon mula sa China, kaya Mandarin po ang aming unang wika. Isa po kayong heart surgeon. Ang kapatid ko pong babae ay nagkaroon ng dalawang open-heart



[operations]. Gusto po ninyo ng dalawang oras na pagsisimba. Gusto po namin ng dalawang oras na pagsisimba. Mayroon po kayong perfect pitch. May perfect pitch din po ang kapatid kong lalaki. Siya po ay bulag ding katulad ko.”

Ang mga salita ni Mary ay labis na umantig sa akin, nagpapahayag hindi lamang ng kanyang dakilang espiritu kundi maging ng banal na paglalaan ng kanyang ina at ama.

Ang mga Banal sa mga Huling Araw, katulad ng ibang mga tagasunod ni Jesucristo, ay palaging naghahanap ng mga paraan para tumulong, magpasigla, at magmahal ng iba. Sila na nahahandang tawaging mga tao ng Panginoon ay “nahahandang magpasan ng pasanin ng isa’t isa, . . . makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati; . . . at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw.”³

Tunay na hinahangad nila na ipamahay ang una at ikalawang dakilang mga kautusan. Kapag minamahal natin ang

Diyos nang buong puso, ibinabaling Niya ang ating mga puso sa kapakanan ng *iba* sa isang maganda at banal na siklo.

Imposibleng makalkula ang dami ng paglilingkod na ibinibigay ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo sa bawat araw ng bawat taon, ngunit *posible* na makalkula ang kabutihang ginagawa ng Simbahan bilang isang organisasyon para pagpalain ang kalalakhian at kababaihan—mga batang lalaki at babae—na nangangailangan ng tulong.

Ang pagtulong ng Simbahan sa mga taong nangangailangan ay sinimulan noong 1984. Pagkatapos nito, isang pag-aayuno sa buong Simbahan ang idinaos para makakalap ng pondo para tulungan ang mga nagdurusa dahil sa matinding tagtuyot sa silangang Africa. Ang mga miyembro ng Simbahan ay nagbigay ng \$6.4 milyong donasyon sa *isang* araw lamang na iyon ng pag-aayuno.



Ang noo'y Elder M. Russell Ballard at si Brother Glenn L. Pace ay ipinadala sa Ethiopia para suriin kung paano pinakamainam na magagamit ang pondong bunga ng paglalaan. Ang gawaing ito ang naging simula ng tatawagin kalaunan na Latter-day Saint Charities.

Mula noon, nagbigay ang Latter-day Saint Charities ng mahigit dalawang *bilyong dohyar* na tulong para sa mga nangangailangan sa buong mundo. Ang tulong na ito ay ibinigay sa mga tumatangap anuman ang kanilang Simbahang kinabibilangan, nasyonalidad, lahi, sekswal na oryentasyon, kasarian, o politikal na opinyon.

Hindi lang iyan. Para tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na nahihirapan, gustung-gusto at ipinamumuhay natin ang sinaunang batas ng pag-aayuno.⁴ Nagugutom tayo para tulungan ang mga nagugutom. Isang araw bawat buwan, hindi tayo kumakain at ibinibigay na donasyon ang halaga ng pagkaing iyon (at higit pa) para tulungan ang mga nangangailangan.

Hindi-hinding ko malilimutan ang una kong pagbisita sa Kanlurang

Africa noong 1986. Napakarami ng mga Banal na dumating sa aming mga pulong. Bagama't ang karamihan ay may kakaunting materyal na pag-aari, ang karamihan ay nakasuot ng walang-bahid dungis na puting kasuotan.

Tinanong ko ang stake president kung paano niya pinangangalagaan ang mga miyembro na walang-wala. Tumugon siya na kilalang-kilala ng mga bishop ang kanilang mga miyembro. Kung makakabili ng pagkain ang mga miyembro nang dalawang beses kada araw, hindi nila kailangan ng tulong. Subalit kung isang beses lang sila nakakabili o kung mas mababa pa rito—kahit may tulong na ng mga kapamilya—ang mga bishop ay nagbibigay ng pagkain mula sa pondo ng mga handog-ayuno. Pagkatapos ay idinagdag niya ang kahangahangang katotohanang ito: ang kanilang mga kontribusyon sa handog-ayuno ay kadalasang *higit pa* sa kanilang ginagasta. Ang labis na handog-ayuno ay ipinadadala naman sa mga tao sa *ibang lugar* na may mas malaking pangangailangan kaysa kanila. Ang malalakas na Afrika-nong Banal na ito ay nagturo sa akin ng

dakilang aral tungkol sa kapangyarihan ng *batas* at sa *diwa* ng pag-aayuno.

Bilang mga miyembro ng Simbahan, nauunawaan natin ang mga nagdurusa sa anumang paraan.⁵ Bilang mga anak ng Diyos, tayong lahat ay magkakapatid. Sinusunod natin ang isang payo sa Lumang Tipan: “[Ibuka] mo nga ang iyong kamay sa iyong kapatid, sa nagkakailangan sa iyo, at sa dukha . . . sa iyong lupain.”⁶

Nagsisikap din tayong ipamuhay ang mga turo ng Panginoong Jesucristo na nakatala sa Mateo 25:

“Sapagka’t ako’y nagutom, at ako’y inyong pinakain; ako’y nauhaw, at ako’y inyong pinainom: ako’y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy;

“Naging hubad, at inyo akong pina-ramtan; ako’y nagkasakit at inyo akong dinalaw. . . .

“ . . . Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa.”⁷

Hayaan ninyo akong banggitin ang ilang halimbawa kung paano sinusunod ng Simbahan ang mga turong ito ng Tagapagligtas.

Para tulungan ang mga nagugutom, ang Simbahan ay nagpapakita ng 124 na mga bishop’s storehouse sa buong mundo. Sa pamamagitan ng mga ito, humigit-kumulang na 400,000 na mga kahilingan sa pagkain ang ibinibigay sa bawat taon sa mga indibiduwal na nangangailangan. Sa mga lugar kung saan walang storehouse, ang mga bishop at branch president ay kumukuha mula sa mga pondo ng handog-ayuno ng Simbahan para makapagbigay ng pagkain at suplay sa mga miyembrong nangangailangan.

Gayunman, ang problema ng pagkagutom ay nakaaapekto hindi lamang sa mga miyembro ng Simbahan. Ito ay mas lumalala sa buong mundo. Ang pinakahuling ulat ng United Nations ay nagpapakita na ang bilang ng mga taong kulang sa nutrisyon sa mundo ngayon ay mahigit sa 820 milyon—o halos isa sa bawat siyam na naninirahan sa mundo.⁸

Napakaseryosong bilang nito! Labis kaming nagpapasalamat sa inyong mga kontribusyon. Salamat at dahil sa inyong taos-pusong pagbibigay, milyun-milyon

sa buong mundo ang tatanggap ng labis na kinakailangang pagkain, damit, pansamantalang tirahan, mga wheelchair, gamot, malinis na tubig, at marami pang iba.

Ang karamihan sa sakit sa buong mundo ay dahil sa maruming tubig. Hanggang sa araw na ito, ang makataong inisyatibo ng Simbahan ay tumulong na makapagbigay ng malinis na tubig sa daan-daang komunidad sa 76 na bansa.

Ang proyekto sa Luputa, sa Democratic Republic of the Congo, ay isang magandang halimbawa. Mahigit 100,000 populasyon, ang bayang ito ay *walang dumadaloy na tubig*. Ang mga mamamayan ay kailangang maglakad nang malayo para sa mga mapagkukunan ng ligtas na tubig. Bagama't natuklasan ang isang bukal sa bundok na 18 milya ang layo, ang mga tao sa bayan ay hindi makakuha ng tubig nang regular.

Nang malaman ng ating mga humanitarian missionary ang problemang ito, nakipagtulungan sila sa mga pinuno sa Luputa sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga materyales at ng training o pagsasanay sa paglalagay ng tubo para mapatubigan ang lungsod. Ang mga tao sa Luputa ay gumugol ng *tatlong taon* sa paghuhukay ng isang metrong lalim na kanal sa mga bato at gubat. Sa pagtutulongan, dumating sa wakas ang napakasayang araw na ang lahat sa pamayanan ay makakakuha na ng malinis na tubig-tabang.

Tumutulong din ang Simbahan sa mga refugee, lumikas man sila sa kaguluhang sibil, pananalasa ng kalikasan, o pagmamalupit dahil sa relihiyon. Mahigit 70 milyon na ngayon ang lumikas mula sa kanilang mga tahanan.⁹

Sa taong 2018 lamang, ang Simbahan ay nagbigay ng mga emergency supply sa mga refugee sa 56 na bansa. Bukod dito, maraming miyembro ng Simbahan ang nagboluntaryo ng kanilang oras para tulungan ang mga refugee na makaangkop sa kanilang bagong mga komunidad. Salamat sa bawat isa sa inyo na tumulong sa mga nagsisikap na magtatag ng kanilang bagong mga tahanan.

Sa bukas-palad na pagbibigay ng donasyon sa mga Deseret Industries

outlet sa Estados Unidos, milyun-milyong libra ng mga damit ang nako-kolekta at pinaghihiwa-hiwalay bawat taon. Bagama't gamit ng mga bishop ang malawak na imbentaryong ito para tulungan ang mga nangangailangan, ang *pinakamalaking* bahagi ay ibinibigay na donasyon sa mga organisasyon kawanggawa na namamahagi ng mga ito sa buong mundo.

At nito lamang nagdaang taon, ang Simbahan ay nagkaloob ng tulong sa pangangalaga ng paningin ng mahigit 300,000 tao sa 35 bansa, tulong para sa pangangalaga sa mga bagong panganak ng libu-libong mga ina at sanggol sa 39 bansa, at mga wheelchair sa mahigit 50,000 tao na nakatira sa maraming bansa.

Ang Simbahan ay kilala bilang isa sa mga unang tumutugon kapag may nagaganap na trahedyo. Kahit *bago pa man* tumama ang isang buhawi, ang mga lider at kawani ng Simbahan sa mga apektadong lugar ay gumagawa na ng mga plano kung paano sila



magbibigay ng relief supply at tulong mula sa mga boluntaryo para sa mga masasalanta.

Nito lamang nagdaang taon, ang Simbahan ay gumawa ng mahigit 100 na proyekto para tumulong sa mga nasa-lanta ng kalamidad sa buong mundo at tumulong sa mga biktima ng buhawi, sunog, baha, lindol, at iba pang mga kalamidad. Kung kailan man posible, napakaraming mga miyembro ng Simbahan na nakadilaw na Helping Hands vest ang kumikilos para tumulong sa mga naapektuhan ng kalamidad. Ang uri ng paglilingkod na ito, na ibinigay ng napakarami sa inyo, ay ang pinakadiwa ng paglilingkod.

Minamahal kong mga kapatid, ang mga aktibidad na inilarawan ko ay maliit na bahagi lamang ng lumalagong tulong pangkapakanan at pantao ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.¹⁰ At *kayo* ang dahilan kung bakit naging posible ang lahat ng ito. Dahil sa inyong kahanga-hangang mga buhay, mapagbigay na mga puso, at matulunging mga kamay, hindi nakapagtata kang maraming pinuno ng mga komunidad at pamahalaan ang pumupuri sa inyong mga ginagawa.¹¹

Mula nang ako ay maging Pangulo ng Simbahan, namangha ako kung gaano karaming mga pangulo, prime minister, at mga ambassador ang taopusong nagpasalamat sa akin para sa ating mga tulong sa kanilang mga tao. At nagpahayag din sila ng pasasalamat para sa lahat ng ibinibigay ng ating matatapat na miyembro sa kanilang mga bansa bilang matatapat at nag-aambag na mga mamamayan.

Namangha rin ako sa pagbisita sa Unang Panguluhan ng mga lider sa mundo na nagpapahayag ng *kanilang pag-asa* na maitatag ang Simbahan sa kanilang mga lupain. Bakit? Dahil alam nila na ang mga Banal sa mga Huling Araw ay tutulong na magtatag ng malalakas na pamilya at komunidad at gagawing mas mabuti ang buhay ng iba *saanman* sila nakatira.

Saan man naninirahan, ang mga miyembro ng Simbahan ay may masidhing damdamin sa pagiging Ama ng Diyos at pagkakapatiran ng mga tao.

Kaya, ang *ating* pinakamataas na kagalakan ay nagmumula sa pagtulong sa ating mga kapatid, saan man tayo nakatira sa kamangha-manghang mundong ito.

Ang pagbibigay ng tulong sa iba—ang matapat na pagsisikap na pangalagaan ang iba tulad ng o *higit pa* sa pangangalaga natin sa ating sarili—ang ating kagalakan. Lalo na, kung maaari kong idagdag, kapag ito ay hindi maginhawa at kapag kailangan nating gawin ang isang bagay na hindi natin karaniwang ginagawa. *Ang* pamumuhay ng ikalawang dakilang kautusang iyon ang *susi* para maging tunay na disipulo ni Jesucristo.

Minamahal kong mga kapatid, kayo ang mga buhay na halimbawa ng mga bunga na mula sa pagsunod sa mga turo ni Jesucristo. Salamat sa inyo! Mahal ko kayo!

Alam ko na ang Diyos ay buhay. Si Jesus ang Cristo. Ipinanumbalik na sa lupa ang Kanyang Simbahan sa mga huling araw na ito upang tuparin ang mga banal na layunin nito. Pinatotohanan ko ang mga ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Moroni 7:48.
2. Tingnan sa Mateo 22:37–39; Lucas 10:27.
3. Mosias 18:8–9.
4. Tingnan sa Isaia 58:3–12.
5. Sa simula ng kasaysayan ng Simbahan, ang matatapatang na pioneer ay nakaranas din ng gutom, kawalan ng tirahan, at panliligalig.
6. Deuteronomio 15:11.
7. Mateo 25:35–36, 40.
8. Tingnan sa Food and Agriculture Organization of the United Nations and others, *The State of Food Security and Nutrition in the World 2019*, 6, fao.org/3/ca5162en/ca5162en.pdf.
9. Tingnan sa “Worldwide Displacement Tops 70 Million, UN Refugee Chief Urges Greater Solidarity in Response,” United Nations High Commissioner for Refugees website, Hunyo 19, 2019, unhcr.org/en-us.
10. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga gawaing pangkawanggawa ng Simbahan, mangyaring tingnan sa ChurchofJesusChrist.org/topics/welfare; LatterDaySaintCharities.org; [facebook.com/LatterDaySaintCharities](https://www.facebook.com/LatterDaySaintCharities); JustServe.org.
11. “Ang pinakapektibong polyeto na madadala natin ay ang kabutihan ng ating mga personal na buhay at halimbawa” (Gordon B. Hinckley, “Find the Lambs, Feed the Sheep,” *Liahona*, Hulyo 1999, 121).



Sesyon sa Linggo ng Hapon | 6 Oktubre 2019

NI PANGULONG HENRY B. EYRING
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Kabanalan at ang Plano ng Kaligayahan

Ang mas malaking kaligayahan ay nagmumula sa higit na personal na kabanalan.

Mahal kong mga kapatid, nagdasal ako para sa kapangyarihan na tulungan kayo sa inyong personal na pagsasaliksik para sa kaligayahan. Ang ilan ay maaaring masaya na, ngunit tiyak na walang tatanggi sa alok na dagdag na kaligayahan. Kahit sino ay masasabik na tanggapin ang tiyak na alok ng tumatagal na kaligayahan.

Ito ang alok ng Ama sa Langit; ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo; at ng Espiritu Santo sa bawat espiritung anak ng Ama sa Langit na nabubuhay ngayon, mabubuhay, o nabuhay sa mundong ito. Ang alok na iyon ay tinatawag kung minsan na plano ng kaligayahan. Ganito ang tawag ni propetang Alma nang turuan niya ang kanyang anak na lugmok sa hirap ng kasalanan. Alam ni Alma na ang kasamaan ay hindi kailanman magiging kaligayahan para sa kanyang anak—o sa sinumang anak ng Ama sa Langit.¹

Itinuro niya sa kanyang anak na ang paglago sa kabanalan ang tanging landas tungo sa kaligayahan. Nilinaw niya na ang higit na kabanalan ay posible lamang sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na naglinis at nagpeperpekto sa atin.² Tanging sa pananampalataya kay Jesucristo,

patuloy na pagsisisi, at pagtupad ng mga tipan natin maaangkin ang tumatagal na kaligayahan na nais nating maranasan at mamalagi.

Dalagin ko ngayon na matulungan ko kayong maunawaan na ang mas malaking kaligayahan ay mula sa dagdag na personal na kabanalan upang kumilos kayo sa paniniwalang iyon. At ibabahagi ko ang alam kong magagawa natin upang maging marapat sa kaloob na pagiging mas banal.

Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan na bukod sa iba pang bagay,





tayo ay mapababanal o magiging mas banal kapag nananampalataya tayo kay Cristo,³ ipinakikita ang ating pagsunod,⁴ nagsisisi,⁵ nagsasakripisyo para sa Kanya,⁶ tinatanggap ang mga sagradong ordenansa, at tinutupad ang ating mga tipan sa Kanya.⁷ Para maging marapat sa kaloob na kabanalan kailangan ng kababaang-loob,⁸ kaamuan,⁹ at tiyaga.¹⁰

Ang isang karanasan ng paghangad ng dagdag na kabanalan ay dumating sa akin sa Salt Lake Temple. Pumasok ako sa templo sa unang pagkakataon na kaunti lang ang nasabing dapat kong asahan. Nakita ko ang mga salita na nasa gusali: “Kabanalan sa Panginoon” at “Ang Bahay ng Panginoon.” Nakadama ako ng matinding pag-asam. Gayunman naisip ko kung karapat-dapat ba ako.

Nauna sa paglakad sina Inay at Itay habang papasok kami sa templo. Hiniling na ipakita namin ang aming mga recommend, bilang patunay na karapat-dapat kami.

Kilala ng mga magulang ko ang lalaki sa recommend desk. Nakipag-usap

sila sandali sa kanya. Nauna na ako sa malawak na lugar kung saan ang lahat ay kumikinang sa puti. Tumingin ako sa kisame sa itaas na parang langit na nakabukas. Nang sandaling iyon, dumating sa akin ang malinaw na impresyon na galing na ako doon noon.

Subalit, narinig ko ang isang banayad na tinig—hindi ang sarili kong tinig. Ganito ang mga salitang binigkas nang banayad: “Hindi ka pa nakapasok dito. Naaalala mo ang sandaling bago ka isinilang. Nasa ganitong sagradong lugar ka noon. Nadama mong papalapit ang Tagapagligtas sa iyong kinatatayuan. At nakadama ka ng kaligayahan dahil sabik kang makita Siya.”

Ang karanasang iyon sa Salt Lake Temple ay saglit lamang. Ngunit ang alaala nito ay may hatid pa ring kapayapaan, galak, at tahimik na kaligayahan.

Natuto ako ng maraming aral noong araw na iyon. Ang isa ay ang Espiritu Santo ay nangungusap sa marahang at banayad na tinig. Naririnig ko Siya kapag may espirituwal na kapayapaan sa puso ko. Hatid Niya ay kaligayahan at katiyakan na ako ay nagiging mas

banal. At palagi iyang nagdudulot ng kaligayahang nadama ko sa mga unang sandaling iyon sa templo ng Diyos.

Namasdan mo sa sarili mong buhay at sa buhay ng iba ang himala ng kaligayahan na nagmumula sa kabanalan, nagiging mas katulad ng Tagapagligtas. Sa mga linggong nagdaan, nasa tabi ako ng higaan ng mga taong maaaring pumanaw nang may ganap na pananalig sa Tagapagligtas at masasaya ang mukha.

Isa dito ang lalaking napalilibutan ng kanyang pamilya. Silang mag-asawa ay tahimik na nag-uusap pagpasok namin ng anak ko. Matagal ko na silang kilala. Nakita ko ang epekto ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa kanilang buhay at sa buhay ng mga miyembro ng kanilang pamilya.

Magkasama nilang pinili na huwag nang gumamit ng tulong medikal para pahabain ang kanyang buhay. May tahimik na damdamin habang nagsasalita sila sa amin. Ngumiti siya nang magpasalamat siya para sa ebanghelyo at sa nakadadalisan na mga epekto nito sa kanya at sa pamilyang mahal niya.



Binanggit niya ang maliligaya niyang taon ng paglilingkod sa templo. Sa kahilingan ng lalaking ito, pinahiran ng anak ko ng inilaang langis ang kanyang ulo. Pinagtibay ko ang pagpapahid ng langis. Nang gawin ko ito, nagkaroon ako ng malinaw na impresyon na di magtatagal makikita na niya ang kanyang Tagapagligtas, nang harapan.

Nangako ako sa kanya na makadarama siya ng kaligayahan, pagmamahal, at pagsang-ayon ng Tagapagligtas. Magiliw siyang ngumiti nang umalis kami. Ang huling sinabi niya sa akin ay “Pakisabi kay Kathy mahal ko siya.” Ang asawa kong si Kathleen, sa paglipas ng maraming taon ay hinikayat ang mga henerasyon ng kanyang pamilya na tanggapin ang paanyaya ng Tagapagligtas na lumapit sa Kanya, gumawa at tuparin ang mga sagradong tipan, at maging marapat sa kaligayahan na bunga ng dagdag na kabanalang ito.

Namatay siya makalipas ang ilang oras. Sa loob ng ilang linggo pagkamatay niya, nagdala ang kanyang balo ng regalo sa aming mag-asawa. Nakangiti siya habang nag-uusap kami. Masaya niyang sinabi, “Umasa akong malulungkot ako. Napakasaya ko. Sa tingin mo, ayos lang iyon?”

Batid kung gaano niya kamahal ang kanyang asawa at kung paano nila kapwa nakilala, minahal, at pinaglingkuran ang Panginoon, sinabi kong ang nadarama niyang kaligayahan ay pangakong regalo dahil siya, sa matapat niyang

paglilingkod, ay mas pinabanal. Dahil sa kanyang kabanalan siya ay naging marapat sa kaligayahang iyon.

Ang ilang nakikinig ngayon ay maaaring nagtataka: “Bakit hindi ko nadarama ang kapayapaan at kaligayahang ipinangako sa matatapat? Naging matapat ako sa kabila ng matinding paghihirap, pero hindi ako maligaya.”

Kahit ang Propetang Joseph Smith ay naharap sa pagsubok na ito. Nanalangin siya ng kaluwagan noong nakakulong siya sa Liberty, Missouri. Naging matapat siya sa Panginoon. Lumago siya sa kabanalan. Gayunman nadama niyang ipinagkait sa kanya ang kaligayahan.

Itinuro sa kanya ng Panginoon ang aral ng pagtitiyaga na kakailanganin nating lahat kahit paano, at marahil sa mahabang panahon, sa pagsubok sa atin sa buhay na ito. Narito ang mensahe ng Panginoon sa Kanyang matapat at nagdurusang propeta:

“At kung ikaw ay itatapon sa hukay, o sa mga kamay ng mga mamamatay-tao, at ang kahatulan ng kamatayan ay ihahatol sa iyo; kung ikaw ay itapon sa kalaliman; kung ang dumadaluyong na alon ay magkaisa laban sa iyo; kung ang malakas na hangin ay iyong maging kaway; kung ang kalangitan ay magtipon ng kadiliman, at ang lahat ng elemento ay magsama-sama upang harangan ang daan; at higit sa lahat, kung ang pina-kapanga ng impiyerno ay ibubuka nang malaki ang bibig sa iyo, alamin mo, aking anak, na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti.

“Ang Anak ng Tao ay nagpakababababa sa kanilang lahat. Ikaw ba’y nakahi-higit sa kanya?

“Samakatwid, maging matatag sa iyong landas, at ang pagkasaserdote ay mananatili sa iyo; sapagkat ang kanilang hangganan ay nakatakda, sila ay hindi makararaan. Ang iyong mga araw ay nababatid, at ang iyong mga taon ay hindi nababawasan ng bilang; kaya nga, huwag katakutan ang nagagawa ng tao, sapagkat ang Diyos ay kasama mo magpakailanman at walang katapusan.”¹¹

Iyon din ang aral na ibinigay ng Panginoon kay Job, na nagbayad ng malaki para tulutan ang Pagbabayad-sala

na gawin siyang mas banal. Alam nating banal si Job, mula sa mga tagubilin na nasa atin tungkol sa kanya: “May isang lalaki sa lupain ng Uz na ang pangalan ay Job; ang lalaking iyon ay walang kapintasan, matuwid, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan.”¹²

Pagkatapos ay nawala kay Job ang kanyang kayamanan, pamilya, at maging ang kanyang kalusugan. Maaalala ninyo na nagduda si Job na ang kanyang dagdag na kabanalan, na nakamit sa dagdag na paghihirap, ay nagpagindapat sa kanya para sa mas malaking kaligayahan. Tila kay Job ang kabanalan ay nagdulot ng paghihirap.

Gayunman ibinigay ng Panginoon kay Job ang aral ng pagtutuwid na ibinigay Niya kay Joseph Smith. Hinayaan Niyang makita ni Job ang makadurogpusong kalagayan gamit ang espirituwal na mga mata. Sabi niya:

“Bigkisan mo tulad sa lalaki ang iyong baywang, tatanungin kita at ikaw sa akin ay magsasaysay.

“Nasaan ka nang ilagay ko ang mga pundasyon ng lupa? Sabihin mo, kung mayroon kang pang-unawa.

“Sinong nagpasiya ng mga sukat niyon—tiyak na alam mo! o sinong nag-unat ng panukat sa ibabaw nito?

“Sa ano nakabaon ang kanyang mga pundasyon? o sinong naglagay ng batong panulok niyon;

“Nang sama-samang umawit ang mga tala sa umaga, at ang lahat ng mga anak ng Diyos ay nagsigawan sa tuwa?”¹³

At, matapos magsisi si Job sa pagsasabing hindi patas ang Diyos, tinulutan si Job na makita ang kanyang mga pagsubok sa mas mataas at mas banal na paraan. Nagsisi siya.

“Pagkatapos ay sumagot si Job sa Panginoon, at sinabi,

“Alam kong magagawa mo ang lahat ng mga bagay, at wala kang layunin na mahahadlangan.

“Sino itong nagkukubli ng payo na walang kaalaman?”

Kaya’t aking nasambit ang hindi ko nauunawaan? mga bagay na lubhang kahanga-hanga para sa akin, na hindi ko nalalaman.

“Makinig ka at magsasalita ako; tata-nungin kita at sa akin ay ipahayag mo.

“Narinig kita sa pakikinig ng tainga, ngunit ngayo’y nakikita ka ng aking mata.

“Kaya’t ako’y namumuhi sa sarili ko, at nagsisisi ako sa alabok at mga abo.”¹⁴

Matapos magsisi si Job at sa gayon ay naging mas banal, biniyayaan siya ng Panginoon nang higit pa sa lahat ng nawala sa kanya. Ngunit marahil ang pinakamalaking pagpapala kay Job ay ang magkaroon ng dagdag na kabanalan sa pamamagitan ng paghihirap at pagsisisi. Kwalipikado siyang magkaroon ng mas malaking kaligayahan sa natitirang araw ng kanyang buhay.

Ang dagdag na kabanalan ay hindi darating sa paghingi lamang nito. Darating ito sa paggawa ng kinakailangan para mabago tayo ng Diyos.

Ibinigay ni Pangulong Russell M. Nelson ang tila pinakamainam na payo kung paano susulong sa landas ng tipan para sa dagdag na kabanalan. Itinuro niya ang daan nang sabihin niyang:

“Danasin ang nagpapalakas na kapangyarihan ng araw-araw na pagsisisi—ng paggawa at pagiging mas mabuti sa bawat araw.

“Kapag pinipili nating magsisi, pinipili nating magbago! Tinutulutan natin ang Tagapagligtas na baguhin tayo at gawin tayong pinakamabuting bersyon ng ating sarili. Pinipili nating umunlad sa espirituwal at magkaroon ng kagalakan—ang kagalakan na matubos Niya. Kapag pinipili nating magsisi, pinipili nating maging higit na katulad ni Jesucristo!”

Nagpatuloy si Pangulong Nelson upang hikayatin tayo sa pagsisikap nating maging mas banal: “Hindi inaasahan ng Panginoon na perpekto na tayo sa puntong ito. . . . Ngunit ang inaasahan Niya sa atin ay maging mas dalisay tayo. Ang araw-araw na pagsisisi ay landas patungo sa kadalisayan.”¹⁵

Si Pangulong Dallin H. Oaks, sa mas naunang mensahe sa kumperensya, at tinulungan din ako na makita nang mas malinaw kung paano tayo umuunlad sa kabanalan at paano natin malalaman na doon tayo papunta. Sabi niya: “Paano natin nakakamit ang espirituwalidad? Paano natin nakakamit ang antas na iyon ng kabanalan kung saan



palagi nating makakasama ang Espiritu Santo? Paano natin nakikita at nasusuri ang mga bagay ng mundong ito taglay ang pananaw ng kawalang hanggan?”¹⁶

Ang sagot ni Pangulong Oaks ay nagsimula sa mas malaking pananampalataya kay Jesucristo bilang ating mapagmahal na Tagapagligtas. Aakayin tayo niyan na hangaring mapatawad araw-araw at alalahanin Siya araw-araw sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos. Ang mas malaking pananampalataya kay Jesucristo ay dumarating sa araw-araw nating pagpapakabusog sa Kanyang salita.

Ang himnong “Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan” ay nagmumungkahi kung paano hihingi ng tulong na maging mas banal. Matalinong iminumungkahi ng awtor na ang kabanalang hanap natin ay kaloob mula sa mapagmahal na Diyos, na ibinibigay sa paglipas ng panahon, matapos ang lahat ng ating magagawa. Naaalala ninyo ang huling talata:

*Kabanalang lalo,
Ang kahilingan,
At sa kasalanan
Ay kahungkutan.
Lalong pananalig,
Sa Manunubos,
Sa paghilingkod ko’y—
Ligayang lubos.*¹⁷

Anuman ang ating katayuan, nasaan man tayo sa landas ng tipan pauwi, nawa masagot ang ating mga dalangin para sa

dagdag na kabanalan. Alam kong kapag ipinagkaloob ang ating samo, madaragdagan ang ating kaligayahan. Maaaring mabagal itong dumating, ngunit darating ito. Tiniyak iyan sa akin ng mapagmahal na Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo.

Nagpapatotoo ako na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos, na si Pangulong Russell M. Nelson ang ating buhay na propeta ngayon. Buhay ang Diyos Ama at mahal Niya tayo. Nais Niyang umuwi tayo sa Kanya bilang mga pamilya. Inaanyayahan tayo ng mapagmahal nating Tagapagligtas na sundan Siya sa ating paglalakbay papunta roon. Inihanda Nila ang daan. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Alma 41:10.
2. Tingnan sa Alma 42:4–16.
3. Tingnan sa Mga Gawa 26:18; Eter 4:7.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:34.
5. Tingnan sa 3 Nephi 27:19–20.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:50.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 97:8.
8. Tingnan sa Helaman 3:35.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 101:1–5.
10. Tingnan sa I Ni Juan 3:2–3; Doktrina at mga Tipan 112:13.
11. Doktrina at mga Tipan 122:7–9.
12. Job 1:1.
13. Job 38:3–7.
14. Job 42:1–6.
15. Russell M. Nelson, “Maaari Tayong Gumawa nang Mas Mahusay at Maging Mas Mahusay,” *Liahona*, Mayo 2019, 68.
16. Dallin H. Oaks, “Spirituality,” *Ensign*, Nob. 1985.
17. “Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan,” *Mga Himno*, blg. 80.



NI ELDER HANS T. BOOM
Ng Pitumpu

Pagkaalam, Pagmamahal, at Paglago

Nawa'y maunawaan nating lahat ang ating bahagi sa dakilang gawaing ito ng ministering o paglilingkod upang tayo ay maging mas katulad Niya.

Noong 2016 bumisita ang The Tabernacle Choir at Temple Square sa Netherlands at Belgium. At dahil kasama ako sa masayang kaganapang iyon, nagkaroon ako ng pagkakataong mapanood nang dalawang beses ang kanilang pagtatanghal.

Habang nagtatanghal sila naisip ko na napakalaking trabaho ang ilibot ang isang korong gayon kalaki. Natuon ang aking isipan sa malaking gong, na mahirap at marahil ay magastos ipadala kumpara sa biyolin, trumpeta, o iba pang mga instrumentong madaling kipkipin sa iyong kamay. Ngunit kung titingnan ang aktuwal na gamit ng gong na ito, natanto ko na ilang beses lang ito pinatunog, samantalang ang iba pang mas maliliit na instrumento ay ginamit sa halos buong konsiyerto. Napag-isip ko na kung wala ang tunog ng gong ay maiiba ang pagtatanghal kaya kinaila-angang sikaping itawid ng karagatan ang malaking gong na ito.

Kung minsan maaaring nadarama natin na tayo, gaya ng gong na iyon, ay sapat na upang tumugtog ng maliit na

bahagi sa pagtatanghal. Ngunit hayaan ninyong sabihin ko sa inyo na ang inyong tunog ay napakahalaga.

Kailangan natin ang lahat ng instrumento. Ang ilan sa atin ay madaling matuto at napakagaling sa paaralan, samantalang ang iba ay may mga talento sa sining. Ang ilan ay nagdidisenyo at

bumubuo ng mga bagay o nag-aalaga, nagpoprotekta, o nagtuturo sa iba. Kailangan tayong lahat para maghatid ng kulay at kahulugan sa mundong ito.

Sa mga nakadarama na wala silang anumang maiaambag o naniniwala na wala silang halaga o silbi kaninuman, sa iba na maaaring nadarama na napakaganda ng buhay nila, at sinumang nalilito sa damdamin nila, para sa inyo ang mensahe kong ito.

Saanman kayo naroon sa landas ng buhay, ang ilan sa inyo ay maaaring lubhang nabibigatan kaya ni hindi ninyo iniisip na kayo ay nasa landas na iyon. Gusto kong anyayahan kayong lumabas mula sa kadiliman tungo sa liwanag. Ang liwanag ng ebanghelyo ay magbibigay ng sigla at pagpapagaling at ipauunawa sa inyo kung sino kayo talaga at kung ano ang inyong layunin sa buhay.

Ang ilan sa atin ay pagala-gala sa mga bawal na landas, nagsisikap na makasumpung ng kaligayahan doon.

Inaanyayahan tayo ng isang mapagmahal na Ama sa Langit na tahakin ang landas ng pagkadisipulo at bumalik sa Kanya. Ganap ang pagmamahal Niya sa atin.¹

Ano ang paraan? Ang paraan ay ipaunawa sa isa't isa kung sino tayo sa pamamagitan ng paglilingkod sa isa't isa.

Sa akin, ang paglilingkod ay pagpapakita ng banal na pag-ibig.² Sa gayong paraan lumilikha tayo ng isang kapaligiran kung saan kapwa ang nagbibigay



at tumatanggap ay nagkakaroon ng hangaring magsisi. Sa madaling salita, nagbabago tayo ng direksyon at mas napapalapit at nagiging higit na katulad ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Halimbawa, hindi na kailangang sabihin palagi sa ating asawa o mga anak kung paano sila magpapakabuti; alam na nila iyan. Sa paglikha ng kapaligiran ito na may pagmamahalan, mabibigyan sila ng lakas na baguhin ang kailangang baguhin sa kanilang buhay at maging mas mabubuting tao.

Sa ganitong paraan ang pagsisisi ay nagiging pang-araw-araw na proseso ng pagdadalisay na maaaring kabilangan ng paghingi ng tawad sa hindi magandang pag-uugali. Naaalala at nararanasan ko pa rin ang mga sitwasyon kung saan masyado akong naging mabilis manghugsa o masyadong mabagal makinig. At sa pagtatapos ng araw, sa aking personal na panalangin, nadama ko ang mapagmahal na payo mula sa langit na magsisi at magpakabuti. Ang mapagmahal na kapaligiran na unang nilikha ng aking mga magulang, kapatid na lalaki, at mga kapatid na babae at kalaunan ng aking asawa, mga anak, at mga kaibigan ay nakatulong sa akin na maging mas mabuting tao.

Alam nating lahat kung saan tayo maaaring magpakabuti. Hindi na kailangang paulit-ulit na paalalahanan ang isa't isa, ngunit kailangang mahalin at paglingkuran ang isa't isa at, sa paggawa nito, maglaan ng kapaligiran para maging handang magbago.

Sa kapaligiran ding ito nalalaman natin kung sino tayo talaga at kung ano ang ating magiging tungkulin sa mga huling araw na ito ng kasaysayan ng mundo bago sumapit ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

Kung iniisip ninyo kung ano ang inyong bahagi, gusto ko kayong anyayahang maghanap ng lugar kung saan maaari kayong mapag-isa at hilingin sa Ama sa Langit na ipaalam kung anong bahagi ang gagampanan ninyo. Malamang ay paunti-unting darating ang sagot at pagkatapos ay mas lalinaw ito kapag mas matatag na tayo sa landas ng tipan at paglilingkod.



Dumaranas tayo ng ilan sa mga paghihirap na dinanas ni Joseph Smith noong siya ay “nasa gitna ng labanan ng mga salita at ingay ng mga haka-haka.” Tulad ng mababasa natin sa kanyang salaysay, madalas niyang sabihin sa kanyang sarili: “Ano ang nararapat gawin? Sino sa lahat ng pangkat na ito ang tama; o, lahat ba sila ay pare-parehong mali? Kung mayroon mang isang tama sa kanila, alin ito, at paano ko ito malalaman?”³

Sa kaalamang natagpuan niya sa Sulat ni Santiago, na nagsasaad, “Kung nagkukulang ng karunungan ang sinuman sa inyo, ay humingi sa Diyos, na nagbibigay nang sagana sa lahat, at hindi nanunumbat; at ito’y ibibigay sa kanya,”⁴ sa huli’y naipasiya ni Joseph na “humingi sa Diyos.”⁵

Nabasa pa natin na iyon ang kauna-unahang pagkakataon sa kanyang buhay na tinangka niya iyon, sapagkat sa gitna ng lahat ng kanyang pagkabahala, kailanma’y hindi pa siya nagtangkang manalangin nang malakas.”⁶

Kaya maaaring ganito rin sa atin sa kauna-unahang pagkakataon nating manawagan sa ating Lumikha sa paraang hindi pa natin nagawa.

Dahil sa pagtatangka ni Joseph, nagpakita sa kanya ang Ama sa Langit at ang Kanyang anak na si Jesucristo, na tinatawag siya sa pangalan, at dahil dito ay mas luminaw ang pagkaunawa natin kung sino tayo at na tayo ay tala-gang mahalaga.

Mababasa pa natin na noong tinedyer si Joseph “ay inusig siya ng dapat ay mga kaibigan niya na dapat sana ay pinakitunguhan siya nang may kabaitan.”⁷ Kaya maaari tayong umasa na magkakaroon ng kaunting oposisyon habang namuhay tayo bilang disipulo.

Kung nararamdaman ninyo ngayon na hindi kayo nakakabahagi sa orkestra at mukhang nahihirapan kayong magsisi, dapat ninyong malaman na kung patuloy tayong magsisikap, kukunin ang pasanin mula sa ating mga baliklat at muling magkakaroon ng liwanag. Hinding-hindi tayo iiwan ng Ama sa Langit kapag humingi tayo ng tulong sa Kanya. Maaari tayong madapa at tuma-yo, at tutulungan Niya tayong pagpagin ang dumi sa ating mga tuhod.

Ang ilan sa atin ay sugatan, ngunit ang paunang lunas ng Panginoon ay sapat ang laki ng mga benda upang matakpan ang lahat ng ating mga sugat.

Kaya ang pagmamahal na iyon, ang sakdal na pagmamahal na iyon na tinatawag din nating pag-ibig sa kapwa o “dalisy na pag-ibig ni Cristo,”⁸ ang kailangan sa ating tahanan kung saan naglilingkod ang mga magulang sa kanilang mga anak at ang mga anak sa kanilang mga magulang. Sa pagmamahal na iyon, magbabago ang mga puso at sisibol ang hangaring gawin ang Kanyang kalooban.

Ang pagmamahal na iyon na kailangan sa pakikitungo natin sa isa’t

isa bilang mga anak ng ating Ama sa Langit at mga miyembro ng Kanyang Simbahan ang magbibigay sa atin ng kakayahang isama ang lahat ng instrumentong musikal sa ating mga orkestra para makapagtanghal tayo nang maluwalhati sa mala-anghel na mga koro ng langit kapag muling pumarito ang Tagapagligtas.

Ang pagmamahal na iyon, ang liwanag na iyon ang kailangang sumikat at magpasaya sa ating kapaligiran sa ating pang-araw-araw na buhay. Mapapansin ng mga tao ang liwanag at maaakit dito. Iyon ang uri ng gawaing misyonero na magpapalapit sa iba “*halika at tignan, halika at tumulong, at halika at manatili.*”⁹ Pakiusap, kapag natanggap ninyo ang inyong patotoo tungkol sa dakilang gawaing ito at ang ating bahagi rito, magalak tayo kasama ng pinakamamahal nating si Propetang Joseph Smith, na nagsabing, “Sapagkat nakakita ako ng pangitain; ito’y alam ko, at nalalaman ko na ito ay alam ng Diyos, at ito’y hindi ko maipagkakaila.”¹⁰

Pinatototohanan ko sa inyo na alam ko kung sino ako, at alam ko kung sino kayo. Tayong lahat ay mga anak ng isang Ama sa Langit, na nagmamahal sa atin. Hindi Niya tayo isinugo rito upang mabigo kundi upang maluwalhating makabalik sa Kanya. Nawa’y maunawaan nating lahat ang ating bahagi sa dakilang gawaing ito ng ministering upang tayo ay maging higit na katulad Niya kapag muli Siyang pumarito ang aking dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa D. Todd Christofferson, “Magsipanahan sa Aking Pag-ibig,” *Liahona*, Nob. 2016, 48.
2. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Banal na Pag-ibig,” *Liahona*, Feb. 2003, 12–17.
3. Joseph Smith—Kasaysayan 1:10.
4. Santiago 1:5; tingnan din sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11.
5. Joseph Smith—Kasaysayan 1:13.
6. Joseph Smith—Kasaysayan 1:14.
7. Joseph Smith—Kasaysayan 1:28.
8. Moroni 7:47.
9. Dieter F. Uchtdorf, “Gawaing Misyonero: Pagbabahagi ng Nasa Puso Mo,” *Liahona*, Mayo 2019, 17.
10. Joseph Smith—Kasaysayan 1:25.



NI PANGULONG M. RUSSELL BALLARD
Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagpayag na Kontrolin ng Ating Espiritu ang Ating Katawan

Ang isa sa pinakamahahalagang bagay na matututuhan natin sa buhay na ito ay kung paano bigyang-diin ang ating walang-hanggang likas na espirituwal na pagkatao at kontrolin ang ating masasamang nasa.

Mahal kong mga kapatid, habang papalapit ang pangkalahatang kumperensya noong Oktubre ng nakaraang taon, naghanda ako ng aking mensahe sa

kumperensya para itampok ang ika-100 anibersaryo ng pangitain tungkol sa daigdig ng mga espiritu na ibinigay kay Pangulong Joseph F. Smith noong Oktubre 3, 1918.

Ilang araw matapos kong isumite ang aking mensahe para sa pagsasalin, natapos ang mortal na pagsubok sa aking mahal na walang-hanggang kabiyak na si Barbara, at pumasok siya sa daigdig ng mga espiritu.

Ang nakalipas na mga araw ay naging mga linggo, at mga buwan, at ngayong isang taon na mula nang pumanaw si Barbara, mas lubos ko nang pinahalalagahan ang talatang ito sa banal na kasulatan: “Kayo ay mamuhay nang magkakasama sa pag-ibig, kaya nga tatangisan ninyo ang pagkawala ng mga yaong namatay.”¹ Pinalad kami ni Barbara na “mamuhay nang magkasama sa pag-ibig” sa loob ng 67



taon. Ngunit natutuhan ko sa napaka-espesyal na paraan ang ibig sabihin ng “umiyak sa pagkawala” ng mga mahal natin sa buhay. Ah, mahal na mahal at hinahanap-hanap ko siya!

Sa palagay ko karamihan sa atin ay bigong lubos na pahalagahan ang ginagawa ng ibang tao hanggang sa mawala sila. Alam ko na palaging abala si Barbara, ngunit hindi ko lubos na naunawaan ang patuloy na pangangailangan ng pamilya, Simbahan, at komunidad sa kanyang oras. Araw-araw ay may nakalaang mga pagsisikap na libu-libong beses inulit sa pagdaan ng mga taon na nagpanatiling buo sa aming pamilya. At sa lahat ng ito, walang sinuman sa aming pamilya ang nakarinig kailanman na nagtaas siya ng boses o nagsabi ng di-kaaya-ayang salita.

Maraming alaalang pumasok sa aking isipan nitong nakaraang taon. Naisip ko ang tungkol sa mabigat na pasiyang ginawa niya para maging ina sa pitong anak. Pagiging maybahay lamang ang tanging propesyong ninais niya, at napakahusay niya sa lahat ng aspeto.

Kadalasa’y nagtaka ako kung paano niya kami sinubaybayan ng aming mga anak. Ang paghahanda lamang ng pagkain ay talagang mahirap na, maliban pa sa mga aktibidad na tulad ng tambak na labada ng aming pamilya linggu-linggo at pagtiyak na kasya ang mga sapatos at damit ng mga bata. Nagpatulong kaming lahat sa kanya tungkol sa napakaraming iba pang mga isyu na mahalaga sa amin. At dahil mahalaga iyon sa amin, mahalaga rin iyon sa kanya. Sa madaling salita, kahanga hanga siya—bilang asawa, ina, kaibigan, kapitbahay, at anak ng Diyos.

Ngayong nasa kabilang-buhay na siya, masaya ako na pinili kong umupo sa tabi niya pag-uwi ko ng bahay mula sa opisina noong mga huling buwan ng kanyang buhay, hawakan ang kanyang kamay habang pinanonood namin ang mga katapusan ng ilan sa kanyang mga paboritong musikal—nang paulit-ulit dahil sa Alzheimer’s na dahilan para hindi niya maalala na napanood na niya ang mga iyon kahapon. Ang mga alaala ng espesyal na paghahawak-kamay namin ay talagang napakahalaga ngayon sa akin.



Mga kapatid, huwag sana ninyong palampasin ang pagkakataong tumitig sa mga mata ng inyong mga kapamilya nang may pagmamahal. Mga anak at mga magulang, tulungan ninyo ang isa’t isa at ipadama ang inyong pagmamahal at pagpapahalaga. Katulad ko, maaaring magising ang ilan sa inyo isang araw na natuklasan na lumipas na ang oras para sa gayon kahalagang komunikasyon. Mabuhay bawat araw na magkasama na ang mga puso’y puno ng pasasalamat, magagandang alaala, paglilingkod, at malaking pagmamahal.

Nitong nakaraang taon, napagnilayan ko nang mas maigi kaysa rati ang plano ng ating Ama sa Langit. Sa pagtuturo sa

kanyang anak na si Corianton, tinukoy iyon ni Alma bilang “ang dakilang plano ng kaligayahan.”²

Ang mga salitang palaging pumapasok sa aking isipan kapag iniisip ko ang plano ay “muling pagsasama-sama.” Ito ay isang plano, na dinisenyo ng ating mapagmahal na Ama sa Langit, at nasa sentro nito ang dakila at maluwalhaving posibilidad ng muling pagsasama-sama ng pamilya—ng muling pagsasama-sama ng mga mag-asawa, mga magulang at mga anak, mga henerasyon sa sambahayan ng Diyos magpasawalang-hanggan.

Ang ideyang iyan ay nagbibigay sa akin ng kapanatagan at katiyakan na muli kong makakasama si Barbara.



Bagama't nagdusa siya sa pisikal hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay, naging malakas, marangal, at dalisay ang kanyang espiritu. Naihanda niya ang kanyang sarili sa lahat ng bagay upang pagdating ng araw ay makatayo siya sa harap "ng kasiya-siyang hukuman ng Diyos,"³ na puno ng tiwala at payapang katiyakan. Ngunit narito ako, sa loob ng dalawang araw ay 91 taong gulang na ako, at nag-iisip pa rin ako, "Handa na ba ako? Ginagawa ko ba ang lahat ng kailangan kong gawin para mahawakan kong muli ang kanyang kamay?"

Ang pinakasimple at pangunahing katiyakan sa buhay ay ito: Lahat tayo ay mamamatay. Mamatay man tayo nang matanda na o bata pa, madali o mahirap, mayaman o dukha, minamahal o nag-iisa, walang nakakaalpas sa kamatayan.

Ilang taon pa lang ang nakalilipas, may sinabi si Pangulong Gordon B. Hinckley na partikular na makabuluhan tungkol dito: "Napakatamis ng katiyakan, nakapapanatag ang kapayapaang nagmumula sa kaalaman na kung magpapakasal tayo sa tamang paraan at mamumuhay nang matwid, magpapatuloy ang ating ugnayan, sa

kabila ng katiyakan ng kamatayan at ng paglipas ng panahon."⁴

Talagang ikinasal ako nang tama. Walang kaduda-duda iyan. Ngunit hindi iyan sapat, ayon kay Pangulong Hinckley. Kailangan ko ring mamuhay nang tama.⁵

Ngayon, ang "pamumuhay nang tama" ay maaaring isang medyo nakalilitong konsepto, lalo na kung gumugul ka ng maraming oras sa social media, kung saan maaaring ipahayag ng sinuman ang mga totoong katotohanan o mga maling konsepto tungkol sa Diyos at sa Kanyang plano para sa Kanyang mga anak. Mabuti na lang, may walang-hanggang mga totoong alituntunin ng ebanghelyo ang mga miyembro ng Simbahan para malaman kung paano mamuhay upang maging mas handa tayo kapag tayo'y namatay.

Ilang buwan lamang bago ako isini-lang, nagbigay ng isang mensahe ang lolo kong Apostol na si Elder Melvin J. Ballard na, para sa marami, ay nakuha ang diwa ng kahulugan ng mamuhay nang tama. Pinamagatang "The Struggle for the Soul," nakatuon ang kanyang mensahe sa patuloy na labanan sa pagitan ng ating pisikal na katawan at ng ating walang-hanggang espiritu.

Sabi niya, "Ang pinakamatinding labanan na mapapasukan ng sinumang lalaki o babae . . . ay ang pakikibaka nito sa kanyang sarili," na ipinaliliwanag na si Satanas, "ang kalaban ng ating kaluluwa," ay inaatake tayo sa pamamagitan ng "mga kalibugan, pagnanasa, paghahangad ng laman."⁶ Kaya ang pangunahing pakikibaka ay sa pagitan ng ating likas na banal at espirituwal na pagkatao at ng mahalay na likas na tao. Mga kapatid, tandaan, makatatanggap tayo ng espirituwal na tulong sa pamamagitan ng impluwensya ng Espiritu Santo na maaaring "magturo sa inyo ng lahat ng mga bagay."⁷ Maaari ding dumating ang tulong sa pamamagitan ng kapangyarihan at mga pagpapala ng priesthood.

Ngayon, ang tanong ko, kumusta na kayo sa pakikibakang ito?

Sabi ni Pangulong David O. McKay: "Ang buhay ng tao sa lupa ay isang pagsubok lamang para malaman kung itutuon niya ang kanyang lakas, kanyang isipan, at kaluluwa sa mga bagay na makaaambag sa kapanatagan at kasiyahan ng kanyang pisikal na katauhan, o kung hahangarin niya sa buhay ang pagtatamo ng espirituwal na mga katangian."⁸

Ang labanang ito sa pagitan ng ating mahalay at ng ating espirituwal na likas na pagkatao ay hindi na bago. Sa kanyang huling sermon sa kanyang mga tao, itinuro ni Haring Benjamin na "ang likas na tao ay kaaway ng Diyos, at naging gayon mula pa sa pagkahulog ni Adan, at magiging gayon, magpakailanman at walang katapusan, maliban kung kanyang bibigyang-daan ang panghihikayat ng Banal na Espiritu, at hubarin ang likas na tao at maging banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon."⁹

Itinuro ni Apostol Pablo na "ang mga ayon sa laman ay nangagsisitalima sa mga bagay ng laman; datapuwa't ang mga ayon sa Espiritu ay sa mga bagay ng Espiritu.

"Sapagkat ang kaisipan ng laman ay kamatayan; datapuwa't ang kaisipan ng espiritu ay buhay at kapayapaan."¹⁰

Tila malinaw sa akin na ang isa sa pinakamahahalagang bagay na matutuhan natin sa buhay na ito ay kung

paano bigyang-diin ang ating walang-hanggang likas na espirituwal na pagkatao at kontrolin ang ating masasamang pagnanasa. Ito ay hindi dapat gayon kahirap. Tuta, ang ating espiritu, na mas matagal nang umiiral kaysa ating pisikal na katawan, ay nagtagumpay na sa pagpili sa kabutihan laban sa kasamaan sa premortal na daigdig. Bago mabuo itong mundo, tayo ay nanirahan sa mundo ng espiritu bilang mga anak na lalaki at anak na babae ng mga Magulang sa Langit, na nagmahal sa atin at patuloy na nagmamahal sa atin ngayon.

At oo, kinailangan nga nating gumawa ng mga desisyong nagpabago ng buhay at mga pagpapasiya sa premortal na daigdig. Bawat taong nabuhay o mabubuhay sa planetang ito ay gumawa ng mahalagang desisyon na piliing tanggapin ang plano ng Ama sa Langit para sa ating kaligtasan. Kaya nagpunta tayong lahat sa lupa na napatunayan nang may matagumpay na likas na espirituwal na pagkatao at walang-hanggang tadhana.

Pag-isipan ninyo iyan sandali. Ganyan na tayo talaga at ganyan na kayo noon pa man: isang anak na lalaki o anak na babae ng Diyos, na may mga espirituwal na pinagmulan sa kawalang-hanggan at may hinaharap na gumagapaw sa walang-hanggang mga posibilidad. Ikaw—unang-una sa lahat at noon pa man—ay isang espirituwal na nilalang. Kaya nga kung pipiliin nating unahin ang ating mahalay na likas na pagkatao kaysa ating espirituwal na likas na pagkatao, pinipili natin ang isang bagay na taliwas sa ating tunay, totoo, at kapani-paniwalang espirituwal na pagkatao.

Gayunpaman, walang dudang ginagawang kumplikado ng mga makamundong silakbo ng laman ang paggawa ng desisyon. Dahil hindi na natin maalala ang premortal na daigdig ng mga espiritu nang pumarito tayo sa mortal na mundong ito, maaaring mawala ang ating tuon sa ating kaugnayan sa Diyos at sa ating espirituwal na likas na pagkatao, at ang ating mahalay na likas na pagkatao ay maaaring magbigay ng prayoridad sa *kung ano ang gusto natin ngayon mismo*. Ang pagkatutong

piliin ang mga bagay ng Espiritu kaysa mga bagay ng laman ay isa sa mga pangunahing dahilan kaya ang karanasang ito sa lupa ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit. Ito rin ang dahilan kaya itinatag ang plano sa solido at tiyak na saligan ng Pagbabayad-sala ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo upang ang ating mga kasalanan, pati na ang pagkakamaling ginagawa natin kapag nagpapatangay tayo sa laman, ay maaaring madaig sa patuloy na pagsisisi at maaari tayong mamuhay na nakatuon sa espirituwal. Oras na para kontrolin ang mga pagnanasa ng ating katawan upang masunod ang espirituwal na doktrina ni Cristo. Iyan ang dahilan kaya hindi natin dapat ipagpaliban ang araw ng ating pagsisisi.¹¹

Ang pagsisisi, samakatuwid, ay nagiging isang sandatang kailangang-kailangan sa paglaban natin sa ating sarili. Noon lamang huling pangkalahatang kumperensya, tinukoy ni Pangulong Russell M. Nelson ang labanang ito at pinaalalahanan tayo na “kapag pinipili nating magsisi, pinipili nating magbago! Tinutulutan natin ang Tagapagligtas na baguhin tayo at gawin tayong pinakamabuting bersyon ng ating sarili. Pinipili nating



umunlad sa espirituwal at magkaroon ng kagalakan—ang kagalakan na matubos Niya. Kapag pinipili nating magsisi, pinipili nating maging higit na katulad ni Jesucristo!¹²

Gabi-gabi, kapag nirerebyu ko sa aking Ama sa Langit sa panalangin ang buong maghapon ko, hinihiling kong patawarin ako kung may nagawa akong mali at nangangako na susubukan kong maging mas mabuti bukas. Naniniwala ako na ang regular at araw araw na panalangin ay nakakatulong sa aking espiritu na ipaalala sa aking katawan kung sino ang namumuno sa akin.

Ang isa pang mapagkukunan ay ang lingguhang oportunidad nating lahat na sariwain ang ating sariling espirituwalidad sa pagtanggap ng sakramento sa pag-alaala sa Pagbabayad-sala at sakdal na pagmamahal ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo para sa atin.

Mga kapatid, hinihikayat ko kayong maghinay-hinay nang kaunti at pag-isipan kung nasaan na kayo ngayon sa pagpigil sa inyong mahalay na pagkatao at palakasin ang inyong banal at espirituwal na pagkatao upang pagdating ng panahon ay makapasok kayo sa daigdig ng mga espiritu sa masayang pagsasama-sama ninyong muli ng inyong mga mahal sa buhay—ang aking patotoo at mapagpakumbabang panalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 42:45.
2. Alma 42:8.
3. Jacob 6:13.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*: Gordon B. Hinckley (2016), 175.
5. Inihayag ng Panginoon na kailangan nating mamuhay ayon sa ating mga tipan upang matanggap ang mga ipinangakong pagpapala (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 82:10; 132:5–7, 19).
6. Melvin J. Ballard, “Struggle for the Soul” (mensaheng ibinigay sa Salt Lake Tabernacle, Mayo 5, 1928).
7. Juan 14:26.
8. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*: David O. McKay (2004), 17.
9. Mosias 3:19.
10. Mga Taga Roma 8:5–6.
11. Tingnan sa Alma 34:33.
12. Russell M. Nelson, “Maaari Tayong Gumawa nang Mas Mahusay at Maging Mas Mahusay,” *Liahona*, Mayo 2019, 67.



NI ELDER PETER M. JOHNSON
Ng Pitumpu

Kapangyarihang Madaig ang Kaaway

Paano natin mahahanap ang kapayapaang ito, maaalala kung sino tayo, at madadaig ang tatlong P ng kaaway?

Mga kapatid, salamat sa lahat ng ginagawa ninyo upang maging, at tulungan ang iba na maging, mga tunay na alagad ni Jesucristo at matamasa ang mga pagpapala ng banal na templo. Salamat sa inyong kabutihan. Kayo ay kahanga-hanga; kayo ay magaganda.

Dalangin ko na makilala natin ang *nagpapatibay* na impluwensya ng Espiritu Santo habang inuunawa natin nang lubos na tayo ay mga anak ng Diyos. Nakasaad sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo”: “Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos.”¹ Tayo ay “mga piling espiritu na inilaang bumangon sa kaganapan ng panahon upang makiisa sa paglalatag ng saligan ng dakilang gawain ng huling araw.”² Ipinahayag ni Pangulong Russell M. Nelson: “Tinuruan kayo sa daigdig ng mga espiritu upang ihanda kayo para sa anumang bagay at sa lahat ng masasagupa ninyo sa bandang huli ng mga huling araw

na ito (tingnan sa D at T 138:56). Ang turong iyan ay taglay ninyo!”³

Kayo ay hinirang na mga anak ng Diyos. May kapangyarihan kayong madaig ang kaaway. Gayunpaman, alam ng kaaway kung sino kayo. Alam Niya ang inyong banal na pamana at hangad Niyang limitahan ang inyong potensyal sa mundo at sa langit gamit ang tatlong P:

- Panlililalang
- Pang-aabala
- Pagpapahina ng loob

Panlililalang

Ginamit ng kaaway ang panlililalang noong panahon ni Moises. Ipinahayag ng Panginoon kay Moises:

“At, masdan, ikaw ay aking anak. . .

“Ako ay may gawain para sa iyo, . . . at ikaw ay kawangis ng aking Bugtong na Anak.”⁴

Ilang sandali lamang matapos ang maluwalhating pangitaing ito, tinangka ni Satanas na linlangin si Moises. Kaiba ang mga salitang ginamit niya: “Moises, anak ng tao, sambahin mo ako.”⁵ Ang panlililalang ay hindi lamang makikita

sa paanyaya na sambahin si Satanas kundi sa paraan din ng paglalarawan niya kay Moises bilang anak ng tao. Tandaan, kasasabi pa lamang ng Panginoon kay Moises na isa siyang anak ng Diyos, nilalang na kawangis ng Bugtong na Anak.

Patuloy na tinangka ng kaaway na linlangin si Moises, ngunit hindi nagpatinag si Moises, nagsasabing, “Lumayo ka sa akin, Satanas, sapagkat itong nag-iisang Diyos lamang ang aking sasambahin, na siyang Diyos ng kaluwalhatian.”⁶ Naalala ni Moises kung sino siya—isang anak ng Diyos.

Ang sinabi ng Panginoon kay Moises ay angkop din sa atin. Nilalang tayo sa sariling larawan ng Diyos, at may gawain Siyang ipagagawa sa atin. Tinatangang manlinlang ng kaaway sa pamamagitan ng pagpapalimot sa atin kung sino talaga tayo. Kung hindi natin nauunawaan kung sino tayo, mahihirapan tayong matukoy kung ano ang maaari nating kahinatnan.

Pang-aabala

Sinusubukan din ng kaaway na ilihis tayo palayo kay Cristo at sa landas ng Kanyang tipan. Ibinahagi ni Elder Ronald A. Rasband ang sumusunod: “Plano ng kaaway na ilihis tayo mula sa mga espirituwal na patotoo, samantalang ang nais ng Panginoon ay bigyan



tayo ng liwanag at makibahagi tayo sa Kanyang gawain.”⁷

Sa ating panahon, napakaraming pang-aabala, kabilang na ang Twitter, Facebook, mga virtual reality na laro, at marami pang iba. Kamangha-mangha ang mga pag-unlad na ito sa teknolohiya, ngunit kung hindi tayo mag-iingat, maaari tayong ilihis ng mga ito mula sa pagkakamit ng ating dakilang potensyal. Ang tamang paggamit ng mga ito ay maaaring maghatid ng kapangyarihan ng langit at magtulot sa atin na makasaksi ng mga himala habang sinisikap nating tipunin ang nakalat na Israel sa magkabilang panig ng tabing.

Maging maingat tayo at hindi kaswal sa paggamit natin ng teknolohiya.⁸ Patuloy na maghanap ng mga paraan kung paano tayong mas mailalapit ng teknolohiya sa Tagapagligtas at magtutulot sa atin na maisakatuparan ang Kanyang gawain habang naghahanda tayo para sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

Pagpapahina ng loob

Sa huli, nais ng kaaway na panghinaan tayo ng loob. Maaari tayong panghinaan-ng-loob kapag ikinukumpara natin ang ating sarili sa iba o nadarama natin na hindi natin naaabot ang mga inaasahan sa atin, kabilang na ang mga sarili nating inaasahan.

Noong sinimulan ko ang pagkuha ng aking doctoral degree, pinanghinaan ako ng loob. Apat na estudyante lang ang tinanggap sa programa noong taong iyon, at napakatatalino ng ibang mga estudyante. Mas matataas ang nakuha nilang marka sa mga pagsusulit at mas marami silang karanasan sa trabaho at mas magaganda ang posisyon nila sa mga kumpanya, at kitang-kita ang kumpiyansa nila sa kanilang mga kakayahan. Pagkatapos ng aking unang dalawang linggo sa programa, pinanghinaan ako ng loob at napuno ako ng pag-aalinlangan, halos lamunin ako nito.

Napagdesisyon ko na kung tatapusin ko ang apat na taong programang ito, kailangan kong tapusing basahin ang buong Aklat ni Mormon bawat semestre. Sa pagbabasa ko araw-araw, natanggap ko ang pahayag ng Tagapagligtas na ang Espiritu Santo



ang magtuturo sa akin ng lahat ng mga bagay at magpapaalaala ng lahat.⁹ Pinagtibay nito kung sino ako bilang anak ng Diyos, ipinaalala nito sa akin na hindi ko dapat ikumpara ang aking sarili sa iba, at binigyan ako nito ng kumpiyansa sa aking banal na tungkulin na magtagumpay.¹⁰

Mga mahal kong kaibigan, huwag ninyong hayaan na nakawin ng sinuman ang inyong kaligayahan. Huwag ninyong ikumpara ang inyong sarili sa iba. Tandaan ang mga magiliw na salita ng Tagapagligtas: “Ang *kapayapaan* ay iniwan ko sa inyo; ang aking *kapayapaan* ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag *magulumihan* ang inyong puso, ni matakot man.”¹¹

Kaya, paano natin ito gagawin? Paano natin mahahanap ang kapayapaang ito, maaalala kung sino tayo, at madadaig ang tatlong P ng kaaway?

Una, tandaan na ang dakila at pangunang utos ay ibigin ang Diyos nang buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas.¹² Ang lahat ng ginagawa natin

ay dapat dahil sa pagmamahal natin sa Kanya at sa Kanyang Anak. Habang pinapayabong natin ang ating pagmamahal para sa Kanila sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanilang mga kautusan, madaragdagan ang ating kakayahang mahalin ang ating sarili at ang iba. Mag-sisimula tayong maglingkod sa ating pamilya, mga kaibigan, at mga kapitbahay dahil makikita natin sila kung paano sila nakikita ng Tagapagligtas—bilang mga anak ng Diyos.¹³

Pangalawa, manalangin sa Ama sa pangalan ni Jesucristo araw-araw, araw-araw, araw-araw.¹⁴ Sa panalangin ay madarama natin ang pagmamahal ng Diyos at maipapakita natin ang ating pagmamahal para sa Kanya. Sa panalangin ay nagpapasalamat tayo at nakakahingi tayo ng lakas at tapang na isuko ang ating kalooban sa kalooban ng Diyos at magabayan at mapatnubayan sa lahat ng bagay.

Hinihikayat ko kayo na “*manalangin* sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, . . . upang kayo ay maging mga anak ng



mga pang-aabala na naglilimita sa ating dakilang potensyal, at labanan ang *pagpapahina ng loob* na nakakabawas sa ating kakayahan na madama ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak. Mauunawaan natin nang *lubos* kung sino tayo bilang mga anak ng Diyos.

Mga kapatid, ibinabahagi ko sa inyo ang aking pagmamahal at ipinapahayag ang aking patotoo na alam kong buhay ang Ama sa Langit at si Jesus ang Cristo. Mahal ko Sila. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kaharian ng Diyos sa mundo. Mayroon tayong *banal na katungkulan* na tipunin ang Israel at ihanda ang mundo para sa Ikalawang Pagparito ng Mesiyas. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Mayo 2017, 145.
2. Doktrina at mga Tipan 138:53; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 138:54–56.
3. Russell M. Nelson, “Manindigan Bilang mga Tunay na Isinilang sa Milenyong Ito,” *Liahona*, Okt. 2016, 48.
4. Moises 1:4, 6.
5. Moises 1:12.
6. Moises 1:20; tingnan din sa Moises 1:16–19, 21.
7. Ronald A. Rasband, “Baka Iyong Malimutan,” *Liahona*, Nob. 2016, 115.
8. Tingnan sa Becky Craven, “Maingat versus Kaswal,” *Liahona*, Mayo 2019, 9–11.
9. Tingnan sa Juan 14:26.
10. Ang ating banal na tungkulin ay magkaroon ng buhay na walang-hanggan makamit man o hindi ng isang tao ang mga bagay na itinuturing ng mundo na batayan ng tagumpay sa pagpupunyagi sa lupa. Ipinapaalala sa atin ng Espiritu Santo kung ano ang ating banal na tungkulin at kung ano ang maaari nating kahinatnan kapag nanatili tayo sa landas ng tipan at nadaig natin, sa pamamagitan ng lakas ng Panginoon, ang mga tukso ng kaaway.
11. Juan 14:27; idinagdag ang pagbibigay-diin.
12. Tingnan sa Mateo 22:37–38.
13. Tingnan sa Juan 3:16; 1 Juan 4:19; Mosias 2:17.
14. Tingnan sa 3 Nephi 18:18–21.
15. Moroni 7:48; idinagdag ang pagbibigay-diin.
16. Tingnan sa Kevin W. Pearson, “Manatili sa Punongkahoy,” *Liahona*, Mayo 2015, 114–16.
17. Pambungad sa Aklat ni Mormon.
18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:20–21.
19. David A. Bednar, “Panatilihin sa Tuwina ang Kapatawaran ng Inyong mga Kasalanan,” *Liahona*, Mayo 2016, 61.
20. Tingnan sa Moroni 4:2–3; 5:1–2; Doktrina at mga Tipan 20:76–79. Alalahanin na nabubuhay tayo sa panahon kung kailan kailangang-kailangan nating makasama palagi ang Kanyang Espiritu.

Diyos; na kung siya ay magpapakita, tayo ay *magiging* katulad niya.”¹⁵

Pangatlo, basahin at pag-aralan ang Aklat ni Mormon araw-araw, araw-araw, araw-araw.¹⁶ Mas nagiging maganda ang pag-aaral ko ng Aklat ni Mormon kapag may iniisip akong partikular na katanungan. Kapag nagbabasa tayo nang may katanungan, maaari tayong makatanggap ng paghahayag at malalaman natin na totoo ang sinabi ni Propetang Joseph Smith nang ipahayag niya na, “ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, . . . at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat.”¹⁷ Ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng mga salita ni Cristo at tumutulong sa atin na alalahanin kung sino tayo.

Sa huli, mapanalanging makibahagi sa sakramento linggu-linggo, linggu-linggo, linggu-linggo. Sa pamamagitan ng mga tipan at ordenansa ng priesthood, kabilang na ang sakramento, ay makikita ang kapangyarihan ng kabanalan sa ating buhay.¹⁸ Itinuro ni Elder David A. Bednar: “Ang ordenansa ng sakramento ay isang banal at paulit-ulit na paanyayang magsisi nang taos at espirituwal na mapanibago. Ang pakikibahagi ng sakramento, kung tutuusin,

ay hindi nagpapatawad ng mga kasalanan. Ngunit kapag naghahanda tayo nang seryoso at nakikibahagi sa banal na ordenansang ito nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, ang pangako ay mapapasaatin sa *tuwina* ang Espiritu ng Panginoon.”¹⁹

Habang mapagpakumbaba tayong nakikibahagi sa sakramento, inaalala natin ang pagdurusa ni Jesus sa sagradong halamanan na tinawag na Getsemani at ang Kanyang pagpapakasakit sa krus. Ipinapahayag natin ang ating pasasalamat sa Ama para sa pagpapadala ng Kanyang Bugtong na Anak, ang ating Manunubos, at ipinapakita natin ang ating kahandaan na sundin ang Kanyang mga kautusan at lagi Siyang alalahanin.²⁰ Ang sakramento ay may kaugnay na espirituwal na kaalaman at pagkaunawa—ito ay personal, ito ay makapangyarihan, at ito ay kinakailangan.

Aking mga kaibigan, nangangako ako na kapag nagsisikap tayong ibigin ang Diyos nang ating buong puso, nananalangin sa pangalan ni Jesucristo, pinag-aaralan ang Aklat ni Mormon, at mapanalanging nakikibahagi sa sakramento, magkakaroon tayo ng kakayahan, sa pamamagitan ng lakas ng Panginoon, na madaig ang mga *panlilinlang* ng kaaway, mabawasan ang



NI ELDER ULISSES SOARES
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pasanin ang Ating Krus

Ang pasanin ang ating mga krus at pagsunod sa Tagapagligtas ay nangangahulugan ng pagpapatuloy nang may pananampalataya sa landas ng Panginoon at hindi pagkalulong sa mga makamundong gawi.

Minamahal kong mga kapatid, nakatanggap tayo ng mga kahanga-hangang turo mula sa ating mga lider nitong nakaraang dalawang araw. Pinatotohanan ko na kung sisikapin nating ipamuhay ang mga inspirado at napapanahong turong ito, ang Panginoon, sa Kanyang awa, ay tutulong sa bawat isa sa atin na pasanin ang ating mga krus at pagaanin ang ating mga pasanin.¹

Habang nasa paligid ng Caesarea Philippi, inihayag ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo kung ano ang Kanyang daranasin sa kamay ng mga elder, mga punong saserdote, at mga eskriba sa Jerusalem. Partikular Niyang itinuro sa kanila ang tungkol sa Kanyang kamatayan at maluwalhatang Pagkabuhay na Mag-uli.² Sa mga oras na iyon, hindi lubusang naunawaan ng Kanyang mga disipulo ang Kanyang banal na misyon sa lupa. Si Pedro mismo, nang marinig niya ang sinabi ng Tagapagligtas, siya mismo ang nagdala sa Kanya sa tabi at sinabihan Siya, “Panginoon, malayo ito sa iyo: kailan man ay hindi mangyayari ito sa iyo.”³

Upang tulungan ang Kanyang mga disipulo na maunawaan na ang debosyon sa Kanyang gawain ay kinabibilangan ng pagiging masunurin at pagdurusa, mariing ipinahayag ng Tagapagligtas:

“Kung ang sinomang tao’y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin.

“Sapagka’t ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin ay makakasumpong niyaon.

“Sapagka’t ano ang pakikinabangin ng tao, kung makamtan niya ang buong sanglibutan at mawawalan siya ng kaniyang buhay? o ano ang ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang buhay?”⁴

Sa pamamagitan ng pahayag na ito, binigyang-diin ng Tagapagligtas na ang lahat ng handang sumunod sa Kanya ay kailangang ikaila ang kanilang mga sarili at kontrolin ang kanilang mga pagnanasa, kagustuhan, at simbuyo ng damdamin, isinasakripisyo ang lahat, maging ang mismong buhay nila kung kinakailangan, lubos na masunurin sa

kalooban ng Ama—tulad ng ginawa Niya.⁵ Katunayan, ito ang kinakailangang kabayaran para sa kaligtasan ng kaluluwa. Sadya at matalinghagang ginamit ni Jesus ang simbolo ng krus upang tulungan ang Kanyang mga disipulo na mas maunawaan kung ano ang tunay na kahulugan ng sakripisyo at debosyon sa gawain ng Panginoon. Ang imahe ng krus ay tanyag sa Kanyang mga disipulo at sa mga naninirahan sa Imperyo ng mga Romano dahil sapilitang ipinadadala ng mga Romano sa mga biktima ng pagpapapakong krus ang kanilang krus o pahigang poste papunta sa lugar kung saan magaganap ang kanilang pagbibitay.⁶

Nang matapos ang Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas ay doon lamang nabuksan ang isipan ng mga disipulo para maunawaan ang lahat ng nasusulat tungkol sa Kanya⁷ at kung ano ang kakailanganin mula sa kanila sa panahong iyon.⁸

Sa parehong paraan, tayong lahat, na magkakapatid, ay kailangang buksan ang ating mga puso at isipan upang mas maunawaan pa ang kahalagahan ng pagpapasan sa ating mga sarili ng ating mga krus at sumunod sa Kanya. Natututuhan natin mula sa mga banal na kasulatan na ang mga nagnanais na dalhin sa kanilang sarili ang kanilang krus ay nagmamahal kay Jesucristo sa paraan na pinagkakaitan nila ang





kanilang sarili ng lahat ng kasamaan at ng bawat makamundong pagnanasa at sumusunod sa Kanyang mga utos.⁹

Ang ating determinasyong itatwa ang lahat ng salungat sa kalooban ng Diyos at isakripisyo ang lahat ng hinihiling na ibigay natin at pagsikapang sundin ang Kanyang mga turo ay tutulong sa atin na magtiis sa landas ng ebanghelyo ni Jesucristo—maging sa oras ng pagdurusa, kahinaan ng ating mga kaluluwa, o sa pamimilit ng lipunan at ng mga makamundong pilosopiya na sumasalungat sa Kanyang mga turo.

Halimbawa, para sa mga hindi pa nakakatagpo ng walang hanggang kasama at maaaring nakakaramdam ng kalungkutan at kawalang-pag-asa, o para sa mga diborsyado at nakakaramdam na sila ay inabandona o kinalimutan, tinutiyak ko sa inyo na ang pagtanggap sa paanyaya ng Tagapagligtas na dalhin sa inyong mga sarili ang inyong mga krus at sundan Siya ay nangangahulugan ng pagpapatuloy nang may pananampalataya sa landas ng Panginoon, na pinanatili ang huwaran ng dignidad, at hindi pagpapakalulong sa mga makamundong gawi na kalaunan ay mag-aalis sa ating pag-asa sa pagmamahal at awa ng Diyos.

Ang katulad na mga alituntunin ay magagamit din ninyo na nakararanas ng pagkaakit sa katulad na kasarian at pinanghihiinaan ng loob at wala nang

magawa. At marahil sa dahilang ito, ang ilan sa inyo ay nakadarama na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay hindi na para sa inyo. Kung ito ang inyong kalagayan, gusto kong tiyakin sa inyo na palaging mayroong pag-asa sa Diyos Ama at sa Kanyang plano ng kaligayahan, kay Jesucristo at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, at sa pamumuhay ng Kanilang mapagmahal na mga kautusan. Sa Kanyang perpektong karunungan, kapangyarihan, kataungan, at awa, maaari tayong tatakan ng Panginoon bilang Kanya, nang tayo ay madala sa Kanyang piling at magkaroon ng walang-hanggang kaligtasan, kung tayo ay matatag at di-natitinag sa pagsunod sa mga kautusan¹⁰ at palaging nananagana sa mabubuting gawa.¹¹

Para sa mga nakagawa ng mabibigat na kasalanan, bukod sa iba pang mga bagay, ang pagtanggap sa parehong imbitasyon ay nangangahulugan ng pagpapakumbaba ng iyong sarili sa Diyos, at paghingi ng payo sa angkop na mga lider ng Simbahan, at pagsisisi at pagtalikod sa inyong mga kasalanan. Pagpapalain din ng prosesong ito ang mga lumalaban sa nakapagpapahinang mga adiksyon, kabilang na ang opioid, droga, alak, at pornograpiya. Ang paggawa sa mga hakbang na ito ay tutulong sa inyo na mas mapalapit sa Tagapagligtas, na tunay na magpapalaya sa inyo

mula sa pagkakasala, kalungkutan, at espirituwal at pisikal na pagkabihag. Dagdag pa rito, maaari kayong humingi ng suporta sa inyong pamilya, mga kaibigan, at maaasahang mga propesyonal sa medisina o sa pagpapayo.

Pakiusap, huwag sumuko matapos ang sunod-sunod na kabiguan at isiping hindi ninyo kayang tumalikod sa kasalanan at daigin ang adiksyon. Hindi kayo dapat tumigil na sumubok at pagkatapos ay magpatuloy sa kahinaan at kasalanan! Laging sikaping gawin ang lahat ng inyong makakaya, ipinapakita sa pamamagitan ng inyong mga gawa ang pagnanais na linisin ang inyong kalooban, tulad ng itinuro ng Tagapagligtas.¹² Minsan ang solusyon sa ilang pagsubok ay darating pagkatapos ng ilang buwan ng patuloy na pagsisikap. Ang pangakong matatagpuan sa Aklat ni Mormon na “naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa,”¹³ ay angkop sa mga kalagayang ito. Alalahanin na ang kaloob ng biyaya ng Tagapagligtas “ay hindi nalilimitahan sa panahong ginugol sa ‘kabila’ ng lahat ng ating magagawa. Maaari nating matanggap ang Kanyang biyaya bago, habang, at matapos ang panahon na nagawa na natin ang lahat.”¹⁴

Pinatotohanan ko na kung patuloy tayong magsisikap na malampasan ang ating mga pagsubok, pagpapalain tayo ng Diyos ng mga kaloob na pananampalataya upang gumaling at ng paggawa ng mga himala.¹⁵ Gagawin Niya para sa atin ang hindi natin magagawa para sa ating sarili.

Dagdag pa rito, para sa mga may hinanakit, galit, nasaktan, nakagapos sa kalungkutan, para sa mga nakakaramdam na hindi sila karapat-dapat, ang pasanin ang krus at sundin ang Tagapagligtas ay nangangahulugan ng pagsisikap na isantabi ang mga damdaming ito at bumaling sa Panginoon upang mapalaya Niya tayo mula sa mga gantong kalagayan ng isip at tutulungan tayong makahanap ng kapayapaan. Sa kasamaang-palad, kung panghahawakan natin ang mga negatibong pakiramdam at damdaming ito, maaari nating matagpuan ang ating sarili na namumuhay nang wala ang impluwensya ng

Espiritu ng Panginoon sa ating buhay. Hindi tayo makakapagsisi *para* sa ibang tao, ngunit maaari natin silang patawarin—sa pamamagitan ng pagtanggì na maging mga hostage ng mga taong nakasakit sa atin.¹⁶

Itinuturo ng mga banal na kasulutan na may paaran para makaalis sa mga situwasyong ito—sa pamamagitan ng pag-anyaya sa Tagapagligtas na tulongan tayong palitan ang ating mga pusong bato ng panibagong puso.¹⁷ Upang mangyari ito, kailangan nating idulog sa Panginoon ang ating mga kahinaan¹⁸ at hingin ang Kanyang tulong at pagpapatawad,¹⁹ lalo na sa mga sagradong sandali sa tuwing tumatanggap tayo ng sakramento bawat Linggo. Nawa ay piliin nating hangarin ang Kanyang pagpapatawad at ang Kanyang tulong at gawin ang mahalaga at mahirap na hakbang ng pagpapatawad sa mga taong nakasakit sa atin upang magsimulang maghilom ang ating mga sugat. Ipinapangako ko sa inyo na kapag ginawa ninyo iyon, ang inyong mga gabi ay mapupuno ng ginhawa na nagmumula sa kaisipang may kapayapaan sa Panginoon.

Habang nasa Liberty Jail noong 1839, sumulat si Propetang Joseph Smith sa mga miyembro ng Simbahan ng isang liham na naglalaman ng mga propesiyang lubos na angkop sa mga kalagayan at situwasyong ito. Isinulat niya, “Lahat ng luklukan at nasasakupan, mga pamunuan at kapangyarihan, ay ipahahayag at ipagkakaloob sa lahat ng magiting na nagtiis para sa ebanghelyo ni Jesucristo.”²⁰ Samakatuwid, minamahal kong mga kapatid, ang mga nagtataglay sa kanilang sarili ng pangalan ng Tagapagligtas, nagtitiwala sa Kanyang mga pangako at nagtitiyaga hanggang sa wakas, ay maliligtas²¹ at maaaring manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan.²²

Lahat tayo ay may kinakaharap na mahihirap na kalagayan sa ating buhay na magdudulot sa atin na lungkot, kawalang-kakayahan, kawalan ng pag-asa, at kung minsan ay panghihina. Ang ilan sa mga pakiramdam na ito ay maaaring maging dahilan

upang itanong sa Panginoon, “Bakit ko nararanasan ang mga situwasyong ito?” o “Bakit hindi nangyayari ang mga inaasahan ko?” Samantalang ginagawa ko naman ang lahat ng aking makakaya upang pasanin ang aking krus at sundin ang Tagapagligtas!”

Minamahal kong mga kaibigan, dapat nating tandaan na ang pagpasan sa ating mga krus sa ating sarili ay kinabibilangan ng pagiging mapagpakumbaba at ng pagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang walang-hanggang karunungan. Dapat nating kilalanin na nalalaman Niya ang tungkol sa bawat isa sa atin at sa ating mga pangangailangan. Mahalaga ring tanggapin natin ang katotohanan na ang itinatakdang panahon ng Panginoon ay naiiba kaysa sa atin. Kung minsan naghahangad tayo ng pagpapala at nagtatakdang kung kailan ito dapat tuparin ng Panginoon. Hindi tayo maaaring magbigay ng kondisyon sa ating katapatan sa Kanya sa pamamagitan ng pagpilit sa Kanya ng isang takdang panahon para tugunan ang ating mga ninanais. Kung gagawin natin ito, magiging katulad tayo ng mga nagdududang Nephita noong unang panahon, na kinukutya ang kanilang mga kapatid sa pagsasabi na natapos na ang panahon para tuparin ang mga sinabi ni Samuel na Lamanita, na nagpapalito sa mga naniniwala.²³ Kailangan natin na sapat na magtiwala sa Panginoon para tayo ay maging mapayapa at malaman na Siya ang Diyos, na alam Niya ang



Si Sister Franca Calamassi kasama ang kanyang apat na anak sa templo.

lahat ng bagay, at nalalaman Niya ang tungkol sa bawat isa sa atin.²⁴

Kamakailan lamang ay nagkaroon ako ng pagkakataon na nagminister sa isang bala na sister na nagnangalang Franca Calamassi, na may malubhang sakit. Si Sister Calamassi ang una sa kanyang pamilya na sumapi sa ipinainumbalik na Simbahan si Jesucristo. Kahit hindi nabinyagan ang kanyang asawa, pumayag siyang makipagkita sa mga missionary at madalas na dumalo sa mga miting sa Simbahan. Sa kabila ng mga ito, nanatiling tapat si Sister Calamassi at pinalaki ang kanyang apat na anak sa ebanghelyo ni Jesucristo. Isang taon matapos pumanaw ang kanyang asawa, dinala ni Sister Calamassi ang kanyang mga anak sa templo, at gumawa ng mga sagradong ordenansa at sama-sama silang nabuklod bilang pamilya. Ang mga pangakong kalakip ng mga ordenansang ito ay nagbigay sa kanya ng labis na pag-asa, kagalakan, at kasiyahan na tumulong sa kanyang magpatuloy sa buhay.

Nang lumabas ang mga unang sintomas ng sakit, binigyan siya ng kanyang bishop ng isang pagbabasbas. Sa mga oras na iyon sinabi niya sa bishop niya na handa na siyang tanggapin ang kalooban ng Panginoon, ipinapahayag ang kanyang pananampalataya na gumaling at pananampalatayang tiisin ang kanyang karamdaman hanggang sa huli.

Sa aking pagbisita, habang hawak ang kamay ni Sister Calamassi at nakatingin sa kanyang mga mata, nakakita ako ng mala-anghel na liwanag mula sa kanyang mukha—ipinapakita ang kanyang kumpiyansa sa plano ng Diyos at ang kanyang ganap na kaliwanagan ng pag-asa sa pag-ibig at plano ng Ama para sa kanya.²⁵ Naramdaman ko ang kanyang matibay na determinasyon na magtiis nang may pananampalataya hanggang sa huli sa pamamagitan ng pagpasan niya ng kanyang krus, sa kabila ng mga pagsubok na kinakaharap niya. Ang buhay ng sister na ito ay isang patotoo kay Cristo, isang pahayag ng kanyang pananampalataya at katapatan sa Kanya.

Mga kapatid, nais kong patotohanan sa inyo na ang pasanin ang ating

krus at sundin ang Tagapagligtas ay humihiling sa atin na sundin ang Kanyang halimbawa at sikapin na maging katulad Niya,²⁶ matiyagang harapin ang mga kalagayan sa buhay, tanggihan at kainisan ang mga pagnasa ng likas na tao, at maghintay sa Panginoon. Isinulat ng Mang-aawit:

“Magantay ka sa Panginoon: ikaw ay magpakalakas, at magdalang tapang ang iyong puso; Oo, umasa ka sa Panginoon.”²⁷

“Siya’y aming saklolo at aming kalasag.”²⁸

Pinatototohanan ko sa inyo na sa pamamagitan ng pagsunod sa mga yapak ng ating Panginoon at paghintay sa Kanya na tunay na manggagamot ng ating buhay, mabibigyan ng kapahingahan ang ating mga kaluluwa at mapapagaan ang ating mga pasanin.²⁹ Ang mga bagay na ito ay pinatototohanan ko sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Mateo 11:29–30; Santiago 2:24; 2 Nephi 25:23.
2. Tingnan sa Mateo 16:21.
3. Mateo 16:22.
4. Mateo 16:24–26.
5. Tingnan sa Juan 6:38.
6. Tingnan sa Juan 19:16–17.
7. Tingnan sa Marcos 16:17–20; Lucas 24:36–53.
8. Tingnan sa Mateo 28:19–20.
9. Tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 16:25–29; tingnan din sa Guide to the Scriptures, “Lust”; “Natural Man”; “Sensual, Sensuality”; “Wicked, Wickedness”; scriptures.ChurchOfJesusChrist.org.
10. Tingnan sa Alma 1:25.
11. Tingnan sa Mosias 5:15.
12. Tingnan sa Alma 60:23.
13. 2 Nephi 25:23.
14. Tingnan sa Bruce C. Hafen, *The Broken Heart: Applying the Atonement to Life’s Experiences* (1989), 155–56.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 46:19, 21.
16. Tingnan sa Neal A. Maxwell, “Repentance,” *Ensign*, Nob. 1991, 32.
17. Tingnan sa Ezekiel 18:31; 36:26.
18. Tingnan sa Eter 12:27.
19. Tingnan sa 1 Nephi 7:21.
20. Doktrina at mga Tipan 121:29.
21. Tingnan sa 3 Nephi 27:6.
22. Tingnan sa Mosias 2:41.
23. Tingnan sa 3 Nephi 1:4–7.
24. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 101:16.
25. Tingnan sa 2 Nephi 31:20.
26. Tingnan sa Mateo 5:48; 3 Nephi 12:48; 27:27.
27. Mga Awit 27:14.
28. Mga Awit 33:20.
29. Tingnan sa Mateo 11:30; Mosias 24:14.



NI ELDER NEIL L. ANDERSEN
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Bunga

Panatilihing nakatuon ang inyong mga mata at puso sa Tagapagligtas na si Jesucristo at sa walang-hanggang kagalakan na dumarating lamang sa pamamagitan Niya.

Alam ko kung ano ang iniisip ninyo! Isang mensahe na lang at maririnig na natin si Pangulong Nelson. Dahil nais kong alerto pa rin kayo sa loob ng ilang minuto habang hinihintay natin ang ating pinakamamahal na propeta, pumili ako ng isang kasiya-siyang paksa: ito ay tungkol sa prutas o bunga.

Sa kulay, balat, at tamis ng mga berry, saging, pakwan at mangga, o ang mas kakaibang mga prutas na tulad ng

kiwano o granada, ang prutas ay isang napakasarap na pagkain na kung minsan ay madalang itong nakakain.

Noong Kanyang ministeryo sa lupa, ikinumpara ng Tagapagligtas ang mabuting bunga sa mga bagay na walang-hanggan ang kahalagahan. Sinabi Niya, “Sa kanilang mga bunga ay inyong mangakikilala sila.”¹ “Ang bawa’t mabuting punungkahoy ay nagbubunga ng mabuti.”² Hinikayat Niya



Noong Kanyang ministeryo sa lupa, ikinumpara ng Tagapagligtas ang mabuting bunga sa mga bagay na walang-hanggan ang kahalagahan.

tayo na magtipon “ng bunga sa buhay na walang hanggan.”³

Sa malinaw na panaginip na alam na alam natin sa Aklat ni Mormon, natagpuan ni propetang Lehi ang sarili sa “isang madilim at mapanglaw na ilang.” May maruming tubig, abu-abo ng kadiliman, mga di kilalang daan, at mga ipinagbabawal na landas, mayroon ding gabay na bakal⁴ sa makipot at makitid na landas patungo sa isang magandang punungkahoy na puno ng “bunga [na] [nakapagpapaligaya] sa tao.” Sa pagsasalaysay sa panaginip, sinabi ni Lehi: “Kumain [ako] ng bunga nito. . . napa-katamis nito, higit pa sa lahat ng natikman ko na. . . [At] pinuspos nito ang aking kaluluwa ng labis na kagalakan.” Ito ay bunga na “higit na kanais-nais [kaysa] sa lahat ng iba pang bunga.”⁵

Ang Kahulugan ng Punungkahoy at ng Bunga

Ano ang isinasagisag ng punongkahoy na ito na pinakamahalaga ang bunga? Ito ay sumasagisag “sa pag-ibig ng Diyos”⁶ at naghahayag ng kagilangilalas na plano ng pagtubos ng ating Ama sa Langit. “Sapagka’t gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya’y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.”⁷

Isinasagisag ng mahalagang bungang ito ang mga kamanghamanghang pagpapala ng walang kapantay na Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Hindi lamang tayo mabubuhay na muli matapos ang buhay natin sa mundo, kundi sa pamamagitan ng ating pananampalataya kay Jesucristo, pagsisisi, at pagsunod sa mga kautusan, maaari tayong mapatawad sa ating mga kasalanan at balang-araw ay makatatayong malinis at dalisay sa harapan ng ating Ama at ng Kanyang Anak.

Ang pagkain sa bunga ng puno ay sumasagisag din sa pagtanggap natin ng mga ordenansa at tipan ng ipinanumbalik na ebanghelyo—pagpapabinyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagpasok sa bahay ng Panginoon upang mapagkalooban ng kapangyarihan

mula sa kaitaasan. Sa pamamagitan ng biyaya ni Jesucristo at sa paggalang sa ating mga tipan, natatanggap natin ang di-masukat na pangako na makapiling ang ating mabuting pamilya sa buong kawalang-hanggan.⁸

Hindi nakapagtataka na inilarawan ng anghel ang bunga na “labis na nakalulugod sa kaluluwa.”⁹ Totoo talaga ito!

Ang Hamon ng Pananatiling Tapat

Tulad ng natutuhan nating lahat, kahit natikman na natin ang mahalagang bunga ng ipinanumbalik na ebanghelyo, hindi pa rin madaling gawin ang manatiling tunay at tapat sa Panginoong Jesucristo. Gaya ng maraming beses nang nasabi sa kumperensyang ito, patuloy tayong nakararanas ng mga panggagambala at panlilinlang, kalituhan at kaguluhan, pang-aakit at panunukso na nagtatangkang ilayo ang ating mga puso sa Tagapagligtas at sa mga kagalakan at kagandahang nararanasan natin sa pagsunod sa Kanya.

Dahil sa pagsubok na ito, kabilang din sa panaginip ni Lehi ang isang babala! Sa kabilang panig ng ilog ay may isang maluwang na gusali na may mga taong iba’t iba ang edad at nakaturo ang mga daliri, nilalait, at pinagtawanan ang mga matwid na alagad ni Jesucristo.

Ang mga tao sa gusali ay kinukutya at pinagtatawanan ang mga taong sumusunod sa mga kautusan, umaasang

masisira at maaalipusta ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. At dahil sa berbal na mga pag-atake ng pagdududa at pagbalewala na ibinabato sa mga naniniwala, ilan sa mga nakatikim ng bunga ang nagsimulang ikahiya ang ebanghelyo na kanilang tinanggap. Ang mga huwad na panunukso ng daigdig ay nakaakit sa kanila; iniwan nila ang punungkahoy at ang bunga at, sa mga salita ng banal na kasulatan ay, “nangagsilayo sila patungo sa mga ipinagbabawal na landas at nangawala.”¹⁰

Sa daigdig natin ngayon, ang mga manggagawa ng kaaway ay walang tigil na nagtatrabaho, mabilisang pinalalawak pa ang malaki at maluwang na gusali. Ang pagpapalawak ay lumaganap at nakatawid na sa ilog, umaasang mapapasok ang ating mga tahanan, habang ang mga nakaturo at manlilibak ay maghapon at magdamag na naghihiyawan sa kanilang mga megaphone sa internet.¹¹

Ipinaliwanag ni Pangulong Nelson, “Lalong pinatitindi ng kaaway ang kanyang mga ginagawa para pahinain ang mga patotoo at hadlangan ang gawain ng Panginoon.”¹² Tandaan natin ang mga salita ni Lehi: “Hindi namin sila pinansin.”¹³

Bagama’t hindi tayo kailangang matakot, dapat din tayong maghanda. Kung minsan nagiging mabuway ang espirituwal na pagbalanse natin dahil



Tulad ng natutuhan nating lahat, kahit natikman na natin ang mahalagang bunga ng ipinanumbalik na ebanghelyo, hindi pa rin madali na manatiling tunay at tapat sa Panginoong Jesucristo.

sa maliliit na bagay. Nawa'y huwag ninyong hayaang ilayo kayo ng inyong mga tanong, pang-iinsulto ng iba, walang pananampalatayang mga kaibigan, o nakalulungkot na pagkakamali at kabiguan mula sa magiliw, dalisay, at mga pagpapalang nagbibigay ng kasiyahan sa kaluluwa na nagmumula sa mahalagang bunga ng punungkahoy. Panatilihing nakatuon ang inyong mga mata at puso sa Tagapagligtas na si Jesucristo at sa walang-hanggang kagalakan na dumarating lamang sa pamamagitan Niya.

Ang Pananampalataya ni Jason Hall

Noong Hunyo, dumalo kami ng asawa kong si Kathy sa libing ni Jason Hall. Bago siya pumanaw sa edad na 48, naglilingkod siya bilang elders quorum president.

Narito ang mga salita ni Jason tungkol sa isang pangyayari na nagpabago sa kanyang buhay:

“[Sa edad na 15] naaksidente ako sa pagtalon at pagsisid sa tubig. . . . Nabali ang leeg ko at naparalisa mula sa dibdib pababa. Nawalan ng ganap na kontrol ang mga binti ko at nang bahagya ang mga braso ko. Hindi na ako makalakad, makatayo . . . o makakain nang mag-isa. Hirap akong huminga o magsalita.”¹⁴

“Mahal kong Ama [sa Langit],’ ang samo ko, ‘kung maigagalaw ko man lang ang mga kamay ko, alam kong makakayanan ko ito. Nagsusumamo po ako Ama. . .

“ . . . ‘Hindi na po bale ang mga binti ko, Ama; magamit ko man lang po sana ang mga kamay ko.’”¹⁵

Hindi na nagamit ni Jason ang mga kamay niya kahit kailan. Naririnig ba ninyo ang mga tinig mula sa maluwang na gusali? “Jason Hall, hindi pinakikingan ng Diyos ang mga panalangin mo! Kung ang Diyos ay talagang mapagmahal na Diyos, bakit ka Niya pinapabayaang magkaganyan? Bakit sumasampalataya ka pa kay Cristo?” Narinig ni Jason Hall ang kanilang mga tinig ngunit hindi niya sila pinansin. Sa halip ay nagpakabusog siya sa bunga ng punungkahoy. Ang kanyang pananampalataya kay Jesucristo ay naging matatag. Nakapagtapos siya sa unibersidad

at pinakasalan si Kolette Coleman sa templo, at inilarawan si Kolette bilang ang pag-ibig ng kanyang buhay.¹⁶ Pagkaraan ng 16 na taon ng pagsasama, isa pang himala ang naganap, ang kanilang pinakamamahal na anak na si Coleman, ay isinilang.

Paano nila pinalago ang kanilang pananampalataya? Ipinaliwanag ni Kolette: “Nagtiwala kami sa plano ng Diyos. At nagbigay ito sa amin ng pag-asa. Alam namin na [balang-araw] ay gagaling si Jason. . . . Alam namin na binigyan kami ng Diyos ng isang Tagapagligtas, na ang nagbabayad-salang sakripisyo ay nagbibigay-kakayahan sa amin na magpatuloy sa buhay kapag gusto na naming sumuko.”¹⁷

Sa pagsasalita sa burol ni Jason, sinabi ng 10-taong-gulang na si Coleman na itinuro sa kanya ng tatay niya: “na may plano para sa atin ang Ama sa Langit, napakaganda ng magiging buhay sa mundo, at maaari tayong mamuhay kasama ang ating mga pamilya. . . . Pero . . . kailangan nating pagdaanan ang mahihirap na bagay at tayo ay magkakamali.”

Patuloy pa ni Coleman: “Ipinadala ng Ama sa Langit ang Kanyang Anak na si Jesus, sa mundo. Ang tungkulin Niya ay maging perpekto. Para magpagaling ng mga tao. Para mahalin sila. At magdusa para sa lahat ng ating mga pasakit,

kalungkutan, at kasalanan. Pagkatapos ay namatay Siya para sa atin.” Pagkatapos ay idinagdag ni Coleman na, “Dahil ginawa Niya ito, alam ni Jesus kung ano ang nararamdaman ko ngayon.”

“Tatlong araw matapos mamatay si Jesus, Siya . . . ay nabuhay muli, nang may perpektong katawan. Ito ay mahalaga sa akin dahil alam ko na . . . ang katawan [ng tatay ko] ay magiging perpekto at magkakasama kaming muli bilang pamilya.”

Sa huli ay sinabi ni Coleman: “Gabi-gabi mula noong sanggol pa lang ako, sinasabi ni tatay sa akin, ‘Mahal ka ni tatay, mahal ka ng Ama sa Langit at isa kang mabait na bata.’”¹⁸

Ang Kagalakan ay Dumarating Dahil kay Jesucristo

Inilarawan ni Pangulong Russell M. Nelson kung bakit nakadarama ng galak at pag-asa ang pamilya Hall. Sabi niya:

“Ang kagalakang nadarama natin ay halos walang kinalaman sa mga sitwasyon natin sa buhay kundi sa pinagtutunan natin sa buhay.

“Kapag nakatuon ang ating buhay sa plano ng kaligtasan ng Diyos . . . at kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo, makadarama tayo ng kagalakan anuman ang nangyayari—o hindi nangyayari—sa ating buhay. Ang kagalakan ay nagmumula sa at dahil sa Kanya.



Jason, Coleman, at Kolette Hall

Siya ang pinagmumulan ng lahat ng kagalakan. . .

“Kung titingnan natin ang mundo . . . , hindi tayo kailanman daranas ng kagalakan. . . [Kagalakan] ang kaloob na nagmumula sa sadyang pagsisikap na mamuhay nang matwid, tulad ng itinuro ni Jesucristo.”¹⁹

Isang Pangako sa Iyong Pagbabalik

Kung matagal na kayong walang bunga ng punungkahoy ng buhay, dapat ninyong malaman na palaging nakaunat ang mga bisig ng Tagapagligtas sa inyo. Siya ay mapagmahal na nag-aanyaya, “Magsisi at lumapit sa akin.”²⁰ Ang Kanyang bunga ay sagana at laging napapanahon. Hindi ito mabibili ng pera, at hindi ipinagkakait sa sinumang tapat na naghahangad dito.²¹

Kung nais ninyong makabalik sa puno at tikmang muli ang bunga, simulan ito sa pagdarasal sa inyong Ama sa Langit. Maniwala kay Jesucristo at sa kapangyarihan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Ipinapangako ko sa inyo na kapag umasa kayo sa Tagapagligtas “sa bawat pag-iisip,”²² ang bunga ng puno ay muling mapapasainyo, kanaisnais sa inyong panlasa, kagalak-galak sa inyong kaluluwa, “ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos.”²³

Tatlong linggo na ang nakararaan ngayon, nakita ko nang napakalinaw ang kagalakan sa bunga ng Tagapagligtas nang dumalo kami ni Kathy sa paglalaan ng Lisbon Portugal Temple. Ang mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ay nabuksan sa Portugal noong 1975 nang magkaroon ng kalayaan sa relihiyon. Maraming mararangal na Banal na unang nakatikim sa bunga noong wala pang mga kongregasyon, walang kapilya, at walang templong mas malapit kaysa 1,000 milya na nakisaya sa atin dahil sa ang mahalagang bunga ng punong iyon ay matatagpuan na nang sagana sa bahay ng Panginoon sa Lisbon, Portugal. Iginagalang at pinagpipitaganan ko ang mga Banal sa mga Huling Araw na ito na pinanatiling nakatuon ang kanilang mga puso sa Tagapagligtas.

Sabi ng Tagapagligtas, “Ang nananatili sa akin, at ako’y sa kaniya, ay siyang



nagbunga ng marami: sapagka’t kung kayo’y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.”²⁴

Nang magsalita kaninang umaga sa mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo, sinabi ni Pangulong Nelson, “Mga minamahal na kapatid, kayo ang mga ulirang halimbawa ng mga ibinunga ng pagsunod sa mga turo ni Jesucristo.” At idinagdag niya, “Salamat sa inyo! Mahal ko kayo!”²⁵

Mahal namin kayo, Pangulong Nelson.

Saksi ako sa kapangyarihan ng paghahayag na nakaatang sa ating mahal na Pangulo. Siya ang propeta ng Diyos. Tulad ni Lehi noon, inaan-yayahan tayo ni Pangulong Russell M. Nelson at ang lahat ng pamilya ng Diyos na lumapit at tikman ang bunga ng punungkahoy. Nawa’y magkaroon tayo ng kababaang-loob at lakas na sundin ang kanyang payo.

Mapagpakumbaba akong sumasaksi na si Jesucristo ang Anak ng Diyos. Ang Kanyang pagmamahal, kapangyarihan,

at biyaya ang naghahatid ng lahat ng bagay na walang-hanggan ang kahalagahan. Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mateo 7:16.
2. Mateo 7:17.
3. Juan 4:36.
4. Sa unang bahagi ng Enero 2007, habang naghahanda para sa isang mensahe sa debosyonal na Brigham Young University bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu, na ibibigay noong Marso 4, 2007, tinanong ko si Elder David A. Bednar kung ano ang inihahanda niya para sa kanyang mensahe sa Pebrero 4, 2007, sa kaparehong audience. Nagulat ako nang sumagot siya na ang kanyang mensahe ay tungkol sa mahigpit na paghawak sa gabay na bakal. Iyong mismo ang pamagat na napili ko para sa aking mensahe. Pagkatapos ibahagi sa isa’t isa ang aming teksto, natanto namin na magkaiba ang aming paraan. Ang kanyang mensahe, na pinamagatang “A Reservoir of Living Water,” ay nagbigay-diin sa gabay na bakal, o salita ng Diyos, na nakapaloob sa mga banal na kasulatan. Sa kanyang mensahe ay itinanong niya, “Araw-araw ba kayong nagbabasa, nag-aaral, at nagsasaliksik ng mga banal na kasulatan sa

paraang nakakapit tayo nang mahigpit sa gabay na bakal?” (speeches.byu.edu).

Pagkatapos, makalipas ang isang linggo makaraan kaming mag-usap ni Elder Bednar, nagbigay si Pangulong Boyd K. Packer ng mensahe sa BYU devotional na pinamagatang “Lehi’s Dream and You.” Binigyang-diin ni Pangulong Packer ang gabay na bakal bilang personal na paghahayag at inspirasyon na dumarating sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Sabi niya: “Kung hahawak kayo sa gabay na bakal, *makakasulong* kayo nang may kaloob na Espiritu Santo. . . . Humawak nang mahigpit sa gabay na bakal, at huwag bumitiw. Sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, maaari kayong *sumulong* sa buhay” (Enc. 16, 2007, speeches.byu.edu).

Ang aking paksa, “Hold Fast to the Words of the Prophets,” noong Marso 2007 ay ang gabay na bakal na kumakatawan sa mga salita ng mga buhay na propeta (Mar. 4, 2007, speeches.byu.edu).

Ang koneksyon ng tatlong mensaheng ito ay hindi nagkataon lamang. Ang kamay ng Panginoon ay kumikilos habang ang tatlong mensahe, na inihahanda para sa iisang audience, ay tumukoy ng tatlong aspeto ng gabay na bakal, o ang salita ng Diyos: (1) ang mga banal na kasulatan, o ang mga salita ng mga sinaunang propeta; (2) ang mga salita ng mga buhay na propeta; at (3) ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Napakagandang karanasan niyon para sa akin.

5. Tingnan sa 1 Nephi 8:4–12.
6. 1 Nephi 11:25.
7. Juan 3:16.
8. Tingnan sa David A. Bednar, “Panaginip ni Lehi: Paghawak nang Mahigpit sa Gabay,” *Liahona*, Okt. 2011, 32–37.
9. 1 Nephi 11:23.
10. 1 Nephi 8:28.
11. Tingnan sa Boyd K. Packer, “Lehi’s Dream and You” (Brigham Young University devotional, Enc. 16, 2007), speeches.byu.edu.
12. Russell M. Nelson, “Maaari Tayong Gumawa nang Mas Mahusay at Maging Mas Mahusay,” *Liahona*, Mayo 2019, 68.
13. 1 Nephi 8:33.
14. Stephen Jason Hall, “The Gift of Home,” *New Era*, Dis. 1994, 12.
15. Stephen Jason Hall, “Helping Hands,” *New Era*, Okt. 1995, 46, 47.
16. Personal na liham kay Elder Andersen mula kay Kolette Hall.
17. Personal na liham kay Elder Andersen mula kay Kolette Hall.
18. Mensahe sa burol na ibinigay ni Coleman Hall, na ibinahagi kay Elder Andersen ni Kolette Hall.
19. Russell M. Nelson, “Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan,” *Liahona*, Nob. 2016, 82, 84.
20. 3 Nephi 21:6.
21. Tingnan sa 2 Nephi 26:25, 33.
22. Doktrina at mga Tipan 6:36.
23. 1 Nephi 15:36.
24. Juan 15:5.
25. Russell M. Nelson, “Ang Pangalawang Dakilang Utos,” *Liahona*, Nob. 2019, 100.



NI PANGULONG RUSSELL M. NELSON

Pangwakas na Mensahe

Ang indibiduwal na pagkamarapat ay nangangailangan ng lubos na pagbabago ng puso at isipan upang mas makatulad ng Panginoon.

Minamahal kong mga kapatid, sa pagtatapos ng makasaysayang kumpe-
rensyang ito, nagpapasalamat tayo sa Panginoon sa pagbibigay-inspirasyon sa mga mensahe at musika na nagpatibay sa atin. Tayo ay tunay na nagtamasa ng espirituwal na pagpapakabusog.

Alam natin na ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay maghahatid ng pag-asa at kagalakan sa mga taong nakikinig at sumusunod sa Kanyang doktrina. Alam din natin na bawat tahanan ay maaaring maging tunay na santuwaryo ng pananampalataya, kung saan makapananahan ang kapayapaan, pagmamahal, at ang Espiritu ng Panginoon.

Mangyari pa, ang pinakakatanging bahagi ng Panunumbalik ay ang banal na templo. Ang mga banal na ordenansa at tipan nito ay mahalaga sa paghahanda sa mga tao na handang sumalubong sa Tagapagligtas sa Kanyang Ikalawang Pagparito. Sa ngayon ay mayroon tayong 166 na inilaang mga templo, at marami pa ang madaragdag.

Isang open house ang gaganapin bago ang paglalaan ng bawat bago at ni-renovate na templo. Maraming kaibigan na hindi kabilang sa ating relihiyon ang makikibahagi sa mga paglilibot sa mga templong iyon at may matututuhan sila

tungkol sa mga pagpapala ng templo. At ang ilan sa mga bisitang iyon ay mapupukaw na mas matuto pa. Ang ilan ay taos-pusong magtatanong kung paano sila magiging marapat para sa mga pagpapala ng templo.

Bilang mga miyembro ng Simbahan, kailangang handa tayong sagutin ang kanilang mga tanong. Maipapaliwanag natin na ang mga pagpapala ng templo



ay bukas sa sinumang tao na maghahanda ng kanilang sarili. Ngunit bago sila makapasok sa isang inilaang templo, kailangan silang maging marapat. Nais ng Panginoon na makibahagi ang lahat ng Kanyang mga anak sa mga walang-hanggang pagpapala na matatamo sa Kanyang templo. Itinuro Niya ang dapat gawin ng lahat ng tao upang maging marapat na makapasok sa Kanyang banal na tahanan.

Isang magandang lugar upang simulan ang ganoong oportunidad na magturo ay sa pagbibigay-pansin sa mga salitang nakaukit sa labas ng templo: “Kabanalan sa Panginoon; ang Bahay ng Panginoon.” Ang mensahe ni Pangulong Henry B. Eyring ngayon at ang marami pang iba ay nagbigay-inspirasyon sa atin na maging mas banal. Ang bawat templo ay banal na lugar; ang bawat patron sa templo ay nagsisikap na maging mas banal.

Lahat ng kinakailangan upang makapasok sa templo ay nauugnay sa personal na kabanalan. Upang masukat ang kahandaang iyan, lahat ng taong nagnanais na matamasa ang mga pagpapala ng templo ay magkakaroon ng dalawang interbyu; una sa isang bishop, tagapayo sa bishopric, o branch president; pangalawa sa isang stake o mission president o sa isa sa kanyang mga tagapayo. Sa mga interbyung iyan, maraming itatanong.

Ilan sa mga tanong na iyan ay iniayos kamakailan lamang para mas maging malinaw. Nais kong repasuhin ang mga ito sa inyo ngayon:

1. May pananampalataya at patotoo ka ba sa Diyos Amang Walang Hanggan; sa Kanyang Anak na si Jesucristo; at sa Espiritu Santo?
2. May patotoo ka ba sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa Kanyang papel na ginagampanan bilang iyong Tagapagligtas at Manunubos?
3. May patotoo ka ba sa Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo?
4. Sinasang-ayunan mo ba ang Pangulong Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw bilang propeta, tagakita, at tagapag-hayag at bilang nag-iisang tao sa



mundo na nagtataglay at may karapatang gamitin ang lahat ng susi ng priesthood?

Sinasang-ayunan mo ba ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag?

Sinasang-ayunan mo ba ang iba pang mga General Authority at mga lokal na lider ng Simbahan?

5. Sinabi ng Panginoon na ang lahat ng bagay ay “gawin sa kalinisan” sa Kanyang harapan (Doktrina at mga Tipan 42:41).

Sinisikap mo bang gawing malinis ang iyong kaisipan at asal?

Sinusunod mo ba ang batas ng kalinisang-puri?

6. Sinusunod mo ba ang mga turo ng Simbahan ni Jesucristo sa mga ikinikilos mo sa pribado at publiko kasama ang mga miyembro ng iyong pamilya at ibang tao?
7. Itinataguyod o tinatangkilik mo ba ang anumang mga aral, kaugalian, o doktrinang salungat sa mga itinuturo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw?
8. Sinisikap mo bang panatilihin banal ang araw ng Sabbath, kapwa sa tahanan at sa simbahan; dumadalo sa iyong mga miting; naghahanda para sa at marapat na tumatanggap ng sakramento; at namumuhay nang naaayon sa mga batas at kautusan ng ebanghelyo?

9. Sinisikap mo bang maging tapat sa lahat ng iyong ginagawa?

10. Nagbabayad ka ba ng buong ikapu?

11. Nauunawaan at sinusunod mo ba ang Word of Wisdom?

12. Ikaw ba ay mayroong anumang pinansiyal na obligasyon o iba pang mga obligasyon sa dati mong asawa o mga anak?

Kung mayroon, nagagampanan mo ba ang mga obligasyong iyon?

13. Tinutupad mo ba ang mga tipan na ginawa mo sa templo, pati na ang pagsusuot ng temple garment ayon sa itinagubilin sa endowment?

14. May mabibigat na kasalanan ba sa iyong buhay na kailangang iresolba sa mga awtoridad ng priesthood bilang bahagi ng iyong pagsisisi?

15. Itinuturing mo bang karapat-dapat ang iyong sarili na makapasok sa bahay ng Panginoon at makilahok sa mga ordenansa sa templo?

Bukas, ang mga nirebisang tanong para sa temple recommend ay ipadadala sa mga lider ng Simbahan sa buong daigdig.

Dagdag pa sa pagsagot sa mga tanong na ito nang matapat, nauunawaan na lahat ng adult na patron sa templo ay magsusuot ng banal na garment ng priesthood sa ilalim na kanilang regular na pananamit. Simbolo ito ng isang banal na pangakong magsisikap bawat araw na maging mas katulad ng Panginoon. Ipinaaalala rin nito sa atin


na manatiling maging matapat sa mga tipang ginagawa araw-araw at tahakin ang landas ng tipan bawat araw sa mas dakila at mas banal na paraan.

Nais kong mangusap sandali sa ating mga kabataan. Hinihikayat ko kayo na maging marapat para sa mga limited-use na temple recommend. Itatanong lamang sa inyo ang mga tanong na angkop sa inyo sa inyong paghahanda para sa mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon para sa mga yumao na. Lubos kaming nagpapasalamat para sa inyong pagkamarapat at kagustuhang makibahagi sa banal na gawain sa templo na iyan. Pinasasalamatan namin kayo!

Ang indibiduwal na pagkamarapat upang makapasok sa tahanan ng Panginoon ay nangangailangan ng maraming indibiduwal na espirituwal na paghahanda. Subalit sa tulong ng Panginoon, walang imposible. Sa ilang aspeto, mas madaling magtayo ng templo kaysa maghanda ng mga tao para sa templo. Ang indibiduwal na pagkamarapat ay humihiling ng lubos na pagbabago ng isip at puso upang maging mas katulad ng Panginoon, maging matapat na mamamayan, maging mas mabuting halimbawa, at maging mas banal na tao.

Pinatotohanan ko na ang ganoong paghahanda ay nagdadala ng maraming pagpapala sa buhay na ito at hindi mawawaring pagpapala sa buhay na darating, kabilang ang pagpapatuloy ng mag-anak sa walang hanggan sa isang kalagayan ng “walang katapusang kaligayahan.”¹

Ngayon, hangad kong pumunta sa isa pang paksa: mga plano para sa darating na taon. Sa tagsibol ng taong 2020, eksaktong 200 taon simula noong maranasan ni Joseph Smith ang pangitain na tinatawag natin na Unang Pangitain. Ang Diyos Ama at ang Kanyang Minamahal na Anak na si Jesucristo ay nagpakita kay Joseph, isang 14 na-taong-gulang na kabataan. Ang pangyayaring iyan ang tanda ng pagsisimula ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo sa kaganapan nito, na katulad na katulad ng ipinrope-siya sa Banal na Biblia.²



Pagkatapos ay nagkaroon ng magkakasunod na pagbisita ng mga sugo mula sa langit, na kinabibilangan nina Moroni, Juan Bautista, at ng mga Apostol noong una na sina Pedro, Santiago, at Juan. Sumunod ang iba pa, kabilang sina Moises, Elias, at Elijah. Bawat isa ay nagdala ng awtoridad mula sa langit upang pagpalaing muli ang mga anak ng Diyos sa mundo.

Himala rin nating natanggap ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo, isang kaakibat na banal na kasulatan ng Banal na Biblia. Ang mga paghahayag na inilathala sa Doktrina at mga Tipan at sa Mahalagang Perlas ay labis ding pinasagana ang ating pang-unawa sa mga kautusan at walang-hanggang katotohanan ng Diyos.

Ang mga susi at katungkulan ng priesthood ay ipinanumbalik, kabilang ang mga katungkulan ng Apostol, Pitumpu, patriarch, high priest, elder, bishop, priest, teacher, at deacon. At ang kababaihan na minamahal ang Panginoon ay naglilingkod nang magiting sa Relief Society, Primary, Young Women, Sunday School, at iba pang mga katungkulan sa Simbahan—lahat ay mahahalagang bahagi ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo sa kaganapan nito.

Sa gayon, ang taong 2020 ay itatalagang bicentennial year. Ang pangkalahatang kumperensya sa susunod na Abril ay magiging kaiba sa mga nagdaang kumperensya. Sa susunod na anim na buwan, umaasa ako na bawat miyembro at bawat pamilya ay maghahanda para sa isang natatanging kumperensya

na gugunita sa mga mismong saligan ng ipinanumbalik na ebanghelyo.

Maaari ninyong naising simulan ang paghahanda ninyo sa pamamagitan ng pagbabasang muli ng ulat ni Joseph Smith tungkol sa Unang Pangitain na nakatala sa Mahalagang Perlas. Ang ating kursong pag-aaralan sa susunod na taon sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* ay ang Aklat ni Mormon. Maaari ninyong pagnilayan ang mahahalagang tanong tulad ng, “Gaano kaya magbabago ang buhay ko kung ang aking kaalamang natamo mula sa Aklat ni Mormon ay biglang mawala?” o “Paano nakagawa ng kaibhan sa akin at sa aking mga mahal sa buhay ang mga pangyayaring kasunod ng Unang Pangitain?” Gayundin, dahil nagagamit na natin ang mga video tungkol sa Aklat ni Mormon, maaari ninyong naising gamitin ang mga ito sa inyong indibiduwal at pampamilyang pag-aaral.

Pumili ng sarili ninyong mga tanong. Gumawa ng sarili ninyong plano. Ibad ninyo ang inyong sarili sa maluwalwhating liwanag ng Panunumbalik. Kapag ginawa ninyo ito, ang pangkalahatang kumperensya sa susunod na Abril ay hindi lamang magiging dakila, ito ay hindi malilimutan.

Ngayon, sa pagtatapos, iniwan ko sa inyo ang aking pagmamahal at aking pagpapala, na bawat isa sa inyo ay maging mas masaya at mas banal sa paglipas ng mga araw. Samantala, matitiyak ninyo na ang paghahayag ay nagpapatuloy sa Simbahan at magpapatuloy sa ilalim ng patnubay ng Panginoon hanggang sa “ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang Dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na.”³

Binababasan ko kayo, muling pinagtitiyap ang aking pagmamahal sa inyo, kaakibat ang aking patotoo na buhay ang Diyos! Si Jesus ang Cristo! Ito ang Kanyang Simbahan at tayo ang Kanyang mga tao. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mosias 2:41.
2. Tingnan sa Isaías 2:2; 29; Ezekiel 37:15–20, 26–28; Daniel 2:44; Amos 3:7; Mga Gawa 3:21; Mga Taga-Efeso 1:10; Apocalipsis 14:6.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 165.

Na-update ang mga Tanong para sa Temple Recommend at Iba pang mga Balita tungkol sa Templo

Ang mga update sa mga tanong sa interbyu para sa temple recommend ay inilahad ni Pangulong Russell M. Nelson noong pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2019 (tingnan sa pahina 121). Ang mga pamantayan ng templo ay tulad pa rin ng dati, ngunit iniba ang mga salita sa ilan sa mga tanong upang mas maging malinaw ang mga ito. Ang mga angkop na lider ng Simbahan ay dapat nakatanggap na ng liham ng Unang Panguluhan na may petsang Oktubre 6, 2019, na kinapapalooban ng mga na-update na tanong.

Ibinalita rin ni Pangulong Nelson ang plano para sa walong bagong templo (tingnan sa pahina 79). Ang mga bagong templo ay itatayo sa Freetown, Sierra Leone; Port Moresby, Papua New Guinea; Bentonville, Arkansas, USA; Bacolod, Philippines; McAllen, Texas, USA; Cobán, Guatemala; at Orem at Taylorsville, Utah, USA.

Simula noong pangkalahatang kumperensya ng Abril 2019, nailaan na

ang mga templo sa Kinshasha, Democratic Republic of the Congo; Lisbon, Portugal; Port-au-Prince, Haiti; at Fortaleza, Brazil; at muling nailaan ang sa Oakland, California, USA; Memphis, Tennessee, USA; Frankfurt, Germany; Oklahoma City, Oklahoma, USA; at Raleigh, North Carolina, USA.

Natapos na ang groundbreaking para sa mga templo sa Yigo, Guam; Praia, Cabo Verde; San Juan, Puerto Rico; Lima, Peru (Los Olivos); at Belém, Brazil, at nakapili na ng mga lugar para sa mga templo sa Auckland, New Zealand, at Layton at Saratoga Springs, Utah, USA.

Ang mga plano ay naipabatid sa publiko para sa renobasyon ng Salt Lake Temple, na isasara sa Disyembre at muling bubuksan sa 2024, at ang St. George Utah Temple, na isasara sa Nobyembre 2019 at muling bubuksan sa 2022. ■

*Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga templo, pumunta sa **temples.ChurchofJesusChrist.org**.*

Binago ng Simbahan ang Patakaran sa Pagsaksi sa mga Ordenansa

Sa isang pulong sa pamumuno sa pangkalahatang kumperensya kung saan tumatanggap ng tagubilin ang mga General Authority at General Officer ng Simbahan mula sa Unang Panguluhan, ibinalita ni Pangulong Russell M. Nelson ang mga pagbabago sa patakaran ng Simbahan tungkol sa mga taong maaaring magsilbing saksi sa mga pagbibinyag at pagbubuklod (sealing).

Idinetalye sa isang liham ng Unang Panguluhan na may petsang Oktubre 2, 2019, ang mga pagbabago:

“Kapag inanyayahan ng mga namumunong awtoridad:

1. “Sinumang miyembro na mayroong current temple recommend, kabilang ang limited-use recommend, ay maaaring magsilbing saksi sa proxy baptism.
2. “Sinumang miyembrong tumanggap na ng endowment na may current temple recommend ay maaaring magsilbing saksi sa mga ordenansa ng pagbubuklod (sealing) para sa buhay o para sa patay.
3. “Sinumang nabinyagang miyembro ng Simbahan, kabilang ang mga bata at kabataan, ay maaaring magsilbing saksi sa binyag ng isang taong buhay.” ■



Mula sa kaliwa: Fortaleza Brazil Temple, Lisbon Portugal Temple, Kinshasa Democratic Republic of the Congo Temple, at ang Port-au-Prince Haiti Temple

Ipinakilala ng mga Lider ang Bagong Inisyatibong Mga Bata at Kabataan

Ang Mga Bata at Kabataan ay ipatutupad sa Enero 2020 upang tulungan ang mga kabataan na masunod ang Tagapagligtas habang sila ay umuunlad sa espirituwal, pakikipagkapwa, pisikal, at intelektuwal. Para sa mga mensahe sa magasin na ito na tumatalakay sa Mga Bata at Kabataan, tingnan sa mga pahina 40 at 53.

“Panahon na para sa bagong pamamaraan, na ginawa para tulungan ang mga bata at kabataan ngayon sa buong mundo,” sabi ni Pangulong Russell M. Nelson sa isang espesyal na broadcast noong Setyembre 29, 2019.

“Sa halip na bigyan kayo ng maraming partikular na mga gagawin,” sinabi niya sa mga bata at kabataan, “inaanyayahan namin kayo na isangguni sa Panginoon kung paano kayo uunlad sa balanseng paraan. Magiging makabuluhan at masaya ito, ngunit kakailanganin din dito ang pagsisikap na mula sa inyo. Kakailanganin ninyong humingi ng paghahayag na para sa inyo. Kakailanganin ninyong magpasiya mismo kung paano ito gagawin. Kung minsan maaaring ipahiwatig sa inyo ng Espiritu na gumawa ng mahihirap na bagay. Palagay ko nakahanda kayo sa hamong ito. Magagawa ninyo ang mahihirap na bagay.”

Sinabi rin ni Pangulong Nelson na may mahalagang papel na gagampanan ang mga magulang. “Mangyaring pataginin ninyo ang ugnayan ninyo sa mga bata at kabataan,” sabi niya. “Makatutulong ang mga lider sa simbahan, ngunit ito ay mga anak ninyo. Walang mas makakaimpluwensya sa kanilang tagumpay nang higit sa inyo. Mahalin sila, palakasin ang kanilang loob, at payuhan, ngunit iwasan ninyong pangunahan sila. Magagawa nila ang

pinakamainam kapag malaya silang magpasiya.

“Angkop din ang payong ito sa ating mabubuting lider at guro ng mga bata at kabataan,” sabi pa ni Pangulong Nelson. “Kailangang hayaan nating mamuno ang mga kabataan, lalo na ang mga tinawag at itinalagang maglingkod sa mga class at quorum presidency. Ang awtoridad ng priesthood ay ibibigay sa kanila. Matutuhan nila kung paano tumanggap ng inspirasyon sa pamumuno sa kanilang klase o korum.”

Sa talakayan ding iyon, ipinabatid ni Pangulong M. Russell Ballard, Gumaganap na Pangulo ng Korum ng

Labindalawang Apostol, ang mithiin ng Mga Bata at Kabataan: “palakasin ang pananampalataya ng bagong henerasyon kay Jesucristo, at tulungan ang mga bata, kabataan, at ang kanilang pamilya na umunlad sa landas ng tipan sa pagharap nila sa mga hamon ng buhay.” Sinabi niya na “ang pagtulong sa mga bata at kabataan na magkaroon ng patotoo tungkol kay Jesucristo ay magpapala sa kanila at sa buhay nating lahat.”

Pagkatapos makibahagi sa isang aktibidad ang mga kabataan sa broadcast para ipakita ang paggamit ng *Panimulang Gabay para sa mga Magulang*



at *Lider*, sinabi ni Pangulong Ballard: “Simula pa lang ito. Sinimulan lang natin ngayon ang aktibidad na ito. Ipagpapatuloy ninyo ito sa inyong mga pamilya at sama-samang gagawin. Hinihikayat namin kayo na ipagpatuloy ang aktibidad na ito. . . . Mga magulang, mangyaring ituloy ninyo ito sa inyong tahanan.” Binigyang-diin niya na “ito ay isang programa na nakasentro sa tahanan, at sinusuportahan ng Simbahan” at “kasama sa programang ito ang buong pamilya. Iyan ang talagang magpapaganda rito.”

Sa maraming lugar sa mundo, tumanggap din ang mga magulang at lider ng panimulang gabay. Ang ibang mga lugar ay tatanggap ng Mga Bata at Kabataan na isinalin sa kanilang wika sa 2020.



Ang pag-aaral ng ebanghelyo, paglilingkod at mga aktibidad, at personal na pag-unlad (kabilang ang pagtatakda at pagsasakatuparan ng mga mithiin) ay magiging pinakamahahalagang bahagi ng Mga Bata at Kabataan, at mga kabataan ang dapat na manguna sa pagpapalano. Ang mga bata at kabataan ay hihingi ng personal na paghahayag habang sumusulong sila sa landas ng tipan, at susuportahan ng pamilya, mga lider, at iba pa. Sinabi ni Pangulong Ballard na ang Mga Bata at Kabataan ay isang pandaigdigang inisyatibo at kung gayon maiaakma “sa lugar na tini-tirhan ninyo at sa kalagayan ng inyong pamilya.”

Magbibigay ng mga karagdagang detalye at sanggunian sa Face to Face broadcast para sa mga bata at kabataan sa Nobyembre 17, 2019, na magtatampok kay Elder Gerrit W. Gong ng Korum ng Labindalawang Apostol. Inaanyayahang dumalo ang mga bata at kabataan na magiging edad 8 hanggang 18 sa 2020, kanilang mga magulang, at lider ng Young Women, mga Aaronic Priesthood adviser, at lider ng Primary. Isumite ang inyong mga tanong tungkol sa programang Mga Bata at Kabataan kay Elder Gong sa facetoface.ChurchofJesusChrist.org. Pagkatapos ng live event, na ibobroadcast sa 18 wika, ang video ay ia-archive para ma-stream o mai-download anumang oras. ■

Tingnan sa ChildrenandYouth.ChurchofJesusChrist.org gayon din sa ChildrenandYouthLeaders.ChurchofJesusChrist.org para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang impormasyon tungkol sa Face to Face event.

MGA TALA

1. *Mga Bata at Kabataan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw: Isang Panimulang Gabay para sa mga Magulang at Lider* (2019), 1.



Mga FSY Conference na Susuporta sa Programa ng mga Bata at Kabataan

Bilang bahagi ng pagsisikap ng Simbahan na pagkaisahin ang mga programa nito para sa mga bata at kabataan sa buong mundo, simula sa 2020, susuportahan ng mga stake sa Estados Unidos at Canada ang For the Strength of Youth (FSY) conference na idinaraos kada dalawang taon.

Mahigit isang dekada nang idinaraos ang mga FSY conference sa labas ng Estados Unidos at Canada at magpapatuloy gaya ng dati.

Ibibigay ang karagdagang impormasyon sa Face to Face event sa Nobyembre 17, 2019. ■

Nakatuon ang mga Pagbabago sa Organisasyon sa Pagpapalakas ng mga Kabataan

Bilang bahagi ng pagsisikap na lalo pang makamtan ng mga kabataan ng Simbahan ang kanilang banal na potensyal, ang mga pagbabago sa mga organisasyon ng Young Men at Young Women ay ibinalita ni Pangulong Russell M. Nelson sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2019 (tingnan sa pahina 38) at ipinaliwanag ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol (tingnan sa pahina 40) at ni Sister Bonnie H. Cordon, Young Women General President (tingnan sa pahina 67).

Binigyang-diin sa mga pagbabagong ito na “ang una at pangunahing responsibilidad [ng bishop] ay pangalagaan ang mga kabataang lalaki at kabataang babae ng kanyang ward,” sabi ni Pangulong Nelson. Kabilang sa mga pagbabago ang hindi na pagkakaroon ng mga ward Young Men presidency. Ang bishopric, bilang panguluhan ng Aaronic Priesthood, ay tutulungan ng mga quorum adviser at sa ilang pagkakataon ng mga specialist. Ang ward Young Women president ay diretsong magreport sa bishop.

Ang mga quorum at class presidency ay magtutuon sa gawain ng kaligtasan, kabilang ang gawaing misyonero ng mga miyembro, convert retention, pagpapaaktibo, gawain sa templo at family history, at pagtuturo ng ebanghelyo. Ang mga youth quorum at class president ang magpapalano at mangu ngulo sa mga miting sa Linggo, sa mga proyekto sa paglilingkod, at iba pang mga aktibidad.

Ang mga aktibidad para sa mga kabataan ay hindi na tatawaging

“Mutual” ngunit maaaring tawaging “mga Young Women activity,” “mga Aaronic Priesthood quorum activity,” o “mga aktibidad ng kabataan.” Ang badyet para sa mga aktibidad ng kabataan ay dapat pantay na hatiin, ayon sa bilang ng mga kabataan sa bawat organisasyon.

Binago ang tema ng Young Women, at ang bilang ng Young Women class ay dapat iorganisa ayon sa bilang at mga pangangailangan ng mga kabataang babae. Ang mga klase ay tatawaging “Young Women,” kasunod ang mga edad ng mga kabataan sa klase, gaya ng “Young Women 12–14,” o “Young Women” lang kung magkakasama ang lahat. Hindi na gagamitin ang mga pangalang “Beehive,” “Mia Maid,” at “Laurel.”

Isang miyembro ng stake high council ang maglilingkod bilang stake Young Men president, at ang stake Young Men presidency ay maglilingkod sa stake Aaronic Priesthood–Young Women committee kasama ang stake Young Women presidency, ang high councilor na naka-assign sa Young Women, at ang high councilor na naka-assign sa Primary.

Sa iba pang mga pagbabago, ang Relief Society, Young Women, Young Men, Primary, at Sunday School ay tatawaging “mga organisasyon” sa halip na “mga auxiliary,” at ang mga lider na namumuno sa pangkalahatan o sa buong Simbahan ay tatawaging “mga General Officer” at “mga stake officer” at “mga ward officer” naman sa local level. ■



Apat na Paraan para Makapaghanda sa Abril 2020

Ang taong 2020 ang ika-200 anibersaryo ng Unang Pangitain, na naganap noong tagsibol ng 1820. Dahil dito, ipinahayag ni Pangulong Russell M. Nelson na ang susunod na kumperensya sa Abril “ay gugunitain ang mismong mga pundasyon ng ipin-anumbalik na ebanghelyo” (tingnan sa pahina 122).

Hinikayat niya ang lahat ng miyembro at pamilya na maghanda para sa “kakaibang kumperensyang” ito at nagmungkahi ng mga posibleng paraan para magawa ito:

1. Muling basahin ang salaysay ni Joseph Smith tungkol sa Unang Pangitain.
2. Sa pag-aaral ninyo ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* sa 2020, pag-isipan ang mga tanong tungkol sa kaalamang natamo at ang mga pagpapalang natanggap dahil sa Aklat ni Mormon.
3. Isiping gamitin ang mga bagong video tungkol sa Aklat ni Mormon sa personal na pag-aaral at pag-aaral na kasama ang pamilya.
4. Pumili ng sarili ninyong mga tanong at gumawa ng sariling plano na “lubos na ituon ang inyong sarili sa maluwalhating liwanag ng Panunumbalik.”

“Kapag ginawa ninyo ito,” sabi ni Pangulong Nelson, “ang pangkalahatang kumperensya sa susunod na Abril ay hindi lamang napakaganda; ito rin ay hindi malilimutan.” ■

Matuto mula sa mga Mensahe ng Pangkalahatang Kumperensya



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga miting ng elders quorum at Relief Society, tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church*, 7.8.1, 9.4.1, ChurchofJesusChrist.org.

Ang mga sumusunod na tanong ay makakatulong sa mga guro habang nagpaplano sila na ituro ang isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya.

1. Ano ang nais ipaunawa sa atin ng nagsalita? Anong mga alituntunin ng ebanghelyo ang itinituro niya? Paano ito maipamumuhay ng aming korum o Relief Society?
2. Anong mga banal na kasulatan ang ginamit ng nagsalita para suportahan ang kanyang mensahe? May iba pa bang mga banal na kasulatan na mababasa namin na magpapalalim ng aming pag-unawa? (Maaaring may makuha ka sa mga tala sa katapusan ng mensahe o sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan.)
3. Ano ang mga itatanong ko na makakatulong sa mga miyembro na pag-isipang mabuti ang mensahe? Anong mga tanong ang tutulong sa kanila para maunawaan ang kaugnayan ng mensahe sa kanilang buhay, sa kanilang pamilya, at sa gawain ng Panginoon?
4. Ano pa ang maaari kong gawin para maanyayahan ang Espiritu sa aming miting? Ano ang maaari kong gamitin para mapaganda pa ang talakayan, kabilang ang mga kuwento, analohiya, musika at sining? Ano ang ginamit ng nagsalita?
5. May ipinaabot bang paanyaya ang nagsalita? Paano ko matutulungan ang mga miyembro na magkaroon ng hangaring gawin ang mga paanyayang iyon?

[illegible]

Mga Ideya para sa Aktibidad

Maraming paraan para matulungan ang mga miyembro na matuto mula sa mga mensahe ng pangkalahatang kumperensya. Narito ang ilang halimbawa; maaaring may iba kang mga ideya na magiging mas epektibo sa inyong korum o Relief Society.



- ***Talakayin sa mga grupo.***

Hatiin ang mga miyembro sa maliliit na grupo, at bigyan ang bawat grupo ng iba-ibang bahagi ng mensahe sa kumperensya para basahin at talakayin. Pagkatapos ay ipabahagi sa bawat grupo ang katotohanang natutuhan nila. O maaaring igrupo-igrupo mo ang mga taong nag-aral ng iba't ibang bahagi at sabihin sa kanila na ibahagi sa isa't isa ang natutuhan nila.

- ***Sumagot ng mga tanong.***

Anyayahan ang mga miyembro na sagutin ang mga tanong na gaya ng mga sumusunod tungkol sa mensahe sa kumperensya: Anong mga katotohanan ng ebanghelyo ang makikita natin sa mensaheng ito? Paano natin maipamumuhay ang mga katotohanang ito? Anong mga paanyaya at ipinangakong mga pagpapala ang ibinigay? Ano ang itinuturo ng mensaheng ito sa atin tungkol sa gawaing nais ng Diyos na gawin natin?

- ***Magbahagi ng mga sipi o quotation.***

Sabihin sa mga miyembro na magbahagi ng mga sipi o quotation mula sa mensahe sa kumperensya na nagbigay-inspirasyon sa kanila na gawin ang kanilang mga responsibilidad sa gawain ng kaligtasan. Hikayatin sila na isipin kung paano nila maibabahagi ang mga quotation na ito para mapagpala ang isang tao, kabilang ang mga mahal nila sa buhay at mga taong pinaglilingkuran nila.

- ***Magbahagi ng isang object lesson.***

Maaga pa lang, anyayahan ang ilang miyembro na magdala ng mga bagay mula sa kanilang tahanan na magagamit nila sa pagtuturo ng tungkol sa mensahe sa kumperensya. Sa oras ng miting, sabihin sa mga miyembro na ipaliwanag kung paano nauugnay ang mga bagay na iyon sa mensahe.

- ***Maghanda ng lesson na ituturo sa tahanan.***

Pagpartner-partnerin ang mga miyembro para magtulungan sa paggawa ng isang home evening lesson batay sa mensahe sa kumperensya. Paano natin maiuugnay ang mensahe sa ating mga pamilya? Paano natin maibabahagi ang mensaheng ito sa mga taong pinaglilingkuran natin?

- ***Magbahagi ng mga karanasan.***

Magkakasamang basahin ang ilang pahayag mula sa mensahe sa kumperensya. Hilingin sa mga miyembro na magbahagi ng mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan at mula sa kanilang buhay na naglalarawan o nagbibigay-diin sa doktrinang itinuturo sa mga pahayag na ito.

- ***Pag-aralan ang isang banal na kasulatan.***

Anyayahan ang mga miyembro na basahin ang isang banal na kasulatan na binanggit sa mensahe sa kumperensya. Ipatalakay sa kanila kung paano nakatulong sa kanila ang mga turo sa mensahe para mas maunawaan ang banal na kasulatan.

- ***Maghanap ng sagot.***

Maaga pa lang, gumawa ng ilang tanong na masasagot gamit ang mensahe sa kumperensya. Magtuon sa mga tanong na naghihikayat ng malalim na pag-iisip o pagsasabuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas*, 31–32). Pagkatapos ay hayaang pumili ang mga miyembro ng isang tanong at humanap ng mga sagot sa mensahe. Sabihin sa kanila na talakayin ang mga sagot nila sa maliliit na grupo.

- ***Maghanap ng parirala.***

Anyayahan ang mga miyembro na saliksikin ang mensahe sa kumperensya, at maghanap ng mga parirala na makahulugan sa kanila. Ipabahagi sa kanila ang mga parirala at kung ano ang natutuhan nila mula sa mga ito. Paano tumutulong sa atin ang mga turong ito na magawa ang gawain ng Panginoon?

- ***Lumikha ng isang bagay.***

Anyayahan ang mga miyembro na gumawa ng isang poster o bookmark na may nakasulat na maikling pahayag na nagbibigay-inspirasyon mula sa mensahe sa kumperensya. Bigyan sila ng pagkakataong ibahagi ang natutuhan nila. ■



*Si Cristo sa Daan Patungong
Jerusalem, ni Michael Coleman*

*“Ang pinakakatangi-tanging bahagi ng Panunumbalik ay ang banal na templo. Ang mga banal na ordenan-
sa at tipan ay mahalaga sa paghahanda sa mga tao na handang salubungin ang Tagapagligtas sa Kanyang
Ikalawang Pagparito. . . .*

“ . . . Ang bawat templo ay banal na lugar; ang bawat patron sa templo ay nagsisikap na maging mas banal.”

Pangulong Russell M. Nelson, “Pangwakas na Mensahe,” 120, 121.



“Ang taong 2020 ay itatalagang bicentennial year. Ang pangkalahatang kumperensya sa susunod na Abril ay magiging iba mula sa mga nagdaang kumperensya,” sabi ni Pangulong Russell M. Nelson sa pagtatapos ng Ika-189 na Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan. “Sa susunod na anim na buwan, umaasa ako na bawat miyembro at bawat pamilya ay maghahanda para sa isang natatanging kumperensya na gugunita sa mga mismong saligan ng ipinanumbalik na ebanghelyo. . . .”

“ . . . Kapag ginawa ninyo ito, ang pangkalahatang kumperensya sa susunod na Abril ay hindi lamang magiging dakila; ito ay hindi malilimutan.”

Para sa mga ideya kung paano maghanda para sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2020, tingnan ang mga pahina 122 at 126.